# Ang Paglalakbay Ng Israel

*Ang Pag-aaral ng Espiritwal na Paglalakbay ng mga Mananampalataya mula Kaligtasan hanggang sa Paglago at Kaluwalhatian ni Kristo*

**Dr. Brian J. Bailey**

"Ang Paglalakbay ng Israel"

© 2002 Brian J. Bailey

Disenyo ng pabalat:

© 2002 Brian J. Bailey and his licensors

September, 2006

Unang Edisyon, Marso 1993 (ISBN # 0-9630837-4-0)

Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika

**Zion Christian Publishers**

P.O. Box 70

Waverly, New York 14892

Phone: 607-565-2801

Fax: 607-565-3329

www.zionfellowship.org

ISBN # 1-890381-92-6

# MGA NILALAMAN


**Paunang Salita**
**Panimula** 7

**UNANG BAHAGI– ANG BUHAY NI MOISES** 27
**1 Ang Maagang Bahagi ng Buhay ni Moises** 29
**2 Ang Paninirahan sa Disyerto ng Arabia** 59
**3 Ang Pagbabalik sa Ehipto** 69
**4 Ang Ministeryo sa Ehipto** 101
**5 Ang Paglalakbay mula sa Dagat na Pula hanggang sa Bundok ng Sinai** 141
**6 Ang Bundok ng Sinai** 179
**7 Ang Paglalakbay mula sa Bundok ng Sinai hanggang sa Kades-Barnea** 203
**8 Ang Kades-Barnea** 217
**9 Ang Paglalakbay mula Kades-Barnea hanggang Pisga** 229
**IKALAWANG BAHAGI– ANG PAGTAWID SA CANAAN** 265
**10 Si Josue, ang Bagong Pinuno** 267
**11 Ang Pagtawid sa Ilog Jordan** 279
**12 Ang Tatlumpu't-Isang mga Hari** 301
**13 Ang Hindi Kumpletong Tagumpay** 323
**IKATLONG BAHAGI- ANG PAGMAMANA NG BUNDOK NG SION** 337
**14 Ang Shilo** 339
**15 Ang Hebron** 345
**16 Ang Bundok ng Sion** 365
**Pangwakas** 401

# Paunang Salita

Ang pangitain**,** patnubay, at ang mabuting pamumuno ay palaging kinakailangan para sa isang malusog na iglesya. Ito ay lalong totoo ngayon. Sa aklat na *Ang Paglalakbay ng Israel*, iniaalok ng may akda ang mga nabanggit sa itaas at higit pa habang kanyang inilalahad ang plano ng Diyos para sa Iglesya sa mga huling araw na ito.

Ang paglalakbay ng mga anak ni Israel ay isang literal at makasaysayang pangyayari. Nilisan ng mga inapo ni Abraham ang lupain ng Ehipto kung saan sila ay naging bihag sa loob ng 430 taon. Pinalaya sila ng Diyos sa pamamagitan ni propeta Moises, kung saan sila ay pinatnubayan mula Ehipto hanggang sa gilid ng Lupang Pangako sa loob ng 40 taon.

Pagkamatay ni Moises, ang bago nilang pinuno, si Josue, ang nagdala sa kanila patawid sa Ilog Jordan at sa Lupang Pangako. Gayunman, hindi nila tuluyang nasakop ang buong lupain at nakarating sa kapahingahan hanggang sa pagkalipas ng maraming taon nang hirangin ng Diyos si Haring David. Sinalakay at nilupig ni David ang lahat ng mga kaaway sa lupain, at dinala ang mga anak ng Israel sa lugar ng kanilang ganap na kapahingahan—sa Sion, ang banal na burol ng Panginoon.

Ang paglalakbay na ito na nangyari libu-libong taon na ang nakaraan ay isang uri ng ating espirituwal na paglalakbay bilang mananampalataya mula dito sa lupa hanggang sa langit, at mula sa mga bagong panganak na sanggol kay Cristo hanggang sa mga maygulang na ama at ina sa pananampalataya. Sa pagkatuklas ng mga lihim ukol sa paglalakbay ng Israel mula Ehipto hanggang sa Sion, ipinapakita ng may akda ng aklat sa kanyang mga

mambabasa ang isang malinaw na daan para sa kanyang sariling buhay. Ipinapakita nito sa atin kung saan tayo nanggaling, nasaan na tayo ngayon, at kung saan tayo patutungo.

Ang aklat na ito ay inihandog nang may pananalangin na ang parehong Panginoon na nagdala sa mga anak ng Israel mula sa Ehipto tungo sa Sion, ang magdadala rin sa iyo, mahal namambabasa, mula sa espirituwal na Ehipto tungo sa Sion—ang bundok ng Kanyang nananatiling presensiya.

*Dr. Brian J. Bailey*

# Panimula

Ang paglalakbay ng mga anak ng Israel (na nagdala sa mga Israelita mula Ehipto hanggang sa kanilang huling destinasyon, ang Bundok ng Sion) ay nakatala sa mga salita ni Apostol Pablo, *"at nasulat bilang pangaral sa atin nadinatnan ng katapusan ng mga panahon."* (1 Corinto 10:1-11).

Maaaring buong pagtitiwala ng masasabi natin na ang makasaysayang paglalakbay na ito ay isang talinghaga—isang simbolo ng pagpapakita ng espirituwal na paglalakbay ng isang kaluluwa mula sa kaligtasan tungo sa pagkamaygulang, hanggang sa marating niya ang *"maging taong may sapat nagulang, hanggang sa sukat ng ganap nakapuspusan ni Cristo"* (Efeso 4:13).

Para makarating ang isang tao sa espirituwal na bundok ng Sion, Kailangan niya munang malampasan ang maraming ibat-ibang mga karanasan. Pagkatapos niyang lisanin ang Ehipto (karanasan sa kaligtasan), ay Kailangan na niyang tumawid sa Dagat na Pula (bautismo sa tubig). Pagkatapos ay dapat siyang magpatuloy sa Bundok ng Sinai, kung saan ay sinisimbolo ang bautismo sa Banal na Espiritu. Pagkatapos niyon ay kailangang mapagtagumpayan niya ang matindi at napakahirap nakaranasan sa ilang, tawirin ang Ilog Jordan (maranasan ang pagtutuli ng puso) at pumasok sa Lupang Pangako. Mula roon, habang nilulupig niya ang mga kaaway sa loob at sa labas, siya sa huli ay makakapasok na rin sa totoong kapahingahan ng Diyos, kung saan ay inihalintulad sa Salita ng Diyos na may pataas na espirituwal na Bundok ng Sion. Sinasabi ng Diyos sa Sion sa Awit

132:14, *“Ito'y aking pahingahang dako magpakailanman; sapagkat ito'y aking ninasa, dito ako tatahan”*

Ito ay isang pangwalang-hanggang gantim pala para sa atin na pagnilay-nilayan ang paglalakbay ng Israel mula sa parehong isang makasaysayan at isang walang hanggang pananaw. Tiyak na ang paglalakbay ay na buo na (at hindi lang ipinaalam) sa isip at puso ng Diyos bago paman likhain ang daigdig. Sa Hebreo 4:3 ay malinaw na nakasaad, *“bagama’t ang mga gawa niya mula nang itatag ang sanlibutan ay natapos na.”*
Kaya nga, Kailangan nating sumandaling unahin na isaalang-alang ang plano ng Diyos sa mga panahon mula kay Adan hanggang kay Abraham upang lubos nating maunawaan ang maraming bagay na nasa likod ng paglalakbay ng Israel. Si Abraham ay isang ama, hindi lamang ng mga Israelita, kundi siya din ang espirituwal na ama ng lahat ng kumikilala sa Panginoong Jesu-Cristo bilang kanilang Tagapagligtas.

## Ang Unang Sampung Mga Henerasyon

Ang unang dispensasyon ng sampung henerasyon na sumasakop sa mga panahon simula kay Adan hanggang kay Noe at ang Baha, ay tumagal ng halos mga 1,656 na taon. Gayunman, siyam lamang nakabanata ng Genesis ang nakalaan sa panahon na ito. (Gal. 3:29).
Sa kapanahunang ito nakapaloob ang kuwento ng paglikha, ang pagkakasala ng tao, ang pangako ng kaligtasan, ang unang pagpatay, ang pagpapakilala ng poligamya, at ang pagkakahati-hati ng sangkatauhan sa dalawang angkan — ang mga anak ng

Diyos at ang mga anak ng tao (ang mabuti at ang masama). Si Enoc, ang tao na namuhay malapit sa Diyos, ay nagpropesiya sa Pangalawang Pagparito ni Cristo at ang mangyayaring paghuhukom (Judas 1:14-15). Ang unang pag-agaw ay nangyarinang si Enoc ay dinala sa langit.

Pagkatapos ay nangyari ang pagkahalo ng mga angkan ng mga taong makadiyos at hindi makadiyos sa pamamagitan ng pakikipag-asawa sa hindi mga kalahi, na nagbunga ng masasamang supling at mga pang-aapi na sa huli ay dinala ang paghuhukom sa buong mundo sa pamamagitan ng isang pagbaha.

## Ang Sumunod na Sampung Henerasyon

Ang pangalawang dispensasyon, simula kay Noe hanggang kay Abraham, muli ay sampung henerasyon ang itinagal at binubuo ng halos mga 300 taon. Ang panahong ito ay minarkahan ng pagkakahati-hati ng mga bansa sa tatlong sangay. Simula kay Noe ay dumating si Sem, ang ipinangakong supling, si Ham, ang isinumpang supling, at Jafet, ang binigyan ng isang pangako na siya ay mamumuhay sa ilalim ng pangangalaga ni Sem. Mula sa tatlong kalalakihan na ito nagsimula ang lahat ng mga lahi sa buong mundo.

Kahit pagkatapos na winasak ng Diyos ang lahat ng mga dating nanirahan sa mundo dahil sa kanilang paghihimagsik (iningatan lamang si Noe, ang kanyang may bahay, tatlong mga anak na lalaki at kanilang mga asawa), ang bagong henerasyon, mga inapo ng makadiyos na si Noe, ay mabilis na dumaming muli. Si Ham ay nagbunga ng masasamang mga supling, ang kanyang apo na si

Nimrod ang nagtatag ng Babel (Gen. 10:6-10). Ang kasamaan ang naghari sa lungsod na ito; at naging sanhi ng lahat ng huwad na mga relihiyon. Ang mga naninirahan sa Babel ay umaklas laban sa Panginoon at gumawa ng isang tore upang dakilain at luwalhatiin ang sangkatauhan. Bilang resulta nang tahasang paghihimagsik na ito laban sa Panginoon, ang kahatulan ng Diyos minsanpa ay dumating sa buong daigdig. Pinaghiwa-hiwalay ng Diyos ang mga bansa sa panahong ito at nilito ang kanilang mga wika.

Mula sa kalagayang ito ng kaguluhan at kasamaan, tinawag ng Diyos si Abraham mula sa Ur ng mga Caldea. Nangusap ang Panginoong Diyos kay Abraham at sinabihan ito na lisanin ang kanyang sariling bayan at pumunta sa isang lupain na ituturo Nito sa kanya—ang lupain ng Canaan, nasa huli ay magiging kanyang mana at ang mamanahin din ng kanyang mga inapo.

## Ang Tipan ni Abraham

Ang Diyos ay nakipag-tipan kay Abraham (Genesis 15), at nangako na mamanahin ng kanyang mga inapo (na magmumula sa kanyang anak nasi Isaac) ang lupain ng Canaan mula sa ilog ng Ehipto hanggang sa ilog ng Eufrates. Ang lupain ng Canaan ang siyang tinatawag natin sakasalukuyan na Palestino. Ang Palestino ay lupain ng Diyos, at ito ay ipinagkaloob Niya sa Israel, hindi sa mga Palestino (o ang mga taong tinagurian ng Bibliya na mga Filesteo).

Upang makagawa ng isang tipan, may mga kondisyon na kailangang mapagkasunduan ng bawat isa. Nakaugalian na nang

mga panahong iyon na selyuhan ang mga tipan sa pamamagitan ng paghati ng isang hayop at lumakad sa pagitan ng mga hinating bahagi ng hayop. Gayunman, ang tipan na ito ay sinelyuhan sa isang hindi pang karaniwang paraan. Sa halip nang dalawang kalahok (ang Diyos at si Abraham) ang lalakad sa gitna ng hinating mga hayop, iba ang lumakad sa pagitan nito.

Mababasa natin sa Genesis 15:12, *"Nang lulubog na ang araw, nakatulog si Abram nang mahimbing; isang makapal at nakakatakot na kadiliman ang dumating sa kanya."* Sa aking personal nakaranasan ng kababalaghan na ganito, nakadama ako ng labis na panghihina, isang lubos at kawalangpag-asa na makagawa ng anumang bagay. Ganito mismo ang madalas na hangarin ng Diyos namaranasan natin bago Siya gumawa ng isang makabuluhang pangako sa atin o bago tayo pumasok sa isang panibagong yugto ng ating paglakad bilang Kristiyano.

Ganyan ang nangyari kay Abraham, na nakatayo sa pintuan ng panibagong karanasan na makapagbabago ng hindi mabilang na mga buhay. Ang Diyos ay gumagawa ng pangako sa kanya na makapagbabago sa kinabukasan ng hindi lamang sa milyon-milyon na kanyang mga sariling supling, kundi sa lahat ng sangkatauhan. Sa katunayan, ang pangako sa lupain ng Canaan ay hindi na kadepende kay Abraham o sakanyang mga inapo, dahil ang Ama at ang Anak ang nagkasundo na ipagkaloob sa kanila ang lupain ng Canaan para sa isang pang walang hanggang pag-aari.

Si Abraham ay nasa mahimbing na pagkatulog nang ang nakakatakot na kadiliman ay dumating sa kanya. Habang siya ay

nasa mahimbing na pagkatulog, may dalawang partido na dumaan sapagitan ng hinating bahagi. *"Nang lumubog na ang araw at madilim na, isang hurnong umuusok at ang isang tanglaw na nagniningas ang dumaan sa gitna ng mga hinating hayop. Nang araw na iyon, ang PANGINOON ay nakipag tipan kay Abram, na sinasabi, 'Ibinigay ko ang lupaing ito sa iyong binhi, mula sa ilog ng Ehipto hanggang sa malaking ilog, ang Ilog Eufrates…'"* (Gen. 15:17-18).

Ang Hurnong Umuusok ay simbolo ng Diyos Ama, kung saan ay tinawag na, *"Sapagkat ang Diyos natin ay isang apoy natumutupok"* (Heb 12:29). Ang "Maningas na Ilawan" ay walang iba kundi ang Panginoong Jesu-Cristo, na nagsabi, *"Ako ang Ilaw ng Sanlibutan"* (Juan 8:12; 9:5). Si Abraham ay hindi kailanman dumaan sa pagitan ng hinating mga hayop. Kaya ang kasunduan ay hindi mababago at hindi masisira, dahil ito ay nangyari sa pagitan ng Ama at ng Anak.

Maraming taon ang lumipas bago nagkaroon ng anak si Abraham, unang sinabi ng Diyos na sa paninirahan ng mga Israelita sa Ehipto, sila ay magiging dayuhan sa lupain na hindi ipinangako sakanila, at sila ay ituturing na mga alipin habang sila ay naroon (Gen 15:13). Gayunpaman, ang paninirahan nila sa Ehipto ay hindi ang tunay na plano ng Diyos para sa kanila. Maninirahan lamang sila roon ng halos 400 taon, dahil ipinangako ng Diyos na lalabas sila ng Ehipto.

Ang Panginoon ay nangusap din tungkol sa sampung salot na isasagawa ni Moises laban sa mga Ehipsiyo bilang hatol sa bansa na umalipin sa kanila. Pagkatapos ay sinabi rin ng Panginoon ang

gagawing paglalakbay palabas ng Ehipto ng mga anak ni Jacob (Israel) na apo ni Abraham (Gen 15:14). Kaya, makikita natin na ang Diyos ang nagtakda sa paglalakbay ng Israel mula sa Ehipto hanggang sa Sion bago paman likhain ang sanlibutan (Heb 4:3) Sa katunayan, Siya ang nangasiwa sa buong kahihinatnan ng Israel.

## Mula kay Abraham hanggang kay Moises

Pagkamatay ni Abraham, ang anak niyang si Isaac ay nanirahan sa lupain ng Canaan kasama ang anak na si Jacob. Si Jacob, na ang pangalan ay pinalitan ng "Israel" ay may labindalawang anak na lalaki, kung saan nagmula ang labindalawang tribo ng Israel. Si Jose, ang paboritong anak ni Jacob ay ipinagbili bilang alipin ng kanyang mga kapatid, at kalaunan ay nakulong sa Ehipto, mula sa kapighatian sa kulungan, matagumpay siyang ibinangon ng Diyos upang maging Punong Ministrong Ehipto.

Upang tupdin ang Kanyang sinabi kay Abraham, ipinadala ng Panginoon si Jose sa Ehipto upang maihanda ang lugar para sa kanyang mga kapatid at upang magdala ng pagpapalaya (Gen 45:5-8). Pagkatapos patatagin si Jose sa Ehipto, ang Diyos ay nagpadala ng taggutom upang ang mga anak ni Jacob ay bumaba tungo sa Ehipto, kung saan sila ay nagkasamang muli ni Jose. Si Jacob at ang kanyang sambahayan na 70 katao ay lumipat sa Ehipto.

Mayroong isang tuntunin sa Biblikong interpretasyon na tinatawag na *tuntunin saunang pagbanggit*. Ang unang pagbanggit ng isang bagay sa Bibliya ay madalas nagtataglay ng

susi ng espirituwal na pakahulugan. Sa Genesis 46:27, may 70 katao sa sambahayan ni Jacob. Samakatuwid, ang bilang na*"pitumpo"*sa Kasulatan ay kumakatawan ng katandaan (*eldership*), dahil mayroong 70 matatanda sa mga anak ng Israel (Bilang 11:6, 24-25). Kapansinpansin na parehong kinabibilangan ng mga lalaki at babaeang 70 pangkat ni Jacob. Napakahalaga nito, dahil pinatutunayan ng Kasulatan na ang mga babae ay maaaring maging mga tagapaglingkod at lider.

Sa ating pagpapatuloy sa pangkalahatang-ideya ng pakikitungo ng Diyos mula sa panahon ni Abraham hanggang sa panahon ni Moises, makikita natin na inihanda na ng Diyos ang daan para kay Jacob patungo sa Ehipto. Sa Awit 105:17-24 ay ito ang sinabi, *"Siya'y nagsugo ng isang lalaki sa unahan nila, si Jose na ipinagbili bilang alipin. Ang kanyang mga paa ay sinaktan ng mga tanikala, siya'y nilagyan ng kuwelyo na bakal; hanggang sa ang kanyang mga salita ay maganap; siya ay sinubok ng salita ng PANGINOON. Ang hari ay nagsugo at pinakawalan siya; ang pinuno ng mga bayan, at siya'y pinalaya niya, kanyang ginawa siyang panginoon ng kanyang tahanan, at pinuno ng lahat niyang ari-arian, upang talian ang kanyang mga pinuno ayon sa kanyang nais, at turuan ng karunungan ang kanyang matatanda. At ang Israel ay dumating sa Ehipto; si Jacob ay nakipanirahan sa lupain ng Ham. At ginawang napakabunga ng PANGINOON ang kanyang bayan, at ginawa silang higit na malakas kaysa kanilang mga kaaway.*

Mayroong tiyak na pagpapatuloy sa plano ng Diyos. Pagkatapos mangusap ng Diyos kay Abraham na dadalhin Niya ang kanyang mga inapo sa Ehipto, si Jose ay dinala sa Ehipto bilang alipin.

Itinaas ng Diyos sa pinakamataas na katungkulan si Jose sa Ehipto sa ilalim ni Faraon. Ito ang nagbigay-daan kay Jacob at ng kanyang mga anak na tumira sa Ehipto, kung saan sila ay inalagaan ni Jose.

Ang mga anak ni Israel ay dumami at guminhawa sa Ehipto, na naging sanhi ng paninibugho sa puso ng mga Ehipsiyo. Hindi nagtagal, isa pang Faraon na hindi kilalasi Jose ang namuno at umalipin sa mga Israelita. Pinatigas ng Diyos ang puso ng mga Ehipsiyo*"upang mapuot sa kanyang bayan, upang makitungo ng may katusuhan sa kanyang mga lingkod"* (Awit 105:25). Tandaan, kailanman ay hindi pinatitigas ng Diyos ang mga puso na mabuti; tanging ang mga puso lamang na masama.

## Ang buhay ni Moises bilang Tagapagpalaya

Itinakda ng Diyos ang lahat ng bagay upang mangyari ang Kanyang sakdal na plano. Ang mga Israelita ay sadyang desperado na sa pangangailangan ng isang manunubos. Ito ang nagbigay-daan kay Moises na dumating bilang kanilang tagapagpalaya (Aw. 105:26). Pinili ng Panginoon si Moises na palayain ang Kanyang bayan mula sa pagpapahirap at pang-aalipin ng mga Ehipsiyo.

Sa bawat bahagi ng Kanyang plano ng pagtubos, pinagkalooban ng Diyos ang ilang piling sisidlan ng dakilang biyaya at karunungan. Ang mga lider na ito na hinirang ng Diyos ay nagpakita sa mga natakdang panahon ng kasaysayan upang mangyari ang mga itinadhana ng Diyos at madala ang Kanyang bayan sa tiyak na bahagi ng kanilang mana naitinakda na sa

bawat henerasyon. Si Adan, Noe, Abraham, Moises, Josue, David, Solomon, ang mga propeta, at ang Panginoong Jesus ay lahat nagpakita sa panahon na itinakda ng Diyos sa kanbas ng kasaysayan upang matupad ang dakilang plano ng Diyos sa bawa't panahon.

Sa panahon ng Bagong Tipan, ginamit ng Diyos ang mga apostol upang itatag ang pundasyon ng Iglesya. Si Apostol Pablo ang hinirang ng Diyos na mangaral sa mga Hentil. Si Apostol Pablo ang siyang nagtatag ng mahahalagang mga doktrina at mga paniniwala sa ating pananampalataya kung saan ang Iglesya ay nakasalig. Hindi nagtagal, sa kasaysayan ng Iglesya, nagkaroon tayo ng mga kalalakihan ng Diyos gaya nina Wycliffe, Luther, at Wesley upang muling ibangon ang Iglesya sa masamang kalagayan, kung saan ito ay nahulog. Gayunman, ang aklat na ito ay nakatuon lamang sa buhay ni Moises.

Upang mapulot ang ilang mga mahahalagang katotohanan, Kailangan ay detalyado nating pag-aralan ang buhay ni Moises dahil siya ang tagapagpalaya na ibinangon ng Diyos upang pangunahan ang kanyang henerasyon mula sa pang-aalipin ng mga Ehipsiyo. Ang buhay ni Moises ay naka batay sa tatlong ibat-ibang kapanahunan:

1. **Tinawag** – mula sa kapanganakan hanggang siya ay tumakas sa Ehipto (40 taon)
2. **Pinili** – sa disyerto sa ilang ng Arabya (40 taon)
3. **Tapat** – sa ministeryong iniatang sa kanya (40 taon)

Ang dahilan kung kaya ginamit natin ang tatlong pamagat na ito ay dahil si Moises, bilang isang tapat na pinuno, ay isang halimbawa na dapat nating tularan. Marami sa nakabasa sa paksang ito ay tinawag na maging mga lider sa iba't-ibang antas. Sa Pahayag 17:14 ay sinasabi*"at ang mga kasama niya ay mga tinawag, mga hinirang, at tapat.*"

Ang Diyos ay naglagay ng isang tiyak na pagkatawag at ministeryo sa bawat isa sa atin. Gayunman, hindi sapat na maging tinawag lang ng Diyos, kailangan ay maging pinili din tayo ng Diyos. Maliwanag na isinaad ni Jesus sa Mateo 22:14, *"Sapagkat marami ang tinawag, ngunit kakaunti ang pinili."*

Sa pagsasaalang-alang ng kaibahan sa pagitan ng tinawag at pinili, magiging malaking tulong kung pagbabatayan natin ang buhay ni David, kung saan ang buhay ay maliwanag na inilalarawan ang tatlong mga antas na ito.

Ang pagtawag ng Diyos ay ibinigay kay David noong siya ay halos 17 taong gulang. Ang propetang si Samuel na taga Bethlehem ay dumating at pinahiran si David ng langis. Ito ang una sa tatlong pagpapahid kay David. Sa pagpahid na ito, siya ay tinawag bilang hari ng Israel. Tinanggap niya ang kanyang pangalawang pagpahid sa Hebron, nang siya ay pinili bilang hari ng Juda sa edad na 30 taon. Nang tanggapin ni David ang pangalawang pagpahid, siya ay inilagay sa kanyang ministeryo. Ang mapili ng Diyos ay isang yugto na tayo ay inilalagay ng Diyos sa ating ministeryo o pagkatawag.

Ang pangatlong hakbang sa ating buhay Kristiyano ay ang pagiging tapat sa ating ministeryo o tungkulin na ibinigay sa atin ng Diyos. Si Moises ay hindilang tinawag at pinili, siya rin ay nasumpungangtapat, gaya ng nababasanatinsaHebreo 3:5, *"Si Moises ay naging tapat sa buong sambahayan ng Diyos, gaya ng isang lingkod, bilang patotoo sa mga bagay na sasabihin."* Upang maipakita ang ating mga sarili na tapat, kailangang gawin natin kung ano ang eksaktong pinagagawa ng Diyos sa atin nang hindi lumilihis sa Kanyang landas para sa ating mga buhay.

Ang isa pang mahalagang aspeto ng katotohanang ito ay ang progresibo ito. May mga progresibong antas sa ministeryo. Makikita nating maliwanag na inilarawan ito sa buhay ni David. Sa gulang na 17, Si David ay tinawag at pinahiran sa Bethlehem. Pagkatapos ay pinili siya ng Diyos at itinalaga bilang hari ng Juda ng pito at kalahating taon (2 Sam 5:5). Gayunman, ang orihinal na pagkatawag kay David ay ang maging hari ng buong Israel, hindi lamang hari ng Juda.Tayo ay inilalagay muna ng Diyos sa isang antas ng ministeryo at doon ay susubukin tayo. Pagkatapos mapatunayan ni David ang kanyang katapatan bilang hari ng Juda, siya ay pinahiran sa ikatlong pagkakataon at nakapasok sa kaganapan ng kanyang ministeryo bilang hari ng buong Israel.

Kadalasan ay may katagalan sa pagitan ng pagiging tinawag ng Diyos at ng pinili ng Diyos, gaya ng nakita natin sa talambuhay ni David. Kapag tayo ay pansamantalang inilalagay ng Diyos sa ating ministeryo o pagkatawag, karaniwan ay inilalagay Niya muna tayo sa isang mababang antas ng paglilingkod. Pagkatapos nating mapatunayan ang ating katapatan sa antas na iyon, tayo ay papasok na sakaganapan kung ano ang itinalaga Niya para sa atin.

Kaya nga, makikita natin na mayroong mga antas ng ministeryo. Sa buhay mo, maaaring masumpungan mo marahil na ilalagay ka ng Diyos bilang isang katuwang ng pastor, pagkatapos ay pastor, maaaring isang maliit na iglesya. Pagkatapos mong mapatunayan ang iyong katapatan sa mga pagkatalaga na ito sa iyo, ikaw ay itataas ng Diyos sa kaganapan ng kung ano ang nilayon Niya sa iyong buhay.

## Ang Tatlong Mahahalagang Bahagi ng Paglalakbay ng Israel

1. Mula sa Ehipto patungo sa Ilog ng Jodan (sa ilalim ni Moises)
2. Ang pagtawid sa Canaan (sa ilalim ni Josue)
3. Buong pagkasakop sa Canaan at Bundok ng Sion (sa ilalim ni David)

## Ang Tatlong Mga Pangunahing Pinuno ng Paglalakbay

Dinala ni Moises ang mga anak ng Israel palabas ng Ehipto at pinangunahan sila hanggang sa Ilog ng Jordan, sa gilid ng kanilang mamanahin. Pinangunahan ni Josue ang mga Israelita sa Lupang Pangako, ngunit hindi sila nadala sa ganap na kapahingahan (Heb 4:8). Ang mga tao ay naging pabaya at nag-iwan ng maraming mga kaaway sa lupain (Jos 13:1; 18:2-3).

Ilang mga henerasyon ang nagdaan, ay sinakop ni David ang kuta ng Sion, na naging pahingahan ng Diyos (Awit 132:13-18). Hindi natapos ng Israel ang kanilang paglalakbay mula Ehipto

hanggang Sion hanggang sa ika-pitong taon ng paghahari ni David (2 Sam 5:1-7). Pagkatapos mapahiran si David sai katlong pagkakataon, sinakop niya ang Sion at doon niya inilagay ang Kaban ng Tipan. Ang Jerusalem at ang Bundok ng Sion ang mga huling kuta sa Israel ng mga dating Cananeo na naninirahan doon. Kaya nga, nakamit ni David ang buong mana na mayroon ang Diyos para sa Israel.

Ang paglalakbay sa kabuuan ay inabot ng 443 taon upang maabot ang pinakasukdulang layunin ng Bundok ng Sion. Ngayon, ang Espiritu ng Diyos ay magbibigay ng kakayahan sa Kanyang Iglesya upang makumpleto ang paglalakbay na ito sa ating henerasyon.

## Ang Pitong mga Pista ng Israel

Mayroong pitong taon ang pista na itinakda ng Panginoon para sa bansang Israel. Ang mga pistang ito ay natupad sa panahon ng paglalakbay ng Israel mula Ehipto hanggang Sion, literal man o sa pamamagitan ng propesiya. Ang Iglesya, ang Israel ng Diyos (Gal 6:16) ay mararanasan din sa espirituwal ang mga kapistahang ito. Sina Moises, Josue, at David ang nanguna sa bansang Israel na maranasan ang mga pista gaya ng mga sumusunod:

1. **Moises**
   (1) Pista ng Paskuwa (sa Ehipto)
   (2) Pista ng Tinapay naWalang Lebadura (sa Ehipto)
   (3) Pista ng Pag-aani (sa kabila ng Dagat na Pula, sa uri)
   (4) Pista ng Pentecostes (sa Sinai)

(5) Pista ng mga Trumpeta (sa kapatagan ng Moab, sa uri)

**2. Josue**

(6) Pista ng Pagtubos(sakabilang Ilog Jordan, sa Gilgal, sa uri)

**3. David**

(7) Pista ng Tabernakulo (sa Jerusalem sa ilalim ni Solomon pagkatapos na makubkob ni David ang Sion)

## Ang Espirituwal na Kahalagahan ng mga Pista

1. **Paskuwa** –kumakatawan sa kaligtasan (1Cor 5:7). Ang Israel ay naligtas sa pamamagitan ng dugo ng kordero sa Ehipto. Sa parehong paraan, tayo ay naligtas sa pamamagitan ng dugo ng Kordero ng Diyos.

2. **Tinapay na Walang Lebadura** – kumakatawan nang pagkain sa dalisay na Salita ng Diyos (1Cor 5:7-8). Nagsimulang kumain ang Israel ng tinapay na walang lebadura agad pagkatapos na sila ay tubusin sapamamagitan ng dugo ng kordero ng Pampaskuwa. Kailangan ay magpatuloy tayong magpista sa pagkain ng dalisay na Salita ng Diyos pagkatapos na tayo'y iligtas ng ating Panginoon.

3. **Pag-aani** – kumakatawan sa bautismo sa tubig at muling pagkabuhay (1Cor 15:20). Nang ang Israel ay tumawid sa Dagat na Pula, pinutol nito mula sa kanila ang nakaraan at sinira ang masasamang kapangyarihan na nagtatangkang magbalik sa kanila

sa Ehipto. Noong tayo ay na bautismuhan sa tubig, maraming mga pagkaalipin sa mga buhay natin ang nawasak.

**4. Pentecostes** – kumakatawan sa bautismo sa Banal na Espiritu (Gawa 2:1-4). Nakarating ang Israel sa Bundok ng Sinai sa ikatlong buwan ng Pista ng Pentecostes. Sa Sinai, naroon lahat ng mga tanda na kasama sa Bautismo ng Banal na Espiritu. Nakita ng mga Israelita ang apoy ng Diyos, narinig ang tinig ng Diyos, nagkaroon ng mga probisyon, mga himala, pagpapagaling, at presensiya ng Diyos.

5. **Mga Tompeta** –kumakatawan sa isang bagong pagkatawag na magpatuloy (Bilang 10:2-6). Ang Diyos ay nangungusap sa Kanyang bayan na magpatuloy mula sa ilang, tungo sa Lupang Pangako, hanggang sa Sion.

6. **Pagtubos** – kumakatawan sa pagdadalamhati ng kaluluwa, isang malalim na paglilinis, at pagtutuli ng puso (Lev. 23:27). Pagkatapos na ang Israel ay makatawid ng Ilog ng Jordan, sila ay tinuli sa Gilgal. Pagkatapos ay kanilang sinimulan na lipulin ang lahat ng kanilang mga kaaway kabilang na ang 31 mga hari.

7**. Mga Tabernakulo** – kumakatawan sa kaluwalhatian at kapangyarihan ng Diyos. Pagkalipas ng maraming taon, pagkatapos na makubkob ni David ang Bundok ng Sion, inilagay niya ang Kaban ng Tipan sa tuktok ng Bundokng Sion sa tolda na kanyang inihanda para dito. Ang Sion ang pinaka-espesyal na tirahan ng Diyos. Hindi nagtagal, dinala ni Solomon na anak ni David ang Kaban ng Tipan mula sa tuktok ng Sion at inilagay sa

templo, kung saan ang kaluwalhatian ng Diyos ay inihayag sa mga bansa sa buong mundo.

## Ang Buod ng Paglalakbay ng Israel

**Genesis**: Ang paglalakbay ng Israel ay nasa plano na ng Diyos bago pa man likhain ang mundo. (Hebreo 4:3). Hindi nagtagal pagkatapos ng baha, ang Diyos ay nakipagtipan kay Abraham at sakanyang mga inapo, at ipinangako sa kanila na ipagkakaloob Niya ang lahat ng lupain sa Canaan (Gen 15:18-21). Sa Canaan ay naroon ang Bundok ng Sion, ang lugar ng Kanyang kapahingahan. Ipinaliwanag namabuti ng Panginoon kay Abraham na *bago* mamanahin ng mga inapo nito ang lupain, sila ay magiging mga dayuhan muna sa ibang lupain (Ehipto) at pahihirapan ng 400 taon. Pagkatapos, parurusahan ng Diyos ang bansang iyon at ilalabas roon ang Israel na dala ang maraming kayamanan (Gen 15:13-4).

Maliwanag na ang Diyos ang siyang nangasiwa sa buong paglalakbay bago paman ito mangyari. Pinadala ng Panginoon si Jose sa Ehipto. Pagkatapos isang panahon ng tag-gutom ang nagtulak kay Jacob at buo niyang sambahayan na lumipat sa Ehipto. Nanatili sila sa Ehipto ng ilang daang taon, at sila'y dumami na naging isang bansang humigit kumulang tatlong milyong katao. Sa pagsunod sa buhay ni Jose, may isang Paraon na humalili sa trono at ipinataw ang pang-aalipin sa mga inapo ni Abraham.

**Exodo hanggang Deuteronomio –** Sa takdang panahon ay isinilang si Moises, pitong henerasyon pagkatapos ni Abraham. Itinatag ng Panginoon ang Paskuwa at nag-alok ng kaligtasan mula sa kamatayan sa pamamagitan ng dugo ng isang inalay na kordero. Si Moises ang nagsagawa ng kaparusahan ng Diyos laban sa Faraon at Ehipto. Pagkatapos ay inialis niya ang Israel mula sa pagkaalipin at dinala ito sa Lupang Pangako. Sa gayon, nagsimula ang paglalakbay.

Ang kanilang destinasyon ay hindi lamang ang Lupang Pangako, kund iang Bundok ng Sion kung saan ay nasa Lupang Pangako. Ang Bundok ng Sion ay ang pahingahang dako ng Panginoon (Exodo 15:17). Ang pagkatawag ng Diyos ay hindi kailanman para sa ministeryo lamang o sa isang pamana kundi sa isang Tao – ang Panginoong Jesu-Cristo. Mula sa Ehipto, ay kanilang tinawid ang Dagat na Pula. Pagkatapos ay narrating nila angBundok ng Sinai sa ikatlong buwan, ang panahon ng Pista ng Pentecostes. Magkagayon man, sila ay hindi tinawag na magkampo sa paligid ng bundok, na nasa ilang, kundi tinawag sa isang mas dakilang bundok – Bundok ng Sion (Heb 12:18-22).

Nang ang mga Israelita ay nabigong malampasan ang lahat ng sampung pagsubok sa ilang, ipinahayag ng Diyos mula Kadesh Barnea na ang kasalukuyang henerasyon ay hindi kailanman makakapasok sa Kanyang kapahingahan. Ang kapahingahan ay nasa kabila ng Jordan sa Lupang Pangako, at pinakahuli sa Bundok ng Sion. Kaya ang mga Israelita ay naging lagalag sa ilang ng walang direksyon sa karagdagan pang 38 taon hanggang sa mga namatay ang na sabing henerasyon.

**Josue:** Pinangunahan ni Josue ang mga anak ng isinumpang henerasyon sa kabila ng Jordan hanggang sa Lupang Pangako. Ang pagtawid sa Ilog ng Jordan ay kumakatawan sa pagiging “patay sa kasalanan.” Ang kanilang mga puso ay nabago pagkatapos nilang tumawid sa Ilog Jordan at hindi na muling naghangad pa na bumalik sa Ehipto. Kanilang naranasan ang pagtutuli sa Gilgal, nang matugunan ang pagnanasa ng kanilang laman. Nagpatuloy si Josue na pangunahan ang Israel sa pakikidigma laban sa 31 mga hari.

**Hukom:** Nagdeklara si Josue sa mga anak ng Israel *“Hanggang kalian kayo magpapakatamad na pasukin ang lupaing ibinigay sa inyo ng Panginoon, ng Diyos ng inyong mga ninuno?”*(Josue 18:3). Ating makikita na ang Diyos ay nangusap kay Josue, *“Ikaw ay matanda na, puspos na ng mga taon, at may nalalabi pang maraming lupain na sasakupin.”* (Josue 13:1). Hindi tuluyang nadala ni Josue ang bayang Israel saganap na kapahingahan (Heb 4:8). Sa aklat ng mga Hukom ay nakatala kung paano pinili ng Israel ang maki-kompromiso at maki-pamuhay sa kanilang mga kaaway pagkatapos mamatay ni Josue. Binalewala at iniwasan nila ang mga lugar na dapat sana ay sakupin sa pamamagitan ng tabak. Maraming mga teritoryo ang kontrolado pa ng kanilang mga kaaway, kabilang na ang Sion, nasakop ng mga Jebuseo.

**1-2 Samuel:** Ilan pang henerasyon ang lumipas, si David, ang taong ayon sa puso ng Diyos, ay naging hari. Sa gulang na 37, nakubkob niya ang kutang-tanggulan ng Sion at inilagay doon ang Kaban ng Tipan sa isang tolda sa tuktok ng Bundok ng Sion. Ang Sion ay nakilala bilang banal na bundok. Ang kaluwalhatian, kapangyarihan, pagsamba, at pakikipag-niig sa Sion ay mas

lalong dakilak ay sa alin mang dako ng kanilang paglalakbay. Sa wakas, 443 taon pagkatapos magsimula ang Israel ng kanilang paglalakbay mula Ehipto, ay narrating din nila ang kanilang destinasyon, ang Sion.

**1-2 Hari at 1-2 Cronica:** Si Solomon na anak ni David ang nagpagawa ng templo at doon dinala ang Kaban ng Tipan mula sa Sion at inilagak sa kanyang templo. Labis na kagila-gilalas ang kaluwalhatian ng Diyos sa Templo ni Solomon na ang mga saserdote ay hindi man lamang makatayo (1 Hari 8:1-11). Ang mga bansa ay nagsidatingan upang mapakinggan ang karunungan mula sa Diyos at upang makita ang Kanyang kaluwalhatian na nahahayag sa templong ito. Kaya ang layunin ng bawa't isang mananampalataya ay tapusin ang kanyang sariling espirituwal na paglalakbay simula sa Ehipto hanggang sa Sion, ang makarating sa kaluwalhatian, at dalhin ang kaluwalhatiang ito sa mga bansa.

Natapos na ang paglalarawan sa kabuuan ng paghahanda at pagtatapos ng paglalakbay ng Israel, ngayon ay simulan na nating tingnan ang mga detalye at tunay na pangyayari kung saan pinangunahan sila ng Panginoon sa kanilang paglalakbay simula Ehipto hanggang sa kanilang ganap na mana.

# Unang Bahagi

## *Ang Buhay ni Moises*

## *Mula Ehipto Hanggang sa Jordan*

# Kabanata 1

## Ang Maagang Bahagi ng Buhay ni Moises

Una muna nating titingnan ang maagang bahagi ng buhay ng propetang si Moises, na siyang nanguna sa mga Israelita mula Ehipto hanggang sa Ilog Jordan. Sa kabanatang ito ay sasaklawan ang unang apatnapung taon ng kanyang buhay. Tayo ay ipinakilala sa mga magulang ni Moises sa Exodo 2:1-2: “May isang lalaki sa lipi ni Levi na humayo at nag-asawa ng isang anak na babae ni Levi.  Ang babae ay naglihi at nanganak ng isang lalaki. Nang kanyang makita na ito ay maganda, kanyang itinago ito ng tatlong buwan.”Sa gayon ay nakita natin dito na ang ama ni Moises ay nagmula sa lipi ni Levi. Sa Exodo 6:20 ay ibinigay sa atin ang pangalan ng mga magulang ni Moises, “Naging asawa ni Amram si Jokebed na kapatid na babae ng kanyang ama, at ipinanganak nito sakanya si Aaron at si Moises, at ang mga naging taon ng buhay ni Amram ay isangdaan at tatlumpu't pitong taon.

### 1. Ang Kanyang Talaangkanan

Ang Talaangkanan ay napakahalaga upang masubaybayan na tayo ay bunga ng ating mga magulang at ninuno ng ating pinagmulan. Kaya, upang lubos nating makilala si Moises, Kailangan nating malaman ang mga katangian, pagkatao, at pagkakakilanlan ng kanyang lahi.

## Ang Lipini Levi

Napakahalaga para sa atin na magkaroon ng kaunawaan sa ating sariling talaangkanan upang malaman kung anu-ano ang mga katangiang na ipasa sa atin mula sa ating mga ninuno. Si Moises ay nagmula sa Lipi ni Levi, at patungkol sa lahing ito, mababasa natin ang patotoo ng Diyos sa Malakias 2:4-7: "Inyong malalaman na aking ipinadala ang utos na ito sa inyo upang ang aking tipan kay Levi ay manatili, sabi ng Panginoon ng mga hukbo. Ang aking tipan sa kanya ay isang tipan ng buhay at kapayapaan; at ibinigay ko ang mga iyon sa kanya upang siya'y matakot; at siya'y natakot sa akin, at siya'y nagbigay-galang sa aking pangalan. Ang kautusan ng katotohanan ay nasa kanyang bibig, at walang kalikuan na nasumpungan sa kanyang mga labi. Siya'y lumakad na kasama ko sa kapayapaan at katuwiran, at inilayo niya sa kasamaan ang marami. Sapagkat ang mga labi ng pari ay dapat mag-ingat ng kaalaman, at dapat hanapin ng mga tao ang kautusan sa kanyang bibig, sapagkat siya ang sugo ng Panginoon ng mga hukbo." Ang Diyos ay nakipagtipan ng buhay at kapayapaan kay Levi dahil siya at ang kanyang mga kaapu-apuhan ay may banal na pagkatakot sa Diyos. Ang Diyos ay nakikipagtipan sa may mga takot sa Kanya. (Aw. 25:14).

## Ang Espirituwal na Pag-unlad ni Moises

Isaalang-alang natin ang buhay ng mga magulang ni Moises, sina Amram at Jokebed. Sinasabi sa atin sa Exodo 6:16-18 na si Amram ay apo ni Levi, at si Moises ay naging apo ni Levi sa tuhod.

Mababasa natin sa Exodo 6:20, *“Naging asawa ni Amram si Jokebed na kapatid na babae ng kanyang ama, at ipinanganak nito sa kanya si Aaron at si Moises.”* Na pangasawa ni Amram ang kanyang tiyahin na si Jokebed at nagkaroon sila ng tatlong mga anak na sina Miriam, Aaron at Moises (Bilang 26:59).

May isang talata sa Malakias na kailangan nating tingnan upang lubos nating maunawaan ang kahalagahan ng kasal na inilagay ng Diyos, *“Ngunit wala ni isang gumawa niyon na mayroong nalabing Espiritu. Ano ang ginawa niya noong naghahanap siya ng lahing maka-Diyos? Kaya't ingatan ninyo ang inyong espiritu, at huwag nang hayaang ang sinuman ay magtaksil sa asawa ng kanyang kabataan. “Sapagkat aking kinapopootan ang paghihiwalay, sabi ng PANGINOON, ang Diyos ng Israel, at ang pagtatakip ng tao sa kanyang damit na may karahasan, sabi ng PANGINOON ng mga hukbo. Kaya't ingatan ninyo ang inyong sarili at huwag kayong magtaksil.”* (Malakias 2:15-16). Ang layunin ay maliwanag na ipinahayag—upang mahanap Niya ang isang makadiyos na binhi. Ninanais ng Diyos ang banal na pagsasama ng mag-asawa na magbubunga ng banal na mga anak. Ang mga wasak na tahanan at mga tahanan ng alitan ay magbubunga ng katakut-takot na problema sa mga anak.

Ang mga anak ni Amram at Jokebed ay naglalarawan ng espirituwal napag-unlad, sapagkat mayroong maliwanag na progreso sa pagpapahid at pagpapala sa kanila. Sina Miriam at Aaron ang na unang ipinanganak bago si Moises. Si Miriam ay isang *propeta*; si Aaron ay isang *propeta* at *punong saserdote*; si Moises, nahuling isinilang, ang naging dakila sa tatlo. Itinuring

siyang "bilang Diyos" kay Faraon dahil si Moises ay nagsalita sa ngalan ng Diyos (Exodo 7:1).

Ang katotohanan na nais kong ilahad ay ang kalagayang espirituwal ng mga magulang sa panahon na ipinagbubuntis ang bata, ang nagpapasiya sa kalagayang espirituwal ng bata. Habang lumalago ang espirituwal na buhay ng mga magulang, ang kanilang mga anak ay makikinabang. Makikita natin nahabang si Amram at Jokebed ay lumalago sa kanilang espirituwal na mga buhay, ang kanilang mga anak ay lumago rin.

## Pamumunga ng Katulad na Uri

Lahat sa kalikasan at mula sa mga nilikha ng Diyos ay namumunga ng ayon sa sarili nilang uri. Nilinaw ito ng Genesis 1:12: *“At ang lupa ay sinibulan ng halaman, ng mga tanim na nagkakabinh iayon sa kanyang sariling uri at ng punungkahoy na namumunga ayon sakanyang binhi, bawat isa ayon sakanyang uri. At nakita ng Diyos na ito ay mabuti.”*

Ang puno ng mansanas ay magbubunga lamang ng mansanas. Kahit anong galing ng teknolohiya ang gawin ng tao sa mundo, ang puno ng mansanas ay hindi maaaring mamunga ng peras. Iyan ay isang batas sa paglikha na hindi na mababago. Subalit, ang mga puno ng mansanas ay namumunga ng iba't-ibang klase ng mansanas ayon sa uri ng mga ito.

Maraming taon na ang nakalipas, ako at ang aking asawa ay nanirahan sa Estado ng Washington, kung saan inaani ang mansanas na tinaguriang *"Golden Delicious.”* Inabot ng

maraming taon ang mga siyentipiko upang pag-aralan at gawing ganap at masarap ang mansanas na "*Golden Delicious,”*na ngayon ay itinatanim at inaani na sa buong mundo. Ang bunga ay nakadepende sa puno nito. Hindi lamang ito tumutukoy sa mga gulay at sa kaharian ng mga hayop, kundi sa tao rin. Ibinubunga natin sa ating mga anak kung ano tayo.

Ito ay isang laganap nakaalaman na namamana ng mga anak ang mga katangian ng kanilang mga magulang. Malinaw kong naaalala ang kuwento ng isang tagapaglingkod na buong kapaitang nagreklamo sa Panginoon patungkol sa ugali ng kanyang mga anak. Sumagot ang Panginoon sa kanya, “Nakuha nila iyan sa iyo noong ipinagbubuntis mo sila.” Nagdala iyon ng pagsisisi!

Ang prinsipyong ito ng pagmamana ng ugali mula sa ating magulang ay positibong nangyari kay Moises, ngunit para sa iba ito ay sa negatibong paraan.Walang minanang kasalanan o pagkaalipin na hindi natin kayang pagtagumpayan, sa biyaya ng Diyos sa pamamagitan ng panalangin. Ang sabi ni Apostol Pablo sa Roma 5:20-21, *Subalit dumating ang kautusan na nagbunga ng pagdami ng pagsuway, ngunit kung saan marami ang kasalanan, ay lalong dumarami ang biyaya; upang, kung paanong ang kasalanan ay naghari sa kamatayan, ay gayundin naman ang biyaya ay makapaghahari sa pamamagitan ng pagiging matuwid tungo sa buhay na walang hanggan sa pamamagitan ni Jesu-Cristo na Panginoon natin.*

Kung saan nananagana ang kasalanan sa ating buhay o talaangkanan, mas higit na nananagana ang biyaya! Maaaring

maghari ang biyaya sa ating buhay habang tayo ay lumalakad sa katuwiran.


Marami sa tao ay may iba't-ibang uri ng problema dahil sa buhay ng kanilang mga ninuno. Ang mga minanang kasalanan na ito at pagkaalipin ay hindi maaaring balewalain. Kapag nagbibigay tayo ng payo sa mga tao, huwag nating kalilimutan na mayroong dahilan kung bakit kumikilos ang mga tao ayon sa kanilang ginagawa. Kadalasan, ang kanilang pag-uugali ay masusundan pabalik sa kanilang mga magulang at sa kanilang angkan. Hindi lamang ang kalikasan ng mga anak ang nadeterminahan ng buhay ng mga magulang at mga lolo at lola, kundi pati narin ang kanilang mga espirituwal na problema o mga pagpapala.

May isang balabal na naipapasa mula sa henerasyon hanggang sa henerasyon. Mayroong isang tipan na maaaring gawin ang Diyos sa isang magulang, at dahil sa tipang ito, ang balabal ay maipapasa.

Ang mga pagpapala at sumpa ay maaaring maipasa mula sa isang henerasyon at sa susunod pa. Sa mga nakalipas na taon, ay may nakilala akong isang tagapaglingkod na may kanser. Inudyukan ako ng Banal na Espiritu na siya ay tanungin, "Nagkaroon ba ng ganitong problema ang iyong mga magulang o lolo at lola?" Sumagot siya, "Oo, saloob ng maraming henerasyon lahat sa aming pamilya ay maagang namatay sa sakit na kanser.” Ang espiritu ng kanser ay na isasalin mula sa isang henerasyon hanggang sa henerasyon.Nanalangin kami na ang espiritu ng kanser ay maigapos at mawasak upang hindi na ito maipasa pa sa kanyang mga anak.

Mahalagang maunawaan na hindi lamang ang ugali at uri ng pamumuhay ang maaaring maisalin mula sa mga magulang at mga lolo't lola, kundi ang mga pagpapala at sumpa rin. Ang mga pagpapala at sumpa ay nagpapatuloy sa isang angkan ng pamilya hanggang sa sila ay mapigilan. Ang pag-alam sa talaangkanan ng mga tao ay mahalaga kapag sila ay iyong pinapayuhan dahil ito ang magbibigay sa iyo ng kaunawaan sa kanilang mga problema. Ito ay naaangkop din sa atin.

Ang Panginoon ay nagbigay sa akin ng isang pangitain noong ako ay nagbibigay ng mensahe sa pagtitipon ng *Women's Aglow*s sa New Zealand ilang taon na ang nakararaan. Ang lahat ng mga tagapakinig ay pawang mga kababaihan, maliban sa mga tagapagpayo na mga lalaking pastor. Sa pangitaing ito, nakita ko ang mga puso ng tatlong henerasyon: ang lola, ang ina at ang anak na babae. Ang lola ay may isang maliit na damo sa kanyang puso, kung saan ay sinabi sa akin ng Panginoon na ito ay kumakatawan sa isang tiyak na pagkaalipin sa kanyang buhay. Naipasa niya ang damong ito sa kanyang anak na babae at sa kanyang anak na babae, ito ay naging matibay na palumpong. Ang kanyang anak naman na babae bilang kasunod, ay ipinasa ang pagkaaliping iyon sa sarili niyang anak. Subalit, sa pagkakataong ito, ito ay hindi na lamang isang damo o palumpong kundi isang malagong puno sa puso ng kanyang anak. Kaya, ang problema na mayroon ang lola ay naipasa hanggang sa kanyang anak, at mula sa kanyang anak ay sa kanyang apo, ang lahat ay dahil sinumang sa lola o nanay ay hindi pinahintulutan ang Diyos na ito alisin. Ito ay isinalarawan sa susunod na pahina:



Dapat nating maunawaan na malibang ang mga isyu ay maisaayos sa ating mga puso, ay maipapasa natin ang mga ito sa ating mga anak, at ang mga isyung ito ay magiging mas makapangyarihan pa sa kanilang mga buhay.

Ang mga magulang ay may kamangha-manghang responsibilidad na pahintulutan ang Diyos na linisin ang kanilang mga puso at ayusin ang mga bahagi ng kasalanan upang hindi na nila maipapasa pa sa kanilang mga anak ang anumang bagay na hindi makadiyos. Mapaparami natin ang ating mga sarili sa iba sa mabuti o masamang paraan man. Manalangin tayo na tanging mga pagpapala at kalakasan lamang ng Diyos ang maipasa natin sa ating mga natural at espirituwal na anak.

**Isang Bagong Nilalang kay Cristo**

Sa isang malawak na bahagi, ang ating talaangkanan ang tumutukoy kung anong uri tayo ng tao. Gayunpa man, kailangang maging tama ako sa huling pahayag na ito. Maraming mga tao

ang nag-iisip na wala silang pagkakataon na maging matagumpay sa buhay dahil hindi makadiyos ang kanilang mga magulang. Maling-mali ito! Totoo na ipinasa sa atin ng ating mga magulang ang ating kalikasan, ngunit nang tayo ay lumapit na kay Cristo, tayo ay naging isang bagong nilalang sa Kanya.

Ang sabi ni Apostol Pablo sa 2 Corinto 5:17, *"Kaya't kung ang sinuman ay na kay Cristo, siya'y bagong nilalang; ang mga lumang bagay ay lumipas na, tingnan ninyo, ang lahat ay naging bago."* Kailangan nating alagaan at palaguin ang bagong nilalang at ang bagong kalakasan sa ating kalooban, na binago na ng totoong kaalaman. Sa katotohanang ito nakasalalay ang pag-asa ng ganap na katagumpayan.

Sa biyaya ng Diyos, maaari tayong maging iba sa ating mga magulang. Isaalang-alang natin si Haring Josias ng ilang sandali. Ang kanyang ama na si Amon at ang kanyang lolo na si Haring Manases ay ang dalawa sa pinaka-masasamang naging hari ng Juda na nabuhay. Ngunit gumawa si Josias ng desisyon sa kanyang puso na siya ay magiging iba. Siya ay kinoronahan ng maging hari noong siya ay nasa 8 taong gulang, at ginawa niya ang nararapat sa harap ng Panginoon sa lahat ng araw ng kanyang buhay (2 Cronica 34:1-2).

Makikita natin ang isa pang halimbawa kay haring Jeroboam. Si Jeroboam ang nagtatag ng Hilagang Kaharian ng Israel na siyang naglagay ng mga gintong guya at pinangunahan ang mga Israelita sa paganong pagsamba. Sa Kanyang walang-hanggang karunungan at kagandahang loob ay kinuha ng Panginoon ang

anak ni Jeroboam dahil sa kanyang mabuting puso sa Panginoon (1 Hari 13:14).

### Maghasik ng Bagong Binhi

Maraming taon na ang nakalipas, ang isang kaibigan namin ay nag-aalala tungkol sa kanyang mga anak. Siya at ang kanyang asawa ay biniyayaan ng mga anak bago pa man sila nakakilala sa Diyos at naranasan ang panibagong buhay at kapuspusan ng Banal na Espiritu. Nang mga panahong iyon ay nagiging masama na ang kanilang mga anak. Nasabi niya sa Panginoon sa kawalan ng pag-asa: “Mahal na Panginoon, nakikita ko sa aking mga anak na lalaki ang mga kamalian ko. Ano ang aking ibinunga?” Sinabi ng Panginoon sa kanya, “Magsimula kang maghasik ng panibagong binhi.” Samakatuwid, sinasabi ng Diyos, “Inaani mo ang iyong itinanim ngunit ngayon ay magsimula kang maghasik ng ibang binhi sa kanila.”

Pinakinggan niya at sinunod ang Salita ng Panginoon at sinimulan niyang sanayin ang kanyang mga anak upang lumakad sa tamang daan. Nagsimula siyang disiplinahin sila nang mahigpit ngunit banayad. Sinimulan niyang itanim sa kanilang kalooban ang katotohanan ng Salita ng Diyos at dahan-dahang pinalitan ng mabubuting binhi ang masamang mga binhi na naihasik niya sa kanilang mga buhay. Bilang resulta, kapwa sila naging kahanga-hanga ng mga Kristiyanong kalalakihan at nakapagtapos sa unibersidad na mga nanguna sa kanilang klase. Ang susi sa pagbabago sa buhay ng dalawang kabataang lalaki na ito ay ang determinasyon ng kanilang ina na tigilan ang paghahasik ng masasamang binhi sa kanila at magsimula ng maghasik ng mga

tamang binhi at ang pagsisikap ng isang ina upang supilin ang mga na itanim na masamang binhi at magtanim ng panibago at mabuting binhi sa kanilang mga buhay.

Kung mayroong kayong mga suwail na anak, o mga nalihis sa tamang landas dahil sa mga bagay na inyong nagawa, huwag kayong panghinaan ng loob. Ilagak ninyo ang inyong pag-asa sa Diyos. Simula ng maghasik ng tamang mga binhi sa kanila at subukang bunutin ang mga maling binhi na itinanim mo sa kanilang mga buhay. Kung inihasik mo ang tamang binhi, aanihin mo ang bungan ito. **Tandaan, hindi kaalinman magiging huli ang lahat na simulan ang paghahasik ng mabubuting binhi.**

## Espirituwal na Pagpaparami

Gaya ng naunawaan natin sa katatapos na pahina, isinasalin natin ang ating espirituwal na kalakasan sa ating mga anak at apo. Ang pangunahing layunin ng Kristiyanismo ay nasa dalawang bahagi: una, upang makilala ang Diyos at maging kawangis Niya; at ikalawa, upang gawing mga alagad ang ating mga anak (kapwa natural at espirituwal) at ibahagi sa kanila ang kaalaman at katangian ni Cristo.

Sinabi ni Jesus sa Mateo 28:19, *"Kaya't sa paghayo ninyo, gawin ninyong alagad ang lahat ng mga bansa, bautismuhan ninyo sila sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo."* Nais ng Diyos para sa atin na magkaroon tayo ng maraming mga alagad, ngunit nais Niyang ibahagi natin ang tamang mga bagay sa kanila.

Ang kahalagahan ng pagpapasa sa ating mga espirituwal na anak ay isinalarawan sa akin maraming taon na ang nakalipas sa Gawain sa isang iglesya. Hiniling sa akin ng pastor na simulan na ang pananambahan dahil maaantala nang kaunti ang kanyang pagdating. Ang pananambahan ay naging maayos naman at pagkatapos ay nagkaroon ng panahon sa pagsamba sa Espiritu, habang ako ay nagninilay sa Panginoon, naramdaman ko na nanginig ang sahig, at napa isip ako kung ano ang nangyayari. Nang ibukas ko ang aking mga mata, nakita ko ang isang tao na pataas-babang tumatalon. Namumula ang mukha ng taong ito at nagpropesiya nang napakabilis na walang sinuman ang nakaintindi kung ano ang kanyang sinabi. Ang kanyang propesiya ay maaaring nang galing sa Diyos, ngunit hindi ito naging pagpapala kaninuman dahil sa paraan nang kung paano ito ipinahayag.

Pagkalipas ng ilang sandali, muling nayanig ang sahig at may ibang tao naman na nagpahayag ng mensahe sa pamamagitan ng iba't-ibang wika katulad ng pagpapahayag ng nauna. Pagkatapos, mayroong isa namang nagbigay ng interpretasyon, gamit ang kaparehas na kilos at tono ng boses. Pagkatapos ng lahat ng ito, naisip ko ang pagkakataon, dapat may sabihin na ako, ngunit bago pa ako makapagsalita ay dumatingna ang pastor. Nang siya ay tumayo na sa pulpito, nagsimula siyang magpropesiya na parang mayroong apoy sa loob ng sambahan, sa katulad na paraan gaya ng mga miyembro ng kanyang iglesya.

Napagtanto ko na isinalin ng pastor na ito sakanyang kongregasyon ang kanyang pamamaraan sa paggamit ng mga espirituwal na kaloob. Gayunpaman, hindi ito maayos dahil ito ay

nakakagambala sa mensahe na ibigibigay ng Panginoon sa iglesya. Sa nangyari, hindi ito isang bagay na pagtutuwid sa mga miyembro ng iglesya. Kinailangan ko munang kausapin mismo ang pastor.

Ang buong punto ng kuwentong ito ay ang pinarami ng pastor ang kanyang sarili sa kanyang kongregasyon. Sila ay nakakapag-propesiya at nakakapagsalita pa sa iba't-ibang wika katulad niya. Ito ang pangkalahatang katotohanan ng buhay na namumunga tayo ng ating kauri. Sinasabi sa Hoseas 4:9*, "At mangyayari, na kung paano ang bayan, gayon ang saserdote."* Sinusunod ng kongregasyon ang halimbawa ng kanilang pastor. Gagayahin nila ang mismong paraan ng pananalita at kilos ng pastor.

Sa katunayan, karamihan sa mga tao ay hindi nakikita si Jesus; ang nakikita nila ay ang pastor. Ipinapalagay nila na ang kanilang pastor ay katulad ni Jesus. Kung sumisigaw ang pastor, sumisigaw din ang kanyang kongregasyon. Kung ang pastor ay tahimik, tahimik din ang kongregasyon.

Mga ilang taon na ang nakararaan, pinangasiwaan namin ng aking asawa ang isang Paaralang Bibliya sa Switzerland. Isang araw ay bumisita ang aking asawa sa ilang mga kaibigan namin, sa Punong-Guro ng paaralan, kasama ang kanyang pamilya. Habang naroroon siya, napansin ng aking asawa ang apat na taong gulang nilang anak na lalaki na naglalakad pabalik-balik na ang kanyang mga kamay ay nakalagay sa likuran, at nagsasalita habang naglalakad. Tinanong siya ng kanyang mga magulang, "David, ano ang ginagawa mo?" Sumagot ang bata, "Ginagaya ko ang kilos ni Bro. Bailey." Tila na kasanayan ko nang ilagay ang aking

mga kamay sa likod habang ako ay nangangaral. Ito ay kagawian na hindi ko talaga napapansin, ngunit sa isipan ng batang iyon, iyon ay pangangaral. Dapat nating maisip na isinasalin natin sa iba ang ating sariling katangian. Kaya nga, napakahalaga para sa atin na maging mabubuting huwaran. Kailangang magkaroon tayo ng mabubuting kagawian dahil isasalin natin ito sa ating sarili at espirituwal na mga anak.

## 2. Ang Kapanganakan ni Moises

Kung isasaalang-alang ang kapanganakan ni Moises, unahin muna nating bigyan ng pansin ang mga pinagmulan at kaganapan na humantong sa kanyang kapanganakan. Mababasa natin sa Exodo 1:6-8, *"Namataysi Jose at ang lahat ng kanyang mga kapatid at ang buong salinlahing iyon. Ang mga anak ni Israel ay lumago at nadagdagang mabuti; sila'y dumami at naging napakalakas kaya't ang lupain ay napuno nila. At may bumangong isang bagong hari sa Ehipto na hindi kilala si Jose."*

Ang Faraon na ito ay napakasama, at kanyang pinahirapan ang mga anak ni Israel, gaya ng makikita sa Exodo 1:9-11, *"Sinabi niya sa kanyang bayan, "Tingnan ninyo, ang sambayanan ng mga anak ni Israel ay mas marami at higit na malakas kay sa atin. Halikayo, pakitunguhan natin silana ng may katusuhan, baka sila'y dumami at mangyari na kapag nagkaroon ng digmaan ay umanib sila sa ating mga kaaway, lumaban sa atin, at umalis sa lupain." Kaya't naglagay sila ng mga tagapangasiwa upang pahirapan sila sa kanilang mga sapilitang paggawa. Kanilang ipinagtayo si Faraon ng mga lunsod imbakan, ang Pitom at Rameses.* Kaya, napakatindi ng pagpapahirap.

## Isinilang sa Ilalim ng Pagkaalipin

Ang kalupitan ng Faraon sa mga anak ni Israel ay nakatala sa Exodo 1:13-14, *"Malupit na pinapaglingkod ng mga Ehipcio ang mga anak ni Israel; at kanilang pinapait ang kanilang buhay sa pamamagitan ng mahirap na paglilingkod, saluwad at satisa, at sa lahat ng uri ng gawain sa bukid; at sa lahat ng kanilang gawain ay malupit silang pinapaglingkod."* Ang mga salitang ito ay maliwanag na nagpapakita na ito ay hindi kanais-nais na kalagayan—*kapighatian, kalupitan, kapaitan,* at *pagkaalipin*. Ito ang kalagayan ng Israel nang isinilang si Moises.

Maraming tao ang naniniwala na ang masamang kapaligiran ay nagpapasama sa ugali ng isang tao. Sinasabi naman ng iba na kapag ang isang bata ay lumaki sa isang mabuti at mapayapang komunidad, siya ay magiging isang mabuting bata. Subalit, kapag inaral natin ang Salita ng Diyos, makikita natin na ang ilan sa mga magigiting na lingkod ng Diyos ay ipinanganak at lumaki sa napakasamang mga kapaligiran.

Si Moises ay isinilang sa bansa ng mga alipin. Sa Ehipto, ay may kapighatian, pagrereklamo, kapaitan, at lahat ng bagay na hindi kaaya-aya sa pagpapalaki ng isang bata. Maaari rin nating isipin ang pinakakilalang bata—ang Panginoong Jesu-Cristo, na lumaki sa Nazaret.  Ang Nazaret ay may napakasamang reputasyon, kung kaya't nang ibinalita na ang Mesias ay natagpuan roon, Sinabi ni Nathanael, *"Mayroon bang mabuting bagay na maaaring manggaling sa Nazaret?"* (Juan 1:46). Ito ay napakasamang lugar,ngunit iyon ang lugar na pinili ng Diyos para palakihin ang

Kanyang Anak, na si Hesus. Kaya tayong ingatan at pangalagaan ng Diyos sa ganoong uri ng mga sitwasyon.

Ang mga anak ay sumisilong sa ilalim ng espirituwal na proteksyon ng kanilang mga magulang. Sa pamamagitan ng pananampalataya at panalangin, sila ay mapangangalagaan kahit sa pinakamahirap na mga kalagayan. Mababasa natin sa Isaias 53:2 patungkol sa Panginoong Jesu-Cristo, *"Sapagka't siya'y tumubo sa harapan niya na gaya ng sariwang pananim, at gaya ng ugat sa tuyo ng lupa..."* Si Jesus ay ipinalagay na kagaya ng sariwang pananim sa tuyong lupa. Ang bansang Israel (at lalo na ang Nazaret) ay nasa napakasamang kalagayang espirituwal nang Siya ay dumating. Gayunpaman, Siya ay nagtagumpay sa kanyang sitwasyon at natupad ang kalooban ng Diyos para sakanyang buhay; at gayundin, ang bawat isa sa atin. **Kayang pagtagumpayan ng pananampalataya ang bawat kahirapan.**

Maraming mga tao ang tinawag ng Diyos na palakihin ang kanilang mga anak sa banyagang lupain o isa sa mga mahihirap na lugar sa kanilang bansa. Maaari nilang isipin na, *"Ano ang mangyayari sa aming anak? "*Alalahanin si Moises at ang Panginoong Jesu-Cristo. Ang inyong mga anak ay maaaring maging “sariwang pananim sa tuyong lupa”

Bilang buod, si Moises ay isinilang sa panahon ng kahirapan, kapighatian, at pagkaalipin noong ang mga Israelita ay nasa ilalim ng isang malupit na hari. Naglilingkod sila sa mga malulupit na tagapangasiwa. Ang kanilang paligid ay halos puro karahasan. Gayundin, si Faraon na inuudyukan ni Satanas, ay nag-utos na ang lahat ng Hebreong sanggol na lalake ay dapat patayin. (Exodo

1:15-16). Ito ang una sa tatlong malawakang pagpatay na nangyar isa Banal na Kasulatan. Ang ikalawa ay nangyari noong kapanganakan ng Panginoong Jesus, nang si Herod ay nagbigay ng parehong utos (Mateo 2:16). At ang ikatlo ay kapag papatayin na ni Satanas ang bagong-silang na anak sa Huling mga Araw(Pah. 12:2-4).

**Itinago sa Pamamagitan ng Pananampalataya,**
**Hindi ng Takot**

Ang kapanganakan ni Moises ay nakatala sa Exodo 2:1-2, "*May isang lalaki sa lipi ni Levi na humayo at nag-asawa ng isang anak na babae ni Levi. Ang babae ay naglihi at nanganak ng isang lalaki. Nang kanyang makitana ito ay maganda, kanyang itinago ito ng tatlong buwan."*

Ang mismong buhay ni Moises ay naingatan sa pamamagitan ng pananampalataya ng kanyang mga magulang. Ito ay inihayag sa Hebreo 11:23*, "Sa pananampalataya, nang ipanganak si Moises ay itinago siya ng tatlong buwan ng kanyang mga magulang, sapagkat kanilang nakitang maganda ang bata, at hindi sila natakot sa utos ng hari."*

Kayang pagtagumpayan ng ating pananampalataya ang bawa tkahirapan na maaaring pagdaanan ng ating mga anak. Higit na mahalaga para sa mga pastor ang mapuno ng pananampalataya, dahil kung puno sila, ang kanilang pananampalataya ay maisasalin sa mga magulang sa ating mga iglesya at ang ating mga anak ay mapangangalagaan.

Ang pananampalataya ng mga magulang ni Moises ay naipasa sa kanya. Sa Hebreo 11:24-29, mababasa natin na ang buhay ni Moises ay buhay ng pananampalataya, katulad din sa buhay ng kanyang mga magulang. Maipapasa lamang natin sa iba ang kung ano ang mayroon tayo. Kung ang isang tao ay nangangailangan ng $100, at ang hawak mo lamang ay $10, hindi mo matutugunan ang kanyang pangangailangan. Maibibigay mo lamang ang kung ano ang mayroon ka.

Ang mga magulang ni Moises ay nakatala sa Hebreo kabanata 11 kasama ang mga bayani ng pananampalataya. Kung kayo ay magulang, sikapin ninyong maging katulad ng mga magulang ni Moises at isalin ninyo ang inyong pananampalataya sa inyong mga anak. Bilang mga magulang, napakahalagang makamit natin kung ano ang nais na mangyari ng Diyos sa ating mga buhay dahil mayroon tayong kakayahang isalin ang lahat sa ating mga anak, natural man o espirituwal. Tayo ay may responsibilidad na maghintay sa Panginoon at sikapin na ang ating sariling mga puso at buhay ay malinis sa Kanyang harapan. Ang susi ay nakasalalay sa mga magulang na nagkakaroon ng gulang sa espirituwal upang maibahagi nila kung ano ang tama sa kanilang mga anak.

### Nasagip ng Anak na Babae ni Faraon

Ang tagapagpalaya ng Israel, si Moises, ay sinagip at inalagaan ng anak na babae ng Faraon, ang kaaway ng Israel (Ex. 2:5-10). Inalagaan ng anak ng Faraon ang magiging pangunahing kalaban ng mga Ehipcio.

Inilalahad ng Mangangaral 2:26 ang isang banal na prinsipyo, "*Sapagkat ang tao na kinalulugdan ng Diyos ay binibigyan niya ng karunungan, kaalaman at kagalakan; ngunit sa makasalanan ay ibinibigay niya ang gawain ng pagtitipon at pagbubunton, upang maibigay sa kanya na kinalulugdan ng Diyos...*" Sa huli, ginagamit ng Diyos ang mga masasama, kasama na  si Satanas, upang alagaan, paglingkuran at pagpalain ang matuwid.

Gayundin, binayaran pa ng anak ng Faraon ang ina ni Moises na si Jokebed upang alagaan ang mismong anak nito*! "Sinabi ng anak ng Faraon sa kanya, 'Dalhin mo ang batang ito at alagaan mo para sa akin at uupahan kita.'Kaya't kinuha ng babae ang bata at inalagaa nito."*(Exodo 2:9). Dahil kumilos sa pananampalataya ang ina ni Moises, isinaayos ng Diyos ang mga pangyayari upang siya ay bayaran ng palasyo ng Ehipto para alagaan ang sarili niyang anak. Napakagandang pagkabaligtad! Ang masamang utos ng hari ay binaligtad ng isa sa sarili niyang pamilya. Ito ay isang klasikong halimbawa sa mga hinirang ng Diyos na inaalagaan ng mga makasalanan.

**3. Ang Pagpapalaki kay Moises sa Palasyo ng Faraon**

Si Moises ay pinalaki sa palasyo ng Faraon bilang anak ng kanyang babaeng anak. *"Ang bata ay lumaki at kanyang dinala ito sa anak ng Faraon, at ito'ynaging kanyang anak. Kanyang pinangalanan siyang Moises dahil sinabi niya, "Sapagkat aking iniahon siya sa tubig."* (Exodo 2:10). Itinalaga na ng Diyos na si Moises ay palakihin sa palasyo ng Faraon upang tanggapin niya ang pagsasanay na kakailanganin sa panahon na maging pinuno

siyang bansang Israel. Siya ay pinag-aral sa pinakamataas na paaralan ng Ehipto nang mga panahong iyon.

**Karunungan**

Nakatala sa Gawa 7:22 na sa mga panahong ito ay may isang bagay na nangyayari sa buhay ni Moises: *"Tinuruan si Moises sa lahat ng karunungan ng mga Ehipcio, at siya ay makapangyarihan sa kanyang mga salita at mga gawa."* Ang pangunahing Kailangan sa pamumuno ay karunungan, dahil saklaw ng karunungan ang lahat ng kasanayan sa pag-aaral. Itinuro ni David kay Solomon ang kahalagahan ng karunungan sa Kawikaan 4:7, *"Ang pasimula ng karunungan ay ito: Kunin mo ang karunungan, sa lahat mong kukunin ay kunin mo ang unawa."*

Ayon sa Daniel 1:4, ang mga pinili mula sa mga anak ni Israel upang humarap sa hari ng Babylon ay dapat magtaglay ng mga sumusunod na mga katangian: *"Mga kabataang walang kapintasan, makikisig at bihasa sa lahat ng sangay ng karunungan, may taglay na kaalaman at pang-unawa, at may kakayahang maglingkod sa palasyo ng hari. Ituturo sa kanila ang panitikan at wika ng mga Caldeo."* Ang karunungan ay napakahalaga para sa mga katungkulan ng pamumuno, at pagiging kabilang sa palasyo ng hari.

**May tatlong mahahalagang bahagi sa buhay: panahon, pananalapi, at mga tao**. Ang bawa't isa sa mga bahaging ito ay nangangailangan ng makadiyos na karunungan. Bilang mga mananampalataya at lalo na bilang mga lider, Kailangan nating

bantayan nang buong ingat ang mga lumilipas na oras at ituring silang kayamanan, dahil magkakaroon ng matinding pangangailangan sa ating oras. Wala kang makikita na isang tunay na lider na nagsasayang ng kanyang oras. Si Moises ay nanalangin sa Awit 90:12, *"Kaya't turuan mo kami na bilangin ang aming mga araw, upang kami ay magkaroon ng pusong may karunungan."* Ang marunong na tao ay may kakayanang gamitin ang oras ng maayos at pakinabangan ito nang husto (Efeso 5:16, Colosas 4:5).

Sa larangan naman ng pananalapi, ang mga lider ay dapat magkaroon ng pinansiyal na integridad at matalinong disposisyon. Higit pa rito, dapat nilang pahalagahan at alagaan ang mga taong ipinag katiwala sa kanila ng Diyos. Minsan ay ipinagkakaloob ng Diyos sa tao ang lahat ng tatlong mahahalagang bagay, ngunit ang mangmang ay lulustayin lamang ang lahat ng ito. Sasayangin niya ang kanyang panahon, pananalapi, at itataboy palayo ang mga tao dahilan sa kanyang pag-uugali.

## Ang Wastong Saloobin sa Sekular na Pagsasanay

Ang isa pang mahalagang katotohan patungkol sa pagpapalaki kay Moises ay ang kanyang saloobin sakanyang sekular na pagsasanay. Dapat ay magkaroon tayo ng wastong saloobin sa ating mga sekular na pagsasanay at trabaho, lalo na sa panahon ng rebaybal.

Ako at ang aking asawa ay nagkaroon ng pribilehiyo na makabilang sa isang makapangyarihang pagkilos ng Diyos sa

New Zealand ilang taon na ang nakalipas, at tinuruan kami ng Panginoon ng maraming bagay mula sa karanasang iyon. Sa rebaybal, ay ibinuhos ng Diyos ang Kanyang Espiritu at marami ang naligtas at nagsimulang dumalo sa simbahan. Ngunit ang ilang tao ay nagkaroon ng maling saloobin tungkol sasekular na paghahanap buhay.

Ang isa sa mga pagkakamali ng rebaybal ay na ang mga tao, lalo na ang mga kabataan na nasa mga huling taon ng kanilang pagkatin-edyer at mga unang taon ng edad 20 na mga hinipo ng Diyos, ay ipinalagay na ang tanging bagay na mahalaga sa buhay ay ang pangangaral o pagpapatotoo para sa Diyos. Ang kanilang mentalidad ay ang isusuko nila ang kanilang pagsasanay at secular na mga trabaho upang mabuhay lamang sa pamamagitan ng pananampalataya. Kaya lang, ay hindi nila na iintindihan, na ang pananampalataya mismo ay tanging sa Diyos lamang nagmumula. Hindi nagbibigay ang Diyos ng pananampalataya ng hindi naaayon sa Kanyang kalooban. Nagkakaloob lamang Siya ng pananampalataya upang matupad ang Kanyang kalooban. ItinalagaNiya ang ating mga secular na hanap buhay para sa isang layunin.

Hindi ko sinasabi na hindi tinatawag ng Diyos ang ilang tao na bitiwan ang kanilang secular na hanap buhay at maglingkod sa Kanya. Sa mismong pagtawag niJesus kay Pedro, Andres, Santiago at Juan, ay kaagad nilang iniwan ang kanilang mga lambat at sumunod sa Panginoon (Mat. 4:18-22). Iniwan ni Levi ang kanyang trabaho bilang taga-kolekta ng buwis nang panahon tinawag siya ni Jesus sa ministeryo (Mc. 2:14). Kailangan nating lumakad sa kalooban ng Diyos at manatili sa ating secular na

trabaho hanggang sa sabihin sa atin ng Diyos na pumasok na sa buong panahong pagmiministeryo.

Sinasabi sa Isaias 28:23-26 na ang Diyos ay nagbibigay ng kakayahan sa larangan ng sekular at salarangan din ng espirituwal, at pareho silang mahalaga. Ang Diyos ay nangungusap sa magsasaka: *"Makinig kayo, at pakinggan ninyo ang aking tinig, inyong dinggin, at pakinggan ang aking pananalita. Nag-aararo bang lagi ang mag-aararo upang maghasik?Patuloy ba niyang binubungkal at dinudurog ang kanyang lupa? Kapag kanyang napatag ang ibabaw niyon hindi ba niya binibinhian ng eneldo, at ipinupunla ang binhing komino, at inihahanay ang trigo, at ang sebada sa tamang lugar, at ang espelta bilang hangganan niyon? Sapagkat siya'y naturuan ng matuwid, ang kanyangDiyos ang nagtuturo sa kanya."*

Sa talatang 27 at 28 ng kabanatang ito, makikita natin ang mga aspetong pagsasaka ngunit ang Isaias 28:29 ang naglahad ng aking punto, *"Ito man ay mula rin sa Panginoon ng mga hukbo; siya'y kahanga-hanga sa payo, at nangingibabaw sa karunungan."*

Ang Diyos ang nagkakaloob sa magsasaka ng kailangan at wastong karunungan sa pagpaparami ng kanyang ani, at tinuturuan siya kung paano maghasik ng binhi at pag-aani, at kung anong mga instrumento ang dapat gamitin. Ang karunungan sa pagsasaka ay hindi gaanong napaka-espirituwal ngunit ito ay kailangang-kailangan sa buhay.

Isiping sandali ang lahat ng mga tao sa Bibliya na kinilala dahil sa karunungan. Sina Moises, Solomon at Daniel ay ilan lamang na mga halimbawa. Si Moises ay sinanay sa palasyo ng Ehipto. Si Daniel ay sinanay din sa palasyo ng Babilonya. Si Solomon ay hindi nagkaroon ng ganoong pribilehiyo at nabigo siya sa buhay. Kaya't aking binibigyang-diin ang kahalagahan ng secular na pagsasanay, at Kailangan nating ipanalangin ang ating mga kabataan hanggang makamtan nila ang mga trabaho na inilaan ng Diyos para sa kanila. Kailangan nating ipanalangin ang lahat sa buhay, lalo na sa ating hanapbuhay.

Paano natin malalaman kung anong trabaho ang inilalaan ng Diyos para sa isang tao? Madalas, ang susi ay nakasasalay sa *pagnanais* ng isang tao. Ang Diyos ang naglalagay ng pagnanais para sa isang trabaho sa puso ng isang tao, at bibigyan Niya rin ang tao n g*kasanayan* at *kakayahan* upang magawa ito. Ang tatlong mga bagay na ito ay mabubuting pamantayan upang malaman ang hanap buhay na itinalaga ng Diyos para sa isang tao.

Maraming taon na ang nakalipas, mayroong isang dalaga sa Switzerland ang nagsabi sa aming mag-asawa na nais niyang maging isang pastora. Sumagot kami, "Bakit hindi ka manalangin para makita mo kung ikaw ay tinatawag ng Diyos sa ganyang ministeryo?" Sa pananalangin, siya ay binigyan ng Diyos ng nakaka-interes na talata sa Kasulatan. Ito ay sa Hebreo 5:4 na nagsasabing, *"At sinuman ay hindi kumukuha ng karangalang ito para sa kanyang sarili, kundi siya ay tinatawag ng Diyos, nagaya ni Aaron."* Napakalinaw na nangusap ang Diyos sa kanya na hindi Niya ito tinawag upang maging isang pastora, at hindi siya

magkakaroon ng karangalang ito dahil hindi ito ipinagkaloob ng Diyos sa kanya. Dahil siya ay pinanghinaan ng loob, pinalakas namin siya at sinabihang, “manalangin tayo at hingin natin sa Diyos kung ano ang ipagagawa Niya sa iyo.” Pagkatapos naming manalangin, sinabi niya, "Talagang nararamdaman ko na nais ng Diyos naa ko ay maging isang medical na doktor." Kami ay nanalangin din at naramdaman ang pagsang-ayon na ito nga ay totoo.

Nang mga panahong iyon, napakaraming mga tao ang nais maging medikal na doctor sa Switzerland kaya't gumawa ang gobyerno ng isang napakahirap na pagsusulit sa Griyego upang piliin ang pinakamagagaling na estudyante. Nag-alala ang dalagang ito dahil hindi niya alam ang Griyego. Ang sabi namin sa kanya, "Kung ikaw ay tinawag ng Diyos upang maging isang medikal na doktor, at ang gobyerno ng Switzerland ay naglagay ng bundok sa iyong daanan, magagawa ng Diyos na ikaw ay makalampas sa bundok na ito.”Ginawa nga iyon ng Diyos! Binigyan siya ng Diyos ng kakayahang matutunan ang salitang Griyego at nakakuha pa siya ng napakataas na grado sa kanyang pagsusulit.

Ngayon, siya ay isang manggagamot at ikinasal na sa isang lalaki na may ganoon ring propesyon. Siya ay may napakagandang pamilya at naging pagpapala sa kanyang iglesya. Dagdag pa rito, ay napakasaya niya at pinagpala ng Diyos dahil siya ay nasa bokasyong itinalaga ng Diyos sa kanyang buhay.

Napakahalagang maintindihan na sa panahon ng rebaybal ang saloobin ng marami ay maliitin ang kahalagahan ng kanilang

sekular na trabaho. Gayunpaman, sa Salita ng Diyos, maliwanag na ang ating sekular na buhay ay napakahalaga dahil ito ay ginagamit ng Diyos upang mapahusay ang mga katangian at kakayahan sa ating pagkatao na magagamit sa walang hanggan.

Hindi lahat ay mangangaral sa langit. Marami pang ibang mga talent na magagamit sa langit. Ang langit ay isang napakalawak na kaharian! Isa sa mga bagay na nakakamangha sa sinumang nakakakita ng langit ay ang pagkakahalintulad nito salupa. May mga gusali, bahay, aklat, ilog, lawa, at marami pang iba. Ang buong kaharian ay kailangang mapamahalaan. Sa Kanyang karunungan, pinamumunuan ng Diyos ang daigdig na ito at sinasanay ang mga tao upang pangasiwaan ito. Kaya, ang bawa't mananampalataya ay may mahalagang papel na dapat gampanan.

Nawa ay magkaroon tayo ng wastong saloobin patungkol sa sekular na hanap buhay upang ating makamtan ang lahat ng pagpapalang itinalaga ng Diyos para sa ating buhay. Tandaan na ang inyong trabaho n aitinalaga ng Diyos para sainyo ay magsasanay sa inyo para sa inyong pang walang-hanggang ministeryo.

### 4. Ang Kanyang Pagtanggi sa Pagiging Anak ng Ehipcio

Titingnan natin Ngayon ang susunod na 40 taon sa buhay ni Moises mula sa kanyang pagtanggi sa pagiging anak ng Ehipcio hanggang sa kanyang pananatili sa Disyerto ng Arabia. Mababasa natin saHebreo 11:24-26, *"Sa pananampalataya, nang nasa hustong gulang na si Moises ay tumangging siya'y tawaging anak ng anak na babae ni Faraon, na pinili pa ang mapasama sa*

*kaapihan ng bayan ng Diyos, kaysa magkaroon ng pansamantalang kasiyahan ng kasalanan. Kanyang itinuring na malaking kayamanan ang magdusa alang-alang kay Cristo, kaysa sa mga kayamanan ng Ehipto, sapagkat kanyang pinagtutuunan ng pansin ang gantimpala.*

Si Moises ay isang kahanga-hangang tao!Tinanggihan niya ang karangalan at mga pribilehiyo ng Ehipto, at higit na pinili niya ang kahirapan kasama ang mga hinirang ng Diyos. Habang siya ay lumalaki sa palasyo ng Faraon, na napapaligiran ng mga taong sumasamba sa mga diyos-diyosan, ay inihayag ng Panginoon ang pagkatawag Nito sa kanya. Mula sa pagkabata, ay iningatan ni Moises sa kanyang puso ang pagkatawag na iyon, at gumawa ng pagtatalaga sa kalooban at pagkatawag ng Diyos para sa kanyang buhay. Ito ang pinakamahalaga—ang *pagkatawag* at ang *pagtatalaga*.

Ito ang isa sa mga balakid na ating nararanasan sa pamumuno. Napakakaunti lamang ng mga tao na tumutugon nang lubusan sa pagkatawag ng Diyos sa kanilang mga buhay. Kikilalanin nila na sila ay tinawag ng Diyos, at nakahanda silang sumunod sa pagkatawag ng Diyos ngunit hindi sila nakahandang magtiis sa mga kadustaan, kahirapan at mga problema na dala-dala ng pagkatawag ng Diyos sa kanilang mga buhay. Ang ating pagtatalaga sa pagkatawag ng Panginoon sa ating buhay ay napakahalaga.

Hindi lamang inalam at kinilala ni Moises ang pagkatawag ng Diyos, kundi kanya ring itinalaga ang sarili sa kalooban ng Diyos na anupa’t kanyang tinanggihan ang mga kalayawan ng Ehipto at

pinili niyang batahin ang kahirapan kasama ang mga anak ni Israel. Ang resulta ng desisyong iyan ay makikita sa salaysay ng Kasulatan—siya ay naging isa sa pinakamagiting na tao ng na buhay kailanman.

**5. Ang Depensa ng Kanyang Kababayan**

Mababasa natin sa Gawa 7:23-25 ang tungkol sa pagdepensa ni Moises sa kanyang mga kababayan: *"Nang siya'y apatnapung taong gulang na, naisipan niyang dalawin ang kanyang mga kapatid, na mga anak ni Israel. Nang makita niya na ang isa sakanila ay pinahihirapan, kanyang ipinagtanggol at ipinaghiganti ang inaapi sa pamamagitan ng pagpatay sa Ehipcio. Noon ay inisip niya na naunawaan ng kanyang mga kababayan na ibinigay ng Diyos sa kanila ang kaligtasan sa pamamagitan niya, ngunit hindi nila naunawaan."* (Tingnan ang Exodo 2:11-12).

Hindi lamang si Moises ang may alam sapagkatawag ng Diyos sa kanyang buhay bago pa man siya umabot sa 40 taong gulang, kundi ang iba din marahil ay may alam sa pagkatawag ni Moises. Sinasabi sa Gawa 7:25, *"inisip niya na naunawaan ng kanyang mga kababayan na ibinigay ng Diyos sa kanila ang kaligtasan sa pamamagitan niya"*Ang talatang ito ay nagdadala sa atin na maniwalang may malawakang kaalaman ang mga anak ni Israel sa pagkatawag ni Moises. Kapag tinawag ng Diyos ang isang tao, kinukumpirma din Niya ito sa ibang tao. Halimbawa, alam na rin ng halos karamihan sa buong Israel na si David ay pinahiran ni Samuel upang maging hari.

## 6. Ang Paglalakbay Mula sa Ehipto ayon sa Pananampalata, Hindi saTakot

Nais kong bigyang-pansin Ngayon ang isang pangyayari ng naitala sa dalawang magkaibang paraan sa Kasulatan. Mababasa natin sa Exodo 2:14b-15, *Natakot si Moises at kanyang inisip, "Tiyak na ang bagay na ito ay alam na." Nang mabalitaan ng Faraon ang bagay na ito, ninais niyang patayin si Moises. Subalit si Moises ay tumakas mula kay Faraon at nanirahan sa lupain ng Midian. Siya'y umupo sa tabi ng isang balon."* Depende sa kung paano ninyo ito basahin, natila parang lumayo si Moises upang makatakas sa Faraon.

Ngunit pansinin ninyo kung paano na itala ito ng Diyos sa ibang bahagi ng Kasulatan sa Hebreo 11:27, *"Sa pananampalataya ay iniwan niya ang Ehipto, at hindi natakot sa poot ng hari, sapagkat siya ay matiyagang nagpatuloy na tulad sa nakakakita sa kanya na hindi nakikita."* Ang naitala ng Diyos sa paglisan ni Moises mula sa Ehipto ay lubhang kaiba sa itinala ni Moises sa iisang pangyayari.

Kadalasan, ang tao ay tumitingin sa pangyayari at agarang nagbibigay ng konklusyon, "Naku, isang kabiguan iyan." Maraming nag-akala na si Moises ay lumayo upang makatakas sa hari, ngunit ang Diyos ay nakatingin sa puso ni Moises at itinala na si Moises ay lumisan sa Ehipto "*sa pananampalataya."* Palaging nakikita ng Diyos ang totoong dahilan sa likod ng mga kilos ng tao. Tinitingnan Niya ang ating pagtugon sa mga pinangungusap Niya sa atin. Sa langit, ay ipapakita sa atin ang lahat ng nakatala tungkol sa ating mga buhay, at nakasisiguro ako

na ito ay kakaiba sa kung ano ang iniisip sa atin ng mga tao sa lupa.Maaaring isipin ng tao, "Naku, nabigo siya sa ganito o sa ganoong sitwasyon." Madalas ay ibang-iba ang pagkakatala ng Diyos dito.

Isa sa mga pribilehiyo at responsibilidad ng mga namumuno ay alagaan ang iba. Ang mga lider at mga pastor na nagbibigay ng payo sa iba ay dapat makita sila ayon sa pananaw ng Diyos at unawain ang kanilang mga motibo. Kailangang itanong ng mga pastor sa Panginoon: "Panginoon, bakit nila ginawa iyon? Hayaan po Ninyong makita ko ang taong ito gaya ng nakikita Ninyo." Kapag inyong naunawaan kung bakit ginawa ng isang tao ang mga bagay na kanyang ginagawa, maaari na ninyong tukuyin ang kanyang mga kilos, at gayundin ang pinagmulan ng mga aksyon. Kung ang isang puno ay namunga ng masamang bunga, hindi sapat na tanggalin lang ang masamang bunga, Kailangan mong hanapin ang pinagmumulan ng masamang bunga.

# Kabanata 2

## Ang Paninirahan sa Disyerto ng Arabia

### 1. Tulong para sa mga Anak na Babae ni Jetro

Pagkatapos niyang mapatay ang Ehipcio, inakala ni Moises na siya ay yayakapin na ng mga Israelita bilang pinuno nila, ngunit sa halip, siya ay tinanggihan nila. Maaaring lubos na nawalan ng pag-asa at pinanghinaan ng loob si Moises matapos siyang tanggihan ng sarili niyang bayan at kinailangang lisanin ang Ehipto dahil sa takot para sa kanyang buhay. Inakala niya sa sarili na siya ay itataas sa isang katungkulan at ministeryo na inilaan ng Diyos sa kanya. Sa halip na makamit ang tagumpay, nasumpungan ni Moises na bumagsak ang lahat ng kanyang inaasam. Madalas, kapag naiisip natin na tila ngayon na panahon para maitaas sa posisyon, ay nasusumpungan natin ang ating mga sarili sa isang disyertong sitwasyon.

Gayunpaman, sa sandali ng kanyang kawalan ng pag-asa kung saan ang lahat ng kanyang mga pangarap ay gumuho, siya ay nanindigan pa rin para sa katuwiran sa kalagayang ito sa disyerto. Sa Exodo 2:15-17 ay mababasa natin, *"Nang mabalitaan ng Faraon ang bagay na ito, ninais niyang patayin si Moises. Subalit si Moises ay tumakas mula kay Faraon at nanirahan sa lupain ng Midian. Siya'y umupo sa tabi ng isang balon. Ang pari noon sa Midian ay may pitong anak na babae. Sila'y dumating at umigib ng tubig at kanilang pinuno ang mga inuman upang painumin ang kawan ng kanilang ama. Ang mga pastol ay dumating at sila'y*

*ipinagtabuyan; ngunit si Moises ay tumindig at sila'y ipinagtanggol, at pinainom ang kanilang kawan."*

Ipinagtanggol ni Moises ang pitong mga anak na babae ni Jetro, na pawang mga estranghero sa kanya, at pinainom ang kanilang mga tupa. Ito ang naging pinaka-susi na nagbukas ng pintuan sa tahanan ni Jetro, at kung paano niya nakilala ang kanyang maybahay.

**2. Ang Pag-iisang Dibdib ni Moises at Zipora**

Ibinigay ni Jetro (o Reuel) ang kanyang anak na si Zifora kay Moises, at tinanggap siya sa kanyang pamilya (Exodo 2:18-22). Inilaan ni Moises ang 40 taon ng kanyang buhay sa pagpapastol sa mga kawan ni Jetro (Exodo 3:1). Ang gawaing ito ng katuwiran ay nagbukas ng pintuan ng pag-asa para sa kanya at nagbigay-daan upang siya ay maalagaan sa sumunod na 40 taon ng kanyang buhay. Ito ay nagdala ng probisyon ng Diyos para sa kanyang buhay. Ang ating mga aksyon at saloobin, kahit na sa panahon ng kalungkutan, ay napakahalaga.

Kailangan din nating isaalang-alang ang katotohanan na ang Diyos ay nagpapadala ng mga tao na tutulong sa atin kapag tayo ay dumadaan sa mga pagsubok. Siya ay may mga banal na mang-aaliw natutulong at magpapalakas sa atin sa mga karanasang ito sa ilang. Tayo ay may halimbawa ni propeta Elias na tinulungan ng isang babaeng balo na inatasan ng Diyos (1 Hari 17:9). Kasabay nito, ay kailangang lubos din tayong maging sensitibo sa Diyos, dahil maaari Niyang dalhin sa atin ang mga taong may

mga pinagdadaanan sa ilang upang sila ay ating matulungan at maalagaan sa mga panahong ito ng kahirapan.

### 3. Ang Layunin ng Ilang

Bakit hinayaan ng Diyos na maranasan ng isang taong katulad ni Moises na gugulin ang 40 taon ng kanyang buhay sa likuran ng disyerto? Si Moises ay isang napakatalinong tao! Bakit binigyan ng Diyos si Moises ng tila hindi gaanong mahalagang gawain sa loob ng 40 napakahabang mga taon? Mayroong tatlong tiyak na dahilan:

**Una, ninais ng Diyos na turuan si Moises kung paano maging isang maamong pastol.** Mababasa natin saExodo 3:1, "*Noon ay inaalagaan ni Moises ang kawan ni Jetro na kanyang biyenan na pari sa Midian; kanyang pinatnubayan ang kawan sa kabila ng ilang at nakarating sa bundok ng Diyos, sa Horeb."* Apatnapung taon ang iginugol ni Moises sa ilang bilang isang pastol ang kawan ni Jetro. Ang panahong ito ng pagpapastol ay upang tulungan si Moises na maintindihan ang tupa. Alam natin na inihahalintulad ng Diyos ang kanyang bayan sa tupa, gaya ng mababasa natin sa Isaias 53:6, *"Tayong lahat ay gaya ng mga tupang naligaw; bawat isa sa atin ay lumihis sa kanyang sariling daan;at ipinasan sa kanya ng PANGINOON ang lahat nating kasamaan."*

Natutuhan din ni David kung paano pamunuan ang mga tao sa pamamagitan ng pag-aalaga muna ng isang kawan: *"Pinili niya si David na lingkod niya, at kanyang kinuha siya mula sa kulungan ng mga tupa. Mula sa pag-aalaga ng mga pasusuhing*

*tupa siya ay kanyang dinala, upang maging pastol ng Jacob na bayan niya,* ng Israel na kanyang pamana. *Kaya't siya'y nagpastol sa kanila ayon sa katapatan ng kanyang puso, at kanyang pinatnubayan sila ng sanay na mga kamay."* (Awit 78:70-72).

**Pangalawa, ninais ng Diyos na malaman ni Moises kung paano ang maging katulad ng isang dayuhan.** Si Moises ay nagkaroon ng dalawang anak na lalake sa ilang. Ang pangalan ng kanyang panganay ay Gersom, na ang ibig sabihin ay *"dayuhan."* Mababasa natin sa Exodo 2:22, *"Nanganak siya ng isang lalaki at kanyang pinangalanang Gershom sapagkat sinabi ni Moises, "Ako'y manlalakbay sa ibang lupain."*

Nalaman ni Moises kung paano ang maging katulad ng isang dayuhan. Kalakip dito ang maranasan ang ibang kultura, ibang wika, ibang mga kaugalian, at pagkain, kalungkutan, at ang pangangailangan ng kaibigan at pang-unawa. Maaari talaga itong maging isang nakakatakot na karanasan. Kinailangang malaman ni Moises ang puso ng isang dayuhan upang mapangunahan ang mga anak ni Israel palabas ng Ehipto tungo sa ibang lupain ng mga dayuhan.

Ang Diyos ay nagbigay ng napakalinaw na tagubilin sa mga Israelita patungkol kung paano pakisamahan ang mga dayuhan (Exodo 22:21; Lev. 19:10, 23:22; Deut. 10:18-19, 24:20-21, 26:12-13). Hindi lamang na hindi nila dapat apihin ang mga dayuhan, kundi sila rin ay inutusang mahalin ang mga ito gaya ng kanilang mga sarili. *"Kapag ang isang dayuhan ay nanirahang kasama ninyo sa inyong lupain, huwag ninyo siyang gagawan ng masama. Ang dayuhang kasama ninyo ay magiging kagaya ng*

*isang katutubong kasama ninyo. Iibigin mo siya na gaya ng sa iyong sarili; sapagkat kayo ay naging mga dayuhan sa lupain ng Ehipto: Ako ang PANGINOON ninyong Diyos."* (Levitico 19:33-34).

Kailangan nating maintindihan kung ano ang katulad ng mamuhay sa isang dayuhang bansa; dahil ito lamang ang tanging paraan na matulungan natin ang mga dayuhan. Ako ay naging estranghero sa isang dayuhang bansa nung ako ay nagsimula ng ministeryo sa Pransiya. Kahit na nakapag-aral ako ng Pranses nang maraming taon, lubos pa rin talaga akong nahirapan na unawain kung ano ang sinasabi ng mga maliliit na bata. Ang akademikong Pranses na aking natutuhan sa Inglatera ay kakaiba sa Pranses na kanilang sinasabi. Ito ay isang napakahirap na karanasan. Mararamdaman mo na ikaw ay talagang mag-isa—sobra-sobrang nag-iisa.

Kahit alam mo ang isang banyagang wika, kadalasan ay napakahirap pa rin talaga itong maintindihan dahil ang bawat isang wika ay may taglay na sariling espiritu at natatanging paraan ng pag-iisip. Nagkaroon kami ng ganitong problema sa isa sa mga isla ng Timog Pasipiko. Ang isang dating estudyante namin mula sa Pransiya ay nag pastor ng isang iglesya sa New Caledonia, at nagkaroon kami ng isang misyonero na taga-Canada na papunta sa isla.

Sa wikang Pranses, sinabi ng pastor sa misyonerong taga-Canada, *"Je vais en conge,"* na ang ibig sabihin ay *"ako ay magbabakasyon."* Hindi naintindihan ng misyonero ang salitang "conge" kaya't hinanap niya ang salitang ito sa diksyunaryong

Pranses. (Wala nang nakakadismayang bagay katulad ng pagkakaroon ng isang diksyunaryong banyaga dahil hindi lamang isang kahulugan ang iyong makukuha, kundi napakaraming ibig sabihin ng isang salita at hindi mo alam kung ano ang iyong pipiliin na angkop sa nais mong malamang kahulugan). Napili niya ang maling salita na ("pagreretiro") at inisip na sinabi ng pastor na siya ay magreretiro.

Kaya't habang ang pastor ay nasa bakasyon, hiniling ng misyonero sa kanyang kaibigan na palitan ang pastor, at isipin mo na lamang ang kaguluhang naidulot nito! Dumating kami pagkaraan lamang na nakabalik ang pastor mula sa kanyang bakasyon. Sinabi sa amin ng dati naming estudyante, "Naiintindihan ninyo kami. Nalaman ninyo sana kung ano talaga ang ibig kong sabihin." Kaya, mahalagang maintindihan ang espiritu ng mga tao upang tunay na malaman ang kanilang wika.

Ang pagministeryo o pagiging isang misyonero sa ibang bansa ay napakahirap. Kahit pa magsalita ka ng parehong wika, naiiba pa rin ang paraan ng kanilang pagsasagawa sa mga bagay. Kami, sa *Zion Fellowship International*, ay kailangang pangalagaan ang marami naming mga misyonero sa iba't-ibang bahagi ng mundo, at nalalaman namin na ang kanilang mga kalungkutan ay napakatindi sa maraming pagkakataon.Ang tunay na koneksiyon ay madalas mahirap sa pagitan ng isang misyonero at isang mamamayan dahil magkaiba sila ng paraan ng pag-iisip at mga pamantayan. Maaawa ka na lamang sa kanila.Ang kalungkutan ay isang bagay nakailangang mapagtagumpayan ng bawat lider, pastor o misyonero, sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos.

Kailangang matutunan ni Moises kung papaano pagtagumpayan ang kalungkutan; kaya, nakita natin ang dahilan kung bakit pinangalanan niya ang kanyang panganay ng Gersom. Inilagay ito ng Diyos sa Kanyang Salita upang ating mapulot ang mga katotohanang ito at makita ang paghahanda na kakailanganin.

**Pangatlo, ninais ng Diyos na makasanayan ni Moises ang ilang.** Napakahalaga para kay Moises na maging pamilyar sa lupain kung saan ay kanyang daraanan sa hinaharap upang dalhin ang Bayan ng Diyos patungo sa Lupang Pangako.

Sa espirituwal, kailangan din natin sa ating mga sarili na mapangunahan ng Diyos sa landas na iyon upang makasanayan natin ito. Dahil kung hindi, ay hindi rin natin malalaman kung paano pangungunahan, gagabayan at dadalhing ligtas ang mga tao; hindi natin malalaman ang mga magiging hadlang sa daan; at hindi natin malalaman kung paano tumugon kapag lumitaw ang mga problema.

Ang ilang ay isang panahon ng paghuhubog. Samakatuwid, ang mga karanasan ng isang pinuno sa panahong ito ng paghuhubog ay direktang ibinibilang ng Diyos upang mabigyan siya ng kakayahang maunawaan ang mga natural na reaksyon ng mga tao na kanyang pangungunahan kalaunan. Ang pang-unawang ito ay kinakailangan para sa isang mabuting lider. Ang mga reaksyon ng mga tao kapag sila ay dumadaan sa mga pagsubok ay madalas hindi makadiyos kaysa sa isang pinaging banal na hinirang. Hindi sila makapagsasabing "Purihin ang Panginoon" sa mga panahong ito. Kailangang mabigyan natin sila ng kalinga at pang-unawa, at ituro sila sa isang bagong direksiyon. Kung tayo bilang mga

namumuno, ay nakaranas ng katulad na pagsubok, hindi natin pipintasan o huhusgahan ang ating kongregasyon at sasabihing pinabayaan nila ang biyaya ng Diyos.

**Bilang pang-apat na punto, ninais ng Diyos na hubugin ang pagpapakumbaba sa buhay ni Moises.** Ang pagpapakumbaba aykinapapalooban ng lubusang pag-depende lamang sa Diyos sa lahat ng pagkakataon. Sa katunayan, Ang Panginoon ang dapat na gumagabay sa Kanyang bayan sa pamamagitan ng lider. Ang lider ay hindi dapat kumilos sa sarili niyangkarunungan.

Ipinadala ng Diyos si Moises sa ilang sa loob ng 40 taon upang hubugin ang pagpapakumbaba sa kanyang buhay. Ito ay isa sa mga pangunahing layunin ng karanasan sa ilang para sa bawat mananampalataya, gaya ng inilarawan sa Deuteronomio 8:16, *"Na siyang nagpakain sa iyo ng manna sa ilang, na hindi nakilala ng iyong mga ninuno; upang kanyang papagkumbabain at subukin ka, at gawan ka ng mabuti sa bandang huli."*

### 4. Ang Mapili ng Diyos

Gaya ng ating binanggit sa Unang Kabanata, ang tatlong pangunahing mga hakbang sa buhay Kristiyano ay (Pahayag 17:14):

1.) Tinawag ng Diyos
2.) Pinili ng Diyos
3.) Nasumpungang tapat ng Diyos

Sa unang kabanata, isinaalang-alang natin ang pagkatawag ng Diyos sa buhay ni Moises. Ang sunod na hakbang pagkatapos ng pagkatawag ay ang mapili ng Diyos. Saan tayo pinili ng Diyos? Tayo ay pinili sa "Hurno ng Kadalamhatian" na matatagpuan sa Isaias 48:10, *"Narito dinalisay kita, nguni't hindi parang pilak; pinili kita sa hurno ng kadalamhatian."*

Ang ating saloobin sa ilang at habang nasa panahon ng pagdadalamhati ang nagpapasiya kung tayo nga ay pinili ng Diyos o hindi. Isaalang-alang natin si David na dumaan sa kanyang napakatinding karanasan sa ilang noong siya ay tinutugis ni Haring Saul (1 Samuel 22). Naranasan niya ang pinakamababang kalaliman ng pagdadalamhati sa Ziklag. Ngunit kahit na sa mga panahong ito ay itinuon niya ang kanyang puso sa Diyos at pinalakas ang sarili sa Panginoon.

Pagkatapos tumugon ni David nang tama, buong kahabagan siyang pinahintulutan ng Diyos na bawiin ang lahat ng nawala sa kanya (1 Samuel 30). At pagkatapos, siya ay dinala sa lugar na pinangyarihan ng kanyang ikalawang pagpapahid kung saan siya ay *pinili ng Diyos* at itinalaga bilang hari ng Judah. Lahat ng paghahanda natin (hal. Ang ating mahihirap na kalagayan kung saan ay pinahintulutan at itinakdang Diyos") ay hindi magkakaroon ng kabuluhan malibang magpatuloy tayo. Kailangang maranasan natin ang sumunod na hakbang sa buhay gaya ng mga naranasan ni David at Moises, ang *mapili* at *suguin* ng Diyos. At gayun din, nawa ay matandaan natin na tayo ay pinili mula sa *"hurno ng pagdadalamhati"*.

# Kabanata 3
## Ang Pagbabalik ni Moises sa Ehipto

### 1. Ang Nagliliyab na Mababang Punong Kahoy

Sa ikatlong kabanata ng Exodo, makikita natin na kinatagpo ng Panginoon si Moises sa nagliliyab na palumpong. Ang sabi sa Exodo 3:1-2, *"Noon ay inaalagaan ni Moises ang kawan ni Jetro n akanyang biyenan na pari sa Midian; kanyang pinatnubayan ang kawan sa kabila ng ilang at nakarating sa bundok ng Diyos, sa Horeb. Ang anghel ng PANGINOON ay nagpakita sakanya sa isang ningas ng apoy na mula sa gitna ng isang mababang punung kahoy. Siya'y nagmasid at ang punung kahoy ay nagliliyab ngunit ito'y hindi nasusunog."* Si Moises ay nagkaroon ng isang panibagong pakikipagtagpo sa Panginoon at Kanyang isinugo siya na pangunahan ang mga anak ni Israel palabas ng Ehipto.

Pagkatapos ng bawat karanasan natin sa ilang, Kailangan nating magkaroon ng panibagong pakikipagtagpo sa Diyos at tumanggap ng isang panibagong kalakasan o pagkomisyon mula sa Kanya. Ang pagkomisyon ay nangyayari pagkaraan ng karanasan sa ilang o panahon ng pagdadalamhati.

Ang unang hakbang sa ating buhay Kristiyano ay ang pagkatawag, ngunit Kailangan din na tayo ay suguin ng Diyos. Maaaring tayo ay tinawag ng Diyos sa isang tiyak na ministeryo, ngunit Kailangan nating maghintay hanggang sa tayo ay suguin at pahiran ng Diyos upang simulan ang ministeryong iyon.

Walang maaaring humayo malibang sila ay sinugo (Isa. 6:8). Ito ay maliwanag na ipinakita sa Roma 10:15, *"At paano sila mangangaral kung hindi sila sinugo? Gaya ng nasusulat, "Anong ganda ng mga paa ng mga nagdadala ng mabuting balita ng mabubuting bagay!"*

## Ang Apoy ng Diyos

Bakit na kita ni Moises ang nagliliyab na mababang punong kahoy? Ang katunayan na hindi ito natupok ng apoy ay isang napakalaking kababalaghan. Ang apoy ay isang katangian ng maraming bagay sa Salita ng Diyos:

1. Ang mga haing handog sa Lumang Tipan ay mga sinusunog at tinutupok sa pamamagitan ng apoy (Lev. 2:3; 5:12).
2. Ang Espiritu ng pagtupok ay naglilinis ng ating kalikasang makalaman (Is. 4:4).
3. Sa bautismo ng Banal na Espiritu sa Bagong Tipan ay kasama ang pagbabautismo sa apoy ng Panginoon. Susunugin din ng Panginoong Jesus ang mga "kalawang" o "ipa" sa pamamagitan ng apoy nadi-naaapula (Gawa 2:4, Mateo 3:12).
4. Ang Apoy ay isang simbolo ng presensiya ng Diyos (Ezek. 1:27, Ex. 13:21; 24:17). Ang sinasabi sa Hebreo 12:29, *"Sapagkat ang Diyos natin ay isang apoy na tumutupok."*

Kapag tayo ay isinusugo ng Diyos, ang apoy ng Diyos ay dumarating sa atin upang tayo ay linisin at selyohan na magampanan ang mga layunin ng Diyos.

**Banal na Lupa**

Mayroong kamangha-manghang katotohanan na makikita sa tugon ni Moises doon sa nagliliyab na mababang punong kahoy. Mababasa natin sa Exodo 3:3-4, *Sinabi ni Moises, "Ako'y pupunta sa kabila at titingnan ko itong dakilang panooring ito, kung bakit ang punung kahoy ay hindi nasusunog." Nang makita ng PANGINOON na siya'y pumunta sa kabila upang tumingin ay tinawag siya ng Diyos mula sa gitna ng mababang punung kahoy, "Moises, Moises." Sumagot siya, "Narito ako."* Ang lahat ay nakasalalay sa paglingon ni Moises nang mga panahong iyon. Nang makita ng Diyos na si Moises ay lumingon, tinawag Niya si Moises mula sa gitna ng palumpong, kahit na hindi inaasahan ni Moises na magsasalita ang Diyos nang araw na iyon.

Ang Diyos hindi lamang nangungusap sa atin kapag tayo ay nasa loob ng bahay-sambahan, nasa lugar ng pag-aaral ng Bibliya, o sa oras ng pananalangin. Kadalasan, ay nangungusap sa atin ang Diyos sa mga panahon na hindi natin inaasahan, sa pang araw-araw nating gawain, kapag tayo ay nagwawalis at nagpupunas ng sahig, at iba pa. Ito ang dahilan kung bakit dapat maging bukas tayo na marinig ang tinig ng Diyos.

Sinabihan ng Diyos si Moises sa *Exodo 3:5* na siya ay nakatayo sa banal na lupa: *Kanyang sinabi, "Huwag kang lumapit dito. Hubarin mo ang sandalyas sa iyong mga paa sa pagkat ang dakong iyong kinatatayuan ay banal nalupa."* Ano ang nakakapagpabanal sa lupa? Ito ay hindi na iiba sa ibang bahagi ng lupa sa lugar na iyon. Ito ay ang presensiya ng Diyos. Ang Diyos lamang ang banal! Ito ay dahil sa presensiya ng Diyos na ang sa

isang bahagi ng lupa, isang gusali, o sa isang tao ay nagiging banal.

Ang sandalyas ay nag-iipon ng dumi. Kaya nga, inutusan ng Diyos si Moises na hubarin ang kanyang sandalyas dahil walang bagay na marumi ang makatatayo sa Kanyang kabanalan. Ang kabanalan ay may magkasamang kahulugan na pagiging hiwalay sa sanlibutan (kasalanan) at pagiging isa sa Diyos.

Ang kuwento ay nagpatuloy sa Exodo 3:6, "*Sinabi pa niya, 'Ako ang Diyos ng iyong ama, ang Diyos ni Abraham, ang Diyos ni Isaac, at ang Diyos ni Jacob.' Si Moises ay nagtakip ng kanyang mukha sapagkat siya'y na takot na tumingin sa Diyos."* Sa pagkasabi ng Diyos kay Moises na Siya ang Diyos ng kanyang ama, kinikilala ng Diyos ang pananampalataya ng ama ni Moises na si Amram. Gaya ng ating unang napag-aralan, sa Hebreo 11:23 ay kasamang nabanggit ang mga magulang ni Moises sa mga bayani ng pananampalataya. Maliwanag na ang pananampalataya ni Amram ay naisalin kay Moises.

Maraming anak mula sa mga pamilyang Kristiyano ang napapariwara, madalas ay dahil hindi nila pinalago ang personal nilang relasyon sa Panginoon. Kapag sila ay pinanumbalik muli ng Diyos, makakatagpo nila ang Diyos ng kanilang ama at ina. Ito ay napakagandang isipin!

Sa kanyang sulat kay Timoteo, kinilala ni Apostol Pablo ang pananampalataya ng ina ni Timoteo, at pati na rin ang pananampalataya ng kanyang lola. *"Naaalala ko ang iyong tapat na pananampalataya, isang pananampalataya na unang na*

*buhay kay Loida na iyong lola at kay Eunice naiyong ina at ngayon, ako'y nakakatiyak, ay namamalagi sa iyo."* (2 Tim. 1:5). Dito ay may isang larawan tayong nakadepositong pananampalataya na isinalin mula sa isang henerasyon hanggang sa isa.

**Ang Pagpapahalaga ng Diyos sa Kanyang Bayan**

Sa Exodo 3:7-10, ibinukas ng Diyos ang Kanyang puso kay Moises at inihayag Niya ang malalim na pag-alala at pagpapahalaga sa Kanyang bayang Israel: "*Sinabi ng PANGINOON, "Aking nakita ang paghihirap ng aking bayan na nasa Ehipto at aking narinig ang kanilang daing dahil sa mga umaapi sa kanila. Talagang nalalaman ko ang kanilang pagdurusa. Ako'y bumaba upang iligtas sila mula sa kamay ng mga Ehipcio at upang sila'y dalhin sa isang mabuting lupain at malawak, mula sa lupaing iyon, sa isang lupaing dinadaluyan ng gatas at pulot, sa lugar ng mga Cananeo, Heteo, Amoreo, Perezeo, Heveo at Jebuseo. At ngayon, ang daing ng mga anak ni Israel ay nakarating sa akin, at nakita ko rin ang pang-aapi na ginawa sa kanila ng mga Ehipcio. Halika, ikaw ay aking susuguin kay Faraon upang iyong ilabas sa Ehipto ang aking bayan, ang mga anak ni Israel."*

May pitong puntos na nais kong ihayag ng mabilis mula sa mensahe ng Diyos kay Moises sa bahaging ito ng Kasulatan mula sa Kabanata 3 ng Exodo:

1. "*Aking nakita ang paghihirap ng aking bayan" (v.7)*
2. "*Aking narinig ang kanilang daing" (v.7)*

3. "*Nalalaman Ko ang kanilang pagdurusa" (v.7)*
4. *"Nakita Ko rin ang pang-aapi na ginawa sa kanila ng mga Ehipcio" (v.9)*
5. "*Ako'y bumaba upang iligtas sila" (v.8)*
6. *"Sila'y dadalhin Ko sa isang mabuting lupain at malawak, mula sa lupaing iyon, sa isang lupaing dinadaluyan ng gatas at pulot" (v.8)*
7. *"Ikaw ay aking susuguin kay Faraon upang iyong ilabas sa Ehipto ang Aking bayan, ang mga anak ni Israel" (v.10)*

Ipinakita sa mga puntos 1-4, na nakita ng Diyos ang paghihirap ng mga anak ni Israel. Alam na alam ng Diyos ang mga nangyayari sa ating mga buhay. Ang mga puntong ito ay napakalaking kaaliwan sa ating lahat kapag tayo ay dumadaan sa ilang uri ng paghihirap o kalungkutan. Ang 5-7 puntos, ay nagpapakitang pagtugon ng Diyos sa mga pagdaing ng Kanyang bayan (Is. 63:9).

## Ang Pangakong Pagliligtas sa Israel

Ang pangako ng Diyos upang iligtas ang Israel sa Exodo 3:8 ay nagpapahayag ng isang napakahalagang katotohanan: *"Ako'y bumaba upang iligtas sila mula sa kamay ng mga Ehipcio at upang sila'y dalhin sa isang mabuting lupain at malawak, mula sa lupaing iyon, sa isang lupaing dinadaluyan ng gatas at pulot, sa lugar ng mga Cananeo, Heteo, Amoreo, Perezeo, Heveo at Jebuseo."*

Sinabi ng Diyos na Kanyang ilalabas ang mga Israelita, at dadalhin sila sa isang lupain na dinadaluyan ng gatas at pulot. Kapag sinabi ng Diyos na Kanyang palalayain tayo sa isang sitwasyon, ay Kanya rin tayong ilalagay o gagabayan tungo sa ibang kalagayan. Hindi Niya lang tayo basta ililigtas at iiwanang nakabitin! Mahalaga na ating panghawakan ang katotohanang ito para sa ating mga buhay.

Ang katotohanang ito ay mailalarawan sa paglilipat ng isang puno. Ang isang puno ay hindi maaaring ilipat, na bungkalin at itanim hangga't hindi pa nakakapaghukay ng butas sa lugar na paglilipatan nito. Hindi natin dapat iwanan ang isang sitwasyon hangga't hindi nagbibigay ang Diyos ng hudyat kung saan tayo pupunta. Kung aalalahanin natin ang katotohanang ito, ay makakatulong ito sa ating buhay at sa ating pagbibigay-payo sa iba. Nakita ko ang napakaraming tao na nanalangin na mapalaya. Minsan, ay pinalalaya nila ang kanilang mga sarili, ngunit sa bandang huli, ay nagpagala-gala nalamang din sila nangwalang pinatutunguhan. Halimbawa, kung ang isang pamilya ay lilipat ng bahay, hindi nila babalutin ang lahat ng kanilang kasangkapan at ipagbibili ang kanilang bahay hangga’t di pa nakahanda ang isa pang bahay.

Ako ay naka pagpayo na sa maraming tao na sinasabi sa akin na sila ay inaalis ng Diyos sa kasalukuyan nilang kalagayan; ngunit kapag tinanong ko sila kung ano ang susunod nilang gagawin, wala silang anumang ideya. Ang patunay sa pagkaalam kapag sila ay inaalis ng Diyos ay kung alam nila kung saan sila pupunta. Hindi natin dapat iwanan ang kasalukuyan nating kinalalagyan o sitwasyon hanggang sa payagan tayo ng Diyos.

Ang pagsugo ng Diyos kay Moises ay makikita sa Exodo 3:10, *"Halika, ikaw ay Aking susuguin kay Faraon upang iyong ilabas sa Ehipto ang Aking bayan, ang mga anak ni Israel."*Ang Diyos ay hindi tumigil doon! Gaya ng nauna nating sinabi, hindi lamang sila inilabas ng Diyos, pinangunahan Niya sila sa ibang lupain, ang Lupang Pangako. Ang Diyos ay hindi gumagalaw nangwala munang isang malinaw at tumpak na plano; ni tayo rin dapat!

**Ang Tugon ni Moises**

Si Moises ay maamong tumugon sa pagsugo ng Panginoon, *"Sinabi ni Moises sa Diyos, 'Sino ako upang pumaroon kay Faraon at upang ilabas sa Ehipto ang mga anak ni Israel?' " (*Exodo 3:11). Ito ay ang parehong Moises na naghangad na iligtas ang mga anak ni Israel sa pamamagitan ng sarili niyang lakas bago ang 40 taon.

Ngayon, pagkaraan ng 40 taon na nasa ilang, ang kaamuan ay nahubog na sa puso ni Moises. Kapag iisipin mo ito, walang ibang mas nararapat para sa gawain kaysa kay Moises. Ngunit sinabi niya sa Panginoon, *"Sino ako upang pumaroon kay Faraon at upang ilabas sa Ehipto ang mga anak ni Israel?"* Ito ang tugon ng isang tunay na pinuno. Nais ng Diyos na magkaroon tayo ng ganitong mababang saloobin at palagay na *hindi karapat-dapat.*

**Ang mga Kwalipikasyon ni Moises para sa Pamumuno**

Sa katunayan, si Moises ang pinaka-kwalipikadong tao na pangunahan ang mga anak ni Israel palabas ng Ehipto. Ang tatlong pangunahing mga dahilan ay:

**1. Si Moises ay pinalaki sa palasyo ng Faraon.** Kaya, kayang-kaya niyang tumayo sa harapan ng isang hari dahil tinuruan siya. Hindi maaaring magsugo ang Panginoon ng isang tao sa Faraon na hindi alam kung paano kumilos sa harap ng isang hari. Ang isang hari ay may wastong pagkilos. Alam natin na si Daniel at ang tatlo niyang kaibigan ay mga pinili ayon sa kanilang kakayahang mag lingcod sa palasyo ng hari (Daniel 1:4); nagkaroon sila ng pagsasanay.

Noong bata pa ako, ang aking ama ay personal na nakipagkita kay Haring George VI ng Inglatera. Sinama niya ako sa kanya sa Palasyo ng Buckingham. Ito ay isang karanasan na kailanman ay hindi ko makalimutan. Bago kami pinayagang makipagkita sa hari, kami ay tinuruan kung papaano kumilos sa kanyang harapan. Ang pagsasanay kay Moises sa palasyo ng Faraon ang natatanging naghanda sa kanya upang maging tagapagpalaya ng Israel.

**2. Si Moises ay sinanay para sa kapamahalaan at pamumuno.** Bilang ampon ng babaeng anak ng Faraon, maaaring siya ay inihanda para sa pamumuno at kapamahalaan. Noong kami ng aking may bahay ay nagtungo sa Aprika sa unang pagkakataon, isang beteranong misyonero sa Aprika ang nagsabi sa akin na ang tatlong mga katangian na Kailangan upang makapaglingkod sa Aprika ay ang mga *kapamahalaan, kakayahan,* at *kapatawaran*. Naniniwala ako na ang prinsipyong ito ay magagamit sa alinmang bansa. Bilang isang lider, kung kayo man ay tutungo sa pagmimisyon o saan mang lugar, ay Kailangan ninyo ng kapangyarihan. Hindi natin maaaring utusan ang kapangyarihan - ang kapangyarihan ay kailangang ibigay ng Diyos!

Ang mga namumuno rin ay dapat magkaroon ng kakayahang mag lingkod. Sa Aprika, kung ikaw ay isang misyonero, pakiramdam nila ay walang katanungan tungkol sa Salita ng Diyos na hindi mo kayang sagutin.

Sa unang pagkakataon na nakapag ministeryo ako sa Aprika, ay nagturo ako mula sa aklat ng Deuteronomio sa sinaunang mga katutubo. Subalit, alam na alam ng mga pastor na ito ang kanilang mga Bibliya at tinanong nila ako ng mga mahihirap na tanong mula sa malabong mga talata sa Biblia. Binabaybay ko ang mga kabanata kasama sila, at aking nilalaktawan ang ilang mga talata na sa palagay ko ay hindi gaanong mahalaga. Sa katapusan ng bawa't kabanata, ay palagi akong nagtatanong kung mayroon bang mga katanungan. Gaya ng inaasahan, itinanong nila ang pinakamalabong mga talata at nag nais na malaman kung ano ang ibig sabihin ng mga iyon, at ang ilan sa mga malabo at mahirap unawaing mga talatang iyon ay napakahalaga sa kanila.

Nang nagturo ako sa Deuteronomio 23, ay nilaktawan ko ang talatang 18 dahil inisip ko na ito ay wala namang kaugnayan sa pag-aaral na iyon ng Bibliya, ngunit nais malaman ng nakatatandang tagapag lingkod kung ano ang kahulugan ng talatang iyon. Ang sabi sa Deuteronomio 23:18, *"Huwag mong dadalhin ang upa sa isang masamang babae, o ang pasahod sa isang aso sa bahay ng PANGINOON mong Diyos para sa anumang panata, sapagkat ang mga ito ay kapwa karumaldumal sa PANGINOON mong Diyos."* Ang simpleng sinabi ko sa kanya ay hindi maaaring tanggapin ng iglesya ang kaloob ng isang masamang babaeng bayaran.

Nagkaroon ng sobrang katahimikan sa loob ng silid-aralan, at napagtanto ko na nagalaw ko ang pinaka sensitibong paksa. Tinanong ko sila kung ano ang kanilang ginagawa. Laking gulat ko nang aking malaman na ang mga pinakamayayamang tao sa kanilang nayon ay ang mg ababaeng bayaran. Tinatanggap ng mga pastor ang kanilang mga kaloob dahil Kailangan nila ang pera upang matustusan ang mga iglesya.

Sila ay tinuos ng Banal na Espiritu sa isang napakabigat na desisyon. Dahil samatinding kahirapan, umasa sila sa mga kaloob ng mga babaeng bayaran, ngunit ang kanilang ginagawa ay labag sa Salita ng Diyos. Nakita ko na napakahirap ng sitwasyon dahil alam ko na karamihan sa mga pastor ay niwala man lamang sapatos dahil napakahirap nila. Ang may mga sapatos ay dahil nasa ilalim silang pangangalaga ng ilang mga misyonero na nagbibigay sa kanila. Hiniling ko sa kanila na iyuko ang kanilang mga ulo at samahan akong manalangin.

Habang kami ay nananalangin, ang Panginoon ay nagbigay sa akin ng salita ng karunungan. Sinabi ko sa mga pastor, *"iIan sa inyo ang nakakakuha ng sapat na pera?"* Wala ni isang nagtaas ng kamay. Nagpatuloy ako sa pagsasabing, "Marahil ang kasalanang ito ang dahilan ng inyong kahirapan sa pananalapi. Hilingin natin sa Panginoon na kayo ay pagkalooban ng biyaya na makabalik sa inyong mga pulpit sa susunod na linggo at ipahayag na hindi na kayo tatanggap ng pera mula sa mga babaeng bayaran.”

Inabot ng halos kalahating oras ang iginugol sa pananalangin para sa mga pastor na linisin ang kanilang mga sarili at magkaroon ng

pagtatalaga na gawin ang tamang bagay. Sa huli, isa-isang sinabi ng mga pastor na ito na, *"Opo, Panginoon, ako ay magiging tapat sa Iyong Salita."* Pagkatapos, ay nanalangin kami na kasihan ng Diyos ang kanilang pagtatalaga.

Kami ay muling bumisita sa nayong iyon pagkaraan ng ilang buwan at napansin ko ang lahat ng mukha ng mga pastor na nagliliwanag dahil sila ay lubos na pinagpala ng Diyos dahilan sa kanilang pagsunod. Nakapagpakabit narin sila ng mga bubong sa kanilang mga tahanan at mga bahay sambahan. Gaya ng nakita natin sa halimbawang ito, bilang mga tagapaglingkod, kailangang magkaroon tayo ng kakayahang masagot ang lahat ng kanilang mga katanungan sa Salita ng Diyos. Inaasahan nilang gagawin natin iyon!

Ang ikatlong katangian na kailangan para sa pamumuno ay ang kapatawaran. Ang isang lider ay dapat may taglay na biyaya na makapagpatawad at makalimot. Hindi natin maaaring alagaan ang mga pagkatisod o mga sama ng loob sa ating mga puso o paghihiganti o pakikipag-alitan sa iba. Anuman ang gawin o sabihin tungkol sa atin, Kailangan nating hilingin sa Panginoon na tulungan tayong patawarin sila at kalimutan ang kasalanan. Ang mga tao ay maaaring maging napakamarahas minsan. Kapag sila ay humiling sa atin na patawarin sila, kailangang masabi natin na, "Pinapatawad kita. Pagpalain ka ng Diyos," at kalimutan ang kasalanan. Kailangang magpatawad tayo palagi, ngunit sa sitwasyon sa iglesya, ito ay nakadepende sa uri ng kasalanan, maaaring kailanganin muna silang subukin upang patunayan ang kanilang mga sarili bago sila maipanumbalik.

**3. Si Moises ay isang Israelita, na alam ang parehong kaisipan ng Ehipcio at Hebreo.** Si Moises ay may natatanging kalamangan, hindi lamang ang maunawaan ang kaisipan ng sarili niyang mga kababayan, kundi gayundin ang pag-iisip ng mga Ehipcio, dahil siya ay pinalaki sa palasyo ng Faraon.

## "Ako Ay Ang Ako Nga"

Sa Exodo 3:13-15, ay natanggap ni Moises ang kapahayagan sa pangalan ng Diyos. "*Ngunit sinabi ni Moises sa Diyos, "Pagdating ko sa mga anak ni Israel at sasabihin ko sa kanila, 'Sinugo ako sa inyo ng Diyos ng inyong mga ninuno,' at sasabihin nila sa akin, 'Ano ang kanyang pangalan?' Anong sasabihin ko sa kanila?" Sinabi ng Diyos kay Moises, "AKO AY ANG AKO NGA." At kanyang sinabi, "Ganito ang sasabihin mo sa mga anak ni Israel, 'Sinugo ako sa inyo ni AKO NGA.' "Sinabi pa ng Diyos kay Moises, "Ganito ang sasabihin mo sa mga anak ni Israel, 'Sinugo ako sa inyo ng PANGINOON, ang Diyos ng inyong mga ninuno, ang Diyos ni Abraham, ang Diyos ni Isaac, at ang Diyos ni Jacob.' Ito ang aking pangalan magpakailanman at ito ang itatawag sa akin ng lahat ng mga lahi.' "*

Inihayag ng Panginoon ang Kanyang pangalan kay Moises bilang, "AKO AY ANG AKO NGA." Ito ay walang iba kundi ang Panginoong Jesu-Cristo mismo. Ang pagpapakita na ito kay Moises ay naganap halos 1,500 taon na ang nakaraan bago ang "AKO NGA" ay nagkatawang tao at nanahang kasama natin (Juan 1:14). Noong si Jesus ay nasa lupa ay Kanyang pinatunay ang,*"Bago pa man si Abraham ay Ako Nga."* (Juan 8:58). Ang pangalang"AKO AY ANG AKO NGA" ay nangangahulugang,

*"Ako ay palagi; Ako ay mananatili.* "Inihayag sa Hebreo 13:8, *"Si Jesu-Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman."*

Kailangan din natin ng kapahayagan sa pangalan ng Diyos. Ang Diyos ay maraming pangalan. Ninanais Niyang ihayag ang Kanyang pangalan na umaayon sa kung saang ministeryo Niya tayo tinawag. May impartasyong kasama sa kapahayagan ng isa sa mga pangalan ng Diyos.

Sa loob ng maraming taon, kami ng aking asawa ay walang tigil na nagbibiyahe sa buong mundo, nagmiministeryo sa mahigit 100 mga bansa. Pagkatapos ako ay tinawag ng Panginoon na pansamantalang tumigil sa paglalakbay upang mag-pastor sa isang malaking iglesya na kinabibilangan ng ilang libong mgamiyembro. Ilang taon na din ang nakalipas simula ng buong panahon na kong nag-pastor, at napagtanto ko lang na Kailangan kong manalangin at hingin sa Panginoon na ibigay muli sa akin ang balabal ng isang pastor.

Ang balabal at pagpapahid ng isang naglalakbay na tagapagturo ng Bibliya ay ibang-iba mula sa pagpapahid ng isang pastor. Linggu-linggo, ay kailangang pakainin ng pastor ang bawat isa sa kanilang kongregasyon, binibigay ang gatas ng Salita sa mga bagong mananampalataya at karne ng Salita ng Diyos para sa mga may gulang na mananampalataya.

Subalit, ang mga tagapagturo ng Bibliya ay karaniwang nagmiministeryo sa mga may gulang na mananampalataya at Kailangan sikapin na mabigyans ilang karne ng Salita ng Diyos, isang masarap na *steak* pang hapunan, ika nga. Binago ng Diyos

ang kabuuan ng aking pagkilos at mga gawi habang ako ay nagpapastor.

Nang panahong iyon, ang Panginoon ay nagbigay sa akin ng isang pangitain ng Kanyang sarili mula sa likuran. Siya ay nakaupo sa isang bato sa gitna ng isang bukirin na nakatunghay sa kawan ng tupa. Ipinaunawa sa akin ng Panginoon na ang mga tupang ito ay ang mga tao sa iglesya. Nakita ko ang isang nakapatikas, at malusog na tupa na lumapit sa Panginoon at ikinuskos ang kanyang sarili sa Kanyang binti. Siya ay masuyong hinaplos ng Panginoon at pagkalipas ng ilang sandali, ang tupa ay lumakad papalayo na lubusang nasiyahan. At pagkatapos ay tumigil ang pangitain.

Tinanong ko ang Panginoon, "Ano ang nais Ninyong sabihin sa akin?" Ang sabi Niya, "Hindi mo inaalagaan ang mga tao sa iyong iglesya." Sumagot ako, "Ngunit Panginoon, pagkatapos ng bawat gawain, ang mga nangangailangan ng pagpapayo ay lumalapit at kinukuha ng sekretarya ang kanilang mga pangalan at iskedyul para sa akin upang makipagkita sa kanila. Ipinapanalangin namin ang bawat isa na may sakit." (Ako at ang mga matatanda ang gumagawa nito.) Sumagot ang Diyos, "Inaalagaan mo lamang ang mga may sakit at ang may mga problema. Hindi mo inaalagaan ang mga maayos ang kalagayan. Lahat ng tupa ay kailangang maramdaman ang paghaplos ng kamay ng pastol. Sila ay kaisa ng pastol. Kailangan mong kamayan ang bawat isa sa loob ng iglesya."

Nang sumunod na Linggo ay ipinaliwanag ko ang pangitain sa aking kongregasyon, aking sinabi, "Pagkatapos ng huling talata

ng huling awitin, ang nangunguna sa pag-awit na ang hahalili. Pakihintay na lamang hanggang sa ako ay makapuwesto sa likod ng bahay-sambahan bago kayo magsiuwian dahil nais ko kayong makamayan lahat." Ang sumunod na nangyari ay kamangha-mangha. Maraming tao ang lumapit sa akin at sinabing, "Dati ay nakikita ka naminng malayuan, pero ngayon ay nahahawakan ka na namin.” Ipinakita sa akin ng pangyayaring ito na may isang impartasyon mula sa pastol papunta sa tupa. Kailangang maramdaman ng tupa ang haplos ng kanilang pastol.

Dagdag pa rito, ay may impartasyon na nagmumula sa kapahayagan ng pangalan ng Diyos. Inihayag sa akin ng Panginoon ang Kanyang pangalan, ang Mabuting Pastol, sa pamamagitan ng karanasang iyon. Iyon ay upang makita Siya bilang ang Punong Pastol—upang maunawaan kung paano nag-aalaga ang isang pastol. Ang impartasyon na ito ang nagbigay ng kakayahan sa akin upang aking magampanan ang aking pagkatawag bilang isang pastor.

Ang bawat pastor ay kailangang humiling sa Panginoon na ihayag ang Kanyang sarili sa kanya bilang ang Mabuting Pastol. Sa Juan 10:11,14, si Jesus ang Mabuting Pastol. Sa wikang Ingles, ito ay hindi masyadong maliwanag; maaaring ibigay nito ang impresyon na ang mg atalatang ito ay nagpapahiwatig na s iJesus ay may kagandahang moral, bilang katunayan ay Siya nga. Gayunpaman, ang mga talatang ito ay nangangahulugan talaga na si Jesus ay mabuti sa pagiging isang pastol. Kaya nga, kung ang Diyos ay nagkaloob sa iyo ng ministeryong isang pastol, Kailangan mo ng kapahayagan mula kay Cristo, na Siyang mabuti sa pagiging isang pastol.

## Ang Paghahanda ng mga Tao

Hanggang sa puntong ito, ay tinitingnan natin ang paghahanda ng isang pinuno. Ngayon ay nais kong isaalang-alang sandali ang ibang tao na kailangan din ng paghahanda. Upang hikayatin ang mga tao na iwanan ang kanilang mga tahanan at lupain, katulad ng ginawa ng mga Israelita nang lisanin nila ang Ehipto, ito ay hindi madaling gawain. Kaya nga, makikita natin na hindi sapat para sa isang lider na maging handa; ang mga tao ay dapat ding maging handa na kusang-loob na sumunod sa lider.

Ang Diyos, na lubusang nakaaalam sa puso ng mga anak ni Israel, ay inihanda sila sa pamamagitan ng kapighatian (tingnan ang Exodo 1). Isa sa mga dahilan kung bakit hinayaan ng Diyos ang mga tagapag-utos na sila ay pahirapan ay upang hindi sila maging komportable sa Ehipto. Sapagkat kung gayon, ay hindi rin nila nanaisin na umalis. Matatandaan ninyo na pagkatapos nilang umalis, ay paulit-ulit na nilang ninais na bumalik sa Ehipto. Palagi nilang inaalala ang mga sibuyas, bawang, milon, at lahat ng iba pang masasarap na bagay sa Ehipto (isang uri ng mundong ito).

Ilang mga bagay na nangyari na naghanda sa mga anak ni Israel upang umalis sa Ehipto:

1. Sila ay na paalipin sa isang malupit na hari (Exodo 1:10).
2. Pinahirapan sila ng mga malulupit na tagapag-utos (Exodo 1:11).
3. Ang kanilang mga buhay ay naging mapait (Exodo 1:14).
4. Sila ay nasa isang "hurnong bakal" (Deuteronomio 4:20).

5. Kinailangan nila ng diligan ng kanilang mga paa (Deuteronomio 11:10).

Kailangang diligan ng mga anak ni Israel ang pananim ng mga Ehipcio sa pamamagitan ng pagbobomba ng maliliit na gulong gamit ang kanilang mga paa. Napakahirap na gawain ang bombahin ang tubig mula sa ilog ng Nilo tungo sa iba't ibang bahagi ng lupain ng Goshen. Ang buhay nila ay sobrang naging mahirap, ngunit nakatulong ito nai-kondisyon ang kanilang mga puso upang magnais na umalis sa Ehipto. Sila ay napaalipin sa isang malupit na hari at malulupit na tagapag-utos. Ito ay maaari ring magkaroon ng espirituwal na aplikasyon sa atin bilang mga mananampalataya.

Hayaan ninyong ibahagi ko ang isang karanasan upang isalarawan ito. Ang isang kaibigan kong pastor ay ipinadala sa isang iglesya na punong-puno ng mga problema. Hiniling niya na kami ay manalangin dahil mayroong pagkakabaha-bahagi sa loob ng iglesya, marami ang pinanghihinaan ng loob at nagsisialisan. Pagkatapos naming manalangin ng aking asawa, sinabi namin sa pastor naming nadama na ang problema ay ang imoralidad na nagawa ng dati pang pastor. Sabi ng aking kaibigang pastor, "Totoo iyan, ngunit ipinagtapat na niya ito.”

Kami ay muling nanalangin at ipinakita sa amin ng Panginoon na ang espiritu ng imoralidad ay nakalukob sa iglesya. Ang mga espiritu ay may iba't-ibang anyo, ang ilan ay natatangi. Ang espiritu ng imoralidad na ito ay may taglay na buntot, at ito ay nakakabit sa pundasyon ng iglesya. Tinanong namin ang Panginoon, "Ano po ang ibig sabihin nito? Inamin nang dating

pastor ang kanyang kasalanan kaya dapat ay nalinis na ang iglesya." Inihayag ng Panginoon na kahit nagsisi na ang pastor, ang mga miyembro ng iglesya ay hindi pa rin siya napapatawad. Ang hindi nila pagpapatawad ang naging sanhi upang ang espirtitung imoralidad ay manatili.

Nang ibahagi namin ito sa aming kaibigan, kami ay inanyayahang niyang dumalo sa kanyang iglesya. Nang dumating kami, ang Panginoon ay nagbigay ng karagdagang kapahayagan na mayroong isang demonyong hari o namamayaning espiritu ng imoralidad sa iglesya at marami pang ibang mga "tagapag-utos" sa ilalim ng namamayaning hari na iyon na kumikilos sa iglesya.

Ang espiritu ng imoralidad ay namayani sa iglesyang iyon dahil ayaw patawarin ng mga tao ang dati nilang pastor. Dulot nito, ay maraming tao ang nasangkot sa imoralidad sa iglesya. Dagdag pa sa namamayaning espiritu ng imoralidad, ay ang iba pang mga espiritu, katulad ng espiritu ng kalaswaan, na nagdala rin ng espiritu ng paghihimagsik, na humantong sa pagseselos. Ang pagseselos ay nagbunga ng katigasan ng puso sa mga tao, kaya nagkaroon ng pagkakabaha-bahagi bilang resulta ng matigas na puso ng mga tao.

Ito naman, ay nagdala ng espiritu ng panlilinlang at panghihina ng loob sa mga tao. Ang lahat ng mga espiritung ito (o mga "tagapagpag-utos") ay kumikilos sa ilalim ng namamayaning espiritu ng imoralidad sa buong iglesya. Ang espiritung ito ng imoralidad ang nagpapasok sa pangangalunya, kahalayan, paghihimagsik, pagseselos, katigasan ng puso, pagkakabaha-bahagi, panlilinlang, at panghihina ng loob.

Ang punto na nais kong ipahayag ay ito—hindi lamang na Kailangan nating magapi ang hari (o espiritung namamayani), kundi dapat din nating gapiin ang mga "tagapag-utos" (ang pumapangalawang mga espiritu). Ang mga anak ni Israel ay kailangang mapalaya mula sa hari, ang Faraon, at mula rin sa mga tagapag-utos. Ang kanilang mga buhay ay naging napakapait dahil sa pagkaalipin, ngunit ginawa sila nitong maging handa na makinig sa kung ano ang sasabihin ng Diyos.

Nawa ay maalala natin na ang lider ay kailangang maging handa, ngunit ang mga tao rin ay kailangang maghanda para sa lider. Kaya, mayroong panahon para sa isang lider na lumagay sa isang sitwasyon.

**Ang Tatlong mga Palatandaan**

Lubos na kilala ni Moises ang kanyang mga kababayan. Sinabi niya sa Panginoon sa Exodo 4:1, *"Si Moises ay sumagot at nagsabi, 'Ngunit hindi nila ako papaniwalaan o papakinggan man sapagkat kanilang sasabihin, 'Ang PANGINOON ay hindi nagpakita sa iyo.'"* Dahil dito, ipinagkaloob ng Panginoon kay Moises ang kapangyarihan upang gumawa ng tatlong kababalaghan na magbibigay sa kanya ng kredibilidad at magiging dahilan para sa mga Israelita na tanggapin ang kanyang mensahe. Sa Bagong Tipan, sinabi sa atin na pinatutunayan ng Diyos ang Kanyang salita sa pamamagitan ng mga tanda at himala (Mc.16:17, Gawa 5:12). Sinabi rin ni Jesus, *"... Malibang makakita kayo ng mga tanda at mga kababalaghan ay hindi kayo mananampalataya."*

Ito ang tatlong mga palatandaan na binigay ng Diyos kay Moises:

**1. Ang tungkod ni Moises ay naging ahas.** Mababasa natin sa Exodo 4:2-5, *"Sinabi naman sa kanya ng PANGINOON, "Ano iyang nasa iyong kamay?" Kanyang sinabi, "Isang tungkod." Kanyang sinabi, "Ihagis mo sa lupa." Kanyang inihagis ito sa lupa at ito'y naging isang ahas. Si Moises ay lumayo sa ahas. Sinabi ng PANGINOON kay Moises, "Iunat mo ang iyong kamay at hawakan mo sa buntot." Kanyang iniunat ang kanyang kamay, kanyang hinawakan, at naging isang tungkod sa kanyang kamay. "Nangyari ito upang sila'y maniwala na ang PANGINOON, ang Diyos ng kanilang mga ninuno, ang Diyos ni Abraham, ang Diyos ni Isaac, at ang Diyos ni Jacob ay nagpakita sa iyo."* Ang tungkod ay simbolo ng kapangyarihan (Awit 110:2, Pahayag 2:27; 12:5). Ang ahas ay isang simbolo ni Satanas (Genesis 3:1, Pahayag 12:9; 20:2). Samakatuwid, ang palatandaang ito ay paglalarawan na si Moises ay may kapangyarihan kay Satanas. Tayo rin ay dapat magkaroon ng kapangyarihan kay Satanas saan man tayo inilalagay ng Diyos.

Ang ahas din ay simbolo ng Faraon, kung saan ang nakatanghal sa kanyang korona ay isang ahas. Samakatuwid, si Moises ay hindi lamang nagkaroon ng kapangyarihan kay Satanas, kundi siya rin ay nagkaroon ng kapangyarihan sa Faraon.

**2. Ang kamay ni Moises ay nagkaroon ng ketong at pagkatapos ay gumaling rin.** Mababasa natin sa Exodo 4:6-8, *"Sinabi pa sa kanya ng Panginoon, "Ipasok mo ang iyong kamay sa iyong dibdib." Kanyang ipinasok ang kamay niya sa kanyang dibdib at nang kanyang ilabas, ang kanyang kamay ay ketongin,*

*maputing parang niyebe. Sinabi ng Diyos, "Ipasok mo uli ang iyong kamay sa iyong dibdib." Kanyang muling ipinasok ang kamay niya sa kanyang dibdib at nang kanyang ilabas sa kanyang dibdib, nanumbalik ito gaya ng iba niyang laman. "Kung sila'y hindi maniwala sa iyo, nimakinig sa unang tanda, kanilang paniniwalaan ang huling tanda."*

Ang ketong ay simbolo ng kasalanan! Si Miriam, Gehazi, at si Haring Uzzias ay mga nagkasakit ng ketong bilang kaparusahan sa kanilang mga kasalanan (Bilang 12:10, 2 Hari 5:27, 2 Cronica 26:19). Kung kaya, ang tandang ito ay nangangahulugan na si Moises ay may kapangyarihan sa kasalanan.

Napakahalaga nito sa isang lider. Sa biyaya ng Diyos, Kailangan nating magkaroon ng kapangyarihan sa kasalanan. Dapat tayong malinis mula sa kasalanan, hindi lamang para sa sarili nating kapakanan, kundi para palayain din ang iba mula sa kasalanan. Hindi natin mapalalaya ang sinumang sa isang kasalanan na gumagapos pa sa atin. Ang prinsipyong ito ay inilarawan sa Gawa 19:13-16, "*Ngunit may ilang mga Judiong pagala-gala na nagpapalayas ng masasamang espiritu ang nangahas na bigkasin ang pangalan ng Panginoong Jesus sa mga may masasamang espiritu, na sinasabi, "Inuutusan ko kayo sa pamamagitan ni Jesus na ipinangangaral ni Pablo." Pitong anak na lalaki ng isang pinakapunong saserdoteng Judio, na ang pangalan ay Eskeva, ang gumagawa nito. Ngunit sinagot sila ng masamang espiritu, "Kilala ko si Jesus, at kilala ko si Pablo; ngunit sino kayo?" At ang taong kinaroroonan ng masamang espiritu ay lumukso sa kanila, at silang lahat ay dinaig niya, kaya tumakas sila sa bahay na iyon na mga hubad at sugatan."*

Sa isang Gawain ng pagpapalaya, may isang ginang na puno ng isang demonyo ng pagmamataas. Dahan-dahang nagsimula ang pastor na kausapin ang ginang tungkol sa kanyang problema nang isang binata sa iglesiya ang lumapit sa ginang at sinabing, "Sa pangalan ni Jesus, inuutusan kita, espiritu ng pagmamataas, lumabas ka!" Ang masamang espiritu sa ginang ay sumagot: "Hindi ako lalabas para sa iyo. May mas higit na kayabangan sa iyo kaysa sa nasa kanya.” Kailangang maging malinis muna tayo sa ating sarili bago tayo magkaroon ng kapangyarihan na magpalayas ng mga demonyo. Alam ng mga demonyo kung sino-sino.

**3. Ginawang dugo ni Moises ang tubig.** Mababasa natin sa Exodo 4:9*, "Kung sila'y hindi maniwala sa dalawang tandang ito, ni hindi makinig sa iyo, kukuha ka ng tubig mula sa Nilo at iyong ibubuhos sa tuyong lupa. At ang tubig na iyong kukunin mula sa Nilo ay magiging dugo sa tuyong lupa."*Ang dugo, sa negatibong usapin, ay palatandaan ng kamatayan at kaparusahan. Sa puntong ito, ito ay may dalawang palatandaan. Ito ay tanda ng kaparusahan para sa mga taong sumasalungat kay Moises, ngunit kaligtasan at buhay para sa mga taong maniniwala.

## Ang Pagpapasakopni Moises Kay Jetro

Ang pagpapakumbaba ni Moises ay makikita sa Exodo 4:18, *"Si Moises ay bumalik kay Jetro na kanyang biyenan at nagsabi sa kanya, "Pahintulutan mo akong Bumalik sa aking mga kapatid sa Ehipto at titingnan ko kung sila'y buhay pa." Sinabi ni Jetro kay Moises, "Humayo kang payapa."*

Kahit na 80 taong gulang na si Moises at katatapos lang niyang makatagpo ang buhay na Diyos, ipinasakop pa rin ni Moises ang kanyang sarili sa isang tao na mas nakatataas sa kanya, ang kanyang biyenang lalaki na si Jetro. Ginawa niya ang nararapat sa pamamagitan ng paglapit kay Jetro para hingin ang kanyang basbas at pangsang-ayon.

## Ang Mensaheni Moises kay Faraon

Sa Exodo 4:21-23, mababasa natin ang mensahe ng Diyos para sa Faraon, *"Sinabi ng PANGINOON kay Moises, "Pagkabalik mo sa Ehipto, iyong gawin sa harap ng Faraon ang lahat ng kababalaghan na aking ipinagkatiwala sa iyong kamay. Ngunit aking papatigasin ang kanyang puso at hindi niya papayagang umalis ang bayan. Iyong sasabihin sa Faraon, 'Ganito ang sabi ng PANGINOON, ang Israel ang aking panganay na anak, at aking sinasabi sa iyo, "Pahintulutan mong umalis ang aking anak upang siya'y makasamba sa akin." Kung ayaw mosiyang paalisin, aking papatayin ang iyong anak na panganay.' "*Bakit ipinapatay ang mga panganay? Dahil ayaw palayain ng Faraon ang panganay na anak ng Diyos, ang Israel, sinabi ng Diyos kay Moises na papatayin Niya ang lahat ng panganay ng Ehipto. Magkakaroon ng palitan ng mga panganay sa huling salot na ito laban sa Ehipto.

## 2. Ang Pagtuli sa Bahay Pahingahan

Nakatala sa Exodo 4:24-26 ang pagtutuli sa loob ng bahay pahingahan, *"Sa daan, sa isang lugar na pinagpalipasan nila ng gabi, sinalubong siya ng PANGINOON at tinangka siyang patayin. Ngunit kumuha si Zifora ng isang batong matalim,*

*pinutol ang balat sa ari ng kanyang anak na lalaki at ipinahid sa mga paa ni Moises. Kanyang sinabi, "Tunay na ikaw ay isang asawa sa dugo sa akin. "Sa gayo'y kanyang binitiwan siya. Nang magkagayo'y kanyang sinabi, "Ikaw ay isang asawa sa dugo sa akin, sa pamamagitan ng pagtutuli."*

Ito ay isang kamangha-manghang pangyayari. Narito ang isang tao, si Moises, na inihanda at isinugo ng Diyos upang pangunahan ang Israel palabas ng Ehipto tungo sa Lupang Pangako. Siya ay sinangkapan ng kapangyarihan at tungkuling manguna mula sa Diyos, at nakatanggap ng mga palatandaan upang ipakita sa mga tao. Sinunod ni Moises ang salita ng Panginoon at isinama niya ang kanyang pamilya sa Ehipto. Gayunpaman, habang papunta siya sa Ehipto, tinangka siyang patayin ng Panginoon dahil hindi niya tinuli ang kanyang lalaking anak.

Narito ang isang aral na dapat matutunan nating lahat. Si Moises ay nasa landas ng Diyos at patungo siya sa daan upang ganapin kung ano ang sinabi ng Diyos sa kanya, ngunit nais siyang patayin ng Diyos. Bakit? Dahil hindi niya ipinamumuhay ang bagay na kanyang ipangangaral sa Ehipto.

Ang tanda at kinakailangan sa tipan na ginawa ng Diyos para kay Abraham ay ang pagtutuli, na makikita sa Genesis 17:7-10, *"Aking itatatag ang aking tipan sa iyo at sa iyong binhi kahit sa iyong pagkamatay sa buong lahi nila, isang tipang walang hanggan, upang maging Diyos mo at ng iyong binhi. At ibibigay Ko sa iyo at sa iyong binhi pagkamatay mo ang lupaing kung saan ka ngayon ay isang dayuhan, ang buong lupain ng Canaan bilang pag-aaring walang hanggan; at Ako ang magiging Diyos nila."*

*Sinabi ng Diyos kay Abraham, "At tungkol sa iyo, iingatan mo ang Aking tipan, ikaw at ang iyong binhi pagkamatay mo sa buong lahi nila.Ito ang Aking tipan na inyong iingatan, ang tipan natin at ng iyong binhi pagkamatay mo: Ang bawat lalaki sa inyo ay tutuliin."*

Ang kondisyon ng tipan ay ang pagtutuli at ang pangako ng tipan ay mamanahin ng angkan ni Abraham ang Lupang Pangako. Si Moises ang tagapaglingkod ng tipan. Ang pagkatawag sa kanya ay dalhin ang mga anak ni Israel palabas ng Ehipto at patungo sa Lupang Pangako.Ang kondisyon sa paninirahan sa Lupang Pangako ay pagtutuli at si Moises mismo ay hindi ito ipinatutupad sa sarili niyang sambahayan. Ito ay isang pagtanggi sa kabuuan ng kanyang mensahe!

Nais kong maging matapat tungkol sa puntong ito. Ang ating pangangaral ay hindi makapagliligtas sa atin. Kahit pa gampanan natin ang pinagagawa ng Diyos sa ating buhay ay hindi rin makapagliligtas sa atin. Kailangan nating ipamuhay ang ating ipinangangaral upang tayo ay maligtas. Nakita ko ang maraming mga tagapaglingkod sa buong mundo na makapangyarihang ginamit ng Diyos; mga nag pamalas nang kapangyarihan ng Diyos, nagtaglay ng mga mabungang ministeryo, at gumawa din ng mga kababalaghan. Subalit, winasak nila ang kanilang mga buhay. Itinaas sila hanggang sa isang kataasan, ngunit sila ay tinanggihan ng Diyos dahil hindi nila ipinamuhay ang kanilang ipinangangaral. Ginagawa nila ang kalooban ng Diyos sa paraan na sila ay nangangaral, ngunit ang sarili nilang buhay ay kabaligtaran sa mensahe nakanilang ipinapangaral sa iba.

Maraming tao ang nagsabi sa akin na, "Hindi ako itatakwil ng Diyos dahil ako ay nakapag-propesiya na, at ang mga propesiya na aking ibinigay ay mga nangyari na." Tandaan natin na ang batayan ng ating kaligtasan ay ang dugo ni Jesu-Cristo, hindi ang ating mga mabubuting gawa at mga propesiya. Higit pa rito, ang Kanyang dugo ay nagkakaroon lamang ng bisa sa ating buhay habang tayo ay lumalakad sa liwanag, bilang malinaw na nakasaad sa 1 Juan 1:7, *"Ngunit kung tayo'y lumalakad sa liwanag, na tulad niya na nasa liwanag, may pakikisama tayo sa isa'tisa, at ang dugo ni Hesus na kanyang Anak ang lumilinis sa atin sa lahat ng kasalanan."*

Ang kaligtasan ay hindi nakabatay sa paglilingkod, pangangaral, o pagpapagaling ng may sakit; ito ay sa ating paglakad sa liwanag, bilang Siya ay nasa liwanag. Ito'y sa dugo ni Jesus at katuwiran na nagbibigay sa atin ng katiyakan ng buhay na walang hanggan. Ang sabi ng 1 Juan 1:9, *"Kung ipinahahayag natin ang ating mga kasalanan, siya ay tapat at banal na magpapatawad sa ating mga kasalanan at tayo'y lilinisin sa lahat ng kalikuan."*

Hinahangad ko na sana ay masabi ko na ang bawat isa na aking naturuan sa mga paaralan ng Bibliya sa buong mundo ay makakarating sa langit. Nakakalungkot, subalit ang ilan sa aking mga naging estudyante ay lumihis na sa daan ng katuwiran.Umalis sila mismo ng pagkaraan ng pagtatapos sa paaralan ng Bibliya. Sa isang kumperensiya kung saan ang isang mangangaral at ako ay nakatalaga upang magsalita, ibinahagi niya, "Mayroong 90 estuyante sa aming paaralan ng Bibliya. Alam ba ninyo kung ilan na lamang ang mga nasa ministeryo sa

ngayon? Mayroon na lamang tatlo ang nasa ministeryo; ang iba ay nagtrabaho na sa mga bahay aliwan at iba pa."

Maraming mga Kristiyano ay hinahanap ang Panginoon para sa Kanyang sa kalooban at nakahandang humayo sa pagmimisyon. Marami ang higit na nakalaang itatwa ang kanilang mga sarili at harapin ang mga kahirapan kaysa harapin ang kasalanan na inaayos ng Diyos sa kanilang buhay. Para sa ilan, ang ministeryo ay lalong-higit na mahalaga kaysa magkaroon ng isang malinis na puso. Palagi akong nagugulat sa kung ano ang kayang gawin ng mga tao para sa Panginoon. Ngunit nakakalungkot, dahil madalas, iyong mga nagnanais gumawa ng pinakamatinding pagsasakripisyo ay mga tumalikod na ang puso.

Magkagayon, kailangan nating tandaan na ang Diyos ay may Kanyang pamantayan sa paghahandog. Tinukoy ni Samuel ang motibo ni Haring Saul sa kanyang pag-aalay sa 1 Samuel 15:22-23, *"At sinabi ni Samuel, "Ang PANGINOON kaya ay may malaking kasiyahan sa mga handog na sinusunog at sa mga alay, gaya ng pagsunod sa tinig ng PANGINOON? Tiyak, ang pagsunod ay mas mabuti kaysa alay, at ang pakikinig kaysa taba ng mga tupang lalaki. Sapagkat ang paghihimagsik ay gaya ng kasalanan ng pangkukulam, at ang katigasan ng ulo ay gaya ng katampalasanan at pagsamba sa mg adiyos-diyosan. Sapagkat itinakuwil mo ang salita ng PANGINOON, itinakuwil ka rin niya sa pagiging hari."*Nakahanda si Saul na gawin ang lahat ng pag-aalay, ngunit nilinaw ni Samuel na ang mga pag-aalay ay hindi kung ano ang mga bagay na interesado ang Diyos.

Ang kahulugan ng salitang *"pakikinig"* ay makinig sa Diyos at gawin kung ano ang Kanyang sinasabi. Ang mahalaga sa Diyos ay ang mga sumusunod at nakikinig sa Kanya. "*...Tiyak, ang pagsunod ay mas mabuti kaysa alay, at ang pakikinig kaysa taba ng mga tupang lalaki."*

**Ang Gawang-Matuwid ni Zipora**

Si Moises ay nailigtas sa pagpatay ng Panginoon sa bahay pahingahan sa pamamagitan ng gawa ng katuwiran ng kanyang asawa. Mababasa natin sa Exodo 4:25-26, *"Ngunit kumuha si Zipora ng isang batong matalim, pinutol ang balat sa ari ng kanyang anak na lalaki at ipinahid sa mga paa ni Moises. Kanyang sinabi, "Tunay na ikaw ay isang asawa sa dugo sa akin." Sa gayo'y kanyang binitiwan siya. Nang magkagayo'y kanyang sinabi, "Ikaw ay isang asawa sa dugo sa akin, sa pamamagitan ng pagtutuli."*Si Zipora ang nagkusang tuliin ang kanilang anak na lalaki dahil hindi ito ginawa ni Moises. Sa pagkakataong ito, siya ay higit na matapat kaysa kay Moises, dahilan sa hindi niya sinunod ang tipan ni Abraham (natuliin ang mga lalaking anak). Ang bagay na ito ay nagdulot ng malaking alitan sa pagitan ni Moises at Zipora.

Lumalabas dito na sa maraming paraan si Zipora ay lumakad nang malapit sa Diyos kaysa kay Moises sa loob ng 40 taon sa ilang. Ipinapakita na si Moises pumasok sa isang sandali ng espirituwal na panghihina ng loob sa panahon na siya ay nasa ilang. Kaya madalas ay may kaibahan sa pagitan ng isang lalaki at isang babae. Ang babae ay madalas na may kakayahang magtiyaga kaysa sa lalaki.

Ang isang makadiyos na asawang babae ay kayang makagawa ng lahat ng pagkakaiba sa buhay ng isang tagapaglingkod. Maaari niyang patuloyna alalayan ang tagapaglingkod sa panahon ng isang mahabang pagsubok, at himukin siyang magpatuloy sa hangganan.

**3. Ang Pagtatagpo Kay Aaron**

Sa Exodo 4:27-28, kinatagpo ni Moises ang kanyang kapatid na si Aaron. *"Sinabi ng PANGINOON kay Aaron, "Pumaroon ka sa ilang upang salubungin si Moises." Siya'y pumaroon at kanyang na salubong si Moises sa bundok ng Diyos, at kanyang hinagkan ito. Isinalaysay ni Moises kay Aaron ang lahat ng salita ng PANGINOON na ipinagbilin sa kanya na sabihin, at ang lahat ng mga tandang ipinagbilin sa kanyang gawin."*

Ang pagkikitang ito ay napakahalaga, dahil si Aaron ang tatayong katuwang ni Moises, at kinailangan niya munang masalo ang pangitain bago ito maibahagi sa iba. Ang susi ay para sa punong pastor na maipasa ang kanyang pangitain sa kanyang katuwang na pastor o sa bise-presidente ng kanyang ministeryo. Ang Espiritu ng Diyos ang magpapatotoo nito sakanyang puso upang makatayo nang matatag ang dalawa.

**4. Ang Pagtitipon ng mga Matatanda**

Inihayag ng Panginoon ang prinsipyong ito sa Exodo 3:16, *"Humayo ka at tipunin mo ang matatanda sa Israel at sabihin mo sakanila, 'Ang PANGINOON, ang Diyos ng inyong mga ninuno, ang Diyos nina Abraham, Isaac, at Jacob ay nagpakitasa akin,*

*na nagsasabi, "Tunay na kayo'y Aking dinalaw at Aking nakita ang ginagawa sa inyo sa Ehipto."*

Pagkatapos niyang makipagkita kay Aaron, tinipon ni Moises ang mga matatanda ng Israel at inihayag sa kanila ang plano ng Diyos, *"Sina Moises at Aaron ay naparoon at tinipon ang lahat ng matatanda sa mga anak ni Israel. Sinabi ni Aaron ang lahat ng salita na sinabi ng PANGINOON kay Moises at ginawa ang mga tanda sa harap ng taong-bayan. Ang taong-bayan ay naniwala at nang kanilang marinig na dinalaw ng PANGINOON ang mga anak ni Israel at kanyang nakita ang kanilang paghihirap, sila'y yumukod at sumamba."* (Exodo 4:29-31). Ang kaayusan ng kapahayagan ng Diyos ay napakaliwanag na ipinakita sa atin dito. Una Niyang inihayag ang kanyang plano kay Moises; pagkatapos, ito ay inihayag ni Moises kay Aaron. Magkasama itong inihayag ni Moises at ni Aaron sa mga matatanda ng Israel, at pagkatapos ay ibinahagi naman nila ito sa buong kongregasyon ng Israel.

Nakita ko ang maraming pastor na nakagawa ng mga mabibigat na pagkakamali dahil binalewala nila ang mga mahahalagang talata hakbang na ito. Dahil sa kanilang kapabayaan, ay hindi niyakap ng kanilang mga iglesya ang mga sinasabi ng Diyos. Sa ilang mga sitwasyon, ang resultang dulot nito ay paghihiwalay ng iglesya. Ang mga pastor ay hindi dapat magpahayag ng bagong direksiyon para sa iglesiya hangga't hindi muna ito ibinabahagi sa mga kasama nilang pastor at mga namumuno sa iglesya.

*"Sinabi ni Aaron ang lahat ng salita na sinabi ng PANGINOON kay Moises at ginawa ang mga tanda sa harap ng taong-bayan."* (Exodo 4:30). Ang buong kongregasyon ng mga anak ni Israel ay

naniwala at niyakap ang mensahe ni Moises. Iniyuko pa nga nila ang kanilang mga ulo at sinamba ang Panginoon. Bakit nila niyakap ang kanyang mensahe? Dahil si Moises ay may buong suporta mula kay Aaron at ng mga matatanda. Si Moises ay nagsalita na may kapangyarihan ng isang nagkakaisang pamunuan. Hindi ko mabigyan ng sobrang-diin ang kahalagahan nito. Mayroong napakatinding kapangyarihan sa pagkakaisa.

# Kabanata 4
## Ministeryo sa Ehipto

### 1. Ang Unang Pagtanggi kay Moises ng Faraon

Pagkatapos yakapin ng mga anak ni Israel ang kanilang mensahe, si Moises at si Aaron ay humarap sa Faraon at ipinahayag ang Salita ng Diyos sa kanya. Tandaan na nasa likod ni Moises ang nagkakaisang pamunuan, ang naniniwalang kongregasyon, at ang Diyos na maliwanag na nag-utos at nagsugo sa kanya. Subalit, may hari na tumanggi sa kanyang mensahe.

Ang unang pagtanggi ng Faraon sa mensahe ay makikita sa Exodo 5:1-4, *"Pagkatapos nito, si Moises at si Aaron ay pumunta kay Faraon at sinabi, "Ganito ang sabi ng PANGINOON, ang Diyos ng Israel, 'Hayaan mong umalis ang Aking bayan upang magdiwang sila ng kapistahan sa ilang para sa Akin.' " Ngunit sinabi ni Faraon, "Sino ang PANGINOON na aking papakinggan ang Kanyang tinig, upang pahintulutan kong umalis ang Israel? Hindi ko kilala ang PANGINOON at saka hindi ko papahintulutang umalis ang Israel." Kanilang sinabi, "Ang Diyos ng mga Hebreo ay nakipagtagpo sa amin. Ipinapakiusap namin sa iyo, pahintulutan mo kaming maglakbay ng tatlong araw sa ilang at mag-alay sa PANGINOON naming Diyos, kung hindi ay darating Siya sa amin na may salot o tabak." Ngunit sinabi sa kanila ng hari ng Ehipto, "Moises at Aaron, bakit ninyo inilalayo ang bayan sa kanilang mga gawain? Pumaroon kayo sa inyong mga gawain."*

Ating isaalang-alang ang kahulugan ng Ehipto at ng Faraon. Ang pangunahing kayamanan ng Ehipto ay ang mga piramide, kung saan ay tinitirhan ng mga momya (mga kalansay) ng mga yumaong Faraon. Ibig sabihin nito, ang Ehipto, na dalubha sa sapag-eembalsamo ng mga patay, ay kumakatawan sa kamatayan. Ito ay kumakatawan din sa sanlibutang ito, dahil ang katapusan ng sanlibutang ito ay kamatayan at impiyerno, na matatagpuan sa pinakamalalim na bahagi ng mundo (Roma 6:21). Si Ezekiel ay sinabihang umiyak para sa maraming tao sa Ehipto at para sa mga bansang hindi ligtas na bumaba doon sa pinakamalalim na bahagi ng daigdig (Ezekiel 32:18).

Ang Faraon mismo ay may ahas na nakaukit sa kanyang korona. Gaya ng nauna nating napag-aralan na ang ahas ay kumakatawan kay Satanas. Samakatuwid, ang Faraon ay kumakatawan kay Satanas, ang prinsipe ng sanlibutang ito. Si Faraon ay maaari ring kumatawan sa mga namamayaning espiritu ng mga demonyo sa ating lungsod o lokalidad. Kapag nangako ang Panginoon na ipapamahala sa iyo ang iyong lungsod o lokalidad para kay Cristo, Kailangan mong ipahayag ang pangakong iyan sa iyong katuwang na pastor at sa mga matatanda. Huwag mong kalilimutan na Kailangan mong sagupain ang mga puwersa ni Satanas na nangingibaw sa lugar na iyon. Hindi magkaroon ng espirituwal na kalayaan hangga't ang namamayaning kapangyarihan ay mapabagsak.

### 2. Karagdagang Kabigatan

Dagdag pa sa pagtanggi sa mensahe ni Moises, ang Faraon ay gumanti sa pamamagitan ng pagpataw ng karagdagang mga

kabigatan para sa mga Israelita. Malalaman natin ang malupit na pagtrato ng Faraon sa Exodo 5:5-9, *"Sinabi ni Faraon, "Ang mga tao sa lupain ay marami na ngayon, at inyong pinapapagpahinga sila sa kanilang mga gawain!" Nang araw ding iyon ay iniutos ng Faraon sa mga tagapangasiwasang mga tao at sakanilang mga kapatas, "Huwag na ninyong bibigyan ang mga tao ng dayami sa paggawa ng tisa, na gaya ng dati. Sila ang pumaroon at magtipon ng dayami para sakanilang sarili. Ngunit ang bilang ng mga tisa na kanilang dating ginagawa ay siya rin ninyong iaatang sa kanila. Wala kayong babawasin sapagkat sila'y mga tamad. Kaya't sila'y dumadaing na nagsasabi, 'Hayaan mo kaming umalis at maghandog sa aming Diyos.' Lalo ninyong pabigatin ang gawain ng mga lalaki upang kanilang pagpagalan at huwag nilang pansinin ang mga kabulaanang salita."*

### 3. Ang Pagtanggi ng Israel kay Moises

Sa halip na bumuti, ang sitwasyon ng mga Israelita Pagkatapos nilang yakapin ang mensahe ni Moises ay lalong lumala. Mababasa natin sa Exodo 5:20-21, *"Pagkagaling nila kay Faraon, pumunta sila kina Moises at Aaron na naghihintay na makatagpo sila. Sinabi nila sa kanila, "Kayo nawa'y tingnan ng PANGINOON at hatulan! Ang aming katayuan ay ginawa ninyong nakakamuhi sa mga mata ni Faraon at sa kanyang mga lingkod, na naglagay ng tabak sa kanilang kamay upang kami ay patayin."*

Ang parehong mga tao na tumanggap ng mga palatandaan at naniwala sa mensahe nina Moises at Aaron, ngayon ay tumutuligsa sa kanila. Sinisi ng mga anak ni Israel ang sitwasyon

kina Moises at Aaron, at hiniling pa sa Diyos na parusahan sila. Ang mga tagapag-utos, na kumakatawan sa pang-aalipin, ay nagpataw pa ng dagdag na kabigatan sa mga Israelita.

Madalas ang ating mga pasanin o problema ay nagdadag dagan Pagkatapos mangusap ng Diyos sa atin at sinisikap nating sundin ang Kanyang tinig. Kapag ang isang lider ay nakakarinig sa Diyos, at sinisikap niyang dalhin ang iglesya o ministeryo sa direksiyon na iyon, siya ay sasalungatin ni Satanas. Bagaman sa simula at tila yayakapin ng kongregasyon ang bagong direksiyon, gagawa si Satanas ng mga bagay na mangyayari upang panghinaan ng loob ang mga tao at sisikaping mawala ang kanilang tiwala sa kanilang lider. Ang ilang tao ay maaaring magkaroon ng sakit at ang mga pasanin ng iba ay mas bibigat pa. Dito maaaring magsimula ang kanilang pagdududa at sisisihin ang pastor dahil sa mga problema. Ang lider ay palaging na sisisi kapag may masamang nangyayari. Ang mga namumuno ay dapat maging handa sa mga pagsalungat mula sa demonyo at minsan ay mula mismo sa kanilang sariling nasasakupan.

Maaaring sabihin ng mga tao sa kanilang pastor, "Dati tayo ay sumasamba sa Panginoon at nagkakaroon ng maluwalhating gawain. Ngayon, napakahirap nang katagpuin ang Diyos. Naririnig mo pa ba talaga ang tinig ng Diyos? Baka nagkamali ka lang." Ito rin ang naging asal ng mga anak ng Israel kay Moises na makikita natin sa Exodo 6:9, *"Gayon ang sinabi ni Moises sa mga anak ni Israel; Subalit hindi sila nakinig kay Moises dahil sa panlulupaypay at sa malupit na pagkaalipin."*

Paano hinarap ni Moises ang pagtanggi ng mga Israelita? Siya ay lumapit sa Panginoon sa panalangin. Mababasa natin sa Exodo 5:22-23, *"Si Moises ay Bumalik sa PANGINOON at nagsabi, " PANGINOON, bakit mo ginawan ng masama ang bayang ito? Bakit mo pa ako isinugo? Mula nang ako'y pumaroon kay Faraon upang magsalita sa Iyong pangalan ay kanyang ginawan ng kasamaan ang bayang ito at hindi mo man lamang iniligtas ang Iyong bayan."* Ang solusyon sa bawat pagsubok na ating kinakaharap sa buhay ay ang paglapit sa Panginoon at hanapin ang Kanyang payo. Ang lider ay dapat palaging Bumalik sa Panginoon. Siya ang ating mapagkukunan (1 Corinto 15:28).

Nakilala ni Moises ang kamay ng Diyos sa karagdagang kabigatan ng mga Israelita, kaya't sinabi niya, "Panginoon, bakit mo ginawan ng masama ang bayang ito?" Sa medaling salita, kanyang sinasabi, "O Diyos, bakit Mo hinayaang mangyari ito?" Kailangan din nating makilala ang dakilang kapangyarihan ng Diyos sa ating buhay. Walang saysay kung sisisihin natin kaagad ang diyablo (o mga tao) sa lahat ng nangyayari sa atin. Dapat nating maunawaan na walang maaaring mangyari sa atin malibang pahintulutan ito ng Diyos, gaya ng nakita natin sa buhay ni Job. Kailangan nating hanapin ang Diyos at itanong kung ano ang ginagawa Niya sa ating buhay.

Gayundin, mula sa Exodo 5:23, ay nalaman natin na hindi nakakakuha ang lider ng kabuuang kapahayagan ng minsanan. Ang akala ni Moises ay mabilis lamang ang magiging pagpapalaya. Hindi siya nakahanda sa isang matagal at mahirap na pakikipaglaban. Pinaniwala din ni Moises ang mga anak ni Israel na ang kanilang paglaya mula sa Ehipto ay magiging

mabilis lang. Madalas, ang mga lider ay walang malinaw na kaunawaan kung gaano katagal ang kakailanganin ng Diyos upang maisakatuparan ang Kanyang kalooban at mga layunin. Kapag ang Diyos ay nagsalita, inaasahan nating ito ay mangyayari agad kinabukasan. Subalit, sa halos lahat ng pagkakataon ay maramingbukas ang daraan bago ito mangyayari. Maaari pa nga itong umabot ng mga taon.

Pagkatapos ay sinabi ng Panginoon kay Moises, *"Subalit sinabi ng PANGINOON kay Moises, "Ngayo'y makikita mo kung ano ang gagawin ko kay Faraon, sapagkat sa pamamagitan ng makapangyarihang kamay ay kanyang paaalisin sila, at sa pamamagitan ng isang makapangyarihang kamay ay kanyang palalayasin sila sa kanyang lupain."* (Exodo 6:1). Ibig sabihin, sinasabi ng Panginoon na sa panahong tapos na Siya sa Faraon, ay ikasisiya pa nito na palayasin ang mga anak ni Israel.

Kadalasan, hindi ibinibigay ng Diyos sa atin ang isang kumpletong kapahayagan. Hindi Niya maaaring ilahad ang kabuuan ng mangyayari dahil hindi natin matatagalang makita ang lahat. Hindi kakayanin ng ating espiritu na malaman ang mga kaguluhan, kagipitan, at mga pagsubok na ating kakaharapin. Sa Kanyang karunungan, ay Ibinibigay lang ng Panginoon ang sulyap ng kung ano ang kabuuan ng Kanyang magiging layunin. Hindi Niya gaanong idinidetalye kung ano ang mangyayari mula ngayon at sa darating.

Sa Exodo 6:1, sinabi ng Panginoon kay Moises na makikita niya ang panghuling resulta, *"Ngayo'y makikita mo kung ano ang gagawin ko kay Faraon…"*Ngunit hindi Niya sinabi ang lahat ng

mga pagsasalungat at mga pagkaantala na kanyang haharapin bago mangyari ang huling resulta. Sa Exodo 6:2-3, kinatagpo ng Panginoon si Moises at ibinigay sa kanya ang panibagong kapahayagan ng Kanyang pangalan, "Jehovah,"*"Sinabi ng Diyos kay Moises, "Ako ang PANGINOON. Ako'y nagpakita kay Abraham, kay Isaac, at kay Jacob bilang Diyos na Makapangyarihan sa lahat; ngunit hindi ako nagpakilala sa kanila sa pangalang Jehovah, noon ay hindi Ako napakilala sa kanila.”*

Sa Exodo 6:4-8, binigyan ng Diyossi Moises ng ilang kahanga-hangang pangako para sa mga Israelita, *"Akin ding itinatag ang Aking tipan sa kanila na ibibigay Ko sa kanila ang lupain ng Canaan, ang lupain na kung saan sila'y nakipanirahan. Bukod dito'y Aking narinig ang daing ng mga anak ni Israel na inaalipin ng mga Ehipcio at aking naalala ang Aking tipan. Kaya't sabihin mo sa mga anak ni Israel, 'Ako ang PANGINOON at Aking ilalabas kayo sa ilalim ng mga pasanin ng mga Ehipcio, at aking hahanguin kayo sapagkat alipin sa kanila, at aking tutubusin kayo na may nakaunat na kamay at may mga dakilang kahatulan. Kayo'y aking aariing aking bayan at ako'y magiging Diyos ninyo at inyong malalaman na ako'y PANGINOON ninyong Diyos na nagpalaya sa inyo sa pagpapahirap ng mga Ehipcio. Dadalhin ko kayo sa lupain na aking ipinangakong ibibigay kina Abraham, Isaac, at Jacob; at Aking ibibigay ito sa inyo bilang pamana. Ako ang PANGINOON.' "*

### 4. Ang Pagtutol ng Israel na Makinig

Pagkatapos ng panibangong pakikipagtagpo na ito sa Diyos, si Moises ay napalakas. Nagkaroon siya ng panibagong tapang na magsalita sa mga tao. Ngunit, mababasa natin, *"Gayon ang sinabi ni Moises sa mga anak ni Israel; Subalit hindi sila nakinig kay Moises dahil sa panlulupaypay at sa malupit na pagkaalipin."* (Exodo 6:9).

Ang reaksiyon ng Panginoon sa pagmamatigas ng Faraon at sa kawalan ng kakayahan ng Israel na makinig ay makikita sa Exodo 6:10-13, *"Ang PANGINOON ay nagsalita kay Moises, "Pumasok ka, sabihin mo kay Faraon na hari ng Ehipto na kanyang pahintulutang umalis sa lupain niya ang mga anak ni Israel." Ngunit si Moises ay nagsalita sa PANGINOON, "Ang mga anak ni Israel ay hindi nakinig sa akin; paano ngang makikinig si Faraon sa akin, ako na isang di-mahusay na tagapagsalita? "Subalit ang PANGINOON ay nagsalita kay Moises at kay Aaron, at pinagbilinan sila tungkol sa mga anak ni Israel, at kay Faraon na hari ng Ehipto, upang ilabas ang mga anak ni Israel sa lupain ng Ehipto."*Binigyan ng PANGINOON si Moises at Aaron ng utos—ang Israel ay lalabas sa Ehipto.

### 5. Ginawa Bilang Diyos Kay Faraon

Sa Exodo 7:1, si Moises ay iniluklok sa mas mataas na ministeryo at tinanggap niya ang karagdagang pagpapahid. *"Sinabi ng PANGINOON kay Moises, "Tingnan mo, ginawa kita bilang Diyos kay Faraon, at si Aaron na iyong kapatid ay magiging*

*iyong propeta."*Walang ibang tao na nauna kay Moises na ginawang diyos sa Ehipto.

Pagkatapos makuha ni Moises ang sariwang pahayag mula sa Diyos sa Kanyang pangalan, at ang bagong espirituwal na balabal, ang Panginoon ay nagbigay sa kanya ng kaalaman sa mga paghihirap na darating sa Faraon, *"Iyong sasabihin ang lahat ng Aking iniuutos sa iyo; at sasabihin kay Faraon ni Aaron na iyong kapatid upang pahintulutan ang mga anak ni Israel na lumabas sa kanyang lupain. Subalit Aking papatigasin ang puso ni Faraon at Aking pararamihin ang Aking mga tanda at mga kababalaghan sa lupain ng Ehipto."* (Exodo 7:2-3). Sa pamamagitan ng bago niyang balabal, nagawang batahin ni Moises ang kaalaman na ito ay hindi magiging madali. Nalaman niya na magkakaroon ng pakikipaglaban.

Ganito rin ang ginagawa ng Diyos sa ating mga buhay. Ipinapakita Niya sa atin ang sulyap ng kung ano ang pagkatawag Niya sa atin, at habang nagpapatuloy, ay binibigyan Niya ng liwanag ang mga bagay. Karaniwan ay hindi Niya ipinapaalam sa atin ang mga pagbabata at mga kagipitan na ating mararanasan sa ating daraanan. Kung alam natin ang lahat ng mangyayari, hindi natin kakayaning batahin ang mga ito. Maraming mag-aaral sa paaralan ng Bibliya ang nag-iisip na narrating na nila ang pagkatawag ng Diyos sa kanila nang sila ay pumasok sa paaralan, ngunit sa katunayan iyon ay pasimula pa lang. Mayroon pang panahon ng paghahanda na darating.

## 6. Ang Pagkompronta sa mga Salamangkero

Hinarap nina Moises at Aaron ang Faraon at ang kanyang mga salamangkero sa Exodo 7:10-13, *"Kaya't sina Moises at Aaron ay pumunta kay Faraon at kanilang ginawa ang ayon sa iniutos ng PANGINOON. Inihagis ni Aaron ang kanyang tungkod sa harap ni Faraon at ng kanyang mga lingkod at ito'y naging ahas. Nang magkagayo'y ipinatawag naman ni Faraon ang mga pantas at ang mga manggagaway, at ang mga salamangkero sa Ehipto ay gumawa ng gayundin ayon sa kanilang mga lihim na kaalaman. Inihagis ng bawat isa ang kanya-kanyang tungkod at naging mga ahas. Ngunit nilamon ng tungkod ni Aaron ang mga tungkod nila. Ang puso ni Faraon ay nagmatigas pa rin, at hindi niya pinakinggan sila gaya ng sinabi ng PANGINOON."*

Ang mga pangalan ng mga salamangkero ay hindi nakatala sa aklat ng Exodo, ngunit inihayag ni Pablo ang kanilang mga pangalan makaraan ang ilang siglo bilang sina Janes at Jambres sa 2 Timoteo 3:8, *"Kung paanong sina Janes at Jambres ay sumalungat kay Moises, ang mga ito'y sumasalungat din sa katotohanan, mga taong masasama ang pag-iisip at mga nagtakuwil sa pananampalataya."*

Inihagis ni Aaron ang kanyang tungkod sa harap ni Faraon at ng kanyang mga salamangkero at ito'y naging ahas. Inihagis din ni Janes at Jambres ang kanilang mga tungkod at sila ay naging ahas din. Subalit, nilamon ng tungkod ni Aaron ang kanilang mga tungkod. Inilalarawan nito ang isang mahalagang katotohanan: Si Satanas ay may kakayahan ding gumawa ng kaparehong mga milagro gaya ng Diyos.

Kayang gawing huwad ni Satanas ang lahat ng kaloob ng Espiritu. Maraming taon na ang nakalipas sa ibang bansa, sa isang pananambahan, ay nasaksihan ko ang inakala ko na isan gmakapangyarihang pagpapakita ng kaloob ng propesiya at salita ng kaalaman, ng isang tao. Napakatumpak ng kanyang kapahayagan sa bawat detalye sa buhay ng isang tao. Halos mamangha ako, ngunit binuksan ng Panginoon ang aking espirituwal na mga mata at na kita ko ang isang nahulog na anghel na nakatayo sa tabi ng tao at siya'y binibigyan ng lahat ng impormasyon. Kailangan nating hingin sa Panginoon na bigyan tayo ng pagkilala sa mga espiritu upang ating makita ang kaibahan sa pagitan ng mga gawa ng Banal na Espiritu at ang gawa ng diyablo.

## Pinagmatigas ni Faraon ang KanyangPuso

Mababasa natin sa Exodo 7:13-14 na pinatigas ng Faraon ang kanyang puso, *"Ang puso ni Faraon ay nagmatigas pa rin, at hindi niya pinakinggan sila gaya ng sinabi ng PANGINOON. Pinagmatigas ni Faraon ang kanyang puso. Sinabi ng PANGINOON kay Moises, "Ang puso ni Faraon ay nagmamatigas, ayaw niyang paalisin ang bayan."*

Ang sabi ni Pablo sa Roma 9:17-18, *"Sapagkat sinasabi ng kasulatan kay Faraon, "Dahil sa layuning ito, ay itinaas kita, upang Aking maipakita sa pamamagitan mo ang Aking kapangyarihan, at upang ang Aking pangalan ay maipahayag sa buong lupa." Kaya nga siya'y may awa sa Kanyang maibigan, at Kanyang pinagmamatigas ang puso ng sinumang kanyang maibigan."*

Kung ating susuriing mabuti, makikita natin na pinagmatigas ng Faraon ang kanyang puso nang sampung beses, at pinagmatigas din ng Diyos ang pusong Faraon ng sampung beses. Dumarating ang panahon na pinapagmamatigas ng Diyos ang puso ng mga taong patuloy na gumagawa ng kasamaan.

Ang Roma 9:19-23 ay nagpatuloy sa pagbuo ng temang ito ng soberanya ng Diyos, *"Kaya't sasabihin mo sa akin, "Bakit humahanap pa Siya ng kamalian? Sapagkat sino ang makakasalungat sa Kanyang kalooban?" Ngunit, sino ka, O tao, na makikipagtalo sa Diyos? Sasabihin ba ng bagay na hinubog doon sa humubog sa kanya, "Bakit mo ako ginawang ganito?" O wala bang karapatan ang magpapalayok sa luwad, upang gumawa mula sa iisang limpak ng isang sisidlan para sa marangal na gamit at ang isa'y para sa pangkaraniwang gamit? Ano nga kung sa pagnanais ng Diyos na ipakita ang Kanyang poot, at ipakilala ang Kanyang kapangyarihan, ay nagtitiis na may pagtitiyaga sa mga kinapopootan Niya na inihanda para sa pagkawasak; upang maipakilala Niya ang kayamanan ng Kanyang kaluwalhatian sa mga kinaaawaan, na Kanyang inihandan ang una pa para sa kaluwalhatian."*

Malinaw na sinasabi ng Salita ng Diyos na pinagmamatigas ng Diyos kung sino ang ninanais Niya, ngunit Kanyang ipinapakita naman ang Kanyang kahabagan sa kung sino ang Kanyang pinipili. Ito ang ating tinatawag na soberanyang Diyos. Subalit, nagiging patibong ito sa tao kapag siya ay naniwala na dahil ang lahat ng bagay ay nasa ilalim ng kapangyarihan ng Diyos, ang tao ay wala ng magagawa sa bagay na iyon.

Ito ay magiging katulad ng larong tses kung saan pinatitigas ng Diyos ang puso ng isang tao, at nilalagay siya sa kwadradong iyan, ang isasakwadrong ito; at kung mangyari na ikaw ang naging putting piraso ng tses (ligtas), ay magiging maayos ka, ngunit kung sakali namang ikaw ay isang pirasong itim ng tses (hindi ligtas), may problema ka. Maaaring makatukso ito sa isang tao na mag-isip na kung nasaan siya sa laro ng buhay, at kung siya ba ay isang pirasong bagay lamang na nakapuwesto kung saan siya nilalagay ng makapangyarihang Diyos.

Ang aklat ng Exodo ay nagbibigay ng kasaysayan sa likod ng pahayag na ginawa ni Pablo sa Roma tungkol sa Faraon, isang kasaysayan na kailangang maingat na maobserbahan. Bakit pinagmatigas ng Diyos ang puso ng Faraon? Maliwanag na makikita natin sa Exodo 1:8-10, *"At may bumangong isang bagong hari sa Ehipto na hindi kilala si Jose. Sinabi niya sa kanyang bayan, "Tingnan ninyo, ang sambayanan ng mga anak ni Israel ay mas marami at higit na malakas kaysa atin. Halikayo, pakitunguhan natin sila nang may katusuhan, baka sila'y dumami at mangyari na kapag nagkaroon ng digmaan ay umanib sila sa ating mga kaaway, lumaban sa atin, at umalis sa lupain."*Itinuon ng Faraon ang kanyang puso laban sa bayan ng Diyos. Samakatuwid, maliwanag na ang Faraon, at hindi ang Diyos, ang nagtakda sa patutunguhan ng kanyang buhay.

Kailangan nating maunawaan ang kapangyarihan ng Diyos sa lahat ng bagay, at dapat din nating maunawaan ang malayang pagpili ng tao. Ang Diyos ay may Kanyang bahagi, at ang tao ay may kanya ring bahagi. Sinasabi ng Awit 18:25-26, *“Sa tapat ay ipinakita Mo ang Iyong sarili bilang tapat; sa mga walang dungis*

*ay ipinakita Mo ang sarili bilang walang dungis. Sa dalisay ay ipinakita Mo ang sarili bilang dalisay; at sa liko ay ipinakita Mo ang sarili bilang masama."*

Kung tayo ay mahabagin, tayo ay Kanyang kahahabagan. Kung tayo ay tapat sa Kanya, Siya ay magiging tapat sa atin. Subalit, kung tayo ay mapanlinlang, hahayaan din ng Diyos na tayo ay malilinlang. Ipinapakita sa atin dito na tayo ay kinakatagpo ng Diyos ayon sa direksiyon na ating pinatutunguhan. Kaya, dahil nagmatigas ang Faraon sa kanyang puso laban sa mga anak ng Israel, pinagmatigas din ng Diyos ang kanyang puso.

Ang tao ay binigyan ng malayang pagpili at kakayahang gumawa ng sarili niyang pagpipili. Ang soberanya ng Diyos at ang kalooban ng tao ay magkalakip na gumagawa. Hindi tayo mga papet sa panali ng Diyos.Tayo ay pinakikitunguhan ng Diyos ayon sa kondisyon at disposisyon ng ating mga puso. Mababasa natin sa Daniel 2:21, *"Siya ang nagbabago ng mga panahon at mga kapanahunan; Siya'y nag-aalis ng mga hari, at naglalagay ng mga hari; Siya'y nagbibigay ng karunungan sa marunong at ng kaalaman sa may pang-unawa; "*Sa kanino nagkakaloob ang Diyos ng karunungan? Doon sa mga marurunong. Sa kanino nagkakaloob ang Diyos ng kaalaman? Doon sa mga may pang-unawa.

Sinabi ni Jesus sa Lucas 19:26, *"Sinasabi ko sa inyo na sa bawat mayroon ay higit pang marami ang ibibigay; subalit ang wala, pati ang nasa kanya ay kukunin."* Inilalarawan nito ang prinsipyo ng Bibliya na prinsipyo din ng ekonomiya. Ang mayaman ay lalong yumayaman at ang mahirap ay lalong naghihirap. Ang

kasabihang, "Ang pera ay nanganganak ng pera" ay sobrang may katotohanan. Kailangan ng pera upang magkaroon ng pera. May isang pagpapala na umaayon dito, *"Mapapalad ang mga mahabagin, sapagkat sila'y kahahabagan"* (Mateo 5:7). Kung tayo ay may taglay na mahabaging puso, tayo ay higit na kahahabagan."

Kapag hindi maunawaan ng tao ang balanse sa pagitan ng soberanya ng Diyos at ang malayang pagpili ng tao, karaniwang sinisisi nila ang Diyos sa mga kabiguan ng tao. Ang ilang mga tao ay nagsasabi na hindi dapat sinisi ang Faraon dahil ang Diyos mismo ang nagtaas sa kanya para sa layuning iyon. Ang pakiwari nila, ay walang pagpipilian ang Faraon dahil pinagmatigas ng Diyos ang kanyang puso. Ngunit, Kailangan nating maunawaan kung bakit ginawa iyon ng Diyos. Ito ay dahil sa *pinagmatigas na mismo ng Faraon ang sarili niyang puso*. Ito ang paraan ng buhay para sakanya.

Ang Diyos ay nagbigay sa kanya ng pagkakataon upang gumawa ng tamang mga desisyon, ngunit siya ay tumanggi, na sinasabi sa Exodo 5:2, *"Ngunit sinabi ni Faraon, "Sino ang PANGINOON na aking papakinggan ang kanyang tinig, upang pahintulutan kong umalis ang Israel? Hindi ko kilala ang PANGINOON at saka hindi ko papahintulutang umalis ang Israel. "*Samakatuwid, sinadyang suwayin ng Faraon ang Panginoon. Tayo ay inilalagay ng Diyos sa landas na ating pinili para sa ating mga buhay. Kung ating pipiliing maglingkod at sumunod sa Diyos, igagalang Niya ang ating desisyon at tayo ay Kanyang pagkakalooban ng biyaya upang sumunod sa Kanya.

## 7. Ang Sampung Salot

Sa ika-7 kabanata ng Exodo, makikita natin ang simula ng sampung salot. Kailangan nating maunawaan ang dahilan ng pagpapatupad ng mga kahatulang ito. Pagkatapos ng lahat, kung ang Diyos ay nakikipagtuos lang sa isang taong mortal, hindi na Niya kailangang magpakita pa ng matinding kapangyarihan. Ang Diyos ay nakikipagtuos sa isang higit pa sa taong mortal.

Malinaw nating makikita ito saExodo 12:12, *"Sapagkat Ako'y dadaan sa lupain ng Ehipto sa gabing iyon at Aking pupuksain ang lahat ng mga panganay sa lupain ng Ehipto, maging tao man at hayop; at ilalapat Ko ang hatol* laban sa lahat ng mga diyos ng Ehipto: *Ako ang PANGINOON."* Ito ay kinukumpirma rin ng Bilang 33:4, *"Samantalang inililibing ng mga Ehipcio ang lahat ng kanilang panganay na nilipol ng PANGINOON sa gitna nila, pati ang kanilang mga diyos ay hinatulan ng PANGINOON."*

Sa pamamagitan ng mga salot na ito, hindi lamang ibinagsak ng Diyos ang kapangyarihan ng Faraon at pinaghirap ang Ehipto; ibinabagsak din Niya ang mga diyos-diyosan ng lupaing iyon—ang mga demonyo ng diyos na sinasamba ng mga Ehipcio.

**1. Ang Tubig ay Naging Dugo (Exodo 7:20-25)**—Ang Ilog Nilo ay ang pangunahing daluyan ng tubig ng Ehipto. Ito ay banal at sinasamba bilang diyos ng mga Ehipcio. Ginawang dugo ng Diyos ang tubig ng ilog bilang tanda ng kahatulan. Kaya, ibinagsak ng Diyos ang isa sa mga diyos nila. Ang lahat ng isda sa ilog ay mga namatay at hindi mainom ng mga Ehipcio ang tubig.

**2. Ang Mga Palaka (Exodo 8:1-15)** - Sa ikalawang salot, pinangyari ng Diyos na ang lupain ng Ehipto ay daluhungin at pinsalain ng mga palaka. Ang palaka ay isa pa sa diyos ng Ehipcio. Kung kaya, pinangyari ng Diyos na kamuhian ng mga Ehipcio ang mismong mga palaka na kanilang sinasamba.

Sa Salita ng Diyos, ang palaka ay kumakatawan sa isang karumaldumal na espiritu, at bulaang propesiya sa partikular. Ito ay inilarawan sa Pahayag 16:13, *"At nakita kong lumabas sa bibig ng dragon at mula sa bibig ng halimaw at mula sa bibig ng bulaang propeta ang tatlong espiritung karumaldumal, na gaya ng mga palaka."*

Ang mga salamangkerong Ehipcio ay inatasan ding gawin ang kababalaghang ito, ngunit hindi nila nagawang pabalikin ang mga palaka sa mga ilog at lawa. Ang Faraon ay Nakiusap kay Moises na hilingin sa Panginoon na paalisin ang mga palaka (Exodo 8:8). Kinabukasan, pinangyari ni Moises na ang mga palaka sa kanilang mga tahanan at bukirin ay mamatay at natira na lamang ang mga na sa ilog. Subalit, Pagkatapos mamatay ng mga ito, pinagmatigas na naman ng Faraon ang kanyang puso at hindi hinayaan ang mga anak ni Israel na umalis sa Ehipto.

**3. Ang Mga Kuto (Exodo 8:16-19)** - Ang ikatlong salot ay ang mga kuto. Sinabuyan ng Panginoon ang lupain ng mga kuto dahil sinasamba rin ng mga Ehipcio ang kanilang lupain. Lahat ng mga alikabok sa lupain ay naging mga kuto.

Nagawang gayahin ng mga salamangkerong Ehipcio ang naunang dalawang salot, ngunit hindi nila nakayang kopyahin ang isang

gawa ng paglikha. Kinilalang mga salamangkero ang kamay ng Diyos, na sinasabi sa Faraon sa Exodo 8:19, *"Ito ay kamay ng Diyos."* Isa pang salamangkero sa Bagong Tipan na kinilala ang kamay ng Diyos ay si Simon ang mangkukulam (Gawa 8:9-24). Magkagayunman, hindi nakinig si Faraon sa kanyang mga salamangkero at lalo pang pinagmatigas ang kanyangpuso.

**4. Ang Mga Langaw (Exodo 8:20-32)** - Ang ikaapat na salot ay ang kulumpon ng mga langaw. Si Beelzebul, na ang ibig sabihin ay "panginoon ng mga langaw", ay isa sa mga titulo ni Satanas (Lucas 11:14-19). Ang salot na ito ay isang kahatulan sa lupain ng Ehipto, at para na rin kay Satanas.

Sa pagkakataong ito ang Panginoon ay gumawa ng pagkakaiba sa pagitan ng Kanyang bayan at ang mga Ehipcio. Iningatan Niya sila mula sa kahatulang ito. Muli ay makikita natin ang kaparusahan ng Diyos na bumababa sa mga diyos ng Ehipto, sapagkat si Moises ay may kapangyarihan higit sa lahat ng mga diyos na ito at sa mga demonyong espiritu na nasa likuran nila. Sa puntong ito, ay gumawa ang Faraon ng kanyang unang alok sa isang pagbabakasakali ng pakikipagkasundo kay Moises sa Exodo 8:25, at sinundan ng pangalawang alok sa Exodo 8:28.

**5. Ang Salot sa Alagang Hayop (Exodo 9:1-7)** - Ang ikalimang salot ay ang sa mga bakang Ehipto dahil ang mga Ehipcio ay sumasamba sa mga diyos-diyosan at mga diyos na kawangis ng baka. Si Apis ay ang sagradong diyos na baka sa Memphis. Ang kanilang mga diyos na baka at mga diyos-diyosan ay makikitang naka tayo sa mga museo ng Ehipcio, Amerika, at Britania kung saan mayroong mga Ehiptologo. Kahit ang mga Israelita ay

gumawa man din ng isang gintong diyos-diyosan sa anyong guya sa ilang (Exodo 32:4). Hinatulan ng Diyos ang diyos-diyosan ng mga Ehipciong ito (tingnan Ezekiel 20:6-17).

Muli ay gumawa ng pagkakaiba ang Panginoon sa pagitan ng Kanyang bayan at ng mga Ehipcio. Namatay ang mga baka ng Ehipcio, ngunit nanatiling buhay ang mga baka ng mga Israelita.

**6. Mga Pigsa (Exodo 9:8-12)**—Ang ikaanim na salot ay ang mga pigsa, ang natatanging pinakamasakit na kahatulan dahil inatake nito ang kanilang laman. Ang mga Ehipcio ay mahahalay at imoral, gaya ng ipinapakita sa si naunang sining ng mga Ehipcio. Samakatuwid, ay hinahatulan ng Diyos ang kanilang kahalayan at imoralidad.

Ang mga salamangkero ay hindi na makatayo sa harapan ni Moises dahil kahit sila mismo ay nagkaroon din ng mga pigsa. Mababasa natin sa Exodo 9:11-12, "*Ang mga salamangkero ay hindi makatayo sa harap ni Moises dahil sa mga pigsa; sapagkat nagkapigsa ang mga salamangkero at ang lahat ng mga Ehipcio. Ngunit pinatigas ng PANGINOON ang puso ng Faraon at hindi niya dininig sila gaya ng sinabi ng PANGINOON kay Moises. "*Kahit Pagkatapos nang lahat ng ito, ay hindi pa rin nagpakumbaba ang Faraon sa Panginoon.

**7. Ang Pag-ulan ng Yelo (Exodo 9:13-35)** - Ang ikapitong salot ay ang pag-ulan ng yelo na may kasamang apoy (Awit 78:47-48; 105:32). Ito ay isang kahatulan sa agrikultura ng Ehipto, na sinasamba ng mga Ehipcio. Sinasamba din nila si Osiris, ang diyos ng apoy. Doon sa mga nagbalewala sa babala at nanatili sa

bukirin ay mga namatay kasama ng mga puno at mga halamang-gamot.

Sa puntong ito, ay kinilala pa ng Faraon ang kanyang kasalanan at inamin na ang Panginoon ay matuwid ngunit siya at ang kanyang mamamayan ay mga masasama. Ngunit nang tumigil ang pag-ulan ng yelo, ay muli na namang pinatigas ng Faraon ang kanyang puso at hindi pinayagang umalis ang mga Israelita (Exodo 9:34-35).

**8. Ang Mga Balang (Exodo 10:1-20)** —Ang ikawalong salot ay ang mga balang (Awit 78:46). Sinasamba ng Ehipto si Sebeh, ang diyos na insekto. Higit ang kapangyarihan ni Moises sa diyos na ito at hinamak niya ito sa pamamagitan ng pag-utos niya sa mga balang na punuin ang lupain at ubusin ang lahat nang hindi nawasak ng yelo. Hinatulan ng Diyos ang pinagkukunan ng pagkain ng mga Ehipcio at sila ay nagutom.

Sa Exodo 10:7, nakiusap ang mga pinuno ng Faraon na paalisin na ang mga anak ni Israel sa Ehipto. Ang Faraon ay naghaing muli ng kanyang ikatlong alok kay Moises upang palayain na ang ang mga anak ng Israel, sa kondisyon na ang mga batang Hebreo ay manatili sa Ehipto (Exodo 10:8-11).

**9. Ang Kadiliman (Exodo 10:21-23)** - Ang ikasiyam na salot ay ang ganap na kadiliman sa Ehipto sa loob ng tatlong araw, habang ang mga anak ng Israel ay mayroong liwanag. Ang isa sa mga pangunahing diyos ng Ehipto ay si Ra, ang diyos ng araw. Marahil ay sinasamba nila ang araw ng higit sa ibang mga diyos. Kahit ang pangalan ng Faraon ang ibig sabihin ay araw. Kung

kaya, nang nagdala ang Diyos ng kadiliman sa lupain ng Ehipto, ay winasak Niya ang kapangyarihan ng diyos ng araw.

**10. Ang Pagpatay sa mga Panganay (Exodo12)** - Ang ikasampung salot ay ang pagpatay sa lahat ng panganay ng Ehipto. Sinabi ng Panginoon sa Exodo 12:12-13, "*Sapagkat Ako'y dadaan sa lupain ng Ehipto sa gabing iyon at Aking pupuksain ang lahat ng mga panganay sa lupain ng Ehipto, maging tao man at hayop; at ilalapat Ko ang hatol laban sa lahat ng mga diyos ng Ehipto: Ako ang PANGINOON. Ang dugo ay magiging sa inyo'y isang tanda sa mga bahay na inyong kinaroroonan; kapag Aking nakita ang dugo, lalampasan Ko kayo at walang salot napapatay sa inyo, kapag pinuksa Ko ang lupain ng Ehipto."*

Ang mga panganay na anak at mga panganay ng mga alagang hayop ng mga Ehipcio ay pinatay ng Panginoon, kasama na ang panganay ng Faraon. Ano ang layunin sa pagpatay sa mga panganay? Ang Israel ay ang panganay ng Diyos, at ayaw silang palayain ng Faraon. Kaya nagkaroon ng palitan ng mga panganay. Waring, sinabi ng Diyos sa Faraon, "Kung hindi mo palalayain ang Aking panganay, papaslangin ko ang iyong panganay." Ito ay magbibigay sa atin ng ideya ng mga paliwanag sa likod ng mga salot—upang ipakita ang lubos na kapangyarihan ng Diyos, at upang wasakin ang kanilang mga diyos, sa pagsira sa kanilang kapangyarihan.

## Ang mga diyos ng Ehipcio na hinatulan ng Diyos sa pamamagitan ng Sampung Salot

| SALOT: | BULAANG DIYOS NA HINATULAN: |
|---|---|
| 1. Ang tubig ay naging dugo | Ang ilog ng Nilo |
| 2. Ang mga palaka | Ang palaka ng diyos |
| 3. Ang mga kuto | Ang lupain |
| 4. Ang mga langaw | Beelzebul, diyos ng mga langaw |
| 5. Ang kamatayan ng mga baka | Ang bakang diyos |
| 6. Ang mga pigsa | Ang diyos ng kahalayan |
| 7. Ang yelong ulan | Ang diyos ng agrikultura at si Osiris, ang diyos ng apoy |
| 8. Ang mga balang | Si Sebeh, ang diyos ng mga insekto |
| 9. Ang kadiliman | Ra, ang diyos na araw |
| 10. Ang pagpatay sa mgapanganay | Ang diyos ng pagmamataas ng mga panganay |

### Apat na mga Panukala ng Kompromiso ni Faraon

Sinubukan ng Faraon na makipagtawaran at makipagkasundo kay Moises sa apat na pagkakataon; at sa bawa't pakikipagkasundo ay may kasamang kondisyon. Ang apat na panukalang ito ay siya

ring mapanlinlang na paraan ng kompromiso na ginagamit ni Satanas sa lahat ng henerasyon upang tuksuhin at siluin ang bayan ng Diyos. Magtatagumpay tayo kung ating oobserbahan ang mga ito at ilalagay sa ating isipan.

**1. Iminungkahi ng Faraon na sambahin ng mga Israelita ang Panginoon sa lupain ng Ehipto**. Ang sabi sa Exodo 8:25, *Pagkatapos, ipinatawag ng Faraon sina Moises at Aaron at sinabi, "Humayo kayo, maghandog kayo sa inyong Diyos sa loob ng lupain. "*Hinimok ni Satanas ang mga tinubos na manatili sa “lupain,” o manatili sa Ehipto (ang sanlibutan). Ang mga Kristiyano na nagsisikap maglingkod sa Panginoon at nananatili sa sanlibutan ay nauuwi sa pakikitulad sa pamamaraan ng sanlibutan, at pakikipag-kompromiso sa kanilang pamantayan sa moralidad (Roma 12:2).

**2. Iminungkahi ng Faraon sa mga Israelita na lumisan sa Ehipto ngunit huwag masyadong lumayo.** Sinabi ng Faraon sa Exodo 8:28, *"Papayagan kong umalis kayo upang kayo'y makapaghandog sa Panginoon ninyo ng Diyos sa ilang. Huwag lamang kayong masyadong lalayo. Idalangin ninyo ako. "*Sa totoo lang, ay sinasabi ni Satanas na "manatiling malapit sa sanlibutan. Huwag maging masyadong espirituwal.”

Si Demas ay hindi lubusang lumayo sa kanyang pagkahumaling sa mga bagay ng sanlibutang ito, at kinalaunan ay na akit rin nila siyang Bumalik sa sanlibutan.Ang sabi ni Pablo sa 2 Timoteo 4:9-10, *"Magsikap kang pumarito agad sa akin, sapagkat iniwan ako ni Demas, na umibig sa sanlibutang ito, at nagtungo sa Tesalonica…”*

**3. Iminungkahi ng Faraon na lumisan ang mga Israelita sa Ehipto, ngunit ang kanilang mga asawa at mga anak ay mananatili sa Ehipto.** Mababasa natin sa Exodo 10:8-11, *"Kaya't ipinasundo ng Faraon sina Moises at Aaron. Sinabi niya, "Kung papayagan ko kayong umalis upang sumamba kay Yahweh, sinu-sino ang inyong isasama?" Sumagot si Moises, "Lahat po kami, mula sa pinakabata hanggang sa pinakamatanda. Dadalhin din naming lahat ang aming mga tupa, kambing at mga baka. Kailangan pong kasamang lahat sapagkat ipagpipista namin si Yahweh." Sinabi ng Faraon, "Tawagin na ninyo si Yahweh, hindi ko papayagang isama ninyo ang inyong mga asawa't mga anak. Maliwanag na may binabalak kayong masama. Hindi ako papaya na isama ninyo ang lahat, kayo nalang mga lalaki ang umalis upang sumamba sa inyong Yahweh kung iyan ang gusto ninyo." Pagkasabi nito'y ipinagtabuyan sila ng Faraon."*

Napakaraming mga magulang ang nagsisikap magkaroon ng isang makadiyos napamumuhay, ngunit hinahayaan ang kanilang mga anak namamuhay ayon sa sanlibutan .Maraming mga magulang ang naghahangad ng makamundong kasaganaan para sakanilang mga anak kapalit ng kanilang paglagong espirituwal.

**4. Iminungkahi ng Faraon sa mga Israelita na umalis sa Ehipto na hindi kasama ang kanilang mga kawan at mga baka.** Sinabi ng Faraon kay Moises sa Exodo 10:24, *Ipinatawag ng Faraon si Moises at sinabi, "Humayo kayo, maglingkod kayo sa Panginoon; iwan lamang ninyo ang inyong mga kawan at ang inyong mga baka. Isamana rin ninyo ang inyong mga anak."* Kung wala ang kanilang mga kawan at mga baka, ay wala ring

maihahandog ang mga Israelita sa Panginoon. Ito ay kumakatawan sa pagkakatali sa maraming kaabalahan sa buhay na ito, na wala na tayong panahon, lakas, at kabuhayan upang ialay sa Panginoon.

**8. Ang Pagtatalaga ng Paskuwa**

Katulad ng ating nabanggit sa Panimula ng aklat na ito, titingnan natin ang pitong Pista ng Panginoon gaya ng kung paano ito inugnay sa ating buhay ayon sa ating pag-aaral ng "Ang Paglalakbay ng Israel." Ang mga mananampalataya ay tinawag upang ipagdiwang ang pitong Pista na ito.

Itinalaga ng Panginoon ang Paskuwa bago pa man mangyari ang ikasampu at huling salot, ang pagpatay sa mga panganay. Kagaya nang nauna na nating sinabi, kinakatawan ng Ehipto ang lupain ng kamatayan. Pinapakahulugan ng Paskuwa ang kaligtasan sa pamamagitan ng dugo ng Kordero dahil ang dugo sa mga hamba ng mga tahanan ng Hebreo ang nakapagligtas sa kanilang mga buhay. Ang lunas sa kamatayan ay ang pagtigis ng dugo ng Kordero.

Sinabi ni Pablo sa Hebreo 10:1, *"Yamang ang kautusan ay anino lamang ng mabubuting bagay na darating, at hindi ang tunay na larawan ng mga bagay na ito, kailanman ay hindi nito mapapasakdal ang mga lumalapit sa pamamagitan ng gayunding mga alay na lagging inihahandog taun-taon."* Ang mga uri at simbolo nahango sa Bibliya ay mga anino ng mga katotohanan na kanilang kinakatawan. (Hindi sila palaging eksakto, kaya dapat

tayong maging maingat na hindi sila magbigyan ng sobrang pakahulugan).

Ang Paskuwa ay ipinagdiwang sa unang buwan, na makikita sa Exodo 12:2, *"Ang buwang ito'y magiging pasimula ng inyong mga buwan; ito ang magiging unang buwan ng taon para sa inyo. "*Espirituwal nating ipinagdiriwang ang Paskuwa sa simula ng ating paglakad bilang Kristiyano nang maranasan natin ang kaligtasan.

Ang sabi ng Panginoon sa Exodo 12:3, *"Sabihin ninyo sa buong kapulungan ng Israel: sa ikasampung araw ng buwang ito ay kukuha ang bawat lalaki sa kanila ng isang kordero, ayon sa mga sambahayan ng kani-kanilang mga ninuno, isang kordero sa bawatsambahayan. "*Ito ay ang ikasampung araw ng unang buwan. Sa mga numerong biblical ang bilang na sampu ay tumutukoy sa Kautusan.

Dahil ang tupa ay inialay sa ikasampung araw ay nangangahulugan na Kailangan nitong tuparin ang kautusan. Sa Mateo 5:17, sinabi ng Panginoong Jesus, *"Huwag ninyong isiping pumarito ako upang sirain ang kautusan o ang mga propeta; pumarito ako hindi upang sirain, kundi upang tuparin ang mga ito."*Tunay nga, na ang Panginoong Jesu-Cristo ang Siyang tunay na Kordero ng Paskuwa, dahil ganap Niyang natupad ang Kautusan ng LumangTipan.

Ang Kordero ng Paskuwa ay kailangang walang kapintasan, gaya ng makikita sa Exodo 12:5, *"Ang inyong kordero ay walang kapintasan, isang lalaki na isang taong gulang; inyong kukunin*

*ito sa mga tupa o sa mga kambing."* Si Jesu-Cristo, ang ating Kordero ng Paskuwa, ay walang kapintasan o kasalanan. Sinasabi sa 1 Pedro1:19, *"kundi ng mahalagang dugo ni Kristo, gaya ng sa korderong walang kapintasan at walang dungis."*

Sinabi ni Pablo sa 2 Corinto 5:21, *"Para sa ating kapakanan, ginawa niyang may kasalanan siya na hindi nakakilala ng kasalanan, upang sa kanya tayo'y maging katuwiran ng Diyos."* Si Cristo ay tinukso sa lahat ng bagay katulad rin natin, ngunit hindi Siya nagkasala sa anumang paraan (Hebreo 4:15).

Isa pang aspeto ng kordero ng Paskuwa ay hindi siya maaaring magkaroon ng anumang baling buto, gaya ng makikita sa Exodo 12:46, *"Sa loob ng isang bahay kakaini niyon; huwag kang magdadala ng laman sa labas ng bahay, ni huwag ninyong babaliin kahit isan gbuto niyon."*

Ang binting bali ay simbolo ng pagsuway. Sa sinaunang panahon, pinipilayan ng mga pastol ang binti ng mga masuwayin at pagala-galang tupa upang hindi na sila muling makagala papalayo.

Ito ay propesiya rin sa Panginoong Jesus. Ang sabi sa Awit 34:20, "*Lahat nitong mga buto ay iningatan niya, sa mga iyon ay hindi na babalin iisa. "*Tinupad ng Panginoon ang bawat aspeto ng kordero ng Paskuwa (Juan 19:33-36, 1 Corinto 5:7, Pahayag 5:6).

Mababasa natin sa Exodo 12:6, *"Iyon ay inyong iingatan hanggang sa ikalabing-apat na araw ng buwang ito, at papatayin ng buong kapulungan ng kapisanan ng Israel ang kanilang mga kordero sa paglubog ng araw."* Ang kordero ay dadalhin sa

katayan sa ikasampung araw at papatayin sa ikalabing-apat na araw kinagabihan. Sa loob ng apat na araw na iyon, ang kordero ay susuriin upang matiyak na ito ay walang kapintasan.

Si Cristo, ang ating Kordero ng Paskuwa, ay sinuri ng apat na tao: sina Anas, Caifas, Herod, at Pilato. Wala silang nakitang kamalian sa Kanya. Sa halos magkaparehong paraan, tayo ay sinusuri ng apat na grupo: ang sanlibutan, ang Iglesya, si Satanas, at ang Panginoon. Sinasabi sa atin ng Exodo 12:6 na ang buong kongregasyon ng Israel ang pumatay saKordero ng Paskuwa. Sa gayunding paraan, ang mga Hudyo ang nagpako sa Panginoong Jesu-Cristo.

Kinailangan ng mga Israelita na kunin ang dugo ng kordero at ipapahid sa mga gilid at ibabaw ng mga hamba ng pintuan ng kanilang mga tahanan, na makikita sa Exodo 12:7, *"Pagkatapos, kukuha sila ng dugo, at ilalagay sa dalawang haligi ng pinto at sa itaas ng pintuan, sa mga bahay na kanilang kakainan."*

May isang Pista pa na itinalaga kasabay ng Paskuwa, ang Pista ng Tinapay Na Walang Lebadura. Ang dalawang pistang ito ay kailangang ipagpatuloy, dahil sila ay magpawalang-hanggang katotohanan na naaangkop sa lahat ng henerasyon.

Mababasa natin sa Exodo 12:8-10, *"Kanilang kakainin sa gabing iyon ang kordero; kanilang kakainin ito na inihaw sa apoy, kasama ang tinapay na walang pampaalsa at mapapait na gulay. Huwag ninyo itong kakaining hilaw, o pinakuluan man sa tubig, kundi inihaw sa apoy, pati ang ulo, ang paa at mga lamang loob nito. Huwag kayong magtitira ng anuman nito hanggang sa*

*kinaumagahan; ang matitira hanggang sa kinaumagahan ay inyong susunugin sa apoy."*

Ang katawan ni Cristo, ang Kordero ng Paskuwa, ay kumakatawan sa Kanyang Salita. Si Cristo mismo ang nagsabing Siya ang Tinapay ng Buhay (Juan 6:35). Kailangan nating kumain ng Salita ng Diyos. Sinabi ni Jesus sa Juan 6:53, *Sinabi nga sa kanila ni Jesus, "Katotohanang sinasabi ko sa inyo,malibang inyong kainin ang laman ng Anak ng Tao at inumin ang kanyang dugo, wala kayong buhay sa inyong sarili."* Kung maubusan ka ng dugo, mamamatay ka. Kaya, tayo ay inutusang inumin ang dugo dahil ang Kanyang buhay at Kanyang Espiritu ay nasa dugo. Hindi natin literal na kinakain ang Kanyang katawan at iniinom ang Kanyang dugo. Ang Komunyon, ang simbolo ng kautusang ito. Ang mga sagisag ng komunyon kung saan tayo ay nakikibahagi ang natatanging kumakatawan sa Kanyang katawan at dugo (1 Corinto 11:23-26).

Sa Exodo 12:11, ay mababasa natin ang kapamaraanan ng mga Israelita kung paano kainin ang Paskuwa ng pagkain. *"Sa ganitong paraan ninyo kakainin ito: may bigkis ang inyong baywang, ang mga sandalyas ay nakasuot sa inyong mga paa, at ang inyong tungkod ay nasa inyong kamay; at dali-dali ninyong kakainin ito. Ito ang Paskuwa ng PANGINOON."* Ito ay pagsasalarawan ng paghahanda para sa isang paglalakbay. Ang sinumang nakagayak ay nakahandang maglakbay. Atin ngang nauunawaan, na noong tinanggap natin si Cristo bilang ating Tagapagligtas, tayo ay nagsimula sa isang paglalakbay at patungo sa isang destinasyon.

Sinabi ng Panginoon sa Exodo 12:13*, "Ang dugo ay magiging sa inyo'y isang tanda sa mga bahay na inyong kinaroroonan; kapag Aking nakita ang dugo, lalampasan Ko kayo at walang salot napapatay sa inyo, kapag pinuksa Ko ang lupain ng Ehipto. "*Upang maliligtas sa kamatayan, kinailangang ipahid ng mga Israelita ang dugo ng kordero sa kanilang mga tahanan. Sa gayon ding paraan, bilang mga mananampalataya, ang dugo ni Cristo ay ang ating proteksyon. Kung walang pagdanak ng dugo ay walang kapatawaran ng mga kasalanan. Ito'y sa pamamagitan ng Kanyang dugo na pinatatawad at nililinis tayo sa ating mga kasalanan (Hebreo 9:22).

Ayon sa Exodo 12:15, *"Pitong araw na kakain kayo ng tinapay na walang pampaalsa. Sa unang araw ay inyong aalisin sa inyong mga bahay ang pampaalsa, sapagkat sinumang kumain ng tinapay na may pampaalsa, mula sa unang araw hanggang sa ikapitong araw ay ititiwalag sa Israel. "*Ang Pista ng Tinapay Na Walang Lebadura ay itinatag kasabay ng Paskuwa (Exodo 12:17, Lev. 23:6). Ang mga Israelita ay inutusang kumain ng tinapay na walang lebadura sa loob ng pitong araw (Deut. 16:3-8).

Ang lebadura, ay simbolo ng kasalanan (1 Cor. 5:6-8), pagpapaimbabaw (Luc. 12:1), at maling doktrina (Mat. 16:12). Kaya, ang tinapay na walang lebadura ay kumakatawan sa puro, dalisay na Salita ng Diyos. Ang bilang na pito ay may kahulugang *"pagtatapos."* Ang bilang na pito ay nagpapahiwatig din ng simula at katapusan ng ating buhay espirituwal. Samakatuwid, mula sa simula ng ating karanasan bilang Kristiyano hanggang sa katapusan ng ating buhay, ay kailangan nating basahin ang purong Salita ng Diyos.

*"Sa unang araw ay inyong aalisin sa inyong mga bahay ang pampaalsa"* Sa unang araw pa lamang, ay Kailangan nang alisin ng mga Israelita ang lahat ng lebadura sa kanilang mga tahanan. Bilang mga mananampalataya, Kailangan ay agad natin simulang alisin ang lahat ng lebadura mula sa ating mga buhay Pagkatapos na tayo ay maligtas. Kasama na rito ang paglilinis sa ating mga tahanan at sa ating buhay mula sa hindi makadiyos na mga babasahin, larawan, aklat, relika, at mga palabas sa telebisyon.

Ang sabi ni David, *"Hindi ko ilalagay sa harapan ng aking mga mata ang anumang hamak na bagay. Kinapopootan ko ang gawa ng mga tumalikod; hindi ito kakapit sa akin."* (Awit 101:3). Kailangan nating maging maingat lalong-lalo nasa mga aklat, dahil maraming aklat (kahit na ang mga relihiyosong aklat) ay nagtataglay ng masasamang espiritu. Ang ilang mga relika mula sa ibang mga bansa ay nagtataglay din ng mga masasamang espiritu. Tayo ay inuutusan sa Bilang 33:52 na wasakin ang lahat ng mga larawan na hindi mabuti, dahil maaari tayong pasukan ng masamang espiritu sa pamamagitan ng ating mga mata kung ating titingnan ang masasama at hindi makadiyos na mga larawan.

Kinailangan ding isawsaw ng mga Israelita ang isopo sa dugong nakalagay sa palanggana upang ipahid ito sa mga hamba ng pinto ng kanilang mga tahanan. Mababasa natin sa Exodo 12:22, *"Kayo'y kumuha ng isang bigkis na isopo, inyong ilubog sa dugo na nasa palanggana, at inyong pahiran ng dugo ang itaas ng pinto at ang dalawang haligi ng pinto ng dugong nasa palanggana; sinuman sa inyo ay huwag lalabas sa pinto ng kanyang bahay hanggang sa kinaumagahan.* "Ang isopo ay isang maliit na tanim na may maraming maliliit na tumpok ng bulaklak.

Si David ay nanalangin sa Panginoon ayon sa Awit 51:7, *"Linisin mo ako ng isopo, at ako'y magiging malinis; hugasan mo ako at ako'y magiging higit na maputi kaysa niyebe. "*Ang isopo ay may kaugnayan sa paglilinis. Samakatuwid, ating Masasabi na ang isopong isinawsaw sa dugo ay kumakatawan sa katotohanang espirituwal na ang dugo ni Cristo ay naglilinis sa atin.

Ang kapangyarihan ng dugo ni Cristo, ang Kordero ng Diyos, ay makikita sa Exodo 12:23, *"Sapagkat ang Panginoon ay daraan upang patayin ang mga Ehipcio; pagkakita niya ng dugo sa itaas ng pinto at sa dalawang haligi ng pinto, lalampasan ng Panginoon ang pintong iyon at hindi niya hahayaang pumasok ang mamumuksa sa inyong mga bahay upang patayin kayo."* **Maliwanag sa Banal na Kasulatan na si Satanas ay kontrolado ng Diyos.** Maaari lamang niyang gawin ang mga bagay na pinahihintulutan ng Diyos.

Tayo ay protektado ng Diyos habang tayo ay nanatiling nababalutan ng dugo ni Cristo. Pinoprotektahan tayo ng Kanyang dugo laban sa kahatulan. Walang ibang makapagpapatawad sa ating mga kasalanan. Ibinigay sa atin ng Unang Juan 1:7 ang susi, *"Ngunit kung tayo'y lumalakad sa liwanag, na tulad niya na nasa liwanag, may pakikisama tayo sa isa't isa, at ang dugo ni Hesus na kanyang Anak ang lumilinis sa atin sa lahat ng kasalanan. "*Ito ay ang paglakad sa liwanag sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanyang Salita.

## 9. Papunta sa Dagat na Pula, Pagpapayaman

### Pagkatapos ng mga Pagsubok

Sinasabi sa Exodo 12:35-36, *"Ginawa ng mga anak ni Israel ang ayon sa sinabi sa kanila ni Moises; sila'y Humingi sa mga Ehipcio ng mga alahas na pilak, mga alahas na ginto, at mga damit. Binigyan ng PANGINOON ang bayan ng biyaya sa paningin ng mga Ehipcio, kaya't ibinigay sa kanila ang anumang hingin nila. Kaya't kanilang sinamsaman ang mga Ehipcio. "*Ibig sabihin, ay tatanggapin ng Israel sa loob ng isang gabi ang kanilang kabayaran sa loob ng ilang daang taon na sila ay naging mga alipin sa Ehipto.

Ito ay isang katuparan ng pangakong Panginoon kay Abraham sa Genesis 15:14 (ayon din sa Awit 105:37), *"...Ngunit ang bansang kanilang paglilingkuran ay aking hahatulan; at pagkatapos ay aalis sila na may malaking ari-arian. "*Ito ay prinsipyo ng Diyos na tayo ay Kanyang pagyayamanin pagkatapos ng mahaba at mahirap na mga pagsubok.

Ang sabi sa Awit 66:10-12, *"Sapagkat ikaw, O Diyos, ang sumubok sa amin; sinubok Mo kami na gaya ng pagsubok sa pilak. Iyong inilagay kami sa lambat; nilagyan Mo ng malapit na pasan ang aming mga balikat. Hinayaan Mong sakyan ng mga tao ang aming mga ulo; kami ay dumaan sa apoy at sa tubig; at dinala Mo kami sa kasaganaan."*

Pagkatapos ng pagsubok ni Job, siya ay pinagyaman ng Panginoon at pinagpala nang makalawang ulit sa kung ano ang

mayroon siya bago mangyari ang pagsubok. "*Nang magkagayo'y pumunta sa kanya ang lahat niyang mga kapatid na lalaki at babae, at lahat na naging kakilala niyan ang una, at kumain ng tinapay na kasalo niya sa kanyang bahay. Nakiramay sila sa kanya, at inaliw siya tungkol salahat ng kasamaan na ibinigay sa kanya ng PANGINOON. Bawat tao'y nagbigay sa kanya ng isang pirasong salapi, at singsing na ginto* (Job 42:11).

Ito naman ang pangako sa Isaias 61:7, *"Magtatamo kayo ng dalawang bahagi sa halip na kahihiyan, sa halip na paghamak ay magagalak kayo sa inyong kapalaran; kaya't sa inyong lupain ay dalawang bahagi ang aariin ninyo, walang hanggang kagalakan ang mapapasa inyo. "*Ipinangako rin sa Zacarias 9:12 para sa mga bilanggo, "*Bumalik kayo sa inyong muog, kayong mga bilanggo na may pag-asa, ngayo'y ipinahahayag ko na aking ibabalik sa inyo nang makalawa. "*Pagkatapos nating mapagtagumpayan ang isang pagsubok (isang kawalan o sakit ng kalooban), ay darating ang panahon ng pagpapayaman— natural, espirituwal, o kabuhayan.

**Mula sa Rameses Hanggang sa Sucot**

Ang unang bahagi ng paglalakbay ng mgaa nak ng Israel ay mula sa Rameses hanggang sa Sucot (Bilang 33:5), na makikita sa Exodo 12:37, "*Ang mgaanakni Israel ay naglakbaymulasa Rameses hanggang sa Sucot, na may anim na raang libong lalaki na naglakad, bukod pa sa mga babae at mga bata."* Nasa halos humigit-kumulang sa anim na raang libo ang kalalakihan. Kung kasama ang mga babae at mga bata, maaaring nasa pagitan ng

dalawa hanggang sa tatlong milyong mga Israelita ang nasa panahon ng exodo.

**Ang Maraming Tao Mula sa Iba't-Ibang Lahi**

*"Iba't ibang lahi, mga kawan, mga baka, at na pakaraming hayop ang umahon ding kasama nila."* (Exodo 12:38). Hindi lamang ang bayan ng Diyos ang lumabas sa Ehipto, kundi kasama rin ang ilang mga Ehipcio at mga ibang lahi sa lupain. Ang pagkakaroon ng magkahalong mga mananampalataya at mga di-mananampalataya ay isang seryosong bagay kahit sa ating panahon.

Nais ko itong ikumpara sa Talinghaga ng Lambat. Ang sabi ni Jesus, "*Gayundin naman, ang kaharian ng langit ay tulad sa isanglambat na inihagis sa dagat at nakahuli ng iba't ibang uri ng isda. Nang ito ay mapuno, hinila nila ito sa pampang. Umupo sila at tinipon sa mga sisidlan ang mabubuti, ngunit itinapon ang masasama."* (Mateo 13:47-48). Lahat ng uri ng tao ay dumadalo sa bahay sambahan, sa usapang espirituwal, ang mabubuti at masasama. Kailangan nating siguruhin na ang lahat ay mabibigyan ng pagkakataong maligtas. Kasabay nito, Kailangan naman nating siguruhin na hindi mahahawaan ng mga masasamang "mansanas" ang mga mabubuting "mansanas" – iyong mga tao na nananatili sa kanilang masasamang gawi ay hindi hahawaan ang mga mabubuting tao.

**Ang Mga Buto Ni Jose**

Mababasa natin sa Exodo13:19 ang isang Panunumpa na pinagtibay ni Jose para sa mga anak ng Israel, maraming daang taon na ang nakalipas, "*Dinala ni Moises ang mga buto ni Jose sapagkat mahigpit niyang pinapanumpa ang mga anak ni Israel, na sinasabi, "Tiyak nabibigyang-pansin kayo ng Diyos, at inyong dadalhin ang aking mga buto mula rito na kasama ninyo.* "Ito ay tumutukoy sa Genesis 50:24-25, kung saan pinagtibay muli ni Jose ang pangako ng Diyos kay Abraham, Isaac, Jacob, nadadalhin ng Diyos ang kanilang binhi sa lupain ng Canaan at ipagkakatiwala ito upang kanilang manahin, "*At sinabi ni Jose sa kanyang mga kapatid, "Ako'y malapit nang mamatay; ngunit kayo'y tiyak na dadalawin ng Diyos, at dadalhin kayo mula sa lupaing ito hanggang sa lupain na kanyang ipinangako kina Abraham, Isaac at Jacob." Pagkatapos ay pinanumpa ni Jose ang mga anak ni Israel, na sinasabi, "Kapag dinalaw kayo ng Diyos, dadalhin ninyo ang aking mga buto mula rito."*

Sa isang banda, bagaman si Jose ay patay na, siya ay nakapangusap pa rin (Hebreo 11:4)! Siya ay namatay bago natupad ang pangako ng Diyos patungkol sa Lupang Pangako, ngunit siya ay nakapasok sa pangako sa pamamagitan ng pananampalataya. Ibig sabihin, ang isang lalake o babae ay maaaring mamatay bago dumating ang panahon ng pangako, ngunit mamanahin ang pagpapala ng ibang henerasyon. Sa medaling salita, sa pamamagitan ng pangitain at pananampalataya, ay maiaangkop at makakapasok ang mga tao sa mga pagpapala ng susunod na mga henerasyon.

**Sucot patungong Etam**

Mula sa Sucot, ang mga anak ng Israel ay naglakbay patungong Etam. Ating mababasa sa Exodo 13:20-22, "*Sila'y naglakbay mula sa Sucot at humimpil sa Etam, sa hangganan ng ilang. Ang PANGINOON ay nangunguna sa kanila sa araw, sa isang haliging ulap upang patnubayan sila sa daan; at sa gabi ay sa isang haliging apoy upang tanglawan sila; upang sila'y makapaglakad sa araw at sa gabi. Ang haliging ulap sa araw at ang haliging apoy sa gabi ay hindi umalis sa unahan ng taong-bayan."*

**Mula sa Etam hanggang Pihahirot, Migdol, at Baal-zefon**

Mula sa Etam, ang mga anak ng Israel ay naglakbay patungo sa Pihahirot, malapit sa Migdol at Baal-zefon, na naitala sa Exodo 14:2, *"Sabihin mo sa mga anak ni Israel na sila'y bumalik at humimpil sa tapat ng Pihahirot, sapagitan ng Migdol at ng dagat, sa tapat ng Baal-zefon; sa tapat niyon kayo hihimpil, sa tabi ng dagat."* Ang kahulugan ng "Baal' ay "panginoon," at ang Zefon ay hango sa ugat na salitang Hebreo na ang kahulugan ay "nakatago" o "madilim." Samakatuwid, ang isa sa mga kahulugan ng Baalzefon ay "ang panginoon ng kadiliman." Dinala sila ng Panginoon sa madilim nakaranasan upang pagkalooban sila ng malaking agumpay at wasakin ang kanilang mga kaaway.

**10. Ang Pagtugis ng Faraon**

Pinatigas ng Panginoon ang puso ng Faraon at hinayaa nitong tugisin  ang mga anak ng Israel upang maisagawa Niya ang

Kanyang huling kahatulan para rito at sa mga Ehipcio (Exodo 14:5-12). "*Sapagkat sasabihin ng Faraon tungkol sa mga anak ni Israel, 'Nagkabuhul-buhol sila sa lupain; sila'y nakukulong ng ilang.' Aking papatigasin ang puso ng Faraon, at kanyang hahabulin sila. Ako ay paparangalan sa pamamagitan ng Faraon, at sa lahat ng kanyang hukbo. Malalaman ng mga Ehipcio na ako ang PANGINOON." At gayon ang kanilang ginawa."* (Exodo 14:3-4).

Ang saloobin ng mga anak ng Israel ay lubhang kakaiba. Ating mababasa sa Exodo 14:10-11, "*Nang ang Faraon ay papalapit na, tumingin sa ikuran ang mga anak ni Israel, at nakita ng ang mga Ehipcio ay sumusunod sa kanila. Sila'y lubhang natakot, at ang mga anak ni Israel ay tumawag sa PANGINOON. Kanilang sinabi kay Moises, "Dahil ba sa walang libingan sa Ehipto, kung kaya dinala mo kami upang mamatay sa ilang? Anong ginawa mo sa amin, at inilabas mo kami sa Ehipto?"*

Nang makita ng mga anak ng Israel na sila ay tinutugis ng Faraon, sinabi nila, na sana'y hindi na sila umalis ng Ehipto. Maaaring isipin ng iba na sinabi ito ng mga anak ng Israel dahil sila ay napuno ng takot. Sa kasamaang-palad, marami na akong nakitang mga mananampalataya na naghayag ng katulad na saloobin sa mga mahihirap na sitwasyon. Maraming mananampalataya ang nagsabing sana ay nanatili na lamang sila sa sanlibutan. Naging madali pa sana sa kanila sa sanlibutan dahil wala silang pagbabata. Hindi sinasadya na ang ganitong kalagayan ay naitala sa Banal na Kasulatan para sa atin. Kailangan nating makilala ang kalagayan ng puso ng ilang tao.

Ipinagpatuloy nila sa Exodo 14:12, "*Hindi ba ito ang sinabi namin sa iyo sa Ehipto, 'Hayaan mo kaming mag-isa at pabayaan mo kaming makapaglingkod sa mga Ehipcio'? Sapagkat mas mabuti pa sa amin ang maglingkod sa mga Ehipcio kaysa mamatay sa ilang."* Ito ay nakakalungkot ngunit totoo na may mga taong iniibig pa ang pagkakaalipin. "*Sapagkat pinagtitiisan ninyo ito kapag inaalipin kayo, o kapag nilalapa kayo, o kapag kayo'y pinagsasamantalahan, o kapag pinagyayabangan, o kapag kayo'y sinasampal sa mukha."* (2 Corinto 11:20). Hindi lahat ay mayroong nais na makalaya sa pagkakaalipin.

Mga ilang taon na ang nakalipas, ilang tagapaglingkod ang nanalangin para sa isang ginang na sinapian ng mga 60 demonyo. Kanilang napalayas ang karamihan ng mga demonyo, ngunit tinuos parin nila ang ilang malalakas na ayaw talagang umalis.

Pagkatapos ay hiniling nila sa aming mag-asawa na pumunta at tulungan silang manalangin sa natitirang demonyo na lumayas. Sa biyaya ng Diyos, sa pamamagitan ng panalangin ay aming napalayas ang lahat ng demonyo maliban sa isa. Noong hinarap namin ang huli at natitirang demonyo, dumating ang isang makapangyarihang anghel ni Satanas at pinalakas ang demonyo. Mayroong isang dahilan kung bakit hindi namin mapalayas ang huling demonyo—ayaw niya itong isuko!

Alam naming nais ng Diyos napalayain ang ginang na ito at kaya Niyang gawin iyon. Kaya't sinabi namin sa kanya, "Maaari kang makalaya kung nanaisin mong makalaya." Ang demonyo ay gusto ng lumabas dahil hindi niya kaya ang kapangyarihan ng Diyos, ngunit ayaw niya itong payagan na umalis. Pagkatapos ay

nagsalita ang anghel ni Satanas sa pamamagitan ng ginang, "Buong paggalang na ipinapaalala ko sa inyo na ang tao ay nilalang na mas mababa kaysa sa mga anghel." Nais niyang malaman ng lahat na ang kanyang presensiya ay naroroon, at hindi siya maliit na demonyo. Kapag kanyang pinalalakas ang demonyo, wala talaga kaming nagagawa. Dahil ninais ng ginang namanatili sa kanyang pagkakaalipin, wala na kaming magagawa pa para sa kanya.

Kinagabihan, sinabi ng ginang sa kanyang mga kaibigan, "Maaari naman sana akong palaya ngayong gabi, ngunit nais ko pa ring manatili sa aking pagkaalipin." Ang ilang mga tao ay iniibig ang kanilang pagkaalipin. Dito sa Dagat na Pula, makikita natin ang kaparehong saloobin na nahayag sa mga Israelita—"*Hayaan mo na kami nang makapaglingkod kami sa mga Ehipcio."*

# Kabanata 5

## *Mula sa Dagat na Pula patungo sa Bundok ng Sinai*

### 1. Ang Pagtawid sa Dagat na Pula

Nang makita ng mga anak ni Israel na sila ay hinahabol ni Faraon, sila ay sinakluban ng takot (Ex. 14:10). Sinubukang pawiin ni Moises ang kanilang mga takot*: "Sinabi ni Moises sa bayan, 'Huwag kayong matakot, magpakatatag kayo, at masdan ninyo ang pagliligtas ng PANGINOON na kanyang gagawin sa inyo ngayon; sapagkat ang mga Ehipcio na inyo ng nakikita ngayon ay hindi na ninyo muling makikita kailanman. Ipaglalaban kayo ng PANGINOON at ang dapat lamang ninyong gawin ay manahimik.'"* (Ex. 14:13-14). Sa pamumuno ay kailangang panatilihin natin ang "huwag matakot" na saloobin, gaya ng ginawani Moises.

Sa kanilang akot, ang mga Israelita ay nagmadali at marahas na nagdesisyon na Bumalik na ng Ehipto. Ang pinakamahirap na panahon na gumawa ng isang pangunahing desisyon ay habang nasa oras ng kadiliman at kagipitan kapag ang lahat ng bagay ay nagiging mali. Huwag kailanman gumawa ng isang desisyon kapag ikaw ay nasa panahon ng kawalan ng pag-asa.

Nakalulungkot man, pero nakita ko ang maraming tao na tumalikod at nagpakasal sa maling tao sa panahon ng kanilang pagtalikod. Pagkalabas nila sa panahon na iyon ng panghihina at pagtalikod, nakapag-ipon n asila ng ilang bagay na kailanman ay hindi na nila maaalis pa.

Nangusap ang Diyos sa pamamagitan ni Moises na "*magpakatatag kayo, at masdan ninyo ang pagliligtas ng PANGINOON…"* Mga minamahal, magpakatatag sa mga panahon na ito ng kadiliman at kahirapan. Hayaan ninyong ulitin ko ito—Huwag kailanman gumawa ng isang desisyon kapag nasa panahon ng kawalan ng pag-asa.

## Ang "Magpatuloy" ng Diyos

Sinabi ng PANGINOON kay Moises sa Exodus 14:15, *"Bakit tumatawag ka sa akin? Sabihin mo sa mga anak ni Israel na sila'y magpatuloy."*Kapag ikaw ay naghahanap ng direksiyon at ang Diyos ay tahimik, manatili ka sa landas na iyong tinatahak sa kasalukuyan.

Maraming taon na ang nakalipas ako at ang aking may bahay ay nasa Cameroon, Kanlurang Aprika, Kinakailangan namin ng direksiyon dahil hindi namin alam kung ano ang susunod naming gagawin. Hindi namin tiyak kung kami ba ay babalik sa Inglatera, o pupunta sa Amerika o sa Zaire. Sumulat kami sa komite ng aming pagmimisyon, ang Evangelical Missions Home, na humihingi ng direksiyon kung kami ba ay pupunta sa Zaire o hindi, ngunit wala kaming natanggap na kasagutan. Gayunpaman, ang Panginoon ay nangusap sa amin na ang anghel ng Panginoon ay mauuna sa amin at maghihintay para sa amin sa Zaire.

Kami ay naninirahan sa isang bayan na tinatawag na Myuka, kung saan kilala bilang *libingan ng taong maputi*. Kahit ang mga brosyur ng bansa ay nagbibigay ng babala sa mga bisita na huwag pumunta roon. Ang init ay napakatindi na kinailangan naming

magpahinga tuwing hapon mula alas dos hanggang alas kwatro ng hapon. Hindi talaga namin kayang kumilos. Napakatindi talaga ng init na pagkatapos naming mahiga sa kama ng ilang saglit, ay makikita namin ang bakas ng aming katawan sa mga sapin nito dahil sa pawis. Ang karaniwang haba ng buhay na inaasahan sa bayang iyon ay aabot lamang ng mga 40 taon.

Isang hapon habang ako ay nasa higaan at nakatitig sa dingding, ay nakita ko ang ilang mga langgam na naglalakad, patawid sa isang papag kung saan na tapon ang gaas. Gaya ng alam ninyo, ang mga langgam ay nakadepende sa kanilang pang-amoy para sa kanilang direksiyon. Kung hindi ang isang maliit na langgam ay magpapatuloy hanggang sa makatagpo niya ang isa pa na magsasabing ayos lang na magpatuloy. Ganito ang paglalakbay nila.

Ang gaas ay naging sanhi na nawala nila ang kanilang pang-amoy. Masasabi ko na sila ay nalito at hindi na matiyak kung saan sila pupunta. Ang ilan sa kanila ay sumuko at bumalik, kaya hindi nila naabot ang kanilang pupuntahan. Hindi na sila nakapagpatuloy pa. Ngunit ang iba ay hinayaan gsundan ang bakas ng naunang langgam, kung kaya sila ay nagpatuloy at pinanatili ang daanan sa mismong may gaas. Nagawa nilang makatawid sa gaas, natapos ang kanilang paglalakbay at nakarating sa kanilang layunin. Ang Panginoon ay nangusap sa akin ng isang nakamamanghang katotohanan sa pamamagitan ng karanasang ito: "Mayroong mga patse ng gaas sa iyong daanan, ipagpatuloy mo ang paglalakbay at masusundan mong muli ang iyong nilalakaran."

Dahil nga rito, kahit na wala kaming natanggap na kasagutan mula sa mga komite namin sa pagmimisyon, nagdesisyon kami na manatili sa aming tinatahak at magpatuloy sa Zaire. Habang kami ay naglalakbay, paulit-ulit kong naririnig ang salitang ito mula sa Panginoon, "ang Aking anghel ay kasama ninyo." Sinabi ko sa aking asawa na hayaang na muna namin na maunang bumaba ang lahat sa eroplano bago kami. Nang bumaba na kami sa eroplano, nakita ko ang isang tao na nakahawak ng isang karatula na may pangalan ko. Sinabi ng Diyos, "Nakita mo, sinabi Ko nasa iyo na ang Aking anghel ay maunang maghihintay sa inyo roon." Dahil kami ay nagpatuloy sa Panginoon, muli naming nilakaran ang aming landasin; ang aming espituwa lna "pang-amoy" ay bumalik.

Ano ang punto ko? Kung ikaw ay dumadaan sa direksiyon na inordina ng Diyos para sa iyong buhay at ang mga bagay ay biglang naging nakakalito at hindi ka na makarinig sa Diyos, huwag kang mataranta. Magpatuloy ka sa daanan ng "patseng gaas" at makakabalik kang muli sa iyong landasin. Kung ikaw ay tatalikod, mawawala mo ang iyong landas, at hindi mo matatapos ang iyong misyon. Iyan ang kalagayan ng mga anak ni Israel nang panahong iyon.

Sinabi ng Panginoon, *"Magpatuloy."* Kaya naman sila ay tumawid sa Dagat na Pula. Bago nila ginawa, ang Diyos ay nagpamalas ng isa pang himala. *"Itaas mo ang iyong tungkod at iunat mo ang iyong kamay sa ibabaw ng dagat, at hawiin mo, upang ang mga anak ni Israel ay makaraan sa tuyong lupa sa gitna ng dagat. Aking pagmamatigasin ang puso ng mga Ehipcio upang sundan nila kayo at ako'y magkakaroon ng karangalan kay*

*Faraon at sa buo niyang hukbo, sa kanyang mga karwahe, at sa kanyang mga mangangabayo.”*(Ex. 14:16-17).

**Ang Kadiliman at Ang Liwanag**

Inilagay ng Panginoon ang haligi ng ulap na siyang naghati sa kampo ng Israel mula sa kampo ng Ehipto. Ang mga Ehipcio ay nasa ganap ng kadiliman, kung saan ang kampo naman ng mga Hebreo ay puno ng liwanag. *“Pagkatapos, ang anghel ng Diyos na nasa unahan ng hukbo ng Israel ay umalis at nagtungo sa hulihan nila; at ang haliging ulap ay umalis sa harap nila at nagtungo sa likod nila. Ito ay lumagay sapagitan ng hukbo ng Ehipto at ng hukbo ng Israel. Mayroong ulap at kadiliman, gayunma'y binigyan sila ng liwanag sa gabi at ang isa't isa ay hindi nagkalapit sa buong magdamag”* (Ex. 14:19-20). Kinokontrol ng Diyos ang kaaway. Ang Diyos ang palaging Panginoon ng bawat sitwasyon.

**Ang Paghahati ng mgaTubig**

Sa Exodo 14:21-22, hinati ng Panginoon ang mga tubig ng Dagat na Pula at ang mga anak ni Israel ay tumawid sa tuyong lupa. *“Pagkatapos, iniunat ni Moises ang kanyang kamay sa ibabaw ng dagat, at pinaghiwalay ng PANGINOON ang dagat sa pamamagitan ng isang malakas na hanging mula sa silangan sa buong magdamag, at ang dagat ay ginawang tuyong lupa at ang tubig ay nahawi. Ang mga anak ni Israel ay Pumasok sa gitna ng dagat sa ibabaw ng tuyong lupa, ang tubig ay naging isang pader sa kanila, sa kanilang gawing kanan at sa kanilang kaliwa.”* Sinasabi ng ilang mga tao na kaya nagawang makatawid ng mga

anak ni Israel sa Dagat na Pula at dahil sa ito ay napakababaw. Pakiramdam nila ay mayroong isang maliit na latian roon, kung kaya napakadali para sa kanila ang tumawid sa tuyong lupa. Gayunpaman, mas higit itong mangangailangan ng mas matinding himala kaysa sa paghati ng mga tubig, para malunod ang buong kasundaluhan ng Ehipcio kasama ang kanilang mga kabayo, sa kaunting tubig.

## Ang Pagpapahirap sa mga Ehipcio

Habang hinahabol ng mga Ehipcio ang mga Israelita, sila ay niligalig ng Panginoon. Mababasa natin sa Exodo 14:23-25, *Humabol ang mga Ehipcio at Pumasok na kasunod nila sa gitna ng dagat, lahat ng mga kabayo ng Faraon, ang kanyang mga karwahe, at ang kanyang mga mangangabayo. Sa pagbabantay sa kinaumagahan, tinunghayan ng PANGINOON ang hukbo ng mga Ehipcio sa gitna ng haliging apoy at ulap, at niligalig ang hukbo ng mga Ehipcio.Kanyang nilagyan ng bara ang gulong ng kanilang mga karwahe kaya't ang mga iyon ay hirap na hirap sapag-ikot; kaya't sinabi ng mga Ehipcio, "Takbuhan na natin ang Israel, sapagkat ipinaglalaban sila ng PANGINOON laban sa mg aEhipcio."* Ginawa ng Panginoon na magsitanggalan ang mga gulong ng kanilang mga karwahe.

## Ang Pagbabalik ng mga Tubig

Mababasa natin sa Exodo 14:27-28, *"Kaya't iniunat ni Moises ang kanyang kamay saibabaw ng dagat, at ang dagat ay Bumalik sa kanyang dating lalim nang mag-uumaga na. Habang ang mga Ehipcio ay tumatakas, inihagis ng PANGINOON ang mga Ehipcio*

*sa gitna ng dagat. Ang tubig ay bumalik at tinakpan ang mgakarwahe, ang mgamangangabayo, ang buong hukbo ng Faraon na sumunod sa kanila sa dagat; walang natira kahit isa sa kanila."*Iniligtas ng Diyos ang Israel nangaraw ding iyon mula sa kamay ng mgaEhipcio.

**Ang Simbolismo ng Pagtawid sa Dagat na Pula**

Napakahalaga na dapat ay alam na alam natin ang kasaysayan. Dahil ang pagtawid ng mga anak ni Israel sa Dagat na Pula ay isang napakamakahulugang pangyayari sa kasaysayan. Ang reperensiya para dito ay ginawang maraming ulit sa Kasulatan (Bil. 21:14, Deut. 11:4, Jos. 2:10; 4:23; 24:6, Neh. 9:9, Aw. 106:9-11, 22; 136:13-15, Gawa 7:36, Heb. 11:29). May napakaraming mga espirituwal na mga katotohanan at mga-aral ang konektado sa pangyayaring ito na may kinalaman sa iyo at sa akin.

Gaya ng nabanggit natin kanina, ang ating paglalakbay ay nagsisimula sa Ehipto habang nakikibahagi tayo sa dugo ng Kordero, at habang nakararanas tayo ng kaligtasan. Gayun din naman, sinisimulan natin ang ating Pista ng Tinapay na Walang Lebadura, kung saan tayo ay patuloy na pinapakain sa Dalisay na Salita ng Diyos. Pagkatapos ay dumarating tayo sa Dagat na Pula, kung saan ay sumasagisag ng bautismo sa tubig. Pagkatapos na tayo ay maligtas sa pamamagitan ng dugo ng Kordero at nagsimulang makibahagi sa Salita ng Diyos, ang susunod na pangunahing hakbang sa buhay Kristiyano ay ang mabautismuhan sa tubig. Ang bautismo sa tubig ay isa ring Gawain ng katuwiran (Mt. 3:15). Mababasa natin sa 1 Corinto

10:1-2, ***“****Mga kapatid, hindi ko nais na hindi ninyo malaman na ang ating mga ninuno ay dumaan sa ilalim ng ulap, at silang ahat ay tumawid sa dagat, at lahat ay nabautismuhan kay Moises sa ulap at sa dagat.”*

Ang mga tao sa kilusang karismatik ay nagsasabi na ang mahalagang pangyayari ay ang bautismo ng Banal na Espiritu, at ang bautismo sa tubig ay hindi na mahalaga. Gayunpaman, ito ay kailangang bigyan ng pansin na ang bautismo sa tubig ay sumisira ng mga pagkagapos mula sa dating buhay, gayundin ng mga ugnayang denominasyonal.

Ang Ehipto ay kumakatawan ng pagkaalipin, gaya ng sinabi ni Moises sa Exodo 13:3, *“Alalahanin ninyo ang araw na ito na lumabas kayo sa Ehipto, sabahay ng pagkaalipin.”* Ang bautismo sa tubig ay makakapagpalaya sa atin mula sa maraming mga pagkaalipin ng ating dating buhay. Hindi nito masisira ang lahat, ngunit nasisira nito ang ilan.

Ang isa pang mahalagang aspeto ng pagtawid sa Dagat na Pula ay ang mga Israelita ay nagsimulang maniwala sa Panginoon at sa kanilang pinuno, si Moises. Nagdulot ito ng pananampalataya. Mababasa natin sa Exodo 14:31, “*Nakita ng Israel ang dakilang gawa na ginawa ng PANGINOON sa mga Ehipcio, at ang taong-bayan ay natakot sa PANGINOON at sila'y sumampalataya sa PANGINOON at sa kanyang lingcod na si Moises.”*

Ang pagtawid sa Dagat na Pula ay nakagawa ng maraming bagay sa buhay ng mga Israelita, ngunit hindi nila inalis sa kanilang mga puso ang pag-ibig para saEhipto. Sa buong paglalakbay sa ilang,

nais ng mga Israelita na Bumalik sa Ehipto sa tuwing may maling nangyayari (Ex. 14:11-12; 16:3; 17:3, Bil. 11:5, 20; 14:4). **Nasa labas na sila ng Ehipto, ngunit ang Ehipto ay hindi pa nakalabas sa kanila.**

May isang kasabihan, "Maaari mong dalhin ang bata sa labas ng bukid, ngunit hindi mo makukuha ang bukid sa kalooban ng bata." Maaari mong kunin ang isang tao palabas sa kanyang paligid, ngunit hindi ibig sabihin nito na nakuha mo na ang kapaligiran mula sa kanya. Ito ay pareho rin sa bautismo sa tubig. Inihiwalay tayo nito mula sa sanlibutan, ngunit hindi nito ganap na nalilinis ang ating mga puso mula sa pag-ibig sa mundong ito.

Ano ang layunin ng pagtawid sa Dagat na Pula? (Bautismo sa Tubig) para sa mga anak ni Israel?

1. Ang Dagat na Pula ang naghiwalay sa bayan ng Diyos mula sa Ehipto, kilala bilang bahay ng pagkaalipin.
2. Pinutol nito ang maraming ugnayan ng nakaraan. Sila ay nakalabas mula sa ilalim ng kapangyarihan ng Faraon. Ang kanyang kapangyarihan laban sa kanila ay nasira!
3. Winasak nito ang mga Kaaway na nagsisikap na hatakin sila pabalik sa Ehipto.
4. Nagdala ito ang pananampalataya sa Panginoon at sa namumuno.
5. Naghatid ito ng kamatayan sa dating buhay, at binigyan sila ng kakayahang mamuhay ng isang bagong buhay para saDiyos.

### Ang Pista ng Unang mga Bunga

Bilang mga mananampalataya, espirituwal nating ipinagdiriwang ang Pista ng Paskuwa nang ibinigay natin ang ating buhay kay Cristo at ang Pista ng Tinapay na Walang Lebadura habang tayo ay patuloy na kumakain sa dalisay na Salita ng Diyos (Aw. 1:2). Ang mga Pista ng Paskuwa at Tinapay na Walang Lebadura ay ipinagdiwang sa Ehipto.

Ang ikatlong pista ay ang Pista ng Unang Bunga. Mababasa natin sa Levitico 23:10-11, *"Magsalita ka sa mga anak ni Israel, at sabihin mo sa kanila: 'Kapag kayo'y dumating sa lupain na aking Ibinibigay sa inyo, at inyong nagapas na ang ani niyon, ay dalhin ninyo sa pari ang unang bunga ng inyong inani. Iwawagayway niya ang bigkis sa harapan ng PANGINOON upang kayo'y tanggapin; sa kinabukasan pagkatapos ng Sabbath, ito ay iwawagayway ng pari.'"*

Sa 1 Corinto 15:20-21, Ipinaliwanag ni Pablo na si Cristo ang Unang bunga mula sa mga patay. *"Subalit ngayon, si Cristo ay binuhay mula sa mga patay, na siya ang unang bunga ng mga namatay. Sapagkat yamang sa pamamagitan ng isang tao'y dumating ang kamatayan, sa pamamagitan din ng isang tao'y dumating ang pagkabuhay na muli ng mga patay."*Samakatuwid, sa diwang ito ang Pista ng Unang bunga ay kumakatawan sa **muling pagkabuhay**.

Kinikilala tayo ng bautismo ng tubig sa kamatayan, libing, at muling pagkabuhay ni Cristo. Binuo ni Pablo ang temang ito sa Roma 6:3-5, *"O hindi ba ninyo nalalaman na tayong lahat na*

*mga nabautismuhan kay Cristo Jesus ay mga nabautismuhan tungo sa kanyang kamatayan? Kaya't tayo ay inilibing na kasama niya sa pamamagitan ng bautismo tungo sa kamatayan; na kung paanong si Cristo ay muling nabuhay mula sa mga patay sa pamamagitan ng kaluwalhatian ng Ama, Gayundin naman tayo'y makakalakad sa panibagong buhay. Sapagkat kung tayo'y naging kasama niya nakatulad ng kanyang kamatayan, ay magkakagayon din naman tayo sa kanyang muling pagkabuhay.*

Kinukumpirma ng Colosas 2:12 na ang bautismo sa tubig ay kumakatawan sa muling pagkabuhay, *"nang ilibing kayong kasama niya sa bautismo, kayo rin ay muling binuhay na kasama niya sa pamamagitan ng pananampalataya sa kapangyarihan ng Diyos, na muling bumuhay sa kanya mula sa mga patay."*Matapos tayong mabaustismuhan sa tubig, dapat ay simulan nating lumakad sa panibagong buhay.

Kaya, maihahalintulad natin ang pagtawid sa Dagat na Pula, na kumakatawan sa bautismo sa tubig at muling pagkabuhay sa Pista ng Unang bunga na sumisimbolo naman ng muling pagkabuhay. Bagaman walang nakatala na ang mga anak ni Israel ay nagdiwang ng pistang ito nang sila ay lumabas ng Ehipto, dahil ito ay hindi itinatag hanggang kinalaunan, ito ay kailangang ipagdiwang sa araw pagkatapos ng Sabbath ng Paskuwa. Alam natin na iniwan nila ang Ehipto at tumawid sa Dagat na Pula Pagkatapos nilang ipagdiwang ang Paskuwa. Ang mga pista ay tatalakayin pa ng mas detalyado kalaunan sa aklat na ito.

## 2. Ang Awit ni Moises

Hangga't ang mga anak ni Israel ay nasa lupain ng Ehipto, ang kanilang mga kaaway ay hindi nalupig. Nakatakas sila sa kanilang mga kaaway, ngunit hinahabol pa rin sila ni Faraon. Hindi lamang maluwalhating pinalaya ng Diyos ang Kanyang bayan mula sa Ehipto nang sila ay tumawid sa Dagat na Pula, kundi winasak Niya rin si Faraon at ang buong hukbo nito.

Sa Exodo 15:1-19, nakatala para sa atin ang "Awit ni Moises". Mababasa natin sa Exodo 15:1-2*, "Nang magkagayo'y inawit ni Moises at ng mga Israelita ang awit na ito sa PANGINOON, na sinasabi, 'Ako'y aawit sa PANGINOON, sapagkat siya'y maluwalhating nagtagumpay; kanyang inihagis sa dagat ang kabayo at ang doo'y nakasakay. Ang PANGINOON ang aking awit at kalakasan, at siya'y naging aking kaligtasan; Ito ang aking Diyos, at aking pupurihin siya, siya'y aking itataas, ang Diyos ng aking ama.'"*

Ito ay isang mahalagang katotohanan para sa atin. Kapag tayo ay mayroong kaaway, kailangang matiyak natin na ang ating kaaway ay tuluyang na lupig. Napakahalagang was akin nang tuluyan ang Kaaway upang hindi siya makapagpatuloy na tayo ay habulin.

Sa ilang mga lokalidad, ay may mga iglesiya na may mga pang-walang hanggang problema. Madalas ang problema ay bumabalik sa ilang mga henerasyon. Marahil may mga ilang rebaybal na nangyari sa mga nagdaang taon, at naranasan nila ang ilang kakaibang pagpapala, ngunit hindi nila tinuos ang kaaway. Kung kaya ang nangyari ay bumalik muli ang kaaway at nagdulot ng

kaguluhan sa sumusunod na mga henerasyon. **Kailangang tapusin natin ang laban hanggang sa katapusan kapag tayo ay nakikipagbuno sa mga kapangyarihang espirituwal, upang ng sa gayon ay hindi lamang natin sila mapalayas, kundi magiging mas dalubhasa din tayo laban sa kanila.**

Sa Pahayag15:3, makikita natin ang mga banal na mananagumpay ng Diyos sa langit na umaawit ng awit ni Moises, *"At inaawit nila ang awit ni Moises na alipin ng Diyos, at ang awit ng Kordero na sinasabi, 'Dakila at kamanghamangha ang iyong mga gawa, O Panginoong Diyos na Makapangyarihan sa lahat! Matuwid at tunay ang iyong mga daan, ikaw na Hari ng mga bansa!'"*

Nakita ko ang mga taong napalaya mula sa pagkaalipin na nabigong ayusin ang ugat ng pagkaalipin. Kung kaya, ang pagkaalipin ay sumunod pa rin sa kanila at muli silang inabutan. Sinabi ni haring David na hinabol niya ang kanyang mga Kaaway nang walang tigil hanggang sa sila ay lubusang nawasak(2 Sam. 22:38-41).

Lalo nasa ating mga pamilya, kapag ang mga problema ay naipasa pababa sa mga henerasyon, dapat nating makitana ang mga pagkaalipin ay matigil na dito at ngayon. Marahil ay nilaktawan nila ang isang henerasyon na nagkaroon ng higit na kasayanan kaysa sa kanila, ngunit muli silang Bumalik sa sumunod na henerasyon. Sa biyaya ng Diyos, dapat nating itali ang mga ito at ilagay sa hukay upang hindi nila mahadlangan ang susunod na mga henerasyon o maimpluwensyahan ang ibang tao. Kapag ang kapangyarihan ng kaaway ay nasira at nakagapos sa impiyerno,

hindi siya magkakaroon ng isang muog kahit na mayroong ilang bahagi ng kahinaan sa ating mga buhay.

**Ang Pangitain ng Bundok ng Sion**

Nangusap si Moises tungkol sa Sion bilang pangwakas na destinasyon ng mga anak ni Israel saExodo 15:17, *"Sila'y iyong papapasukin, at sila'y iyong itatanim sa bundok na iyong ari-arian, sa dako, O PANGINOON, na iyong ginawa upang iyong maging tahanan, sa santuwaryo, O PANGINOON, naitinatag ng iyong mga kamay."* Inalis ng Panginoon ang mga anak ni Israel mula sa Ehipto upang pangunahan sila sa Lupang Pangako, sa Bundok ng Sion, ang Kanyang tahanan.

Ang bundok na binanggit dito ay hindi tumutukoy sa Bundok ng Sinai, dahil ang bundok ng Sinai ay nasa ilang at wala sa lupain ng kanilang mamanahin. Maaari lamang itong tumukoy sa Bundok ng Sion.Nakumpirma ito sa Awit 78:54,68 *"At kanyang Dinala sila sa kanyang lupaing banal, sa bundok na pinagtagumpayan ng kanyang kanang kamay. kundi ang lipi ni Juda ang kanyang pinili, ang bundok ng Zion na kanyang minamahal."*

Napakahalaga para sa isang mananampalataya na malaman kung saan siya pupunta, at kung nasaan ang kanyang mana. Gaya ng nabanggit na natin, ang paglalakbay ng Israel ay kumakatawan sa espirituwal na paglalakbay ng mgaKristiyano. Samakatuwid, dahil malinaw na nating naitatag na ang panghuling destinasyon ng mga anak ni Israel ay ang Bundok ngSion, maaari rin nating sabihin na ang **pangwakas na layunin at destinasyon para sa**

**mga mananampalataya ay ang makalangit na Bundok ng Sion.**

Sa Hebreo 12:22-23, ay inuulit-ulit na ang bundok ng Sion ang ating layunin, *"Subalit kayo'y lumapit sa Bundok ng Zion, at sa lunsod ng Diyos na buháy, samakalangi tna Jerusalem, at sa mga di-mabilang na mga anghel, sa isang masayang pagtitipon, at sa kapulungan ng mga panganay na nakatala sa langit, at sa Diyos na Hukom ng lahat, at sa mga espiritu ng mga matuwid na pinasakdal."* Tayo ay hindi dapat tumigil ng maaga o maging kontento sa mababang dako ng ating mana sa buhay na ito.

Maraming taon na ang nakalipas, ay totoong naranasan ko ang pisikal na kamatayan. Dumating ang anghel ng Panginoon at Dinala ako sa langit. Pagkatapos na ako ay makatawid sa ilog doon sa langit, ipinakita sa akin ang kabuuan ng buhay ko sa isang anyo ng kameo. Sa puntong ito ng aking buhay, napagtanto ko na tayo ay dapat magbigay sulit ng higit pa sa mga bagay na ating nagawa habang nabubuhay sa katawang ito. Ipinakita sa akin ng Panginoon na ako ay namatay bago ang nakatakdang oras para sa akin at hindi nagawa ang layunin ng Diyos para sa aking buhay. Sa Kanyang kaawaan, pinahintulutan ako ng Panginoon na Bumalik sa lupa at binigyan ako ng isa pang pagkakataon na tapusin ang Kanyang takbuhin para sa akingbuhay.

Pagkaraan ng karanasang iyon, ako ay nagkaroon na nang patuloy na pasanin, hindi lamang para sa aking buhay, kundi gayun din sa mga mananampalataya na aking tinuturuan—kahit sa pasimula pa lamang ng sanlibutan ang Diyos ay may plano na, isang layunin,

at isang pamana para saatin. Hindi tayo dapat tumigil ng maaga para sa ating mana.

Inordina na ng Panginoon para sa henerasyon ng mga anak ni Israel na iiwanan nila ang Ehipto at Pumasok sa Lupaing Ipinangako. Nakalulungkot man, subalit sila ay mga namatay sa ilang dahil sa kanilang pagsuway at kawalan ng pananampalataya. Ito ay hindi nangyari hanggang sa panahon ng henerasyon ni David nakanilang naabot ang banal na burol ng Sion.

**Si Miriam, ang Propetisa**

Sa Exodo 15:20-21, ay mababasa natin ang tungkol kay Miriam, kapatid ni Moises, na kumuha ng tamburin at pinangunahan ang mga kababaihan sa pag-awit at pagsayaw sa Panginoon, *"Si Miriam na babaing propeta, na kapatid ni Aaron ay humawak ng isang pandereta sa kanyang kamay; at sumunod ang lahat ng mga babae sa kanya, na may mga pandereta at nagsayawan. Sila'y inawitan ni Miriam: "Umawit kayo sa PANGINOON, sapagkat siya'y maluwalhating nagtagumpay; nang inihagis niya sa dagat ang kabayo at ang doo'y nakasakay."*Maliwanag na si Miriam ay itinalaga bilang isang propetisa. Sa Efeso 4:11, tayo ay may limang mga kaloob na ministeryo. Maliwanag na ang isang babae ay maaaring maging isang propetisa.

Ibig kong gumawa ng dalawang komento tungkol sa mga kababaihan na nasa ministeryo. Una, dapat tanggapin ng mga kapatiran ang mga kapatid na babae na mayroong pagkatawag sa ministeryo. Pangalawa, ay dapat mapagtanto ng mga kababaihan

na sila rin ay maaaring magkaroon ng pagkatawag, katulad ni Miriam. Ito ay napakamahalaga, dahil sa ibang mga bansa ang kababaihan ay hindi tinatanggap; at sila ay nahihirapan, iniisip na ang ministeryo ay para lamang sa mga kapatiran.

### 3. Mapait na Tubig

**Isang bagay na kailangan nating ihanda ang mga tao para sa buhay Kristiyano ay sa mga kabiguan.** Matapos ang Dagat na Pula, ang mga anak ni Israel ay naglakbay nang tatlong araw sa ilang at hindi makahanap ng tubig. Pagkatapos ay nakasumpong sila ng tubig sa Mara, ngunit ito ay mapait at hindi nila ito mainom. *"Patuloy na pinangunahan ni Moises ang Israel mula sa Dagat na Pula, at sila'y lumabas sa ilang ng Shur; sila'y lumakad ng tatlong araw sa ilang at hindi nakatagpo ng tubig. Nang sila'y dumating sa Mara, hindi nila mainom ang tubig sa Mara, sapagkat ito ay mapait. Kaya't tinawag itong Mara. Nagreklamo ang bayan kay Moises, na sinasabi, "Anong aming iinumin?"*

Magkakaroon ng mga dako ng kapaitan para sa atin sa paglalakbay sa buhay na ito bilang mga mananampalataya. Kailangang malaman natin kung papaano pagtagumpayan ang kapaitan sa ating personal na mga buhay dahil ang kapaitan ay mapanganib. Sinasabi sa Hebreo 12:15, *"Pakaingatan ninyo na baka ang sinuma'y mahulog mula sa biyaya ng Diyos; baka may ilang ugat ng kapaitan ang sumibol at bumagabag sa inyo at mahawa nito ang marami."* Mabilis na dumarami ang kapaitan. Kung ang isang tao ay may kapaitan, ito ay dadaloy sa napakaraming mga puso. Ang kapaitan ay nakakapanatili dahil

pinatitigas ng mga tao ang kanilang mga puso kapag sila ay nasasaktan, at tinatanggihan nila ang nakalaang biyaya.

**Ang kapaitan ay dumarating sa ating mga buhay kapag tayo ay nabigong iangkop ang biyaya ng Diyos upang pagtagumpayan ang mga pagkabigo.** Maaari tayong mabigo sa isang tao, sa isang sitwasyon, o sa kung ano ang ginawa ng isang tao sa atin. Gayunpaman, may nakalaang biyaya para sa bawat pagsubok at para sa bawat pangyayari. Palaging posible ang manaig at magtagumpay!

Ano kung gayon ang susi sa pagtatagumpay sa kapaitan? Ipinakita sa atin sa Exodo 15:25: *"Siya'y dumaing sa PANGINOON at itinuro sa kanya ng PANGINOON ang isang punungkahoy; inihagis niya ito sa tubig, at ang tubig ay tumamis.Doon, gumawa ng PANGINOON para sakanila ng isang batas at tuntunin. Doon ay sinubok niya sila."* Ang susi ay **ang puno**, na siyang uri ng **krus**. Upang makamit ang tagumpay laban sa kapaitan, (1) dapat tayong lumapit sa krus, sa pagkilala na **tayo ay walang mga karapatan na sariling atin**. Pagkatapos nating manggaling sa krus, (2) kailangan natin gawin ang ikalawang hakbang, at iyon ay ang **magpatawad**. Ang pagpapatawad ay nakaugat sa ikatlong hakbang, kung saanay (3) **pagkalimot**. Hindi talaga tayo totoong makapagpatawad maliban na makalimutan natin kung ano ang nangyari.

Sa Genesis 41:51, makikita natin ang isang espirituwal na katotohanan na magdadala ng tagumpay sa ating mga buhay kung maiaangkop natin ito at pagkatapos ay isagawa ito, *"Tinawag ni Jose ang pangalan ng panganay na Manases, sapagkat sinabi*

*niya, "Ipinalimot ng Diyos sa akin ang lahat ng aking paghihirap at ang buong sambahayan ng aking ama."*Ang talatang ito ay tumutukoy sa panganay na anak ni Jose nasi Manases, isa sa dalawang anak na lalaki Pagkatapos niyang lumabas sa bilangguan. Ang ibig sabihin ng Manases ay "pagkalimot." Sinabi ni Jose na pinalimot sa kanya ng Panginoon ang lahat ng kanyang paghihirap at pagdurusa. Ang pangalan ng ikalawang anak ni Jose ay Efraim, na ang ibig sabihin ay "dobleng pagkamabunga." Samakatuwid, nakikita natin na ang pagkalimot ang nangunguna sa atin sa isan gmabungang buhay Kristiyano.

Nang ako at ang aking asawa ay nanirahan at naglingkod sa Switzerland maraming taon na ang nakalipas, nagbukas kami ng isang paaralang Biblia sa loob ng isang hotel. May mga tao mula sa buong Europa na humihingi ng payo. Marami kaming mahihirap na mga pag-uusap, ang ilan sa mga ito ay halos maraming oras natuloy-tuloy habang ibinubuhos ng mga tao ang kanilang mga puso at ibinabahagi ang mga kasalanan na kanilang pinaglalabanan. Sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos, ay naibibigay ang susi sa bawat sitwasyon, at sila ay umaalis na matagumpay.

Subalit, nagsimula akong makaramdam na para akong isang imburnal dahil naipon ko ang lahat ng kaalaman sa kanilang mga kasalanan. Kapag tinitingnan kong muli ang minamahal na mga taong ito, naaalala ko ang lahat ng sinabi nila sa akin. Umiyak ako Diyos, "Panginoon, hindi ako maaaring magpatuloy ng ganito." Sumagot Siya, "Hilingin mo sa Akin ang Manases (pagkalimot). Kapag natapos ka na sa pagpapayo, bumalik ka saiyong silid at hilingin mo sa Akin naibigay ko saiyo ang Manases."

Upang maisalarawan ang punto ko, ito ay parang katulad ng isang bata na inaalis ang isang sombrero at isinusuot ang isa. Ang kailangan mo lang gawin ay manalangin, “Panginoon, inaalis ko ang lumang sombrero na ito at ang lahat ng kaisipan nito, at isinusuot ko ang isang bagong sumbrero. Isinusuot ko ang Manases.” Pagkaraan nito, ay nakakatingin na ako sa mga minamahal na mga taong ito na aking napayuhan, at wala akong maalala ni isang bagay sa sinabi nila! Kaya kang bigyan ng Diyos ng **banal na pagkalimot** gaya ng pagbigay niya kay Jose.

Napakaganda at kinakailangan na magkaroon ng pagkalimot ng Diyos sa pagpapayo. Maraming mga tao ang nangangailangan ng isang mapagkakatiwalaang tagapayo na maaari nilang mapagsabihan, at marahil kahit pa napagpahayagan, upang mailagay sa tama ang mga bagay—isang tao na hindi na uulitin sa iba ang mga sensitibong paghihirap nila. Hindi nila gugustuhing tumingin sa tagapayo na iyon kalaunan at isiping, “Siya ay may isang kamalig sa lahat ng aking mga lihim.”

Sa isang Manases, literal akong tumitingin sa isang tao at hindi maalala kung ano ang ibinahagi niya sa akin. Kapag ang mga tao ay bumalik sa akin at tinanong kung naaalala ko kung ano ang sinabi nila sa akin, ni hindi ko nga maalala na pinayuhan ko sila. Pagkalimot—napakamakapangyarihan nito. Pinapanatili nitong malaya ang ating mga espiritu! Ang unang lugar kung saan mabisang isagawa ang pagkalimot ay sa tahanan. Dapat mangyari ito sa mga asawang lalaki at babae, at sa pagitan ng mga magulang at mga anak.

**Hindi ko lubos na mabigyang-diin ang pangangailangan ng banal na pagkalimot sa mga pastor.** Ang isang batang pastor ay maaaring masumpungan sa kanyang unang kongregasyon ang parehong uri ng mga tao na mayroon si Haring David sa ilang—ang uri na nasa pagkakautang, balisa, at walang kasiyahan (tingnan ang 1 Samuel 22:2). Kadalasan ito ang nangyayari, maliban na lamang kung ikaw ay susunod sa isang makadiyos na pastor na nilinis na ang lahat para saiyo, kung saan ay mas nakakapagduda. Madalas ay nagkakaroon tayo ng lahat ng uri ng mga tao na nagsasabi ng mga bagay tungkol sa atin—mga bagay na totoo, at ang ilan ay hindi totoo. Ang pinakamasakit ay ang mga salita na totoo, dahil sa hindi totoo maaari nating pabayaan ang mga salita na gumulong katulad ng tubig sa likuran ng isang pato.

Kapag ang isang tao ay may isang bagay na sinabi, pumunta ka kaagad sa Diyos at hilingin ang iyong banal napagkalimot. Sa pamamagitan nito, tayo ay maaaring magkaroon ng kapayapaan at tagumpay! Simulan na kaagad ang pagsasanay na ito upang ikaw ay makapagtagumpay sa mga tubig ng Mara (mapapait na mga karanasan). Kapag ikaw ay nagkaroon ng tagumpay sa iyong sariling buhay, maibabahagi mo rin ito sa iba.

Ang katangian ng pagpipigil ay nangangahulugan na “kayang makapagtiis ng matagal na may kasamaan sa puso ng isang tao na hindi pa naayos ng Diyos.” Sinabi ni Pablo sa Efeso 4:1-2 *“Kaya't ako nabilanggo sa Panginoon ay nagsusumamo sa inyo na kayo'y lumakad ng nararapat sa pagkatawag na sa inyo'y itinawag, na may lubos na kapakumbabaan at kaamuan, may pagtitiyaga, na magparaya sa isa't isa sa pag-ibig.”*

Bilang isang lider, maaaring magkaroon ka ng isang seryosong pangangailangan sa iyong sariling buhay, at maaari mong sabihin, “O Diyos, pakiayos po Ninyo ito.” Magkagayunman, maaaring mas uunahin munang ayusin ng Diyos ang iba pang mga bagay. Sa huli, ay lulunasan Niya rin ang bagay na pinakainaalala natin. Ang Diyos ay may kaayusan sa pakikitungo sa mga isyu sa buhay ng isang tao. Minsan ay kailangang magkaroon ng isang tao sa isang kongregasyon na may tunay na mga suliranin kung saan ay hindi pa naaayos ng Diyos. Ito ay salayunin na linangin ang isang espesyal na katangian ng pagtitiis sa ating mga buhay. Kailangan nating matutunang batahin ang mga kapintasan na nakikita natin sa iba, at gayundin ang mga nakikita natin sa ating mga sarili.

Maaari kong isipin ang ilang mga tao na halos madalas ay kinailangan naming kausapin. Sila ay mabubuting mga tao, ngunit may mga seryosong suliranin sa kanilang mga buhay. May ilang mga pagkakataon na naramdaman namin na tila parang dapat ay sirain na namin ang pakikipag-ugnayan sa kanila dahil sa mga suliraning ito. Subalit paulit-ulit na sinabi ng Diyos, “aayusin ko iyan sa Aking panahon, at ginagamit ko ito upang linangin ang pagtitiis sa inyo.”

Tandaan na ang Diyos ay mapagnais na bumuo ng mga lider. Kaya nga, hindi lamang Niya pinipili ang mga pastor para sa kongregasyon, kundi Siya rin mismo ang pumipili ng kongregasyon para sa pastor. **Kaya, dapat ay magpasalamat tayo sa Diyos para sa ating mga kongregasyon, kung saan ay napakahusay na pinili upang hubugin ang Kanyang kalikasan at mga katangian sa atin.**

**4. Ang Panginoon na Ating Manggagamot**

Nakadaan na tayo sa tubig ng Mara; ngayon ay magpatuloy tayo sa Exodo 15:26 kung saan ay sinabi ng Panginoon, *"Kung iyong diringgin ng buong tiyaga ang tinig ng PANGINOON mong Diyos, at iyong gagawin ang matuwid sa kanyang mga mata, at iyong susundin ang kanyang mga utos, at iyong tutuparin ang lahat ng kanyang mga batas, wala akong ilalagay na karamdaman sa iyo, na gaya ng inilagay ko sa mga Ehipcio; sa pagkat ako ang PANGINOON na nagpapagaling sa iyo"* Dito ay ipinakilala tayo sa Cristo, ang Isa na nagpapagaling sa atin.

Ang banal na kagalingan ay nasa katubusan. Sa Dakilang Komisyon, sinabi ng Panginoon sa Marcos 16:15-18, *"At sinabi niya sa kanila, "Humayo kayo sa buong sanlibutan, at inyong ipangaral ang ebanghelyo sa lahat ng nilikha. Ang sumasampalataya at mabautismuhan ay maliligtas; ngunit ang hindi sumasampalataya ay parurusahan. At ang mga tandang ito ay tataglayin ng mga nananampalataya: sa paggamit ng aking pangalan ay magpapalayas sila ng mga demonyo, magsasalita sila ng mga bagong wika; sila'y hahawak ng mga ahas, at kung makainom sila ng bagay na nakamamatay, hindi ito makakasama sa kanila, ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa mga maysakit, at sila'y gagaling."*Inutusan tayo ng Panginoon na ipatong ang ating mga kamay sa mga may sakit, lakip ang pangako na sila ay gagaling. Ang banal na kagalingan ay isang bahagi ng mabuting balita.

**5. Elim**

Ang mga anak ni Israel ay naglakbay patungong Elim kung saan mayroong 12 mga balon ng tubig at 70 mga puno ng palma (Ex. 15:27, Bil. 33:9). Ang talatang ito ay nagpapakita ng ilang katotohanan patungkol sa pag-unlad at organisasyon ng isang iglesya. Ang numerong "labing dalawa" ay tumutukoy sa pamahalaan, ang namamahalang katawan ng isang iglesya. Ang balon ay para pawiin ang uhaw ng iba. Ang isang lider sa makatuwid ay isang balon na dapat magkaroon ng tubig na bumubukal sa kanyang sariling puso, na umaagos sa iba (Kaw. 10:11).

Sinabi ng Panginoong Jesu-Cristo sa Juan 4:14, *"Subalit ang sinumang umiinom ng tubig na aking ibibigay ay hindi na mauuhaw magpakailanman. Ang tubig na aking ibibigay sa kanya ay magiging isang bukal ng tubig tungo sa buhay na walang hanggan."*

Bilang mga lider, kailangang tiyakin natin na ang ating mga balon na bumubukal ng tubig ay palaging naka bukas, at hindi ito tumitigil. Ang isang paraan na maaari nating ihinto o patuyuan ang ating balon ay ang pamumuhay sa nakaraan. Ito ay nangyayari sa marami. Sa isang kamakailan lang na kumperensya, nakikipagkwentuhan kami sa ilang mga kapatid na dumadalaw tungkol sa isang lalaki na kilala naming lahat. Ito ang balitang ibinigay nila, "Siyang ayon ay nabubuhay sa nakaraan!" Ginagawa niya kung ano ang ginawa na ng Diyos. Hindi siya namumuhay sa isang bagong karanasan sa Diyos." Siya ay nanatili sa isang talampas at hindi na nagpatuloy sa kanyang

paglakad kasama ng Diyos, paakyat sa Kanyang banal na bundok. Sa medaling salita, ang kanyang balon ay tumigil (Pah. 3:1).

Sa isa sa mga paaralang Bibliya na aking dinaluhan, mayroong isang magandang mag-asawa na kinalaunan ay naging mga pastor. Nakita ko silang muli makaraan ang limang taon, at ang antas ng aming pag-uusap ay katulad pa rin noong kami ay nasa paaralang Bibliya. Nakakalungkot man, ngunit hindi sila nagpatuloy sa Diyos, bawat isa sa atin ay nangangailangan ng isang kasalukuyang karanasan sa Diyos, isang bagay na sinasabi sa atin ng Diyos sang ayon.

Sa Elim ay makikita rin natin ang 70 puno ng palma. Ang pitumpu ay ang bilang ng pagiging matanda. Ang mga puno ng Palma ay tumutukoy sa katuwiran (Aw. 92:12). Isaias 61:3 ay tumutukoy sa *"...punungkahoy ng katuwiran, ang pananim ng PANGINOON, upang siya'y bigyan ng kaluwalhatian."* Kaya nga, mayroon tayo ritong isa sa mga katangian ng pagiging matanda. Ang matatanda ay dapat maging katulad ng mga puno ng palma—matuwid at makatuwiran. Bukod dito, ang mga taong matuwid ay dapat palibutan ang kanilang mga sarili ng iba pang mga matutuwid.

Ang Elim ay isang bukal sa desyerto; sa gayon ang isang lider ay dapat maging isang bukal sa kanyang kawan. Kasabay nito ang isang lider ay dapat maging matuwid, isang balon na pumapawi sa nauuhaw na kaluluwa, at isang halimbawa sa iba.

**6. Ang Pangangailangan sa Pagkain**

Ang Israel ay nakaharap ngayon sa isa pang pagsubok. May kakulangan sa pagkain. Mababasa natin sa Exodo 16:1-3, *“Sila'y naglakbay mula sa Elim, at ang buong kapulungan ng bayan ng Israel ay dumating sa ilang ng Sin na nasa pagitan ng Elim at Sinai, nang ikalabinlimang araw ng ikalawang buwan, pagkatapos na sila'y umalis sa lupain ng Ehipto. Nagreklamo ang buong kapulungan ng bayan ng Israel laban kina Moises at Aaron sailang. Sinabi ng mga anak ni Israel sa kanila, “Namatay na sana kami sa pamamagitan ng kamay ng PANGINOON sa lupain ng Ehipto, nang kami ay maupo sa tabi ng mga palayok ng karne at kumain ng tinapay hanggang sa mabusog; sapagkat kami ay inyong Dinala sa ilang na ito upang patayin sa gutom ang buong kapulungang ito.”*

Nang minsang ang Israel ay sinubok sa kakulangan, nabigo sila. Tayo rin, ay susubukin sa ganitong bagay sa anumang paraan. Sa bahagi ng kabuhayan ay susubukin tayo. Tinitingnan ng Diyos ang katapatan kahit na sa mga panahon ng kasalatan. Gusto Niyang malaman kung maglilingkod pa ba tayo sa Kanya kahit na ang ating mga tiyan ay hindi masyadong nalalamnan.

Tinugon ng Diyos ang kanilang mga hinaing ng manna at pugo, gaya ng mababasa natin sa Exodo 16:4, “*Nang magkagayo'y sinabi ng PANGINOON kay Moises, “Kayo'y aking pauulanan ng tinapay mula sa langit. Lalabas at mamumulot ang taong-bayan araw-araw ng bahagi sa bawat araw upang aking masubok sila, kung sila'y lalakad ayon sa aking kautusan, o hindi.”* Sinabi ng Diyos, “Bibigyan kita ng isang tiyak na bahagi araw-araw at

walang nangiba pa.” Minsan, parang katulad halos ng isang napakahahabang tagal ng panahon, napinaghahati-hatina ng Diyos kung ano lang ang ating kailangan at wala ng iba pa. Natutugunan ang ating kinakailangang mga pangangailangan; ngunit, kung masasabi ko ito ng ganito, wala tayong sapat para sa mga kagustuhan. Maaaring hindi tayo magkaroon ng sapat para sa ating mga hangarin, kundi sa ating pangangailangan lamang. Hindi lamang pagkain ang tinutukoy ko rito, kundi pati narin sa iba pang mga bahagi ng buhay.

Kadalasan ang mga problemang ito ay lumilitaw sa dako ng pagmimisyon. Maaaring sabihin ng mga tao, “Gusto ko nito, at ito. Gusto ko ng ganitong klase ng bahay. Gusto ko ng bagong sasakyan. Ayaw ko na ang aking mga anak ay sa lugar na ito lumaki,” at iba pa. Nadudurog ang aking puso sapagkat sila ay nabubuhay sa Exodo 16:4, kung saan ay nilimitahan ng Diyos ang kanilang mga mapagkukunan. Mayroon silang sapat, ngunit naghahangad sila ng karagdagang mga ginhawa. Kahit ang mga kaginhawaan na maaaring wala ang iba. Ibinigay sa kanila ng Diyos kung ano ang kinakailangan, ngunit hindi sila masiyahan.

Ang ating mga hangarin at kagustuhan, samakatuwid, ay dapat maipako sa krus upang makapagpasalamat tayo sa Diyos sa kung anuman ang piliin Niyang ibigay. May isang magandang Kasulatan kung saan ay ipinahayag ang napakahusay na saloobin ni Apostol Pablo. Sinabi ni Pablo, *“Hindi sa nagsasalita ako dala ng pangangailangan, sapagkat aking natutunan ang masiyahan sa anumang kalagayang aking kinaroroonan. Marunong akong magpakababa, at marunong din akong magpakasagana; sa bawat bagay at sa lahat ng bagay ay natutunan ko ang lihim sa*

*kabusugan, at maging sa kagutuman, at maging sa kasaganaan at maging sa kasalatan. Lahat ng mga bagay ay aking magagawa sa pamamagitan niyang nagpapalakas sa akin."* (Fil. 4:11-13).

Walang makakabasag ng iyong puso higit sa pakikinig sa isang tagapaglingkod na nagrereklamo tungkol sa kung ano ang mayroon siya o wala. Ang saloobing iyan ay dumadaloy sa kanyang mensahe, at ang mga tubig na dumadaloy mula sa kanyang bibig ay parehong mapait at matamis.

Minsan ay bumubuhos ng masagana sa atin ang Diyos, at kailangan nating matuto na mabuhay sa kasaganahan nang hindi naman pinauulanan ang ating mgasarili. O, tulad ng propetang si Ezekiel, ang kumain at uminom sa limitadong dami. (Ezek. 4:9-11). Ginamit ni Pablo ang katagang, "natutunan ko." Hindi ito isang bagay na natural na dumarating. Higit itong kinakailangan upang matutunan ang mamuhay ng kung ano ang ibinibigay ng Diyos sa atin.

**Kung nais nating makapagpatuloy mula sa ilang patungo sa Lupang Pangako, at pagkatapos ay sa Sion, dapat nating matutunan na masiyahan sa kung ano ang ibinibigay ng Diyos sa atin**. (Bil. 14:22-23).

## Ang Pagsuway ng Israel

Maliwanag na nilinaw ng Diyos na ang manna ay kukunin araw-araw, at huwag iimbak. At Pagkatapos sa ikaanim na araw, ay may dalawang bahagi na kukunin upang sa araw ng Sabbath (ang ikapitong araw), ay makakapagpahinga sila. Ang ilan ay

sumuway, nagtitipon at nag-iimbak pa rin ng manna, gaya ng mababasa natin sa Exodo 16:20, *“Gayunma'y hindi sila nakinig kay Moises; kundi ang iba sa kanila ay nagtira niyon hanggang sa umaga. Inuod at bumaho iyon, at nagalit sa kanila si Moises.”*Kaya nga saExodo 16:28, *“Sinabi ng PANGINOON kay Moises, “Hanggang kalian ninyo tatanggihang tuparin ang aking mga utos at ang aking mga batas?* Ang mga Israelita ay napakamasuwayin.

## 7. Ang Pangangailangan ng Tubig

***Nagreklamo muli ang mga Israelita laban kay Moises.***

Sa Exodo 17:2-3, mababasa natin kung gaano kahanda ang mga tao na batuhin si Moises dahil sa kanilang pagkauhaw. Pinulaan nila si Moises na sinasabing, *“Kaya't ang taong-bayan ay nakipagtalo kay Moises at nagsabi, “Bigyan mo kami ng tubig na maiinom.” At sinabi ni Moises sakanila, “Bakit kayo nakikipagtalo sa akin? Bakit ninyo sinusubok ang PANGINOON?” Subalit ang taong-bayan ay nauhaw roon at sila ay nagreklamo laban kay Moises at sinabi, “Bakit mo kami inilabas mula sa Ehipto, upang patayin mo sa uhaw, kami, ang aming mga anak, at ang aming kawan?”* Paulit-ulit, ay nakita natin sa mga Israelita ang isang masamang puso nang hindi paniniwala. Muli ay gusto na naman nilang bumalik sa Ehipto.

Iniisip ko ang isang tagapaglingkod at ang kanyang asawa sa Pransya. Sila ay naging mga tagapagturo sa secular na paaralan sa loob ng 15 taon bago sila Pumasok sa pagpapastor. Patuloy silang nakatuon sa kung ano ang mga isinuko nila, “Isinuko

namin ang labinlimang taon sa pagtuturo para lamang sa ministeryo." Patuloy silang lumilingon.

Ang asawa ni Lot ay naging isang haliging asin dahil sa siya ay lumingon. Hindi nagawa ng mga Israelita na makarating sa Lupang Pangako dahil sila ay palagi ring lumilingon. Nagbabala ang Kasulatan sa Mangangaral 7:10 na, *"Huwag mong sabihin, "Bakit ang mga unang araw ay mas mabuti kaysa mga ito?" Sapagkat hindi mula sa karunungan na itinatanong mo ito."*Samakatuwid, dapat ay maging maingat tayo sa ating sariling mga buhay na huwag masabing "Ang mga nagdaang araw namin ay mas maigi kaysa sa mga ito."

## Pagpunta sa Bato

Mababasa natin sa Exodo 17:4-5, *"Kaya't si Moises ay dumaing sa PANGINOON, na nagsasabi, "Anong aking gagawin sa bayang ito? Kulang na lamang ay batuhin nila ako." Sinabi ng PANGINOON kay Moises, "Dumaan ka sa harap ng taong-bayan, at isama mo ang matatanda ng Israel; at dalhin mo ang tungkod na iyong ipinalo sailog, at humayo ka."* Sa pagkakataong ito, ay makikita natin ang mga Israelita na nangangailangan ng tubig; kung kaya ituro ng Diyos si Moises sa pinagmumulan ng tubig, at uminom ang mga Israelita. Kinailangan nito ang pagpapatuloy mula kay Moises.

Ang ganap napagsunod ay kinakailangan para sa isang lider. Ang lider ay dapat palaging nauuna sa mga tao; ang isang pastol ay dapat palaging nasa unahan ng tupa. Tungkulin ng pastol na alamin kung ano ang mga pangangailangan ng kongregasyon.

Ang lider ay hindi lamang dapat magingpinuno ng kongregasyon, kundi siya rin dapat ang maging espirituwal na ulo.

## 8. Digmaan Laban kay Amalek

Habang ang Israel ay nasa Refidim, si Amalek ay dumating upang makipaglaban sa Israel. (Ex. 17:8-16). Si Amalek ay apo ni Esau (Gen. 36:12). Gaya ng alam ng karamihan sa inyo, si Esau ay isang lalaki ng kanyang tiyan; kaya nagsasalita siya ng makalaman at karnal na mga pagnanasa. Kaya, ang mga Amalekita ay kumakatawan sa mga espiritu ng karnal na mga pagnanasa. Isa sa mga balakid na kailangan nating mapaglabanan at mapagtagumpayan sa kongregasyon ay ang karnalidad.

Ang pangyayaring ito sa Exodo 17:8-16 ay kapansin-pansin. Hangga’t itinataas ni Moises ang kanyang mga kamay, nananalo ang Israel. Kapag ibinaba niya ang kanyang mga kamay, nananalo ang Amalek. Ang punto na gusto kong palabasin ay ito—ang mga labanang ito ay hindi mga mabilisang labanan. Hindi sila natapos sa loob ng ilang minute lamang.

Minsan ang ating mga pakikipagpunyagi laban sa karnalidad at makalamang pagnanasa ay medyo may katagalan. **Ang isang lider ay dapat magtiyaga hanggang sa siya ay magkaroon ng ganap na tagumpay upang siya at ang kanyang kongregasyon ay ganap namapalaya mula sa karnal na mga pagkagana**. Ang ating layunin ay makamit ang deklarasyon ni Pablo, *“Subalit ang kabanalan na may kasiyahan ay malaking pakinabang.”* (1 Tim. 6:6).

## 9. Delegasyon

Sa Exodo kabanata 18, ay may termino tayong tinatawag na "Jetrogasyon." Nang dinalani Jetro (Biyenan ni Moises) ang pamilya ni Moises sa ilang, sinalubong siya ni Moises ay inihayag ang lahat ng kabutihan ng Diyos sa ipinakita sa mga anak ni Israel (Ex. 18:5).

Mababasa natin ang pangyayari sa Exodo 18:10-19, *"At sinabi ni Jetro, "Purihin ang PANGINOON na nagligtas sa inyo, sa kamay ng mga Ehipcio, at sa kamay ng Faraon. Ngayo'y aking nalalaman na ang PANGINOON ay lalong dakila kaysa lahat ng mga diyos sapagkat iniligtas niya ang bayan mula sa kamay ng mga Ehipcio, nang sila'y magpalalo laban sa kanila."Si Jetro, na biyenan ni Moises ay kumuha ng handog na sinusunog at mga alay para sa Diyos. Si Aaron ay dumating kasama ang lahat ng matatanda sa Israel upang kumain ng tinapay na kasalo ng biyenan ni Moises sa harap ng Diyos. Kinabukasan, si Moises ay naupo bilang hukom ng bayan, at ang taong-bayan ay tumayo sa palibot ni Moises mula sa umaga hanggang sa gabi. Nang makita ng biyenan ni Moises ang lahat ng kanyang ginagawa para sa taong-bayan, ay sinabi niya, "Ano itong ginagawa mo para sa bayan? Bakit nauupo kang mag-isa at ang buong bayan ay nakatayo sa palibot mo mula umaga hanggang sa gabi?" Sinabi ni Moises sa kanyang biyenan, "Sapagkat ang bayan ay lumalapit sa akin upang sumangguni sa Diyos. Kapag sila'y may usapin, lumalapit sila sa akin at aking hinahatulan ang isang tao at ang kanyang kapwa. Aking ipinaaalam sa kanila ang mga batas ng Diyos at ang kanyang mga kautusan." Sinabi ng biyenan ni Moises sa kanya, "Ang iyong ginagawa ay hindi mabuti. Ikaw*

*at ang mga taong kasama mo ay manghihina sapagkat ang gawain ay totoong napakabigat para sa iyo; hindi mo ito makakayang mag-isa. Ngayon, makinig ka sa akin. Bibigyan kita ng payo, at sumaiyo nawa ang Diyos! Ikaw ang magiging kinatawan ng bayan sa harap ng Diyos, at dalhin mo ang kanilang mga usapin sa Diyos."*

Sinasabi ni Jetro kay Moises, *"Huwag mong subukang batahin ang napakalaking pasanin na ito sa iyong sarili. Pumili ka ng maasahang kalalakihan na kayang magdala ng pasanin kasama mo. Kung gagawin mo ito, makakatagal ka."* Ang delegasyon ng kapamahalaan ay isang bagay na dapat matutunan ng bawat lider.

Sinasabi sa Exodo 18:20 ang tungkulin ng isang lider: *"Ituturo mo sa kanila ang mga batas at ang mga kautusan at ipapaalam mo sa kanila ang daang nararapat nilang lakaran, at ang gawa ng kanilang nararapat gawin."* Mula sa pulpito ay itinuturo natin sa kongregasyon ang mga daan, batas, at mga ordenansa ng Diyos. Ipinapakita natin sa kanila ang daan kung saan ay dapat nilang lakaran at ang gawa na dapat nilang gawin.

**Ang kaalaman sa pamumuno ay nakabatay sa kakayahan na ipagkatiwala ang kapamahalaan at responsibilidad sa iba**. Habang ang iyong iglesya ay lumalaki, dapat ay maglaan ka ng mas maraming oras sa pagbuo ng iyong pamunuan, at pagbibigay sa kanila ng mga responsibilidad.

Ngayon, ang mga responsableng indibidwal na ito (katulong na pastol) ay karaniwang tinatawag na mga pinuno ng grupong pantahanan. Ang mga kwalipikasyon para sa mga lider na ito ay

nakalista sa Exodo 18:21-22, *“Bukod dito'y pipili ka sa buong bayan ng mga lalaking may kakayahan, gaya ng mga may takot sa Diyos, mga lalaking mapagkakatiwalaan at mga napopoot sa suhol. Ilagay mo ang mga lalaking iyon na mamuno sa kanila, mamuno sa libu-libo, sa daan-daan, sa lima-limampu, at sasampu-sampu. Hayaan mong humatol sila sa bayan sa lahat ng panahon; bawat malaking usapin ay dadalhin nila sa iyo, ngunit bawat munting usapin ay sila-sila ang magpapasiya, upang maging mas madali para saiyo, at magpapasan silang kasama mo.”*

Dapat nating tandaan na ang pastor ay dapat makipagtagpo nang hiwalay sa grupo ng mga lider—hiwalay mula sa kongregasyon—at turuan sila. May isa pang Kasulatan sa Bagong Tipan na sang-ayon dito, *“At ang mga bagay na iyong narinig sa akin sa harap ng maraming saksi ay siya mo ring ipagkatiwala sa mga taong tapat na makakapagturo rin naman sa iba” (2 Tim. 2:2).* Ang susi sa mabuting delegasyon ay ang turuan ang iyong mga katulong na pastol, at sila bilang kapalit ay tutulong sa iyo na pangalagaan ang natitirang kawan.

Ang isang tao ay kayang mangalaga ng 10,000 katao kung siya ay napaka organisado at may isang pangkat ng mga mahuhusay na mga katulong na pastol na umagapay sa kanya. Gayunpa man, kung minsan ay kalooban ng Diyos na hatiin ang kongregasyon sa maraming mga iglesya, dahil baka mas dumami ito sa ganoong paraan.Ang lahat ay nakasalalay sa lokasyon, at syempre, sa kaisipan ng Panginoon.

Ang pagkakaroon ng maraming gawain sa araw ng linggo ay hindi palaging pinakamahusay na sitwasyon, dahi likaw ay may posibilidad na magkaroon ng dalawang kongregasyon sa isang iglesya. Magiging napakahirap nito.

Sa Gawa ng mga Apostol, nagkaroon sila ng problema na kayanin ng pagpaparami. Mababasa natin sa Gawa 6:1, *"Nang mga araw ngang ito, nang dumarami ang bilang ng mga alagad, nagreklamo ang mga Helenista laban sa mga Hebreo, sapagkat ang kanilang mga babaing balo ay napapabayaan sa pang-araw-araw na pamamahagi."* Ang mga apostol ay nangailangan ng maraming iba pang mga kwalipikadong katulong na pastol upang tumulong na bantayan ang tupa at asikasuhin ang iba pang pangunahing mga gawain.

Sa Gawa 6:2-4, magkasama silang humingi ng payo at gumawa ng isang desisyon,*"Tinawag ng labindalawa ang buong kapulungan ng mga alagad, at sinabi, "Hindi nararapat na aming pabayaan ang salita ng Diyos, at maglingkod sa mga hapag. Kaya mga kapatid, pumili kayo sa inyo ng pitong lalaking may mabuting pagkatao, puspos ng Espiritu at ng karunungan, na aming maitatalaga sa tungkuling ito, samantalang kami, bilang aming bahagi, ay mag-uukol ng aming sarili sa pananalangin at sa paglilingkod sa salita."*

Sa isang personal na antas, sa lahat ng mga responsibilidad na mayroon ako (sa pamumuno ng isang samahan at isang Paaralan ng Bibliya, at pati na rin sa maraming mga tungkulin sa ibang mga bansa), kailangan kong iatas ang pamamahala. Ang mga tao ay malimit na umaakyat at nagtatanong, "Maaari ba akong

magkaroon ng ganitong makinilya?” o “Anong kulay ang ipipinta ko sa mga basurahan?” Kinailangan kong sabihin na, “Ikaw na ang mag desisyon.” Hindi maaaring punan ng isang lider ang kanyang isipan ng mga bagay na katulad nito. Kaya nga, dapat tayong magtalaga ng mga tao sa ilang mga tanggapan at sabihin sa kanila, “Sa isang kadahilanan, ay binibigyan kita ng kapamahalaan. Tanggapin mo ang responsibilidad na lutasin ang mga bagay na iyon; at kung ito ay napakahirap para sa iyo, saka ka pumunta sa akin.”

Ang buong daigdig ng Diyos ay nakasalalay sa delegasyon. Sinasanay Niya ang ang mga tao para sa ilang mga responsibilidad. Ang pinakahuling bagay na dapat gawin ng isang lider ay ang gumamit ng martilyo at mga pako kung kalian siya ay dapat na nag-aaral ng Salita ng Diyos at nananalangin. May ibang uutusan ang Diyos na kayang pumukpok ng pako! Ngayon, huwag ka namang pumunta sa iyong simbahan at sabihing, “Ako ang pastor, at hindi ninyo ako makikitana may pako at martilyo.” May mga pagkakataon na ang mga tagapaglingkod ay maaaring tawagin na tumulong sa mga kinakailangang gawain, lalo na kapag ang iglesya o ministeryo ay maliit.

Maraming taon na ang nakalipas, ako ay nagkaroon ng responsibilidad na pangasiwaan ang ilang libong kabahayan para sa mga tao sa Guatemala pagkatapos ng isang lindol; at umakyat ako sa bubong at pinukpok ang mga pako. Sa kahabagan, bumaon naman sila! Sinasabi ko lang na ang lider ay hindi dapat na mabahala sa lahat ng mga maliliit na detalye; kailangan niya lang tiyakin na may isang taong titingin sa mga pangunahing gawain. Malinaw sa Unang Iglesya na ang mga pangunahing pastor ay

inilaan ang kanilang mga sarili sa pananalangin at pag-aaral ng Salita.

Ano ang iglesya? Ito ay ang pagtitipon ng mga pananampalataya. Sa ilang mga lugar sa Aprika, wala silang mga gusaling simbahan. Sa isang nayon sa Kenya, ang kanilang simbahan ay isang lugar sa ilalim ng puno na may mga tuod at kahoy sa pagitan ng mga ito na nagsisilbing mga upuan. Sa totoo lang, hindi natin kailangan ang detalyadong mga gusali. Kayang magkaroon ng Diyos ng iglesiya mula sa kalikasan. Gayunpaman, malinaw na hindi ito gagana sa siyudad.

Bilang pagtatapos, ang susi sa "Jetrogasyon," bilang katawagan dito, ay pipili tayo ng mga tao na may mabuting patotoo na siyang bibigyan natin ng parehong responsibilidad at kapamahalaan. Sa sandaling nakapagtalaga kana ng isang tao, suriin mo upang makita kung ang trabaho (o gawain) ay nagawa—ngunit huwag makisali sa mga detalye, hayaan mo siyang gawin ang trabaho niya.

# Kabanata 6
## Bundok ng Sinai

### 1. Ang Paglalakbay sa Bundok ng Sinai

Ang mga Israelita ay nakarating na sa Bundok ng Sinai,**“***Sa ikatlong buwan, Pagkatapos na ang mga anak ni Israel ay makaalis sa lupain ng Ehipto, dumating sila nang araw ding iyon sa ilang ng Sinai. Nang sila'y umalis sa Refidim at dumating sa ilang ng Sinai, humimpil sila sa ilang; at doo'y nagkampo ang Israel saharap ng bundok.*” Exodo 19:1-2

Ang puntong binubuo ko ay nang dumating sila sa Sinai, sila ay nagkampo sa harap ng Bundok ng Sinai sa ikatlong buwan; at ang kapistahan ng ikatlong buwan ay ang Pista ng Pentecostes. Samakatuwid, ang Sinai ay isang simbolo ng Pentecostes, at ang mga pangyayaring naganap sa Bundok ng Sinai ay may kaugnayan sa karanasang “Pentecostal.” Ang mga ito ay isang larawan ng kung ano ang nagaganap sa bautismong Banal na Espiritu. Ito ay isang magandang katotohanan dahil madalas ay inihahalintulad natin ang bautismo ng Banal na Espiritu sa pagsasalita ng ibang wika. Sa katunayan, marami pang ibang mga pagpapala ang nakapaloob sa karanasang “Pentecostal.”

### 2. Tinawag sa Presensya ng Diyos

Una sa lahat, ang mga Israelita ay tinawag sa presensya ng Diyos.*“Si Moises ay umakyat tungo sa Diyos, at tinawag siya ng Panginoon mula sa bundok, na sinasabi, “Ganito ang sasabihin mo sa sambahayan ni Jacob, at sasabihin mo sa mga anak ni*

*Israel."* (Exodo 19:3). Ang Diyos ay nangusap kay Moises ng napakalinaw at nagbigay ng tiyak na mga pangako sa Israel. Samakatuwid, makikita natin na sa Bundok ng Sinai ay mayroon tayong presensya ng Diyos at ang Kanyang tinig.

Ang bautismo ng Banal na Espiritu ay nagiging sanhi na ang presensya ng Diyos ay mabuksan sa atin sa isang ganap na bagong kaparaanan. Naririnig natin ang Diyos na nangungusap sa atin sa paraang hindi pa natin nakikilanoon.

**Dinalasa Pakpak ng Agila**

Narito ang ilan sa mga pangako na ibinigay ng Diyos sa Israel. Sa Exodo 19: 4, sinabi ng Panginoon,*"Inyong nakita ang Aking ginawa sa mga Ehipcio, at kung paanong dinala Ko kayo sa mga pakpak ng agila, at kayo'y inilapit ko sa Akin."*Nais ng Diyos na tayo'y maging "mga agilang Kristiyano." Ang isang agila ay may mga kakaibang katangian na napakahalaga.

Ang isang katangian ng agila ay ang kakayahan ng mata nito na makita ang mga bagay nang malapitan, ngunit mayroon din itong mala-teleskopikong lente na nakakakita ng mga bagay sa pinakamalayo. Mahalaga, bilang mga Kristiyano, at lalong-lalona bilang mga lider, na magkaroon ng mga matang agila. Dapat nating bigyang-pansin ang mga detalye ng buhay ng malapitan, at Gayundin naman ay magkaroon ng pangmalayuang pangitain.

Ayaw ng aking asawa sa mga ahas. Ang talatang ito sa Exodo 19:4 ay naging buhay sa amin nung kami ay mga misyonero sa

Cameroon kung saan ay may mga ahas sa lahat ng dako. Ang gabi ay napakaagap sa Aprika. Kapag pinag-uusapan ang tungkol sa kaitiman ng Aprika, sukdulan ang itim nito. Literal na mahahawakan mo ang kadiliman. Malinaw namang hindi mo magagawang itigil ang iyong buhay pagdating ng alas-6:00 sa gabi.

Walang mga kalsada sa lugar kung saan kami naninirahan, tanging maliliit na daan lamang upang may malakaran. Hindi lamang namin kailangang magdala ng isang lampara, kailangan din naming balutin ang isang ilawan sa aming mga paa upang magkapagbigay liwanag sa daanan dahil may mga ahas nga sa lahat ng dako. Ang karanasang ito ay nagbigay sa amin ng bagong pang-unawa sa Awit 119: 105: *"Ang iyong salita ay isang ilawan sa aking mga paa, at isang liwanag sa aking landas."* Ipinakikita sa atin ng Salita ng Diyos kung ano ang kailangan nating makita sa kalsada, at binibigyang liwanag din nito ang mga kasalukuyang pangyayari. Ganyan ang mga mata ng isang agila—mayroon silang malapit at pang-malayuang pangitain.

Sa pagbabalik sa aking asawa at ang kanyang hindi pagkagusto sa mga ahas, isang gabi, binigyan ng Panginoon ang aking asawa ng isang panaginip. Siya ay naglalakad sa ilang madamong lugar, at may isang ahas na naroon. Gayunpaman, dahil natakot ito sa kanya, gumapang ito palayo. Ang panaginip na ito ay nagkaroon ng katuparan kinabukasan nang naglalakad siya sa mismong lugar na kanyang nakita. Lumitaw ang isang ahas, nakita siya at gumapang ito sa mababang halamanan. Ang ilang bagay naming natutunan saAprika at sa iba pang mga bansa ay na ibinigay ng Diyos kay Adan, at sa ating lahat, ang kapangyarihan sa kaharian

ng hayop. Kung hindi tayo matatakot sa kanila, at lalakad patungo sa kanila, ay uurong sila. Ang mga demonyo ay takot na takot sa atin, hindi dahil sa kung ano tayo, kundi dahil sa kung Sino ang nasa atin. Ang mga ahas ay takot sa mga agila. ***Nais ng Diyos na tayo'y maging "mga agilang Kristiyano" na hindi natatakot sa mga masasamang espiritu o mga demonyo. Ang kadiliman ay hindi nagtatagumpay sa liwanag, subalit napagtatagumpayanan ng liwanag ang kadiliman.*** Ito ang dapat na palaging maging saloobin natin.

Natatandaan ko ang kuwento ng isang minamahal na kapatirang babae na kinailangang matulog ng isang gabi sa isang pinagmumultuhang bahay. Maraming mga tao ang saksi sa mga nagpapakita roon, lalo na sa silid na kanyang tinuluyan. Nang gabing iyon, ang mga kakila-kilabot na mga aparisyong ito ay nanggising sa kanya. Sinabi lang niya, "Ano ang ginagawa ninyo at ginagambala ninyo ang aking kapayapaan at pamamahinga? umalis kayo!" Ang aparisyon ay nawala nang gayon lamang. Ito ang saloobin ng "agilang Kristiyano." Tandaan, ang agila ang sumusugod sa ahas; ang ahas ang tumatakas mula sa agila. Ito ay hindi kailanman magkabaliktad.

## Katangi-tanging Kayamanan ng Diyos

Sinabi ng Panginoon sa Exodo 19:4-5, *"... Inakay Ko kayo sa mga pakpak ng agila, at dinala kayo sa Aking sarili. Ngayon nga, kung susundin ninyo ang Aking tinig at tuparin ang Aking tipan, kayo ay magiging natatanging kayamanan sa Akin kaysa sa lahat ng mga tao: sapagkat ang buong daigdig ay Akin."* Ang mga anak ni Israel, at sa katunayan, ang mga natubos na ni Cristo sa Panahon

ng Iglesiya, ay ang mga itinatanging kayamanan ng Diyos dahil nagbayad Siyang napakamahal na halaga para sa atin. Hindi tayo magbabayad ng isang napakataas na halaga para sa isang bagay na hindi natin pahahalagahan.

**Isang Kaharian ng mga Saserdote**

Sa Exodo 19: 6 ang Panginoon ay nagpatuloy, *"At kayo'y magiging isang kaharian ng mga saserdote, at isang bansang banal. Ito ang mga salita na iyong sasalitain sa mga anak ni Israel."*Ang maitalaga ang buong bansa upang maging mga hari at mga saserdote ang plano ng Diyos. Ang Iglesiya ang bumawi sa kung ano ang na walang Israel.

Ang Unang Pedro 2: 5, 9 ay tumutukoy sa mga tinubos bilang isang maharlikang pagkasaserdote, *"Kayo rin, tulad ng mga buhay na bato, ay nagtayo ng espirituwal na bahay, banal na pagkasaserdote, upang maghandog ng espirituwal na alay, nakatanggap-tanggap sa Diyos sa pamamagitan ni Hesu-Kristo. Ngunit kayo ay isang piniling salinlahi, isang maharlikang pagkasaserdote, isang banal na bansa, isang kakaibang bayan; upang ipakita ninyo ang mga papuri sa Kanya na tumawag sa inyo mula sa kadiliman sa Kanyang kamangha-manghang liwanag."*Tayo ay tinawag upang maging mga hari at saserdote.

Pinatutunayan ito ng Pahayag 5:9-10, *"At sila'y nagsiawit ng isang bagong awit, na sinasabi, Karapat-dapat Mong kunin ang aklat, at upang buksan ang mga selyo nito: sapagka't Ikaw ay pinatay, at tinubos Mo kami sa Dios sa pamamagitan ng Iyong dugo sa bawat kamag-anak, at wika, at bayan, at bansa; At*

*ginawa Mo kami sa aming Dios na mga hari at mga saserdote: at kami ay maghahari sa lupa."*

Ang Unang Samuel 2:8 ay nagsasabing, *"Kanyang ibinabangon ang dukha mula sa alabok, itinataas niya ang nangangailangan mula sa bunton ng abo, upang sila'y paupuing kasama ng mga pinuno, at magmana ng trono ng karangalan. Sapagkat ang mga haligi ng lupa ay sa PANGINOON,at sa mga iyon ay ipinatong niya ang sanlibutan. "*

**3. Ang Pagpapabanal sa mga Tao**

Sa Exodo 19:10, ay may magandang pagpapabanal sa mga tao,*"At sinabi ng Panginoon kay Moises, Pumaroon ka sa bayan, at pakabanalin mo sila ngayon at bukas, at hugasan mo ang kanilang damit. "*Maaaring itanong ng ilan kung paano ito nauugnay sa bautismo ng Banal na Espiritu—sa katunayan, ito ay isang kwalipiskasyon para sa pagtanggap ng bautismo. Ang kwalipikasyong ito kung minsan ay hindi napapansin. Ito ay binubuo ng pagsunod—marapat natin Siyang sundin. Ito ay inihayag sa Gawa 5:32, *"At kami ay Kanyang mga saksi sa mga bagay na ito; at gayon din ang* Banal na Espiritu, *na ibinigay ng Diyos sa mga sumusunod sa Kanya. "***Kaya nga, may tiyak na sukatan ng pagsunod na kinakailangan upang matanggap ang bautismo ng Banal na Espiritu.**

Ako at ang isang pastor ay nagkaroon ng pagpupulong para sa mga taong nagnanais na makatanggap ng bautismo ng Banal na Espiritu. May isang babae na pumunta sa harapan para sa panalangin at umiiyak sa Diyos, "Panginoon, bautismuhan mo

ako sa Banal na Espiritu." Sinabi ng pastorang ito sa kanyang puso, "Panginoon, tiyak na makakatanggap ang kapatid na ito." Pagkatapos ay binuksan ng Panginoon ang kanyang mga mata, at nakita niya ang babaeng ito kung paano siya nakikita ng Diyos. Sa puntong iyon naunawaan niya kung bakit hindi matanggap ng babae ang Espiritu. Hindi siya namumuhay sa pagsunod.

Ibig kong ibigay sa inyo ang isa pang halimbawa. Isang kapatirang lalaki ang nagnanais ng bautismo ng Banal na Espiritu, at habang siya ay nananalangin, sinabi ng Panginoon sa kanya, "Pumunta ka sa kabilang silid at pakawalan mo ang ibon sa iyong hawla." Ang ibon na ito ay hindi ipinanganak sa kulungan. Hinuli niya ito at Dinala sa kulungan. Upang masunod ng ganap ang Diyos katulad ng isang musmos, Pumasok siya sa kabilang silid, binuksan ang hawla at pinakawalan ang ibon. Kaagad-agad sa kanyang pasunod, ay natanggap niya ang bautismo ng Banal na Espiritu!

Minsan ay hinihingi ng Diyos ang isang kilos ng pagsunod bago Niya ibigay sa atin ang bautismo ng Banal na Espiritu.  Siya ang nagbabautismo! Kaya, maging maingat na ang katotohanang ito ay mabigyang-diin sa inyong kongregasyon.

May mga pagkakataon kung saan sinasabi ng Diyos, "Babautismuhan kita sa Banal na Espiritu, ngunit kailangan mo munang tumugon sa bagay na sinabi Ko saiyo." Samakatuwid, dapat nating sundin ang lahat ng Kasulatan.

Sa paghahangad ng bautismo ng Banal na Espiritu, makabubuti para sa mga tao na tumugon at tumayo nang tahimik sa harapan

ng Panginoon upang makapagsalita Siya sa kanila. Kung may anumang bagay sa kanilang buhay na nilalagay ng Diyos ang Kanyang daliri dahil hindi sila sumusunod, kailangan lang nilang ilagay sa tama iyon bago manalangin. Ito ay kamangha-mangha! Ang mga taong naghahangad ng bautismo sa loob ng maraming taon ay tumatanggap ng kanilang bautismo sa sandaling matupad nila ang isang maliit na hakbang na kinakailangan sa pagsunod.

## 4. Pagtanggap ng Kautusan

Sa Exodo 20, nakita natin na tinanggap ni Moises ang Kautusan - ang Sampung Utos. Ang mga ito ay karaniwang hinahati sa dalawang bahagi, sa dalawang piraso ng bato. Ang unang bahagi ay tumutukoy sa ating mga tungkulin sa Diyos (mga utos 1-4). Ang ikalawang bahagi ay tumutukoy sa mga tungkulin natin sa ating kapwa (mga utos 5-10).

Dapat maging malinaw sa atin na ang Sampung Utos ay may kabuluhan pa ngayon. Walang kahit na anumang mungkahi na ang Sampung Utos na ito ay na pawalang-bisa na. Tinuruan tayo ng Panginoong Jesu-Cristo sa Mateo 5:17, *"Huwag isipin na naparito ako upang sirain ang Batas o ang mga Propeta. Hindi ako naparito upang sirain kundi upang matupad."* Paano tayo na aapektuhan ng Kautusan? Sinasabi sa atin ng Roma 8:4 na malinaw na ang Kautusan ay natupad sa atin, *"Upang ang katuwiran ng kautusan ay maisakatuparan sa atin, na hindi nagsisilakad ayon sa laman, kundi ayon sa Espiritu."*Ano ang bagong tipan? Ang sagot ay matatagpuan sa Hebreo 8:10, "*Ilalagay Ko ang Aking mga kautusan sa kanilang pag-iisip, at isusulat Ko ang mga iyon sa kanilang mga puso, at Ako'y*

*magiging Diyos nila, at sila'y magiging bayan Ko."* Hindi ito ang kautusan na nakasulat sa mga piraso ng bato, ngunit ito ay Kautusan ng Diyos na isinulat sa ating mga puso. Tandaan, sa panahon ng pagbabautismo ng Banal na Espiritu nararapat ang panibagong pagpapahalaga sa mga Kautusan ng Diyos.

### *Ang Sampung Utos*

1. Huwag kang magkakaroon ng ibang diyos-diyosan sa harap ko. (20:3).

2. Huwag kang gagawa para sa iyong sarili ng inukit na larawan o ng anumang kawangis ng anumang nasa langit sa itaas, o ng nasa lupa sa ibaba, o ng nasa tubig sa ilalim ng lupa. (20:4-5).

3. Huwag mong babanggitin ang pangalan ng Panginoon mong Diyos sa walang kabuluhan, sapagkat hindi pawawalang-sala ng Panginoon ang sinumang gumagamit ng Kanyang pangalan sa walang kabuluhan. (20:7).

4. Panatilihin ang araw ng pangilin (20:8).

5. Igalang mo ang iyong ama at ang iyong ina (20:12).

6. Huwag kang pumatay (20:13).

7. Huwag kang mangangalunya (20:14).

8. Huwag kang magnakaw (20:15).

9. Huwag kang magiging sinungaling na saksi laban sa iyong kapwa. (20:16).

10. Huwag kang magimbot (20:17).

## 5. Pagkumpirma ng Tipan sa Israel

Sa Exodo 23: 20-33, ay kahanga-hangang kinumpirma ng Diyos ang Kanyang tipan sa Israel. Hinikayat ng Panginoon sina Moises at ang mga matatanda na umakyat papataas sa bundok palapit sa Kanya sa Exodo 24:1-2, *“Kanyang sinabi kay Moises, ‘Umakyat ka sa kinaroroonan ng Panginoon, ikaw, at sina Aaron, Nadab at Abihu, at pitumpu sa matatanda sa Israel, at sumamba kayo mula sa malayo. Si Moises lamang ang lalapit sa Panginoon; subalit ang iba ay huwag lalapit, at ang bayan ay huwag aakyat na kasama niya.’”*

Pagkatapos ay mababasa natin sa Exodo 24:7-8, *"Kanyang kinuha ang aklat ng tipan, binasa sa pandinig ng bayan, at kanilang sinabi, “Lahat ng sinabi ng Panginoon ay aming gagawin, at kami ay magiging masunurin.” At kinuhani Moises ang dugo at iwinisik sa bayan, at sinabi, ‘Tingnan ninyo ang dugo ng tipan na ginawa ng Panginoon sa inyo ayon sa lahat ng mga salitang ito.’”*

## 6. Apatnapung Araw at Gabi sa Bundok

Gumugol si Moises ng 40 araw at gabi sa kabundukan (Exodo 24:18). Mababasa natin sa Exodo 24:9-10: *"Nang magkagayo'y umakyat sina Moises, Aaron, Nadab, at Abihu, at ang pitumpung nakatatanda sa Israel, at kanilang nakita ang Diyos ng Israel. Sa ilalim ng Kanyang mga paa ay mayroong parang isang tuntungan na yari sa mga batong zafiro, at tulad ng langit sa kaliwanagan.”* Nakita nilang literal ang Diyos! Ako ay naniniwala na sa bautismo ng Banal na Espiritu, ang Panginoon ay nagiging

napakalinaw. Kung minsan ay may mga pangitain tayo ni Cristo o mga pangitain ng langit, at ito ang kanilang naging karanasan. Ang lahat ng ito ay nangyari sa Bundok ng Sinai. Sinisikap kong ipakita ang mga katotohanang ito sa inyo upang makita ninyo ang lawak ng mga pagpapala ng bautismo ng Banal na Espiritu.

## 7. Ang Parisan ng Tabernakulo

Sa panahon ding ito ay natanggap ni Moises ang parisan para sa tabernakulo (Exodo 25-31).

Ang Tabernakulo ay may tatlong mga bahagi:

1. Ang Bulwagan sa Labas (100 x 50 x 5 siko)
2. Ang Dakong Banal (20 x 10 x 10 siko)
3. Ang Kabanal banalan (10 x 10 x 10 siko)

Samakatuwid, ang kabuuang dako ng bulwagan sa labas ay 1,500. Sa numerikang biblikal, ang 1,500 ay kumakatawan sa 1,500 taon ng Panahon ng Kautusan, mula kay Moises hanggangkay Cristo. Ang sukat ng Dakong Banal, dahil ito ay may pantakip, ay naging sukat sikona 2,000 nakumakatawan sa Panahon ng Iglesya, mula sa unang pagdating ni Cristo hanggang sa Kanyang ikalawang pagdating. Ang sukat ng Dakong Kabanal banalan ay 1,000, na kumakatawan sa milenyal na paghahari ni Cristo sa lupa. Sa gayon, nakita natin na sa pagbabautismo ng Banal na Espiritu (Bundok ng Sinai) ay nagkakaroon ng kaunawaan sa mga layunin ng Diyos para sa Panahon ng Iglesya.

## 8. Ang Ginintuang Guya

Ang mga anak ni Israel ay na inip sa paghihintay sa pagbabalik ni Moises mula sa Bundok ng Sinai. Mababasa natin sa Exodo 32: 1 ang tungkol sa kung paano nila sapilitang hiningi kay Aaron na*"Tumindig ka at igawa mo kami ng mga diyos na mangunguna sa amin; sapagkat ang Moises na ito na naglabas sa amin mula sa lupain ng Ehipto, ay hindi namin alam kung ano na ang nangyari sa kanya."* Mababasa natin sa Exodo 32:4 si Aaron, katuwang na pastor ni Moises, at isang propeta, ay gumawa ng isang ginintuang guya at sinabing, *"Ang mga ito ang iyong mga diyos, O Israel, na naglabas sa iyo mula sa lupain ng Ehipto!"*

Nakita natin kung paano nila pinagsama ang kanilang pagsamba sa diyos-diyosan at sa Diyos, gaya ng naitala sa Exodo 32:5, *"Nang makita ito ni Aaron, nagtayo siya ng isang dambana sa harapan niyon. Nagpahayag si Aaron at sinabi, "Bukas ay isang pista sa Panginoon."* Kung sa Diyos ay sa Israel lamang nangyari ito, ngunit nakakalungkot man, na ang ganitong pinaghalong pagsamba, idolatriya at kung ano pa mang mga espiritu ay nangyayari rin sa mga iglesyang Pentecostal.

Naaalala ko na sa mga taon na nakalipas noong ako ay nasa isang iglesiya sa Switzerland, ay may pagkahalo sa gawain. Binuksan ng Diyos ang aking mga mata at nakita ko sa entablado ang isang anghel ng Panginoon at isang demonyo. Ang pagpapahid ng Diyos ay naroon, ngunit nagkaroon din ng impluwensya mula sa iba pang mga bagay. Bakit? Sapagkat hindi buo ang puso ng mga tao, at mayroong kasalanan sa kampo.

## 9. Tugon ng mga Levita sa Tawag

*Tumayo si Moises sa pintuan ng kampo, at nagsabi, "Sino ang nasa panig ng Panginoon? Lumapit kayo sa akin." At lahat ng mga anak ni Levi ay nagtipon sa kanya* (Ex.32:26). Ang iba pang 11 tribo ay hindi nanindigan sa panig ng Panginoon. Mayroong pagpipilian. Kapag dumating sa puntong ganito, sino nga ba talaga ang nasa panig ng Panginoon? Kinailangan ni Levi na manindigan laban sa kanyang mga sariling kapatid.

**Minsan kapag tinawag tayo upang gumawa ng desisyon sa pagitan ng pagsunod kay Cristo at ang makasama ang mga kapatiran, sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos, dapat tayong gumawa ng tamang desisyon upang makasama si Cristo.** Kung gusto nating maging kaibigan ng lahat, hindi tayo makakarating sa Sion. Nang lubusan gmasakop ng Israel ang Bundok ng Sion pagkaraan ng maraming taon, tanging tribo ni Levi lamang ang pangunahing nanirahan doon.

Gaya ng nauna na nating nasabi, patungkol sa paglalakbay—bagama't ito ay isang paglalakbay sa heograpiya mula sa Ehipto patungo sa Lupang Pangako at hanggang sa Sion, ito ay isang huwaran at uri ng paglalakbay na dapat gawin ng bawat isa sa ating buhay Kristiyano. Bilang mga namumuno, pananagutan natin ang pagdadala ng ating mga iglesiya sa Sion. Samakatuwid, ito ay hindi sang pag-aaral lamang sa akademiko kundi isang paraan ng pamumuhay.

## 10. Pamamagitanni Moises para sa Israel

Sa mga susunod na punto, nais kong pagtuunan ang ilan sa mga suliranin na nakakaharap ng mga namumuno. Isang bagay na makita ang mga ito mula sa pananaw ng mga anak ng Israel; at iba rin naman sa pananaw ni Moises.

Dapat nating maunawaan ang matinding tukso na hinaharap ng isang pinuno, at ang pagsubok sa kanyang saloobin. Ang tukso ay inilarawan sa Exodo 32:9-10, *"At sinabi ng Panginoon kay Moises, 'Aking nakita ang bayang ito, napakatigas ng kanilang ulo. Kaya ngayo'y hayaan mo Ako upang ang Aking poot ay mag-alab laban sa kanila, at Aking lipulin sila. Ngunit ikaw ay Aking gagawing isang dakilang bansa.'"* Gayon pa man, naiisip ni Moses ng higit pa ang mga anak ng Diyos kaysa sa kanyang sarili. Inisip niya ang karangalan ng Diyos. Dito natin makikita ang saloobin ng isang tunay na pinuno; ibinilang ni Moises ang kanyang sarili sa mga tao. (Tingnan ang Ezekiel 20: 10-17.)

Muling namagitan si Moises para sa Israel sa Exodo 32:31-32, *"Kaya't Bumalik si Moises sa Panginoon, at sinabi, 'O, ang bayang ito'y nagkasala ng malaking kasalanan; at gumawa sila para sa kanilang sariling mga diyos na ginto. Ngunit ngayon, kung maaari ay patawarin Mo ang kanilang kasalanan—at kung hindi, ay burahin mo ako sa aklat na isinulat Mo.'"*

Sa Roma 9:1-3 sinabi ni Pablo, *"Sinasabi ko ang katotohanang na kay Cristo; hindi ako nagsisinungaling, ito'y pinatotohanan ng aking budhi sa pamamagitan ng Espiritu Santo, na mayroon akong malaking kalungkutan at walang tigil na kirot sa aking*

*puso. Sapagkat mamagalingin ko pang ako ay sumpain at mawalay kay Kristo alang-alang sa aking mga kapatid, na aking mga kamag-anak ayon sa laman."* Minsan, hinihingi ng Diyos na ang isang pinuno ay mamagitan upang maibaling ang poot ng Diyos mula sa mga tao kapag sila ay mapanghimagsik.

Dapat madala ng isang pinuno ang kongregasyon na kasama niya. O, ang mga suliraning naranasan ni Moises! Ang isa sa kanila ay ang pagtalikod (pansamantala) ng katuwang na pastor, ang kanyang sariling kapatid, si Aaron. Ngunit sa pamamagitan ng lahat ng ito, nagawa ni Moises namanaig. Kinakailangan ng isang mainam na tao upang mapaglabanan ang lahat ng mga suliraning ito. Ang saloobin ng nakararami ay, "Gayunman, ako ay patuloy pa rin." Ang saloobin naman ni Moises ay "Panginoon, dalhin mo silang lahat."

Kinakailangan ng isang pinuno ang mga karagdagang pampalubag-loob dahil sa mga kabigatan. Ito ay kinikilala sa mundo ng mga buhay. Ang mga namamahala sa mga pangunahing posisyon ay may malalaking benepisyo. Ang mga ito ay binibigyan ng dagdag na kotse, bahay, at mga kaloob para sa paglalakbay sa ibang bansa. Hindi ko pinapayo na ito ang dapat nating taglayin. Ang ating kabayaran, sa espirituwal, ay yaong mayroon tayong relasyon sa Diyos at higit pa, sa Kanyang presensya. Ang mga Levita ay hindi binigyan ng mana sa Lupang Pangako; ang kanilang mana ay ang Panginoon mismo (Deuteronomio 10:9).

### 11. Ang Diyos ay Nagsasalitang Harap-harapan

Ang pampalubag-loob na natanggap ni Moises ay ang makipag-usap sa kanya ang Diyos nangharapan kung paano nagsasalita ang isang tao sa kanyang kaibigan, tulad ng makikita sa Exodo 33:11, "*Ang pakikipag-usap ni Yahweh kay Moises ay harap-harapan, tulad ng pakikipag-usap sa kaibigan."* Makikita ang kanyang tugon sa Panginoon sa Exodo 33:15, Sinabi ni Moises, *"Kung hindi Ninyo kami sasamahan, huwag na po Ninyo kaming paalisin dito."* Alam na alam ni Moises ang katotohanan na ang presensya ng Diyos ay kinakailangang naroroon sa lahat ng oras. Napakahalaga na hindi tayo gumagawa ng anumang bagay kung wala ang presensya ng Diyos.

Si Moises ay nanangis sa Exodo 33:18, *Sinabi ni Moises, "Hinihiling ko sa Inyo naipakita Ninyo sa akin ang Inyong kaluwalhatian."* Hindi Humingi si Moises ng anuman para sa kanyang sarili; ninais lamang niya na makita ang kaluwalhatian ng Diyos. Ang isang tagapamuno ay dapat na nanakatutok lamang sa punto na ang tanging nais niya sa buhay—ay si Cristo lamang.

Sinabi ni Haring David sa Awit 27:4, "*Kay Yahweh ay isang bagay lang ang aking hiniling, iisa lamang talaga ang aking hangarin: ang tumira sa Templo Niya habang buhay, upang kagandahan ni Yahweh'y aking mapagmasdan, at doo'y Humingi sa Kanya ng patnubay."* Bilang hari, maaaring magkaroon si David ng anumang bagay na ninanais ng isang tao, ngunit ang kanyang tanging ninais ay ang Panginoon.

Makikita natin ang katulad na iyak ng pusong ito kay Apostol Pablo nang kanyang ipinahayag saFilipos 3:8, *"Higit pa roon, ang lahat ng mga bagay ay inaari kong kalugihan dahil sa higit na kahalagahan na makilala si Cristo Jesus na Panginoon ko. Alang-alang sa kanya'y tiniis ko ang kalugihan ng lahat ng mga bagay, at inari kong basura lamang, upang makamit ko si Cristo."*

Ang mga mananampalataya, at lalo na ang mga pinuno, ay masisira kung ang kanilang mga hangarin at pagmamahal ay hindi ganap sa Panginoon. Kung ang pinakamahalagang hangarin ng isang pinuno ay ang magkaroon ng malaking iglesya, magandang gusali, malaking halaga ng pera, katanyagan, o prestihiyosong posisyon, tiyak na mawawasak siya.

Ano ang tunay nating hangarin? Sa Kasulatan, ang mga taong nagmamay-ari ng lahat ng mga pagpapalang ito ay may isang hangarin-ang katauhan ng Panginoong Jesu-Cristo. Maaari tayong maging bigo sa lahat ng iba pang bahaging buhay ngunit maaaring magtagumpay pa rin, sapagkat ang kagalakan at katuparan ng presensya ng Diyos ay hindi maaaring alisin sa atin. Sinabi ng Panginoon tungkol kay Maria, *"Pinili ni Maria ang mabuti at ito'y hindi aalisin sa kanya."* (Lucas 10:39-42). Umupo lamang siya sa presensya ng Panginoon.

Ako ay nagkaroon ng pribilehiyo na makasalamuha ang maraming tao na matagumpay sa kanilang buhay Kristiyano. Sinabi nila sa akin, "May malaki kaming kongregasyon at kasaganaan sa lahat ng dako, ngunit wala talaga itong kahulugan sa amin. Ang tanging hangad namin ay ang makipagtagpo sa

Diyos. Kaya naming layuan ang lahat nang ito kung mangangahulugangang kapalit nito ay makilala si Cristo nang higit pa.” Dapat tayong magkaroon ng ganitong saloobin sa ating puso, sapagkat maaaring mawala ang lahat ng bagay sa buhay na ito. Gayunpaman, kung ang lahat ng iba pang mga bagay na ito ay walang kabuluhan sa atin, walang mawawala sa atin.

Hindi kailanman hinawakan ni Jesus ang makalupang posisyon. Sinabi ni Pablo, *“Magkaroon kayo sa inyo ng ganitong pag-iisip na na kay Cristo Jesus din naman, na siya, bagama’t nasa anyo ng Diyos, ay hindi niya itinuring na isang bagay na dapat panghawakan ang pagiging kapantay ng Diyos.”*(Fil 2:5-6). Maaaring isalin ang Kasulatan na ito, *"Hindi Niya ito inisip [isang bagay na mapanghahawakan]."* Huwag panghawakan ang posisyon.  Ang kahulugan nito ay sadyang napakasimple. **Ang mga bagay na hindi maaaring mawala ang dapat na maalab nating hangarin at layunin.** Maaaring tila nasa iyo na ang lahat at wala pa rin ang pinakamahalagang bagay—Si Cristo mismo.

## 12. Ikalawang Yugto ng Apatnapung Araw at Gabi sa Bundok

Ginugol ni Moises ang ikalawang yugto ng 40 araw at gabi sa bundok kasama ng Diyos. (Ihambing ang Exodo 34:28 sa Exodo 24:12-18.) Sa Exodo 34: 6, inilarawan ng Panginoon ang Kanyang Sarili kay Moises. Ang paraan ng pagsasalarawan ni Jehova ng Kanyang Sarili ay lubhang kawili-wili, sapagkat ito ang paraan na nais Niyang magpakilala:

1. Ang Diyos ay maawain

2. Ang Diyos ay mapagbiyaya
3. Ang Diyos ay matiisin
4. Ang Diyos ay sagana sa kabutihan
5. Ang Diyos ay sagana sa katotohanan

Ito ang limang pinakamahalagang katangian ng kalikasan ng Diyos. Kaya, kapag tayo ay lumalakad na kasama ng Diyos, dapat tayong manguna sa limang bahaging ito. Ang unang katangian na nais ng Diyos na malaman ng tao tungkol sa Kanyang Sarili ay na maawain Siya. Nais niyang makilala bilang isang maawaing Diyos. Ito ang saloobin ng pinuno ng estado. Ang pinuno ng estado lamang ang may kakayahang magpakita ng awa, upang patawarin ang nahatulan. Kapag pinag-aralan natin ang Tabernakulo ni Moises, makikita natin na ang pinakamataas na paghahayag ng Diyos ay nasa luklukan ng awa. Namamalagi ang Diyos sa luklukan ng awa.

Ang kabutihan ay nangangahulugang "walang kakayahang gumawa ng masama." Ilang mga taon na ang nakalipas, ang Panginoon ay nagpakita sa akin at sinabing, "Hawakan mo Ako; Ako ay lubos na mabuti. Wala Akong kakayanang gumawa ng masama."Sinabi ni Jesus sa Juan 14:6, *"Ako ang daan, at ang katotohanan, at ang buhay. Sinuman ay hindi makakarating sa Ama kundi sa pamamagitan ko."*Ang Diyos ay maawain, mapagbiyaya, matiisin, at sagana sa kabutihan at katotohanan. Dapat din tayong manguna sa limang katangiang ito.

## 13. Ang Pagtatayo ng Tabernakulo

Ang pagtatayo ng Tabernakulo ni Moises ay nagsimula sa Exodo 36 at ganap na natapos sa kabanata 40 (Exo. 40:2, 33). Ang mga sukat at detalye ng Tabernakulo ni Moises ay nagsimula sa Exodo 25: 8, ngunit naantala ng kabanata ng ginintuang guya at ang pamamagitan ni Moises sa mga kabanata 32 hanggang 34. Ano nga bang talaga ang tabernakulo? Ito ay isang tolda upang makapanirahan ang Diyos, o isang santuwaryo. Ito rin ay maaaring kumakatawan sa iglesya. Habang nagkakampo pa sa Sinai, binigyan si Moises ng lahat ng mga ordinansa para sa mga kapistahan at mga handog, at lahat ng panuntunan para sa pagkasaserdote. Ang Tabernakulo ay santuwaryo ng Diyos, tulad ng nakikita sa Exodo 25:8, *"Igawa nila Ako ng isang santuwaryo upang Ako'y makapanirahang kasama nila."*

Ang isang maikling pagsusuri ng mga hakbang sa paglalakbay ng mga anak ni Israel ay maaaring makatulong sa atin. Dinala ni Moises ang kongregasyon ng Israel palabas sa Ehipto. Sa espirituwal, ito ay kumakatawan sa karanasan ng kaligtasan. Pagkatapos ay pinangunahan niya sila sa Dagat na Pula, na sumasagisag sa bautismo sa tubig. Mula roon, Dinala niya sila sa Bundok ng Sinai, na nagsasaad patungkol sa bautismo ng Banal na Espiritu. Ang kasunod na pangunahing kaganapan ay ang pagtatayo ng Tabernakulo, na kumakatawan sa pagtatayo ng iglesya.

Kapag ang kongregasyon ng isang iglesya ay na bautismuhan sa Banal na Espiritu, at ang Espiritu ng Diyos ay dumadaloy, ito ang panahon upang bumuo ng isang iglesya. Hintayin ang pagpapala

ng Diyos, sapagkat kapag naroroon ito, magkakaroon din ng daloy ng mga pananalapi upang makapagpatayo. Hanggang sa permanente tayong itanim ng Diyos, kailangan nating mag-kampo sa lahat ng uri ng mga maliliit na gusali at pantahang grupo ng pagtitipon.

## 14. Pagtatalaga kay Aaron bilang Punong Saserdote

Sa Levitico, ang lahat ng mga ordinansa at kautusan para sa mga kapistahan at mga handog ng Israel ay itinatag. Sa Levitico 8:6, sinabi ng Diyos kay Moises na italaga si Aaron at ang kanyang mga anak na lalaki, *"At Dinala ni Moises si Aaron at ang kanyang mga anak na lalaki, at hinugasan silang tubig."* Bago tayo maitalaga, dapat na tayo ay mahugasan sa espirituwal. Pagkatapos ay pinahiran ni Moises si Aaron sa Levitico 8:12, *"At ibinuhos niya ang langis na pamahid sa ulo ni Aaron, at pinahiran siya, upang pakabanalin siya."* Ito ang pagpapahid ng Banal na Espiritu na nagpapabanal sa atin at nagtatalaga sa atin para sa gawain.

Panandaliang isipin ang kagandahang-loob ni Moises. Si Aaron ang nanguna sa mga anak ni Israel sa pagsamba sa ginintuang guya. Isipin mo nga iyon. Narito si Moises, nabuo ang puso para sa Diyos, nasa tuktok ng bundok at tumatanggap ng paghahayag mula sa Diyos. Samantalang siya ay nasa bundok, ang kanyang sariling kapatid na lalaki, ang kanyang katuwang na pastol, ay nangunguna sa mga anak ni Israel sa pagsamba sa diyos-diyosan. Gaano kaganda ang kalooban ng Diyos at ni Moises na italaga si Aaron bilang pinakapunong saserdote. Napakahalaga ng pagpapa lampas sa mga pagsuway ng tao!

Magagawang ibalik ng Diyos at tuparin nang lubusan ang gawain ng isang taong nagkasala. Ako ay narito ngayon sa isang punto kung saan muli ay gusto kong bigyang-diin. Maaari tayong magkaroon ng katuwang na pastor na bumaliktad sa atin, ngunit sinasabi ng Diyos, "Tanggapin mo siya pabalik; natutunan na niya ang kanyang leksyon; nagsisisi na talaga siya." Ang matanggap siyang muli ay tanda ng isang dakilang pinuno. Ang mahalagang usapin ay hindi kakalimutan ng lider na nasa itaasa ng isang taong na bigo. Naipakita dito ang kadakilaan ni Moises.

## 15. Pagbilang sa mga Tao

Nakita natin na ang Tabernakulo ni Moises ay na itayo at natapos sa Exodo 40. Sa Levitico, ang mga kapistahan at mga handog ay itinatag. Gayundin, si Aaron at ang kanyang mga anak ay itinalaga para sa pagkasaserdote. Ngayon ay pupunta tayo sa aklat ng Bilang, kung saan nalaman natin na may pagbilang na ginawa sa mga tribo. Pagkatapos, ang kampo ay inorganisa ng Diyos, bawat tribo sa tamang kalagyan nito, upang maisagawa ang maayos na pagkilos pasulong sa Lupang Pangako (Num. 2). Ang lipi lamang ni Levi ang na ihiwalay mula sa ibang mga Israelita para sa paglilingkod sa Tabernakulo (Mga Bilang 1: 47-54).

## 16. Ang Paskuwa ay Nanatili

Sa Bilang kabanata siyam, nakita natin na ipinagdiriwang ng mga Israelita ang Pista ng Paskuwa eksaktong isang taon Pagkatapos lumabas sa Ehipto, sa ikalabing apat na araw ng unang buwan. Sa puntong ito, sila ay nasa Sinai na nang mga sampung buwan (Bil.

9:1-14). Ang lahat ay handa na ngayon upang sumulong sa Kades-Barnea malapit sa hangganan ng Canaan.

### 17. Pagtala saTulong ni Hobab

Sa Bilang 10:11-13, mababasa natin na nang matapos sa Bundok ng Sinai sa loob ng 11 na buwan, ang mga anak ni Israel ay nagpatuloy sa kanilang paglalakbay patungo sa Canaan, "*Nang ikalawang taon, nang ikadalawampung araw ng ikalawang buwan, ang ulap ay pumaitaas mula sa tabernakulo ng patotoo. At ang mga anak ni Israel ay nagsisulong, ayon sa mga yugto ng kanilang paglalakbay mula sa ilang ng Sinai; at ang ulap ay huminto sa ilang ng Paran. Kanilang pinasimulan ang kanilang paglalakbay ayon sa utos ng Panginoon sa pamamagitan ni Moises."* Sila ay umalis sa Sinai sa ikalawang buwan ng ikalawang taon, at dumating sa ikatlong buwan ng nakaraang taon.

Sa Bilang 10:29, 31, mababasa natin, *"Sinabi ni Moises kay Hobab na anak ni Reuel na Midianita, biyenan ni Moises: "Kami ay naglalakbay patungo sa dakong sinabi ng Panginoon, 'Aking ibibigay sa inyo.' Sumama ka sa amin at gagawan ka namin ng mabuti sapagkat ang Panginoon ay nangako ng mabuti tungkol sa Israel. At sinabi ni Moises, "Ipinapakiusap ko sa iyo na huwag mo kaming iwan, sapagkat nalalaman mo kung paanong magkakampo kami sa ilang, at ikaw ay magiging mata para sa amin."*Kahit na mas espirituwal si Moises, Nakiusap siya sa mga maibabahagi at tulong ni Hobab. Ito ay nagpapakita ng malaking kapakumbabaan ni Moises.

Si Moises, na lubos na nakakakilala sa Diyos, ay umaasa sa mga eksperto sa kanilang mga larangan upang tulungan siya. Magandang humiling sa Diyos na palibutan kayo ng mga dalubhasa. Napakaimposible para sa isang tao na malaman ang lahat ng bagay, gaano man siya ka-espirituwal. Si Isaac Newton, na nabuhay sa ikalabimpitong siglo, ay isa sa mga huling lalaki na may nalalaman tungkol sa lahat ng bagay. Sa mga panahong iyon, ang kaalaman ay nakakami tlamang ng may hangganan. Gayunpaman, ngayon ay hindi na ito posible. Kapag mayroon tayong iglesya, kailangan nating hilingin sa Panginoon na bigyan tayo ng mga eksperto na kailangan natin. Pupunuin ng Diyos ang ating mga lugar upang matugunan ang lahat ng pangangailangan, kabilang ang mga mahuhusay na manggagawa at tekniko sa tunog.

Si Moises, na isang dakilang tao, ay umaasa kay Hobab na kanyang maging mga mata, dahil mas higit nitong alam ang disyerto kaysa kay Moises. Nawa'y pagnilayan natin ang saloobin ni Moises.

# Kabanata 7

## Mula Bundok ng Sinai Hanggang Kades-Barnea

### 1. Tinupok ng Apoy ng Diyosa ng mga Nagrereklamo

Ang mga anak ni Israel minsan pa ay muling nagreklamo sa kabila ng lahat ng ginawa ng Diyos para sa kanila. Kung kaya't sila ay tinupok ng Diyos ng apoy. Mababasa natin ang salaysay na ito sa Bilang 11:1-3, *"Ang bayan ay nagreklamo sa pandinig ng Panginoon, at nang marinig ito ng Panginoon ay nagningas ang Kanyang galit, at ang apoy ng Panginoon ay nagningas laban sa kanila, at tinupok ang gilid ng kampo. Ngunit ang bayan ay nagmakaawa kay Moises; at si Moises ay nanalangin sa Panginoon at ang apoy ay namatay. Kaya't ang pangalan ng dakong iyon ay tinawag na Tabera, sapagkat ang apoy ng Panginoon ay nagningas laban sa kanila.*

### 2. Ang Nagkakagulong mga Tao ay Nagpakagahaman sa Pagkain

Nabasa natin ang isa pang suliranin sa Bilang 11:4-6, *"At ang nagkakagulong mga tao na nasa gitna nila ay nagkaroon ng matinding pananabik at ang mga anak ni Israel naman ay muling umiyak at nagsabi, "Sana'y mayroon tayong karneng makakain! Ating naaalala ang isda na ating kinakain na walang bayad sa Ehipto; ang mga pipino, mga milon, mga puero, mga sibuyas, at*

*bawang. Ngunit ngayon ang ating lakas ay nanghihina; walang anuman sa ating harapan kundi ang manning ito."* Nagbigay ang Diyos sa mga Israelita ng pagkain, ngunit ang nais nila ay ang mga pagkaing kinasanayan nila sa Ehipto: mga pipino, mga milon, mga kutsay, sibuyas, bawang, at karne. Tayo ay masaganang binibigyan ng Diyos ng sapat na pagkain para sa ating kalusugan, ngunit kung minsan ay hindi Niya Ibinibigay sa atin ang pagkain na gusto natin o ang nakasanayan nating kainin. Ang pagkain ng mga Ingles ay napaka-simple. Naniniwala ako na wala sa inyo na maibigin sa masasarap na pagkain ang tatawagin sa Inglatera. Ang pagkain ng mga Pranses ay napakainam.

Maraming taon na ang nakalipas, na punta ako ng Francia mula sa Inglatera, at bilang isang Ingles, nasanay ako sa simpleng pagkain. Sa isang iglap, inilagay sa aking harapan ang masasarap na mga pagkain na hindi ko pa kailanman natitikman. Gayunpaman, alam niyo ba kung ano ang hinanap ng aking panlasa? "*English fruitcake!"* Napakahirap nito. Sinikap kong magkaroon ng tagumpay laban sa aking pagnanais ng *"English fruitcake."* Ang pagpapalaya ay dumating sa pamamagitan ng isang Ingles na misyonerong babae na nagsabi sa akin, "Alam ko kung ano mismo ang kailangan mo. Maaari ka bang pumunta mamayang ika-apat ng hapon para mag-tsaa?" Nang dumating ako, sinabi niya, "Alam ko kung ano mismo ang gusto mo." At mula sa ibaba ng kanyang istante ay inilabas ang isang kaaya-ayang *English fruitcake*. Nasabi ko ang kuwentong ito nang minsan sa New Zealand, at 11 *fruitcakes* ang lumitaw nang sumunod na pagtitipon. At ngayon sa tuwing babalik ako, palaging mayroong *fruitcake*. Hangad ko na magkaroon sana ako

ng ganoong espirituwal na bunga mula sa bawat mensahe na aking ipinangangaral!

Ang ilan sa aming mga seminar sa ibang mga bansa, ay namimigay kami ng sapat na pagkain para sa lahat. Gayunpaman, sa ilang mga bansa, kapag namimigay kami ng karne at gulay ng walang kanin, ay iniisip nilang hindi pa sila na kakain. Kaya nga, ang pagkagana sa pagkain ay pandaigdigang suliranin.

Isa sa aking mga naging mag-aaral ang nakaranas ng ganitong problema sa Cameroons. Nais niyang ilipat ang isang pastor sa ibang iglesya, ngunit sinabi ng pastor na "Hindi ako makakaalis, Massa, hindi sila nagluluto katulad ko." Kailangan nating magkaroon ng katagumpayan laban sa ating mga pagkagana upang makain natin ang anumang nakahain sa ating harapan (1 Cor. 10:27). Ito lamang ang tanging paraan upang magtagumpay tayo sa ating ministeryo sa ibang bansa. Isa sa aking mga kaibigan na misyonero sa Aprika ay kanin lamang ang kinain sa loob ng siyam na buwan. Ang isa pa sa aking kaibigan na misyorero sa Timog Amerika ay halos nabuhay lamang sa saging sa loob ng maraming taon. Sinabi niya sa akin, "Hindi ko alam na possible palang maihain ang saging sa iba't ibang paraan."

Kinailangang tiisin ni Moises ang patuloy na pagrereklamo ng mga tao. Ang mga pastor ay madalas na pumupunta sa akin at nagsasabing, "Hindi ko alam kung matatagalan ko pa ito. Hindi ko na makayanang tumuntong sa pulpito ng isa pang araw." Nang tanungin ko kung "Bakit?" Sumagot sila, “Ang mga tao ay nagrereklamo, sila ay nagdadabog, at sila ay naiinis at nagagalit sa lahat ng bagay. Walang anumang tama akong nagawa.

Walang nakakapagbigay-lugod sa kanila." Gayunman, Dinala ni Moises ang mga bagay na ito sa Panginoon.

**3. Panaghoy sa Panginoon**

Mababasa natin sa Bilang 11: 10-11, *"Narinig ni Moises ang pag-iiyakan ng bayan sa kanilang sambahayan, na ang lahat ay nasa pintuan ng kanilang tolda. At ang PANGINOON ay galit na galit, at sumama ang loob ni Moises. Kaya't sinabi ni Moises sa PANGINOON, "Bakit mo ginawan ng masama ang iyong lingkod? Bakit hindi ako nakasumpong ng biyaya sa iyong paningin, na iyong iniatang sa akin ang pasanin ng buong bayang ito?"* Isang napakahirap na kalagayan na matagpuan ni Moises ang sarili! Ang Diyos ay hindi nalugod; ang mga tao ay galit; at ang lider ang nasa pagitan.

Maraming taon na ang nakalipas, sa isang sitwasyon kung saan ang mga problema ay hindi na mabilang, ako ay binigyan ng Panginoon ng isang pangitain. Sa pangitain, ipinakita Niya sa akin ang dalawang gilingang bato. Ang isang gilingang bato ay gumagalaw sa isang direksyon, at ang isa ay gumigiling sa kabilang direksyon. Ang Panginoon ay umuusad pakanan at ang mga tao ay nagpapatuloy ng pasalungat. Ang mga tao ay kumikilos ng laban sa Diyos. Pagkatapos ay nakita ko ang isang maliit na olibo sapagitan ng mga gilingang bato. Ako ang maliitna olibo, at ako ay dinudurog sa pagitan ng dalawa. Ito ang paraan kung paano na ang olibo ay nagiging langis at nawawala ang pagkakakilanlan nito. **Ito ang susi sa pagpapahid. Ito ang nasa mga salita ni Apostol Pablo, na "*piniga ng higit sa aming kaya*"** (2 Corinto 1: 8).

**Mga Mapangalagang Tatay at Nanay**

Sinabi ni Moises sa Panginoon sa Bilang 11:12-13, “*Akin bang ipinaglihi ang buong bayang ito? Ipinanganak ko ba sila upang iyong sabihin sa Akin, ‘Kandungin mo sila sa iyong kandungan, na gaya ng nag aalagang magulang na kinakalong ang kanyang anak na pasusuhin,’ tungo sa lupain na Iyong ipinangako sa kanilang mga ninuno? Saan ako kukuha ng karne upang ibigay sa buong bayang ito? Sapagkat sila'y umiyak sa akin, na nagsasabi, ‘Bigyan mo kami ng karneng makakain namin.’”*

Kamakailan lamang, binigyan ako ng Panginoon ng pangitain ng napakaraming mga sanggol. Sinabi ng Panginoon, "Laksa-laksa ang ipanapanganak sa kaharian ng Diyos sa lalong medaling panahon sa darating na rebaybal, at kailangan Ko ng mangangalagang mga ama at ina."

Ang mga kasama natin na may mga sanggol ay alam na kailangan ng mga ito ng maraming pag-aasikaso. Hindi natin maaaring asahan sa isang sanggol kung ano ang inaasahan natin mula sa isang apat o limang taong gulang, o sa sampu o dalawampung taong gulang. May panibagong alon ng rebaybal na darating; at sinabi ng Panginoon, "Kailangang ihanda mo ang mga maaaring maging mga ama at ina na mangangalaga sa maraming mga sanggol." Tandaan, kailangan natin silang pangalagaan.

**Hindi Kayang Akayin Mag-isa ni Moises Ang mga Tao**

Sa Bilang 11:14-15, sinabi ni Moises sa Diyos: “*Hindi ko sila kayang alagaang mag-isa. Napakabigat ng pasaning ito para sa*

*akin! [15] Kung Ganito rin lamang ang gagawin ninyo sa akin, mabuti pa'y mamatay na ako ngayon din kaysa maghirap nang matagal."* Hindi kinaya ni Moises ang napakalaking pasanin na ingatan ang lahat ng mga Israelita na kanya pang hiniling sa Panginoon na kunin nalang ang kanyang buhay.

Nakarinig na ako ng mga pastor na umiiyak sa Panginoon na kunin na ang kanilang buhay dahil hindi na nila makayanan ang mga salungatan at panggigipit ng ministeryo. Maraming mga tao, nasa kanilang kasigasigan na gumawa ng isang bagay para sa Panginoon, ay humihiling sa Panginoon na bigyan sila ng isang iglesya kung saan sila ay maaaring maglingkod. Gayunpaman, hindi nila napagtatanto ang mga mahihirap na sitwasyong katulad nito ang naghihintay sa kanila. Ang salungatan ay hindi lamang sa iglesya—ito ay maaaring lumaganap din sa lungsod. Maaaring maging laban sa atin ang buong lungsod, at maging puntirya ng kontrobersiya.

Makabubuting tandaan natin ang mga talatang ito kung tayo ay tinawag upang maging mga pinuno, sapagkat si Moises ay isang huwaran sa pamumuno.

## 4. Pagtatalaga ng Pitumpung Matatanda

Ang sagot ng Diyos sa hinaing ni Moises ay ibinigay sa Bilang 11:16-17, *"Dahil dito, sinabi ni Yahweh kay Moises, "Pumili ka ng pitumpung matatandang pinuno sa Israel, iyong mga kinikilala ng kanilang lipi, at isama mo sa Toldang Tipanan. Pagdating ninyo roon, bababâ Ako at makikipag-usap sa iyo. Babahaginan Ko sila ng Espiritung ibinigay Ko sa iyo*

*upang makatulong mo sila."* Iniutos ng Panginoon kay Moses natipunin ang 70 matatanda upang tulungan siyang dalhin ang pasanin ng pamumuno.

May isang nakawiwiling katotohanan dito. Upang matupad ang isang ministeryo o gawain, ang Diyos ay nagbibigay ng sapat na pagpapahid ng Banal na Espiritu na kakailanganin. Kaya mayroong sapat na pagpapahid para kay Moises upang dalhin ang mga taongito.Gayunpaman, ang isang bahagi ng Espiritu ay kinailangang kunin mula kay Moises at inilagay sa 70 mga matatanda upang sila ay magkaroon ng kinakailangang pagpapahid upang makibahagi sa pasanin.

Kung mayroon tayong maliit na kawan, ang pagpapahid ay maaaring kaunti lamang. Mas malaki ang kawan, mas malaki rin ang mga responsibilidad; kaya nga dapat ay magkaroon din ng katumbas na daming pagpapahid, ayon sa ating mga responsibilidad.

Sinabi ni Apostol Pablo, *"Subalit sa bawat isa sa atin ay ibinigay ang biyaya ayon sa sukat ng kaloob ni Cristo..."* (Efeso 4:7). Samakatuwid, ang biyaya (na siyang banal nakakayahan) ay Ibinibigay sa atin ayon sa ating mga tungkulin. Ibinibigay ng Diyos kung ano ang kinakailangan.

### 5. Ang Masaganang Saloobin ni Moises<br>Sa Iba pang mga Propeta

Sa Bilang 11:25, kinuha ng Panginoon ang isang bahagi ng pagpapahid na nakay Moises at inilagay ito sa 70 nakatatanda, *"At*

*ang PANGINOON ay bumaba sa ulap, at nagsalita sa kanya, at kinuha ang espiritu na nasa kanya, at ibinigay ito sa pitumpung nakatatanda: at ito ay nangyari na nang ang espiritu ay naipatong sa kanila, sila ay nagpropesiya, at hindi nagtigil."* Nang matanggap ng 70 matatanda ang parehong pagpapahid na na kay propeta Moises, sila ay nagsimulang mag propesiya.

Mababasa natin sa Bilang 11:26-28, *"May naiwang dalawang pinuno sa kampo, Eldad ang pangalan ng isa at Medad naman ang isa. Tinawag silang kasama ng pitumpu ngunit hindi sumama. Gayunman, binahaginan din sila ng espiritu ni Yahweh kaya sila'y nagpahayag din tulad ng mga propeta sa loob ng kampo. Nakita pala sila ng isang binata at patakbo itong nagpunta kay Moises. Sinabi niya, "Sina Eldad at Medad ay nagpapahayag sa kampo." Dahil dito, sinabi ni Josue na anak ni Nun at lingcod ni Moises, "Bakit di po ninyo sila sawayin?"*

Kalabisan na ito para kay Josue, lalo na nung ang dalawa sa kanila, sina Eldad at Medad, ay nagpropesiya nang mga sandaling iyon. Sinabi niya kay Moises, "Ikaw ang dapat na nagpopropesiya, hindi sila." Narinig ko na ang ilang mga tagapaglingkod na may kaparehong saloobin katulad ni Josue, na sinasabi sa kanilang mga kongregasyon na ang mga pastor lamang ng iglesiya ang maaaring magpropesiya.

Gayunman, pansinin ang mapagbigay na saloobin ni Moises patungkol sa kanila sa Bilang 11:29, "*Ngunit sinabi ni Moises, "Nangangamba ka bang ako'y mababawasan ng karangalan? Gusto ko ngang maging propeta at mapuspos ng espiritu ni Yahweh ang lahat ng mga Israelita."* **Ang hangarin ng isang**

**tunay na tagapaglingkod ay hubugin ang mga tao na magpatuloy sa mas mataas pa kaysa sa mga nakamit niya.** Halimbawa, kung ang isang tao ay isang guro, ito ay para sa kanyang sariling kaluwalhatian na itaas ang mga tao hanggang sa isang mas mataas na antas ng pang-unawa kaysa sa nakamit niya para sa sarili, sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanyang mga mag-aaral ng mabilis na kaalaman ng Salita ng Diyos.

### 6. Ang mga Mapagnasa ng Karne ay Inilibing

Sa Bilang 11:31-32, ang Panginoon ay mahimalang nagbigay ng pugo para sa mga anak ni Israel upang kumain, "*At lumabas ang isang hangin galing sa Panginoon, at ito'y nagdala ng mga pugo mula sa dagat, at pinalapag sa kampo na may isang araw lakarin sa dakong ito, at isang araw lakarin sa kabilang dako sa palibot ng kampo, mga dalawang siko ang kapal sa ibabaw ng lupa. Ang bayan ay nakatindig sa buong araw na iyon at sa buong gabi, at sa buong ikalawang araw, at nanghuli ng mga pugo. Yaong kaunti ang natipon ay nakatipon ng sampun gomer*[b] *at kanilang ikinalat para sa kanila sa buong palibot ng kampo.”*

Gayunman, ang paghatol ay ipinataw sa mga masidhi ang pananabik sa karne, gaya ng naitala sa Bilang 11:33-35, *"Ngunit samantalang ang karne ay nasa kanilang mga ngipin pa bago ito naubos ay nagningas ang galit ng Panginoon laban sa bayan at pinatay ng Panginoon ang mga tao ng matinding salot. Kaya't ang pangalan ng dakong iyon ay tinawag na Kibrot-hataava, sapagkat doon nila inilibing ang bayang nagkaroon ng masidhing pananabik. Mula sa Kibrot-hataava ay naglakbay ang bayan patungo sa Haserot; at sila'y namalagi sa Haserot.”*

Sila ay napaslang ng isang napakalaking salot mula sa Panginoon, at sila ay inilibing. Mahirap para sa isang lider ang makitan ghinahatulan ng Diyos ang kongregasyon. Ang lider ang siyang kailangang magsagawa ng paglilibing sa mga hinatulan.

**7. Pagtitiis sa Pamimintas ni Aaron at Miriam**

Sa Bilang kabanata 12, ay kinailangang tiisin ni Moses ang pamimintas ng kanyang sariling mga kapatid na lalaki at babae, sina Aaron at Miriam. Iisipin natin na natutunan na ni Aaron ang aral na ito. Ang katuwang na pastor ay dapat sanang maging mapagpasalamat sa pastor ng walang hanggan para sa pagpapanumbalik sa kanya sa paglilingkod, ngunit hindi naging ganito.

Si Miriam ang unang binanggit, marahil dahil sa katanungan patungkol sa asawa ni Moises. Si Miriam ang tila pangunahing salarin dito dahil siya ang pinadapuan ng Diyos ng ketong, ngunit si Aaron ay sumangayon din sa kanyang pagpuna kung saan ay hindi niya dapat ginawa. Ang dalawa na pinakamalapit kay Moises ang kumalaban sa kanya sa pagkakataong ito at pinintasan siya dahil sa kanyang asawa.

May dahilan upang paniwalaan na si Zifora, ang unang asawa ni Moises, ay namatay dahil hindi na siya nabanggit pang muli sa Kasulatan. Makatapos nito ay pinakasalan ni Moises ang isang babaing Etiope. Ang talata ay hindi malinaw at walang tiyak na kalinawan, sapagkat sa Etiope ay magkakahalo ang mga uri ng tao, sa parehong puti at itim. Napakahirap ng talatang ito; kung kaya, hindi ako magkokomento rito dahil wala tayong sapat na

katibayan tungkol sa lahi ng bagong asawa. Gayunpaman, pinintasan nina Miriam at Aaron si Moises. Kinailangan ni Moises na tiisin ang pamimintas na ito, magkagayon nga, ay pinagtiisan niya ito ng may espiritu ng kaamuan. Ipinagkunot-noo ng Diyos ang kanilang pamimintas at Siya'y bumaba. Kapansin-pansin ang pagtugon ng Panginoon sa kanilang pamimintas kay Moises, *"At kanyang sinabi, "Pakinggan ninyo ngayon ang Aking mga salita. Kung mayroon sa gitna ninyo na isang propeta, Akong Panginoon ay magpapakilala sa kanya sa pangitain, at kakausapin Ko siya sa panaginip. Ang aking lingkod na si Moises ay hindi gayon; ipinagkatiwala ko sa kanya ang Aking buong sambahayan. Sa kanya'y nakikipag-usap Ako nang harapan, nang maliwanag, at hindi sa malabong salitaan; at ang anyo ng Panginoon ay kanyang nakikita. Bakit hindi kayo natakot na magsalita laban sa Aking lingkod na si Moises?" Ang galit ng Panginoon ay nag-alab laban sa kanila; at Siya'y umalis."* (Bil. 12: 6-9). Pinepersonal ng Diyos kapag inaalipusta ng mga tao si Moises.

Si Miriam ay naging ketongin; at muli ay humilingsi Moises ng awa. Nakikita mo ba ang napakalaking pasanin ng ministeryo? Ang lider ang isang taong hindi maaaring mabigo, hindi maaaring magkalamat, at hindi maaaring bumigay. Ang lider ay dapat maging isang haligi. May pananagutan siyang itawid ang mga ito; hindi siya dapat lumayo. Ito ang dahilan kung baki tmaraming taon ang kailangan upang mahubog sa pamumuno.

## 8. Ang Layunin ng Ilang

**1. Upang harapin ang kasalanan sa ating buhay**–Ang ilang ay ginagamit ng Panginoon upang tuusin ang kasalanan sa ating buhay. Sa Levitico 23:17, ang handog sa araw ng Pentecostes ay mga tinapay na inihurno na may lebadura, na kumakatawan sa kasalanan. Ibig sabihin, hindi hinaharap ng bautismo ng Banal na Espiritu ang lahat ng kasalanan sa ating buhay. May isa pang kapistahan na tinatawag na Kapistahan ng Pagtubos kung saan ang kalikasan ng kasalanan ay tinutuldukan. Ito ay nangyayari sa pagtawid ng Ilog Jordan.

**2. Upang mamunga ng pananampalataya at kaamuan sa ating buhay**-Mababasa natin sa Awit ni Solomon 3:6, *"Sino itong umaahon mula sa ilang, na gaya ng haliging usok, na napapabanguhan ng mira at ng kamanyang, ng lahat ng mabangong pulbos ng mangangalakal?"* Sa pamamagitan ng paghahambing ng siyam na mga pampalasa at mga bunga sa Awit ni Solomon 4:12-14 sa siyam na bunga ng Espiritu sa Galacia 5: 22-23, mauunawaan natin ang espirituwal na kahalagahan ng mira at kamangyan. Ang mira ay kumakatawan sa kaamuan, at ang kamangyan ay sumisimbolo sa pananampalataya.

**3. Upang gawin tayong mga eksperto sa digmaang espirituwal** - Dapat matutunan ng mga anak ni Israel kung paano makipagdigma sa ilang upang maging handa silang talunin ang mga Kaaway na nasa Lupang Pangako. Ang Awit ni Solomon 3:8 ay naglalarawan nito, *"Bawat isa ay may tabak at bihasa sa digmaan, nagbabantay kahit gabi, nakahanda sa paglaban."*

**4. Upang tayo ay maibaba at subukin.** Mababasa natin sa Deuteronomio 8:2 na ang isa sa mga layunin ng ilang ay upang maipangumbaba ang mga anak ni Israel, *"Alalahanin ninyo kung paano Niya kayo pinatnubayan sa ilang sa loob ng apatnapung taon upang Matuto kayong magpakumbaba. Sinubok Niya kayo kung susundin ninyo Siya."* Ito ay upang makita kung tayo ay magiging kontento sa anumang ibibigay ng Diyos sa atin sa ilang (Deut 8:16). Magiging mapagpasalamat ba tayo sa mga pagkain na hindi natin na kasanayan?

**5. Upang ibigay sa atin ang mga kayamananng kadiliman** – Mababasa natin sa Isaias 45:3, *"Ibibigay Ko sa iyo ang nakatagong mga kayamanan at alahas; sa gayon, malalaman mong Ako si Yahweh, ang Diyos ng Israel, ang Siyang tumawag sa iyo."* Sa ilang, ay makararanas tayo ng mga panahon ng kadiliman. May mga kayamanan sa kadiliman na hindi natin matatagpuan sa liwanag. May mga tiyak na bagay na maituturo lamang ng Diyos sa atin sa karimlan.

**6. Upang makita kung tayo ba ay pipiliin o hindi ng Diyos** - Sinasabi ng Panginoon sa Isaias 48:10, *"Sinubok Ko kayo sa pamamagitan ng kahirapan, kung paanong ang pilak ay dinadalisay sa apoy; ngunit kayo'y napatunayang hindi nararapat."* Ang ilang ay isang lugar ng pagsubok. Sinasabi ng Jeremias 2:6, *"Hindi nila ako naaalala kahit Ako ang nagpalaya sa kanila mula sa Egipto; pinatnubayan Ko sila sa malawak na disyerto, sa mga lupaing baku-bako't maburol, sa isang tuyo at mapanganib na lugar, nawala ng naninirahan at nagnanais dumaan."*

# Kabanata 8
## Kades-Barnea

### 1. Pagsugo sa Labindalawang Espiya

Nakapaloob sa Bilang mga kabanata 13 at 14 ang pangyayari sa Kades-Barnea na matatagpuan sa hangganan ng Lupang Pangako. Inutusan ng Panginoon si Moises na magpadalang 12 mga espiya upang tanawin ang lupain: *""Magsugo ka ng mga lalaki upang lihim na siyasatin ang lupain ng Canaan, na aking ibibigay sa mga anak ni Israel. Isang lalaki sa bawat isa sa mga lipi ng kanilang mga ninuno ay susuguin ninyo, na bawat isa'y pinuno sa kanila." (*Bil. 13: 2)

Ang 12 mga espiya na ito ay gumugol ng 40 araw sa Lupang Pangako. Ang kanilang mga ginawa ay nakatala sa Bilang 13:21-25, "*Pagdating sa Canaan, tiningnan ng mga espiya ang lupain mula sa ilang ng Zin hanggang sa Rehob, sa malapit sa Pasong Hamat. Umahon sila ng Negeb at nakarating ng Hebron at doo'y natagpuan nila ang mga angkan nina Ahiman, Sesai at Talmai. Ang mga ito'y mula sa lahi ni Anac. (Ang Hebron ay pitong taon nang lunsod bago ang Zoan sa Egipto.) Pagdating nila sa kapatagan ng Escol, kumuha sila ng isang buwig ng ubas napinasan ng dalawang tao. Nanguha rin sila ng bunga ng punong granada at igos. Ang lugar na iyon ay tinawag nilang Escol dahil sa malaking buwig ng ubas na nakuha nila roon. Pagkaraan ng apat napung araw, umuwi na ang mga espiya."*

### 2. Ang Masamang Ulat ng Sampung mga Espiya

Makikita natin ang masasamang ulat ng sampung espiya sa Bilang 13: 27-28, *"Ang sabi nila, "Pinag-aralan namin ang lupain at natuklasan naming ito'y mayaman at masagana sa lahat ng bagay. Katunayan ang bungang kahoy na kinuha namin doon. Ngunit malalakas ang mga tagaroon. Malalaki ang lunsod at matitibay ang mga pader. Bukod dito, naroon din ang mgalahi ng higante."* Sinabi nila na hindi nila kayang ariin ang lupain sapagkat ang kanilang mga kaaway ay mas malaki kaysa sa bayan ng Diyos.

Totoo na kapag binigyan tayo ng Diyos ng pamana, ang mga dating naninirahan sa lugar na iyon ay dapat na mapaalis. Subalit hindi tayo dapat matakot sa masasamang espiritu, sapagkat sila ang takot sa atin (1 Juan 4:4).

Dapat ay magkaroon tayo ng pagkalaya mula sa takot sa ating mga buhay. May pagkakaiba sa pagitan ng takot sa Panginoon at pobya. Ang makadiyos na pagkatakot ay ang pagnanais na mabigyang kaluguran ang Panginoon at pag-iingat na hindi mapasama ang Kanyang loob sa anumang paraan o magkulang sa Kanyang mga layunin. Kung nauunawaan natin ito, maiintindihan natin ang pagkakaiba sa pagitan ng takot sa Panginoon at pagiging matatakutin.

Ngayon sa Bilang 14:1-4, makikita natin na ang negatibong ulat ng sampung espiya ay nakaapekto sa saloobin ng buong kongregasyon ng Israel, *"Kaya't ang buong kapulungan ay sumigaw nang malakas; at ang taong-bayan ay umiyak nang*

*gabing iyon. At nagreklamo ang lahat ng mga anak ni Israel laban kina Moises at Aaron. Sinabi sa kanila ng buong sambayanan, "Namatay na sana tayo sa lupain ng Ehipto! O kaya'y namatay na sana tayo sa ilang na ito! Bakit kaya tayo dinala ng PANGINOON sa lupaing ito, upang tayo'y bumagsak sa tabak? Ang ating mga asawa at ang ating mga anak ay magiging biktima. Hindi ba mas mabuti para sa atin na tayo'y magbalik sa Ehipto?" Kaya't sinabi nila sa isa't isa, "Maglagay tayo ng isang pinuno at tayo'y magbalik sa Ehipto."* Sa tuwing may kaguluhan, ang mga anak ni Israel ay nagnanais na bumaliks aEhipto. Nakalabas na sila sa Ehipto ngunit ang Ehipto ay nasa kanila pa rin.

Maraming taon na ang nakararaan, nung habang dumadalaw ako sa isang iglesiya sa Australya, binuhay ng Panginoon sa aking asawa at sa akin ang talatang ito mula sa aklat ng Mga Bilang para sa iglesya. Pinaalalahanan namin sila na may layunin ang Diyos sa kanila at nais na sila ay magpatuloy sa Kanya. Pagkatapos naming magsalita, bumaba kami sa kongregasyon. Pagkatapos ay pinangunahan ng pastor ang iglesiya sa panalangin. Hindi ko makakalimutan ang sumunod.

Ang isa sa mga matatanda ay tumayo at nanalangin, "Panginoon, nasisiyahan na kami sa ilang. Ayaw na naming magpatuloy, komportable na kami dito." Ang espiritu ng kawalan ng pananampalataya ay dumating sa matandang ito, at siya ay naging daluyan ng malikhain ngunit negatibong propesiya. Ang parehong espiritu na lumukob sa kanila ay siya ring nasa Israel sa ilang.

Ilang taon din ang lumipas nang Bumalik ako sa parehong iglesiya para sa pagtatalaga ng isa pang pastor. Habang nasa pulpit ako, sinabi ng Panginoon, "Kunin mo ang isang lalaki at ipakuha mo ang iyong sinturon sa kanya at ipatali mo rito ang iyong mga kamay. Pagkatapos ay sabihin mo sa kongregasyon, 'Itinali ninyo ang mg akamay ng mga pastor na isinugo Ko sa inyo." Matapos kong sabihin sa kanila ang pinasasabi ng Panginoon, binigyan ako ng Panginoon ng isang pagbabalik-tanaw sa naganap na panalanginan pitong taon na ang nakararaan, at sinabi ko, "na ang taong iyon at ang espiritung iyon ang pumigil sa inyo na magpatuloy, ngunit ngayon ang Diyos ay muling nagtatalaga ng isa pang pastor. Dadalhin niya kayo papasok."

Sa kaawaan, hindi ko alam na ang tao ng nanalangin niyon ay nakaupo sa balkonahe, sapagkat kung hindi ay hindi ko ito masasabi.  Hindi ito magiging mabuti sa kalooban. Umiyak ang kongregasyon, at kinilala ang katotohanan sa bagay n aito. Sa pagkakataong ito, itinalaga nila ang kanilang mga sarili na makapasok. Sa wari, ay mayroon ngang tunay na pagkilos ng Espiritu sa iglesyang iyon ngayon.

Ang gusto kong sabihin ay ito—ang paglalakbay ng mga anak ni Israel ay nauulit-ulit sa mga local na iglesya. May ilang mga iglesiya na nagpapasiyang magpatuloy at may ibang mga iglesiya na puno ng rebaybal, ngunit nagpasyang manatili kung nasaan sila. Sa isang karismatikong grupo, bago inanyayahan ang bisitang tagapaglingkod na mag salita sa kanila, ay sinabihan siya na, "Ayaw namin ng masyadong malalim. Nais lang namin ang kaligtasan at ang bautismo ng Banal na Espiritu. Nais lang namin ng mga patotoo." **Tiyak na tiyak, na pinahihintulutan ng Diyos**

**ang mga tao na pagpasyahan kung anong antas ang gusto nilang marating.**

### 3. Saloobin ni Josue at Caleb

Hindi lahat ng 12 mga espiya ay umayon sa negatibong saloobin. Ang saloobin nina Caleb at Josue ay "Kayang-kaya natin ito." Ito ay batay sa Bilang 14:8 na nagpapatuloy, *"Kung kalulugdan tayo ng PANGINOON ay dadalhin nga niya tayo sa lupaing iyon, at ibibigay niya sa atin; isang lupain na dinadaluyan ng gatas at pulot."*

### 4. Hinangad ng Panginoon na Wasakin ang mga Di-naniniwala

Ang Panginoon ay lubos na nadismaya sa mga anak ni Israel na muli ay ninais Niyang patayin sila (Bil. 14:11-20, Ex 32:10-14). Sinabi Niya kay Moises sa Bilang 14:11-12, *"Hanggang kalian ako hahamakin ng bayang ito? At hanggang kalian sila hindi maniniwala sa akin, sa kabila ng mga tanda na aking ginawa sa kanila? Hahampasin ko sila ng salot, at tatanggalan ko sila ng mana at gagawin kitang isang bansang mas malaki at mas matibay kaysa kanila."* Ito ang pangalawang pagkakataon na sinubok si Moises sa parehong lugar (Exodo 32:10). Si Moises ay "napuno na" rin sa mga tao, dahil hinahadlangan nila siyang makapasok sa Lupang Pangako.

Ang isa pang punto na dapat isaalang-alang ditto ay ang hindi makapasok sina Caleb at Josue sa lupain hanggang sa panahon ng Diyos. Pinipigilan din sila ng Israel. **Nais kong maunawaan**

**ninyo na kapag ikaw ay pastor sa isang kongregasyon, maaaring ikaw ay maalab, ngunit ang kongregasyon ay maaaring hindi. Kung ganyan ang sitwasyon, ay pipigilan ka nila; ngunit dapat ay manatili kang kasama nila.** Nakikita mo ba ang katangiang dapat mayroon ang isang pinuno?

Pinag-uusapan natin dito ang tatlong mahuhusay na namuno sa espirituwal: sina Moises, Josue, at Caleb. Si Moises ay hindi nakapasok dahil sa matigas na puso't suwail na kongregasyon. Sina Josue at Caleb ay kinailangang maging lagalag muli ng 38 taon dahil sa kanila.

Ang kongregasyon ay may napakalaking epekto sa pamumuno. Sa katunayan, ay pinukaw nila sa pagkagalit ang diwa ni Moises upang siya ay kumilos nang walang-ingat. Isipin kung ano ang kanyang pinagsumakitan hanggang sa mga sandaling ito!  Kung ang pinasturan ni Moises ay isang disenteng kongregasyon, hindi sana nasubok ang kanyang espiritu, at sana'y nakapasok siya sa lupain ng Canaan (Awit 106:33).

Gayunpaman, ay may mas malalim na katotohan kaysa riyan dahil kinakatawan ni Moises ang Kautusan. Samakatuwid, kung si Moises ay nakapasok sa lupain, ito ay nangangahulugan na maaarikang dalhin ng Kautusan sa Lupang Pangako. Kaya nga dapat ay balansahin ito. Kung titingnan ito sa ibang bahagi, si Moises ay hindi kalian man maaaring pumasok sapagkat ito ay mangangahulugan na ang Kautusan ay makapagdadala sa atin sa kapahingahan ng Diyos. Si Josue ang nagdala sa kanila kinalaunan. Kinakatawan niya ang isang bagong kaayusan, kung saan ay ang biyaya.

### 5. Nakiusap si Moises Para sa Karangalan ng Diyos

Kagaya ng nasa Exodo 32:10-14, si Moises ay nakiusap para sa karangalan ng Diyos at tinanggihan ang karangalan na maging isang dakilang bayan. Siya ay nagsumamo para sa mga tao na nagdulot sa kanya ng labis na kapighatian. Si Moises ay tunay nga na isa sa pinakadakilang tao sa lahat ng panahon.

### 6. Paggunita sa Sampung mga Pagsubok ng Ilang

Sinabi ng Panginoon sa Bilang 14:22, *"wala sa mga taong iyon na nakakita ng aking kaluwalhatian at ng aking mga tanda na aking ginawa sa Ehipto at sa ilang, ngunit tinukso pa rin ako nitong makasampung ulit, at hindi dininig ang aking tinig…"* May sampung pagsubok sa ilang, at ang Israel ay nabigo sa lahat ng ito. Kung kaya nanumpa ang Diyos sa Kanyang galit na kailanman ay hindi sila makakapasok sa Kanyang kapahingahan, na siyang lupain ng Canaan.

Bawat pagsubok ay nararapat sanang maging isang hakbang pasulong. Sa halip, ito ay ginawang Israel na mga katitisuran. Ang Espiritu (nakinatawan ng ulap) ang nanguna sa kanila sa bawat kahirapan, upang maipakilalang Diyos ang Kanyang Sarili na malakas para sa kanilang kapakanan, magdala ng kalayaan, at itaas ang kanilang pananampalataya. Napakahalaga para sa atin na gunitain ang sampung mga pagsubok ng mga anak ni Israel sa ilang dahil haharapin din natin ang parehong mga pagsubok sa ating Kristiyanong pamumuhay.

**Ang Sampung mga Pagsubok sa Ilang**

**1. Pagsalungat mula sa mundo:** Nang umalis ang mga anak ni Israel sa Ehipto, ang Faraon ay sumunod sa kanila at sinubukang ibalik sila sa pagkaalipin. Sinisikap ng maka-mundong mga kaibigan at ng mga tukso na akitin ang bagong tinubos.

**2. Mapait na tubig:** Sa Mara, ang mga anak ni Israel ay hinarap sa mapait na tubig. Ang bawat mananampalataya ay sinusubok ng mapapait na karanasan at pagkabigo. Ang mapait na tubig ay magiging matamis lamang kapag ang puno (krus) ay nailagay sa tubig.

**3. Gutom:** Sa ilang, nakaranas ng gutom ang mga anak ni Israel. Ito ay kumakatawan sa pang-ekonomiyang mga pagsubok. Makakaranas tayo ng mga panahon na wala tayong maraming pera o mga bagay na gusto nating magkaroon. Gayunpaman, ang Diyos ang nangangalaga sa ating mga pangangailangan.

**4. Uhaw:** Ang mga anak ni Israel ay nakaranas ng pagkauhaw sa ilang. Ang uhaw ay kumakatawan sa mga tuyo at nakakabagot na mga karanasan. Kailangang matagumpay nating malampasan ang mga ito.

**5. Diyos-diyosan:** Gumawa ang mga anak ni Israel ng gintong guya at sinamba ito. Ang labis na pagnanasa at kasakiman ay dapat magapi. Ang anumang bagay na pumapalit sa ating pagsalig sa Diyos ay maaaring maging diyos-diyosan. Gayundin, masamang paka-ibigin ang nakaraang buhay.

**6. Pagrereklamo tungkol sa mga sitwasyon:** Ang mga anak ni Israel ay patuloy na nagrereklamo tungkol sa kanilang mga kalagayan. Ang pagrereklamo ay dahilan upang hindi tayo makasumpong ng pabor mula sa Diyos.

**7. Di-pagpapasalamat:** Ang mga anak ni Israel ay hindi kalian man natutong magpasalamat sa Diyos. Sila ay walang utang na loob para sa mga manna na ibinigay Niya para sa kanila; gusto nila ang mga pugo. Ang di-pagpapasalamat ay isa sa unang mga hakbang sa pagtalikod (Roma 1:21).

**8. Katakawan:** Ang mga anak ni Israel ay nagpakasasa sa mga pugo, at pinatay ng Panginoon ang marami sa kanila. Sila ay may pagka-ibig sa mga nakakatakam na pagkain. Ang kanilang mga pagkagana ay hindi na italaga sa Diyos.

**9. Pagpuna laban sa pamumuno:** Patuloy na pinupuna ng mga anak ni Israel ang kanilang mga pinuno, sina Moises at Aaron. Kahit si Aaron at Miriam ay pumuna rin kay Moises, ang taong nakikita sa mukha ng Diyos.

**10. Di-paniniwala:** Matapos tumugon ng negatibo sa unang siyam na pagsubok, ang parisan ng Israel ay itinakda, at nabigo sila sa ikasampu at pinakamahalagang pagsubok sa Kades-Barnea, kung saan ay nasa mismong hangganan ng Lupang Pangako. Nahawahan ng sampung espiya ang buong kongregasyon ng pagtakot at kawalan ng pananampalataya.

### 7. Pagbabalik ng Israel sa Ilang Upang Mamatay

Ang paghatol ng Panginoon sa kanilang pagsuway ay ang hindi sila makapasok sa Lupang Pangako, at sa halip ay mamatay sa ilang. Sinabi ng Panginoon sa Bilang 14:29-34: *"Mamamatay kayo dito sa ilang. Sa mga kabilang sa sensus, samakatuwid ay iyong mula sa dalawampung taon pataas, isa man ay walang makakarating sa lupaing ipinangako Ko, maliban kina Caleb na anak ni Jefune at Josue na anak ni Nun. Ang makakarating lamang doon ay ang inyong mga anak na sinasabi ninyong mabibihag ng kaaway. Sila ang maninirahan doon. Ngunit mamamatay kayo dito sa ilang. Ang mga anak ninyo'y magpapalabuy-laboy rito saloob ng apatnapung taon, hanggang hindi kayo namamatay lahat. Ito ang kabayaran ng inyong hindi pagsampalataya. Ang apatnapung araw na pinagmanman ninyo sa lupaing iyon ay tutumbasan ko ng apatnapung taon ng pagpapahirap upang madama ninyo ang Aking poot sa loob ng panahong iyon.'"*

Ang tanging dalawang tao mula sa henerasyon (mahigit sa edad na 20) na lumabas sa Ehipto at nakapasok sa Lupang Pangako ay sina Josue at Caleb. Sila ay nakahanda nang pumasok sa Lupang Pangako sa Kades-Barnea, ngunit sila ay na hadlangan at pinigil ng mga anak ni Israel. Ang mga namumuno ay madalas mahadlangan at maantala mula sa pagpasok sa mga pangako ng Diyos dahilan sa kanilang mga kongregasyon. Gayunpaman, hindi dapat iwan ng mga lider ang kanilang mga kongregasyon sa kadahilanang ito, gaya ng hindi pag-iwan ni Josue at Caleb sa mga anak ni Israel, sa halip ay naghintay pa ng karagdagang 38 taon upang makapasok sa Lupang Pangako.

## 8. Pakikipaglaban Sa Mga Mapangahas

Matapos sabihin ng Diyos sa mga anak ni Israel na Bumalik sa ilang, marami sa kanila ang nagsisi at nagnais Pumasok sa Lupang Pangako. Mababasa natin sa Bilang 14:40-45: *"Kinaumagahan, sila'y maagang bumangon at umakyat sa taluktok ng bundok, na sinasabi, "Narito kami, at kami ay aakyat sa dakong ipinangako ng PANGINOON, sapagkat kami ay nagkasala." Ngunit sinabi ni Moises, "Bakit sinusuway ninyo ngayon ang utos ng PANGINOON? Iyan ay hindi magtatagumpay. Huwag kayong umahon, baka kayo'y masaktan sa harap ng mga kaaway, sapagkat ang PANGINOON ay hindi ninyo kasama. Sapagkat naroon ang mga Amalekita at ang mga Cananeo sa harap ninyo, at kayo'y babagsak sa tabak, sapagkat tkayo'y tumalikod sa pagsunod sa PANGINOON, kaya't ang PANGINOON ay hindi ninyo makakasama." Ngunit sila'y nagpumilit umakyat sa taluktok ng bundok; gayunman ang kaban ng tipan ng PANGINOON at si Moises ay hindi lumabas sa kampo. Nang magkagayon ang mga Amalekita at ang mga Cananeo na naninirahan sa bundok na iyon ay bumaba, nilupig sila at hinabol hanggang sa Horma.*

Ang mga anak ni Israel ay nangahas na Pumasok sa Lupang Pangako, ngunit ito ay huli na. Kapag sinabi ng Diyos "humayo ka," humayo ka. Kung sinabi ng Diyos na huwag kang pumunta, hindi ka maaaring pumunta. Dito ay Magkakaroon tayong kasalanan ng kapangahasan.  Sa pagtukoy sa paglalakbay ng Israel sinasabi sa Hebreo 4:7 *"siya ay muling nagtakda ng isang araw, "Ngayon," na pagkatapos ng ilang panahon ay sinabi sa*

*pamamagitan ni David, gaya ng sinabi noong una, "Ngayon, kung marinig ninyo ang kanyang tinig, huwag ninyong papagmatigasin ang inyong mgapuso."* **Nililimitahan ng Diyos ang isang araw para sa atin na sundin Siya at tumugon sa tinig ng Kanyang Espiritu.**

# Kabanata 9

## Ang Paglalakbay Mula Kades-Barnea Hanggang sa Pisga

### 1. Paghihimagsik ni Kora:

### Dalawang Daan at Limampu Ang Sumali sa Pag-aalsa

Sa Mga Bilang 16, dumating tayo sa tinatawag na Paghihimagsik ni Kora. Dalawang daan at limampu sa mga piniling prinsipe ng Israel ang sumama kay Kora, Datan, at Abiram sa isang paghihimagsik. Sila ay nabagabag sa paninibugho, at ang kanilang petisyon ay para sa pantay na karapatan.

Mababasa natin sa Mga Bilang 16:1-3, *"Si Kora na anak ni Izar, na anak ni Kohat, na anak ni Levi, kasama sina Datan at Abiram na mga anak ni Eliab, at si On na anak ni Pelet, na mga anak ni Ruben, ay kumuha ng mga tao. Sila'y tumindig sa harap ni Moises, na kasama ng ilang mga anak ni Israel. Sila'y dalawandaan at limampung pinuno na mga lalaking kilala at pinili mula sa kapulungan. Sila'y nagtipon laban kina Moises at Aaron at sinabi nila sa kanila, "Sumusobra na kayo! Ang buong kapulungan ay banal, bawat isa sa kanila, at ang PANGINOON ay nasa gitna nila; bakit nga ninyo itinataas ang inyong sarili sa kapulungan ng PANGINOON?"* Ang paghihimagsik na ito ni Kora ay lubhang seryoso (Judas 1:11). Ito ay isang pag-atake, hindi lamang laban kay Moises, kundi laban din sa Diyos (Bil. 26: 9).

Hindi ikinatuwa ng Diyos ang pag-aalsa at pagpapabagsak ng pamumuno. Ito ang eksaktong ginawa ni Lusiper nang Humingi siya ng pantay na karapatan at pantay na posisyon sa Diyos (Isa. 14:12-14). Nang sinubukang sakupin ni Lusiper ang trono ng Diyos, pinanghina niya ang pananampalataya sa itinatag na pamumuno, na naging sanhi ng malaking pagkahati sa mga naninirahan sa langit.

Ngayon ay isang napakahalagang katotohanan ito dahil sa ating henerasyon, may isang espiritu na humahamak sa may kapangyarihan at namumuno. Sa Iglesya ngayon, ay may tendensiya na magpababang pastor. Ang pastor ay isang nakatatanda sa iglesya, ngunit hindi lahat ng nakatatanda ay mga pastor. Hindi mo maaaring ilagay si Moises sa parehong antas ni Kora, at hindi mo mailalagay si Kora sa parehong antas ng gaya ni Moises. Lubos na binigyang-diin ito ni Moises sa Mga Bilang 16:9-10, *"Minamaliit pa ba ninyo na kayo'y ibinukod ng Diyos ng Israel sa sambayanan ng Israel, upang ilapit niya kayo sa kanya, upang gawin ninyo ang paglilingkod sa tabernakulo ng PANGINOON, at upang kayo'y tumayo sa harap ng kapulungan na mangasiwa sa kanila? At inilapit ka niya at ang lahat ng iyong mga kapatid na mga anak ni Levi, at inyong hinahangad pa ang pagkapari?* Sa madaling salita, ay may gawain sila, isang ministeryo, ngunit nais ni Kora ang posisyon at ministeryo na hindi ibinibigay ng Diyos sa kanya.

Ito ay isang malawakang problema sa Iglesya ngayon. Ang mga Levita ay binigyan ng pribilehiyo na alagaan ang bahay ng Diyos. Pinahiran sila upang tulungan ang mga saserdote, ang mga Aaronita. Tanging ang pamilya lamang ni Aaron ang maaaring

maging mga saserdote (Bil. 3:5-10). Ang Diyos lamang ang nagbibigay ng posisyon ng pagkasaserdote o pamumuno.Walang sinuman ang makakakuha ng karangalang ito sa kanyang sarili, maliban sa isa na tinawag ng Diyos, gaya ni Aaron (Heb.5: 1-4).

Dapat magkaroon ng malinaw napang-unawa sa ating mga isipin na bago pa man ang pundasyon ng mundo, **si Cristo na ang pumili ng magiging mga apostol, propeta, ebanghelista, pastor at guro. Hindi mo maaaring hangarin o kunin ang katungkulan ng alinman sa limang bahagi ng ministeryo (Efeso 4:11) maliban kung may banal na pagkatawag at pagtatalaga ng Diyos.**

Ang pinakasimpleng kahulugan nito ay, walang mga kwalipikasyon na ibinigay para sa limang mga bahagi ng ministeryo, sapagkat ang mga posisyon na ito ay hindi itinakda ng tao, kundi ng Diyos lamang. Gayunpaman, maaari mong hangarin na maging isang diakono o isang nakatatanda kung nararapat ka. Sinasabi ng 1 Timoteo 3:1-7, *"Totoo ang pahayag na ito: Ang sinumang nagnanais na maging tagapangasiwa sa iglesya ay naghahangad ng mabuting gawain. Kaya nga, ang isang tagapangasiwa ay kailangang walang kapintasan; isa lamang ang asawa, matino ang pag-iisip, marunong magpigil sa sarili, kagalang-galang, bukás ang tahanan sa iba, at may kakayahang magturo. Dapat hindi siya lasenggo, hindi marahas kundi mahinahon; hindi mahilig makipag-away at hindi maibigin sa salapi. Dapat mahusay siyang mamahala sa sariling pamilya, iginagalang at sinusunod ng kanyang mga anak. Sapagkat paano siyang makakapangasiwa nang maayos sa iglesya ng Diyos kung hindi niya mapamahalaan ang sarili niyang pamilya? Hindi siya*

*dapat isang baguhang mananampalataya; baka siya'y maging palalo at mahatulan na gaya ng diyablo. Bukod dito, kailangang mabuti ang pagkakilala sa kanya ng mga hindi sumasampalataya upang hindi siya mapintasan at hindi mahulog sa bitag ng diyablo."* Ang mga kuwalipikasyon para sa nakatatanda ay ibinigay dito, at ang mga kuwalipikasyon para sa mga diakono ay nakatalasa 1 Timoteo 3:8-13.

Kapag ang tao ay binigyan ng responsibilidad ng pagpili, dapat ay alam niya ang mga kwalipikasyon. Kaya nga, ang tao ay may pananagutan na pumili ng mga nakatatanda at ng diakono ngunit hindi siya ang may pananagutan na pumili ng mga tao para sa mga posisyon ng limang pangunahing bahagi ng ministeryo.

Sa isang gawain ng ordinasyon para sa mga tinawag sa limang-bahagi ng ministeryo, ang mga presbitero ay nagsasabi lamang na kinikilala nila ang mga ito bilang mga hinirang na mga tagapaglingkod ni Cristo. Hindi tao ang nagtatalaga sa kanila; ito ay isang pampublikong pagkilala lamang na sila ay hinirang ng Diyos. Gayunpaman, sa gawain ng pagluluklok, tayo ay nagtatalaga at naglalagay ng mga tao sa mga posisyon katulad ng mga diakono at mga nakatatanda. Ang ordinasyon ay sa pamamagitan ng Diyos; ang pagtatalaga ay sa pamamagitan ng tao.

## Namanhik si Moises Para sa Kongregasyon

Sinabi ng Panginoon kay Moises at Aaron sa Mga Bilang 16:21, *“Lumayo kayo sa kanila para malipol Ko sila agad.”* Si Moises ay nagpatirapa at namanhik sa Diyos para sa kongregasyon,

*Ngunit nagpatirapa sina Moises at Aaron. Sinabi nila, "O Diyos, ikaw ang nagbibigay-buhay sa lahat ng tao. Lilipulin Mo ba ang buong bayan dahil sa kasalanan ng isang tao lamang?"* (Bil. 16:22).

**Si Kora at ang mga Suwail ay Nilipol**

Sa Mga Bilang 16:32-35, mababasa natin ang ulat, *"At ibinuka ng lupa ang kanyang bibig at nilamon sila, at ang kanilang mga sambahayan, at ang lahat ng lalaki na kabilang kay Kora, at lahat ng kanilang ari-arian. Anupa't sila at lahat ng kabilang sa kanila ay buhay na bumaba sa Sheol at sila'y pinagsarhan ng lupa, at sila'y nalipol mula sa sambayanan. Ang buong Israel na nasa palibot nila ay tumakas sa sigawan nila; sapagkat kanilang sinabi, "Baka pati tayo'y lamunin ng lupa!" May apoy na lumabas mula sa PANGINOON, at nilamon ang dalawandaan at limampung lalaki na naghandog ng insenso."*

Nilamon ng apoy si Kora at ang 250 kalalakihan nang bumukas ang lupa, at silang lahat ay nahulog sa hukay. Pagkatapos ay nagbulung-bulungan ang Israel laban kay Moises sapagkat si Kora ay hinatulan, *"Subalit kinabukasan ay nagreklamo ang buong kapulungan ng mga anak ni Israel kina Moises at Aaron, na sinasabi, "Pinatay ninyo ang bayan ng PANGINOON.*" (Bil. 16:41). Ito ay lubos na nakamamangha! Ang lupa ay bumuka, at si Moises ang pinapanagot sa pagbubuka ng lupa.

Nakikita ba natin ang saloobin ng mga tao? Pakiramdam nila ay napakalupit ng Diyos at ni Moises. Ito ang mga pinili ng Diyos; hindi sila tulad ng mga makasalanan at mapanganib. Ito ang mga

banal ng Kataas-taasan. Nakikita mo ba kung gaano kahirap minsan ang sitwasyon ng isang iglesya? Sa pagpuna sa Diyos at kay Moises, sinasabi nila sa katunayan na higit silang mahahabagin kaysa sa Diyos. Ito ay isang halimbawa ng huwad na pagkaawa at kahahabagan.

Madalas sa mg akaso ng pag-aalsa ay ang mga nakikisimpatiya na tinamaan ng pagkabulag at nalihis mula sa daan ng pagpipili ng Diyos dahil sa pakiisa sa mga tao na nagpapabagsak ng pamumuno ng Diyos.

**Muli ay Niligtas ni Moises ang mga Tao mula sa Salot**

Mababasa natin sa Mga Bilang 16:44-50, *"Sinabi ng Panginoon kay Moises, "Lumayo kayo sa mga taong ito at lilipulin Ko sila ngayon din!" Ngunit nagpatirapa sa lupa sina Moises at Aaron. Sinab ini Moises kay Aaron, "Magsunog ka ng insenso sa lalagyan nito. Dalhin mo agad ito sa kapulungan at ihingi mo sila ng tawad sa Panginoon sapagkat kumakalat na ang salot dahil sa Kanyang poot." Sinunod nga ni Aaron ang sinabi ni Moises at patakbo siyang nagtungo sa gitna ng kapulungan. Pagdating niya roon ay marami nang patay. Nagsunog siya agad ng insenso at inihingi ng tawad ang sambayanan. At siya'y tumayo sa pagitan ng mga patay at buháy; at tumigil ang salot. Ang namatay sa salot na iyon ay 14,700, bukod pa sa mga namatay na kasama sa paghihimagsik ni Korah. Nang wala na ang salot, nagbalik si Aaron kay Moises sa may pintuan ng Toldang Tipanan."*

Nakita natin ang saloobin ni Moises. Minsan pa ay nagpatirapa siya at namagitan para sa mga anak ni Israel. Halos 15,000 katao

ang namatay sa salot, ngunit ang pamamagitan ni Moises sa panalangin ay nagligtas sa buhay ng marami pang iba.

**2. Ang Tungkod ni Aaron**

Sa Mga Bilang 17, inutusan ng Diyos ang mga pangulo ng 12 tribo upang kumatawan, bawat isa ay may tungkod na may tatak ng pagmamay-ari. Ang tungkod na mamumulaklak ang magpapakita kung aling tribo ang pinili ng Diyos para sa pagkasaserdote. Pinili ng Diyos ang tungkod ni Aaron, nagpapahiwatig na pinili Niya ang lipi ni Levi.

Minsan ay kailangang gawin ito ng Diyos ng mas malinaw kung sino ang Kanyang pinili at kung sino ang hindi Niya pinili. Ang himala ng tungkod ni Aaron na namukadkad ay nakatala sa Mga Bilang 17:8, *"Kinabukasan, nang si Moises ay Pumasok sa tolda ng patotoo; ang tungkod ni Aaron sa sambahayan ni Levi ay namulaklak at nagkaroon ng mga hinog na almendras."* Pagkaraan ng araw na kanilang inilagay ang 12 tungkod sa harap ng Panginoon, ang tungkod na may pangalan ni Aaron ay namulaklak, at namunga ng mga almendras. Ito ay isang napakatinding himala. Niloob ng Diyos na magkaroon ng buhay mula sa isang patay na tungkod.

**3. Ang Kamatayan ni Miriam**

Sa Mga Bilang 20:1, si Miriam ay namatay at inilibing. *"Ang mga anak ni Israel, ang buong kapulungan, ay dumating sa ilang ng Zin nang unang buwan; at ang bayan ay nanatili sa Kadesh. Si Miriam ay namatay, at inilibing doon."*Ito ay sa pagtatapos ng 38

taon ng paggala-gala pagkatapos ng kanilang pagtanggi na pumasok sa Lupang Pangako sa Kades-Barnea (Bil. 14).

**4. Pag-udyok kay Moises na Magkasala**

Muli ay nagkaroon ng kakulangan ng tubig sa Mga Bilang 20:2-3, *"At walang tubig na mainom ang kapulungan at sila'y nagpulong laban kina Moises at Aaron.* **[3]** *Nakipag-away ang bayan kay Moises at nagsabi, "Sana ay namatay na kami nang mamatay ang aming mga kapatid sa harap ng PANGINOON!*

Nakikita mo ba kung paano binabaluktot ng mga Israelitang ito ang mga bagay-bagay? Una sinabi nila na piñata silang lahat ni Moises; pagkatapos ay bumawi sila at sinabing, "Kung sana ay namatay nalang tayo sa harapan ng Panginoon." Napakasama nilang pakitunguhan. Maibibigay ko lamang ang mga talatang ito sa inyo para pagbulaybulayan, upang makita na hindi talaga tuli ang puso ng bayan ng Diyos.

Ipinagpatuloy ng mga anak ni Israel ang kanilang pamumuna kay Moises sa Mga Bilang 20:4-5, *"Bakit ninyo dinala ang kapulungan ng PANGINOON sa ilang na ito upang kami at ang aming mga hayop ay mamatay dito? At bakit ninyo kami pinaahon mula sa Ehipto upang dalhin kami sa masamang lugar na ito? Hindi ito lugar na bukirin, o ng igos, o ng ubasan, o ng mga granada; at dito'y walang tubig na mainom."* Sa totoo lang, hindi naman sila dapat nasa ilang. Kung sila ay sumunod sa Diyos sa Kades-Barnea, sana ay nasa Lupang Pangako na sila. Ang Israel ang pumili na manatili sa ilang.

Ito ang ikalawang pagkakataon na nangailangan ang mga anak ni Israel ng tubig. Ano ang solusyon ng Panginoon para sa kakulangan ng tubig? Sa Mga Bilang 20:8 mababasa natin, *“Kunin mo ang tungkod at tipunin mo ang kapulungan, ikaw at ang kapatid mong si Aaron, at magsalita kayo sa bato sa harapan nila upang magbigay ito ng kanyang tubig. Sa gayon ka maglalabas ng tubig para sa kanila mula sa bato; gayon ka magbibigay ng inumin para sa kapulungan at sa kanilang mga hayop.”*

Sa unang pagkakataon na nangailangan ang mga Israelitang tubig, sinabi ng Diyos na "hampasin" ang bato (Ex 17:6). Ang bato, sa buong Salita ng Diyos, ay kumakatawan kay Cristo (1 Cor. 10:4). Ang paghampas sa bato sa unang pagkakataon ay nagpahiwatig na si Cristo ay kinailangang ipako sa krus. Ang bato ay kumakatawan kay Cristo; ang tungkod ay kumakatawan sa tungkod ng paghatol. Si Cristo ay sinaktan para sa ating mga pagsalangsang upang ang tubig ng buhay ay dumaloy sa mga uhaw at nangamamatay na sangkatauhan. Sinasabi sa Zacarias 13:7 ang katunayan na ang Pastol ay kinailangang masaktan, *“Gumising ka, O tabak, laban sa pastol ko, at laban sa lalaking kasama ko,” sabi ng Panginoon ng mga hukbo. ‘Hampasin mo ang pastol at ang mga tupa ay magsisikalat.’”*

Sa pangalawang pagkakataon na kinailangan nila ng tubig, si Moises ay inutusang "magsalita" sa bato. Kailangan nating maunawaan na pagkatapos ng pagkapako kay Cristo sa krus, ang tanging kailangan na lamang ay "magsalita" at dadaloy na ang buhay.

Inudyukan ng galit si Moises sa kanyang espiritu. Nawala ang kanyang pagtitimpi at ngayon ay nagsasalita at kumikilos nang walang pag-iingat, gaya ng nakita natin sa Mga Bilang 20:9-11, *"At kinuha ni Moises ang tungkod sa harap ng PANGINOON, na gaya ng iniutos sa kanya. Tinipon nina Moises at Aaron ang kapulungan sa harap ng malaking bato, at kanyang sinabi sa kanila, "Makinig kayo ngayon, mga mapaghimagsik! Ikukuha ba namin kayo ng tubig sa malaking batong ito? Itinaas ni Moises ang kanyang kamay at dalawang ulit na hinampas ng kanyang tungkod ang malaking bato at ang tubig ay lumabas nasagana, at uminom ang kapulungan at ang kanilang mga hayop."* Dalawang beses niyang hinampas ang bato, na nangangahulugang siCristo ay kailangang ipako sa krus ng makalawang ulit. Sinira ni Moises ang parisan.

Ang parisan ng Diyos ay nasira at ang lingkod ng Diyos ay nabigo, ngunit masdan ang kadakilaan at habag ng Diyos (Mga Bil. 20:11) sapagkat ang tubig ay lumabas pa rin mula sa bato. Minsan ang Diyos ay gumagawa ng mga himala kahit na ang taong gumagawa ng himalang ito ay nasa pagsuway. Ang isang himala ay hindi nagpapatunay na ang isang tao ay nasa kalooban ng Diyos. Binigyang-diin ng Panginoong Jesus ang puntong ito sa Mateo 7:21-23, *"Hindi lahat ng nagsasabi sa akin 'Panginoon, Panginoon,' ay papasok sa kaharian ng langit, kundi ang gumaganap ng kalooban ng akingAma na nasa langit. Sa araw na iyon ay marami ang magsasabi sa akin, 'Panginoon, Panginoon, hindi ba nagpropesiya kami sa iyong pangalan, at nagpalayas ng mga demonyo sa iyong pangalan, at sa iyong pangalan ay gumawa kami ng maraming gawang makapangyarihan?' At kung magkagayon ay ipahahayag ko sa*

*kanila, ‘Hindi ko kayo kilala kailanman; lumayo kayo sa akin, kayong mga gumagawa ng kasamaan!’”*

Wala tayong karapatang manuya, magalipusta, o pulaan ang iba sapagkat biyaya lamang ng Diyos ang nagtatangi sa atin sa iba. Ginawa ito ni Elias ng minsan, ngunit ito ay naging isang matinding pagkakamali. Sa kahuliha’y tumakbo siya mula kay Satanas na sumapi sa masamang reynang si Jezebel (1 Hari 18:27; 19:1-3).

Bago ang pundasyon ng mundo nang nagkaroon ng isang paghihimagsik sa langit, si Lusiper at ang ikatlong bahagi ng mga anghel ay nahulog. Gayunpaman, ang dalawa pang arkanghel, sina Gabriel at Miguel, at dalawang-katlo ng natitirang mga anghel ay nanatili sa kanilang katayuan sa pamamagitan ng awa at biyaya ng Diyos. Lubos nilang nauunawaan ang katotohanang sila ay napanatili mula sa pagkahulog sa paghihimagsik sa pamamagitan ng kanilang pagpatirapa at pagsusumamo sa Diyos ng biyaya. Ito ang dahilan kung bakit sa tabernakulo ay mayroong dalawang arkanghel sa luklukan ng awa. Ang makadiyos na mga anghel ay lubos na nakakaunawa ng katotohanan na sila ay iningatan ng awa at biyaya ng Diyos.

Ang makadiyos na mga anghel ay hindi makapagdulot ng paratang laban sa kanilang mga nahulog na kauri. Sa katulad na paraan, kapag iyong inuutusan ang mga demonyo na lumayas sa pangalan ni Jesus, dapat mong iwasan ang pangungutya sa mga ito. Nakarinig ako ng isang pangyayari kung saan ang isang kapatid ay nagpapalayas ng mga demonyo at nagsimulang

tawagin ang mga demonyo sa lahat ng uri ng pangungutya; sumagot ang demonyo, "Huwag mo akong kutyain."

Kapag nakikipag-usap sa mga demonyo, mga anghel nanahulog, o si Satanas, tayo ay dapat palaging maging marangal at marunong. Halimbawa, mababasa natin sa Judas 1:9, *"Kahit) si Miguel na pinuno ng mga anghel, nang makipagtalo siya sa diyablo tungkol sa bangkay ni Moises, ay hindi nangahas gumamit ng paglapastangan. Ang tanging sinab iniya ay, "Parusahan ka nawa ng Panginoon!"*

Dapat tayong maging maingat tungkol sa ating sa loobin sa mga mortal na tao na nilikha sa wangis ng Diyos, kahit na tayo ay nagsasalita sa pinakamasama. Dapat ay palagi tayong maging mapagbigay-loob (Gal 6: 1).

Noong naglalakad si D.L. Moody sa mga lansangan ng Chicago, nakikita siyang isang lasenggo na lumabas sa isang painuman at natalisod sa kalye. Nasabi nalang niya, "Hayan na sana si Dwight L. Moody, kundi dahil sa biyaya ng Diyos." Naiiba tayo dahil lamang sa biyaya.

### 5. Pagtanggi kay Moises at Aaron na Makapasok Sa Lupang Pangako

Sinabi ng Diyos kay Moises at Aaron sa Mga Bilang 20:12, *"Sapagkat hindi kayo sumampalataya sa akin upang ipakita ang aking kabanalan sa paningin ng mga anak ni Israel, kaya't hindi ninyo dadalhin ang kapulungang ito sa lupain na aking ibinigay sa kanila."* Nakita mo ba ang matinding mga pagsubok at mga

pamantayan mayroon ang Diyos para sa isang lider? Pambihira ang mga ito!

Isip-isipin na lamang ang mahabang pinagdaanan ni Moises. Siya ay may 40 taon ng paghahanda sa palasyo ng Paraon, isa pang 40 taon ng pagsasanay sa ilang, at muli ay isa pang 40 taon ng paglilibot sa ilang dahil sa kongregasyong kasama niya.

Dapat ay nasa Lupang Pangako na si Moises 38 taon bago ito. Gayunpaman, siya ay tinanggihan sa kung ano ang pinakamahalaga sa kanya—ang pagpasok sa Lupang Pangako. Kinailangang ipakita ng Diyos sa Israel at sa bawat henerasyong darating kung gaano kalubha para kay Moises na hampasin ang batong iyon ng dalawang beses upang dumaloy ang tubig, sa halip na kausapin ito gaya ng iniutos ng Diyos. Ang paghampas sa bato nang dalawang beses ay nangangahulugan na si Cristo ay kinailangang ipako sa krus ng higit pa sa isang beses.

### 6. Tinanggihan ng Edom ang Israel na Makiraan

Sa Mga Bilang 20:14-21, si Moises ay nagpadala ng mga mensahero sa hari ng Edom upang hilingin sa kanya ang pahintulot na makadaan sa lupain ng Edom. Mababasa natin sa Mga Bilang 20:18, 21, *"Sinabi ni Edom sa kanya, "Huwag kang daraan sa aking lupain, baka salubungin kita ng tabak...Ganito tumanggi ang Edom na paraanin ang Israel sa kanyang nasasakupan kaya't ang Israel ay lumayo sa kanya."*

Ang mga Edomita ay mga inapo ni Esau, na tinatawag ding Edom (Gen. 25:30; 36:8). Si Esau ay kapatid ni Jacob at ang mga anak

ni Israel ay mga anak ni Jacob. Samakatuwid, ang mga Edomita at mga Israelita ay malapit na kamag-anak. Gayunpaman, tumanggi ang Edom na pahintulutan ang kanyang kapatid, si Israel, na dumaan sa kanyang lupain. Laging naaalala ng Diyos iyon. Kung may mga tao na dapat tumulong sa iyo, at tumanggi sila, inaalala ito ng Diyos laban sa kanila.

### 7. Ang Kamatayan ni Aaron

Ang pagkamatay ni Aaron ay naitala sa Mga Bilang 20:23-29. *"Hinubaran ni Moises si Aaron ng kanyang mga kasuotan at isinuot kay Eleazar na kanyang anak. Namatay si Aaron doon sa tuktok ng bundok at sina Moises at Eleazar ay bumaba sa bundok. Nang makita ng buong kapulungan na si Aaron ay patay na, ang buong sambahayan ni Israel ay tumangis para kay Aaron sa loob ng tatlumpung araw.*(Bil. 20: 28-29). Ang mga naunang henerasyon ay mga namatay na. Si Aaron na lang ang tanging maaaring makausap ni Moises. Ang kamatayan ni Aaron ay nag-iwan kay Moises nang nag-iisa.

### 8. Nasiraan ng Loob Ang Israel

Mababasa natin sa Mga Bilang 21:4-5 na matapos matalo ng mga anak ni Israel ang mga Canaanita sa Hormah (Mga Bil. 21:1-3), sila ay nasiraan ng loob at muling nagreklamo laban sa Diyos at kay Moises, *"Sila'y naglakbay mula sa bundok ng Horpa tungo sa Dagat na Pula upang umikot sa lupain ng Edom; at ang damdamin ng mga tao ay nainip sa daan. Ang bayan ay nagsalita laban sa Diyos at laban kay Moises, "Bakit ninyo kami iniahon mula sa Ehipto, upang mamatay sa ilang? Sapagkat walang*

*pagkain at walang tubig at ang kaluluwa namin ay nasusuya na sa walang kuwentang pagkaing ito."*

Sinasabi ng Kawikaan 13:15, *"ngunit ang lakad ng di-tapat ang kanilang ikasisira."* Sinasabi ng Kawikaan 14:14, *"Bubusugin ang masamasa bunga ng sariling mga lakad niya, at ang mabuting tao sa bunga ng kanyang mga gawa."*Ang ilang mga tao ay nagsasalita ng laban sa Diyos dahil sa mahirap na daan, kahit pa na ito ang daan na kanilang pinili.

## 9. Ang Ahas na Tanso

Ang Panginoon ay hindi nasiyahan sa mga anak ni Israel dahil sa kanilang pagrereklamo, at pinarusahan sila sa pamamagitan ng pagpapadala ng mga makamandag na ahas sa kalagitnaan ng mga tao. *"Pagkatapos, ang PANGINOON ay nagsugo ng mga makamandag*[a] *na ahas sa mga taong-bayan, at tinuklaw ng mga ito ang mga tao, kaya't marami sa Israel ang namatay."*(MgaBil. 21:6).

Ang mga anak ni Israel ay nagpahayag kay Moises sa Mga Bilang 21:7, *"Kami ay nagkasala, sapagkat kami ay nagsalita laban sa Panginoon at laban sa iyo. Idalangin mo sa Panginoon, na kanyang alisin sa amin ang mga ahas. At idinalangin ni Moises ang bayan."*

Nabasa natin ang solusyon ng Panginoon para sa mga makamandag na ahas sa Mga Bilang 21:8-9, *"At sinabi ng Panginoon kay Moises, 'Gumawa ka ng isang makamandag na ahas at ipatong mo sa isang tikin, at bawat*

*taong nakagat ay mabubuhay kapag tumingin doon.' Kaya't si Moises ay gumawa ng isang ahas na tanso at ipinatong sa isang tikin, at kapag may nakagat ng ahas, at tumingin ang taong iyon sa ahas na tanso ay nabubuhay."* Kailangan lang nilang "tumingin" at sila ay gagaling. At ito nga ay napagtuunan sa Juan 3:14-15, kung saan ay tinukoy ni Cristo mismo ang Kasulatang ito, na sinasabi, *"Kung paanong itinaas ni Moises sa ilang ang ahas, kailangan din namang itaas ang Anak ng Tao; upang ang sinumang sumampalataya sa kanya ay magkaroon ng buhay na walang hanggan."* Ito ay isang magandang talata sa ebanghelyo na magagamit mo sa pangangaral. "Tumingin lamang sa Panginoon at maliligtas." Sinabi ni Jesus sa Juan 12:32, *"At ako, kapag ako'y itinaas na mula sa lupa, ang lahat ng mga tao ay papalapitin ko sa aking sarili."*

### 10. Ang Balon ng Bumubukal naTubig

Mababasa natin sa Mga Bilang 21:17, ***17*** *"Nang magkagayo'y inawit ng Israel ang awit na ito: "Bumukal ka, O balon; awitan ninyo siya!"* Ang tila maliit na pangyayaring ito ay may malalim na implikasyong espirituwal at mga katotohanan na nakalakip dito.

Sa Kasulatan, ang mga balon ay nangugusap tungkol sa kaligtasan. Mababasa natin sa Isaias 12:3, *"Kaya't kayo'y iigib ng tubig na may kagalakan sa mga balon ng kaligtasan."* Kausap ang babae sa balon, sinabi ng Panginoong Jesus sa Juan 4:14, *"subalit ang sinumang umiinom ng tubig na aking ibibigay ay hindi na mauuhaw magpakailanman. Ang tubig na aking ibibigay sa kanya ay magiging isang bukal ng tubig tungo sa buhay na*

*walang hanggan.”* Nang tinanggap natin si Cristo bilang ating Tagapagligtas, inilagay Niya sa kaibuturan ng ating mga puso ang isang balon ng bumubukal n atubig.

Gayunpaman, katulad ng mga balon na hinukay ng mga alipin ni Abraham ay binarahan ng mga Filisteo, gayon din ang mga balon ng tubig ng buhay sa ating kalooban ay maaari ding mabarahan. Mababasa natin sa Genesis 26:14-15: *“At siya'y may ari-arian na mga kawan, mga bakahan, at malaking sambahayan; at kinainggitan siya ng mga Filisteo. Lahat ng mga balong hinukay ng mga alipin ng kanyang amang si Abraham ay pinagtatabunan at pinuno ng lupa ng mga Filisteo.”* Ang mga Filisteo ay kumakatawan sa inggit. Kapag ang inggit ay Pumasok sa ating mga puso at buhay, ang ating mga espirituwal na balon ay mababarahan din.

Ang pagtatalo at pagkapoot ay karaniwan ding mga nakakabara ng balon. Mababasa natin ang tungkol dito nang hinukay ni Isaac ang mga balon sa Genesis 26:18-21, *“Muling hinukay ni Isaac ang mga balon ng tubig na kanilanghinukay nang mga araw ni Abraham na kanyang ama; sapagkat pinagtatabunan iyon ng mgaFilisteo pagkamatay ni Abraham. Pinangalanan niya ang mga iyon ayon sa mga pangalang itinawag sa kanila ng kanyang ama. Humukay sa libis ang mga alipin ni Isaac at nakatagpo roon ng isang balon ng tubig na bumubukal. Nakipagtalo ang mga pastol ng Gerar sa mga pastol ni Isaac, na sinasabi, “Ang tubig ay amin.” Kanyang tinawag ang pangalan ng balon na Esec sapagkat sila'y nakipagtalo sa kanya. Kaya't sila'y humukay ng ibang balon at muli nilang pinagtalunan, at ito ay tinawag niya*

*sa pangalang Sitnah."* Ang Esec ay nangangahulugan sa "pagtatalo," at ang Sitna ay tinukoy bilang "poot."

Ang susi sa pagsusupil sa ating espirituwal na mga balon ay nakapaloob sa Mga Bilang 21:17-18, *"Nang magkagayo'y inawit ng Israel ang awit na ito:"Bumukal ka, O balon; awitan ninyo siya! Ang balong hinukay ng mga pinuno, na pinalalim ng mga maharlika ng bayan ayon sa paguutos ng mambabatas, gamit ang kanilang setro at mga tungkod."* Ang mga balon na ito ay kinakailangang mabungkal ng panibago ng mga nakatatanda, madalas ay nasa direksyon ng pastor o espirituwal na tagapagpayo. Ang mga ito ay hinukay ng mga setro (na tumutukoy sa kapangyarihan), at sa katuwiran ayon sa Kautusan o Salita ng Diyos.

Matapos mabungkal ang mga balon, ang mga ito ay patuloy nabubukal habang inaawitan natin sila. Ang espirituwal na ehersisyo na lubos naming iminumungkahi ay matatagpuan sa Efeso 5:19, *"Kayo'y magsalita sa isa't isa sa mga awit at mga himno at mga awiting espirituwal, na sa inyong mga puso ay nag-aawitan at gumagawa ng himig sa Panginoon,"* Ang pagsasanay na ito ay katulad ng kung paano umaawit ang mga Israelita, *"Bumukal ka, O balon; awitan ninyo siya..."*

Pinanatili nina Josue at Caleb ang isang masiyahing espiritu, na nakapagpalusog sa kanilang pananampalataya at iningatan ang kanilang espirituwal na mga balon na hindi mabarahan. Ito ang naging susi sa kanilang buhay na naging dahilan upang malampasan nila ang ilang at makapasok sa Lupang Pangako (Mga Bil. 14: 6-9).

## 11. Ang Kasamaan ni Balaam

Upang makalampas sa ilang papunta sa Lupang Pangako at patungo sa Bundok ng Sion, dapat nating mapagtagumpayan ang mga bitag ni Balaam. Nahadlangan ni Balaam ang maraming mga Israelita mula sa pagpasok sa Lupang Pangako. Ang buhay ni Balaam ay naitala sa Mga Bilang 22-25. Siya ay isang propeta ng Diyos na nalihis ng tinatahak na landas patungo sa espiritismo at nagsimulang magsanay sa mga salamangka. May iba pang mga pagkaibig sa kanyang puso (ang pagkaibig sa salapi at posisyon) na naging sanhi ng kanyang pagtalikod.

Si Balaam ay kakaiba dahil sa kanyang dalawang-uri ng pamumuhay. Maaaring nagkaroon ng pagkatalaga sa Diyos ng kanyang buhay noong una dahil siya ay nagkaroon ng matitinding mga kaloob mula sa Diyos, at ang Diyos mismo ay nagpakita sa kanya. Ang Diyos ay hindi magpapakita sa isang espiritista. Mayroong pagkahalo sa buhay espirituwal ni Balaam. Siya ay kumikilos paminsan sa ilalim ng tunay na pagpapahid ng Espiritu, ngunit sa ibang pagkakataon siya ay sumasailalim sa espiritu ng pangkukulam.

Ang buhay ni Balaam ay makikilala sa pamamagitan ng limang pangunahing bagay: kasakiman, pagsamba sa diyos-diyosan, pag-akit sa iba na makiapid, pangkukulam, at pagkahalo ng isang tunay at huwad na pagpapahid. Ipinakilala ni Pedro si Balaam bilang halimbawa ng kasakiman sa 2 Pedro 2:14-15, *"May mga mata silang punô ng pangangalunya, at hindi mapuknat sa pagkakasala, na kanilang inaakit ang mahihinang kaluluwa. May mga puso silang sanay sa kasakiman. Mga anak na*

*isinumpa! Iniwan nila ang daang matuwid at naligaw sila, palibhasa'y sumunod sa daan ni Balaam na anak ni Beor, na umibig sa kabayaran ng kalikuan."*

Sinasabi ng Judas 1:11, *"Kahabag-habag sila! Sapagkat sila'y lumakad sa daan ni Cain, at sumunggab sa kamalian ni Balaam dahil sa upa, at napahamak sa paghihimagsik ni Kora."*

Mababasa natin sa Pahayag 2:14 ang tungkol sa "katuruan ni Balaam," na kung saan ang mga tao ay hinihimok sa pagsamba sa mga diyos-diyosan at mahulog sa pakikiapid: *"Subalit mayroon akong ilang bagay na laban sa iyo: sapagkat mayroon ka diyang ilan na sumusunod sa aral ni Balaam, na siyang nagturo kay Balak na maglagay ng katitisuran sa harapan ng mga anak ni Israel, upang kumain sila ng mga bagay na inihandog sa mga diyos-diyosan at upang makiapid."*

Ang Josue 13:22 ay naglalarawan kay Balaam bilang isang "manghuhula," o isang tao na nagsasagawa ng panghuhula at pangkukulam: *"Maging si Balaam na anak ni Beor na manghuhula ay pinatay ng tabak ng mga anak ni Israel sa mga nalabi sa kanilang pinatay."* Posibleng mabuhay sa ilalim ng gabay ng dalawang espiritu, sa isang pagkakataon na kumikilos sa ilalim ng pagpapahid ng Banal na Espiritu at pagkatapos ay kumilos sa ilalim ng isang masamang espiritu.

Napakatinding kapangyarihan ni Balaam sa kanyang ministeryo bilang propeta, ngunit sa kasamaang palad siya ay nasangkot sa dalawang magkaibang daloy ng kapangyarihang espirituwal. Ang

mga motibo ni Balaam ay masama, at ito ang dahilan kung bakit siya nalayo, at dinala sa kalikuan ang marami pang iba.

Sa Mga Bilang 22:1-14 nalaman natin na itinayo ng Israel ang kanilang mga tolda sa kapatagan ng Moab habang papunta sa Lupang Pangako. Ang mga Moabita ay takot sa Israel. Samakatuwid, isinugo ni Balak na hari ng Moab ang kanyang mga nakatatanda upang alukin ng salapi si Balaam upang mapatawan ng sumpa ang mga Israelita. Nakikilala nila si Balaam bilang isang lalaking may dakilang espirituwal na kapangyarihan. Sinabi sa kanila ni Balaam na manatili sa magdamag upang mahanap niya ang patnubay ng Panginoon. Nagpakita ang Diyos kay Balaam at sinabi sa kanya na huwag sumama sa mga taong ito. Sinabi niya kay Balaam na hindi Niya maaaring sumpain ang mga Israelita dahil pinagpala Niya sila.

Nang magkagayon ay nagpadala si Balak ng mas mga kagalang-galang na tao kay Balaam upangmag-alok ng mas mainam na handog sa kanya, na sinasabi sa Mga Bilang 22:17, *"Sapagka't ikaw ay aking papupurihan ng mga dakilang karangalan, at ano mang sabihin mo sa akin ay gagawin ko: parito ka nga, isinasamo ko sa iyo, na sumpain mo sa akin ang bayang ito."* Nang siya ay handugan ng mas maraming salapi at karangalan, bumaliksi Balaam sa Diyos at umasa na mahikayat ang Diyos na baguhin ang Kanyang isip at pahintulutan siyang pumunta (Mga Bil. 22:19).

Pagkatapos, sa Mga Bilang 22:20-22 *"Nang gabing iyon, ang Diyos ay dumating kay Balaam at sinabi sa kanya, "Kung ang mga taong iyan ay pumarito upang tawagin ka ay bumangon ka,*

*sumama ka sa kanila. Ngunit ang salita lamang na sasabihin Ko sa iyo ang siya mong gagawin.” Kinaumagahan, si Balaam ay bumangon at inihanda ang kanyang asno, at sumama sa mga pinuno ng Moab. Ngunit ang galit ng Diyos ay nag-aalab sapagkat siya'y pumunta. Ang anghel ng Panginoon ay tumayo sa daan bilang kalaban niya. Siya noon ay nakasakay sa kanyang asno at ang kanyang dalawang alipin ay kasama niya.”*

Ang mga talatang ito ay nagbigay-kalituhan sa maraming nag-aaral ng Bibliya. Nais ni Balaam na sumama sa mga lalaking ito dahil sa salapi at posisyon na ibinibigay nila sa kanya. Sa gayon, Bumalik siya sa Diyos na umaasang mahikayat niya ang Diyos na baguhin ang Kanyang pag-iisip. Nang tanungin niyang muli ang Diyos, sa pagkakataong ito ay sinabi ng Diyos, "Oo, sumama ka sa kanila." Ito ay sa dahilang ibibigay ng Diyos sa isang tao ang hangarin ng kanyang puso. Gayunman, na galit ang Panginoon kay Balaam at hinangad niyang patayin siya habang siya ay nasa daan.

Mababasa natin sa Mga Bilang 22:23-31, *“Nakita ng asno ang anghel ng Panginoon na nakatayo sa daan, hawak ang kanyang tabak at ang asno ay lumiko sa daan, at nagtungo sa parang. Pinalo ni Balaam ang asno upang ibalik siya sa daan. Nang magkagayo'y tumayo ang anghel ng Panginoon sa isang makipot na daan sa pagitan ng mga ubasan na may bakod sa magkabilang panig. Nakita ng asno ang anghel ng Panginoon at siya'y itinulak sa bakod at naipit ang paa ni Balaam sa bakod at kanyang pinalo uli ang asno. Pagkatapos, ang anghel ng Panginoon ay nagpaunauli at tumayo sa isang makipot na dako na walang daang lilikuan maging sa kanan o sa kaliwa. Nang makita ng*

*asno ang anghel ng Panginoon, ito ay lumugmok sa ilalim ni Balaam. Ang galit ni Balaam ay nag-alab at kanyang pinalo ng tungkod ang asno. Ibinuka ng Panginoon ang bibig ng asno at ito'y nagsabi kay Balaam, "Ano ang ginawa ko sa iyo upang ako'y paluin mo nang tatlong ulit?" Sinabi ni Balaam sa asno, "Sapagkat pinaglaruan mo ako. Kung mayroon lamang ako ng tabak sa aking kamay, sana'y piñata na kita ngayon." At sinabi ng asno kay Balaam, "Di ba ako'y iyong asno na iyong sinakyan sa buong buhay mo hanggang sa araw na ito? Gumawa na ba ako kailanman ng Ganito sa iyo?" At kanyang sinabi, "Hindi." Nang magkagayo'y iminulat ng Panginoon ang mga mata ni Balaam, at kanyang nakita ang anghel ng Panginoon na nakatayo sa daan, hawak ang kanyang tabak at kanyang iniyukod ang kanyang ulo at nagpatirapa."*

Nakita ng asno na sinasakyan ni Balaam ang anghel ng Panginoon na hawak ang kanyang tabak, at lumiko ito upang maiwasan siya. Hindi nakita ni Balaam ang anghel at nagalit siya sa kakaibang kilos ng kanyang asno. Sobrang nagalit ni Balaam na noong pinahintulutan ng Diyos ang hayop na makipag-usap sa kanya, ay nakipagtalo pa siya rito. Pagkatapos ay binuksan ng Panginoon ang kanyang mga mata upang makita ang anghel, at dito na nagpakumbaba si Balaam sa harapan ng Diyos. Sinabi ng anghel ng Panginoon kay Balaam sa Mga Bilang 22:32, *"Bakit mo pinalo ang iyong asno ng ganitong tatlong ulit? Narito, ako'y naparito bilang kalaban, sapagkat ang iyong lakad ay masama sa harap ko."*

Pagkatapos ay inihayag ni Balaam sa Mga Bilang 22:34, *"Ako'y nagkasala; sapagka't hindi ko na lamang Ikaw ay nakatayo sa*

*daan laban sa akin: ngayon nga, kung inaakala mong masama, ay babalik ako uli."* Alam ni Balaam sa kanyang puso na hindi niya na dapat hiniling sa Diyos sa pangalawang pagkakataon, at hindi na siya dapat sumama pa sa mga tauhan ni Balak upang sumpain ang Israel. Alam niya na ang ginagawa niya ay hindi tama.

Ano ang ibig ipahiwatig ng Diyos sa atin sa pangyayaring ito tungkol kay Balaam? Tulad ni Balaam, maraming mga Kristiyano ang nakakaalam kung ang isang bagay ay hindi kalooban ng Diyos para sa kanilang buhay, gayon pa man sila ay patuloy na humihingi sa Diyos hanggang sasabihin Niyang, "Oo." Pagkatapos ay gagawin nila ang nais nilang gawin, at sasabihin nila na sinabi sa kanila ng Diyos na gawin ito (at na kinumpirma pa Niyai tong mga propesiya o pangitain).

Sinisikap ng Diyos na balaan tayo na kung nais natin ang ating kalooban sa halip nasa Kanya, ay maaaring sabihin Niyang, "Oo." Maaari pa nga Niya tayong pahintulutan na magkaroon ng mga kumpirmasyon, ngunit maglalakip rin Siya ng pagkatuyot sa ating kaluluwa. Makikita natin ito sa buhay ng mga anak ni Israel. Sinasabi ng Awit 106:14-15, ***"****Kundi sila'y nagkaroon ng walang pakundangang pananabik nang sila'y nasa ilang, at tinukso nila ang Diyos sa ilang. Ibinigay niya sa kanila ang kanilang hiniling, ngunit nagpadala ng nakapanghihinang karamdaman sa gitna nila."* Hindi sila nasiyahan sa manna, kung kaya't binigyan sila ng Diyos ng mga pugo, ngunit hindi Siya nalugod sa kanila.

Ayaw ng mga Israelita ang paraan ng Diyos; ginusto nila ang sarili nilang kaparaanan. Kaya, ibinigay ng Diyos sa kanila kung ano ang gusto nila. **Nawa ay matakot tayo sa Panginoon, at sabihing, "Hindi ang akin gkalooban kundi ang sa Iyo ang mangyari" sa bawat pangyayaring kumakaharap sa ating buhay.** Dahil kung hindi, tayo ay hindi makakapasok sa Lupang Pangako.

Alam ni Balaam na hindi niya kayang sumpain ang Israel sapagkat sinabi sa kanya ng Diyos na sila ay pinagpala (Josue 24:9-10), ngunit siya ay nilamon ng kasakiman at pagkaibig sa salapi, na siyang "ugat ng lahat ng kasamaan" (1 Timoteo 6:10). Kaya nga dahil hindi niya mismo na gawang sumpain ang Israel, siya ang nagsabi kay Balak kung paano maigagawad ang hatol ng Diyos sa Israel. Pinayuhan niya si Balak na magpadala ng mga kababaihan ng Moab upang gumawa ng pakikiapid sa mga Israelita, sa gayon ay magdadala ng paghatol ang Diyos sa Israel. Ang imoralidad ng pagpatol sa mga kababaihang Moabita ay humantong din sa pagsamba sa diyos-diyosan, sapagkat marami sa mga Israelita ang nagsimulang sumamba sa mga diyos ng pagano (Mga Bilang 25:1-5, Judas 1:11, 2 Pedro 2:15-16).

Ito rin ay nailahad sa Mga Bilang 31:16, *“Ang mga babaing ito, dahil sa payo ni Balaam, ang naging dahilan upang ang mga anak ni Israel ay magtaksil sa PANGINOON sa nangyari sa Peor, kaya't nagkasalot sa kapulungan ng PANGINOON.”* Ito ay nakumpirma sa Pahayag 2:14 *“Subalit mayroon akong ilang bagay na laban sa iyo: sapagkat mayroon ka diyang ilan na sumusunod sa aral ni Balaam, na siyang nagturo kay Balak na maglagay ng katitisuran sa harapan ng mga anak ni Israel, upang*

*kumain sila ng mga bagay na inihandog sa mga diyus-diyosan at upang makiapid.”*

Maraming mga Balaam sa Iglesia ngayon na nagpapababa sa mga pamantayan ng Diyos, nagtataguyod ng maka-mundong pananaw, iniuukol ang imoralidad, at hinihikayat ang diborsyo at muling pag-aasawa, na isang Pangangalunya sa mga mata ng Diyos (Mt 19:9, Mk.10:12, Roma 7:1- 3). Sila ay mga taga paglingkod na pinahiran ng Diyos sa nakaraan, ngunit nagsimula ng magturong mga maling doktrina sa ilalim ng maling pagpapahid. Sa antas na kumikilos tayo sa kapangyarihan ng Diyos, sa parehong antas rin ay maaari tayong magsimulang kumilos sa ilalim ng impluwensya ni Satanas kung tayo ay hindi lalakad nang matuwid.

Upang matuwid natin ang ating pansariling paglalakbay sa ilang tungo sa Lupang Pangako at maabot ang espirituwal na pagkamaygulang, dapat nating madaig ang kasalanan at pamamaraan ng mga taong katulad ni Balaam. Tandaan, na nagpakita si Balaam sa dulo ng paglalakbay sa ilang nang ang bayan ng Diyos ay nakahanda na sanang Pumasok sa Lupang Pangako.

### 12. Pagbilang ng Bagong Henerasyon

Sa Mga Bilang kabanata 26, binilang ang bagong henerasyon. Ang pagkatala na ito ay ginawa pagkatapos ng 40 taon ng paglilibot nila sa ilang. Ang unang pagbilang ay sa Sinai sa aklat ng Mga Bilang Unang kabanata nang sila ay lumabas mula sa Ehipto.

Sa pangalawang pagbilang, ang lahat ng naunang henerasyon ay mga namatay na, maliban kay Caleb at Josue. *"Ngunit sa mga ito ay wala isa mang lalaki na ibinilang ni Moises at ng paring si Aaron, na bumilang ng mga anak ni Israel sa ilang ng Sinai. Sapagkat sinabi ng Panginoon tungkol sa kanila, "Sila'y tiyak na mamamatay sa ilang." At walang natira kahit isang tao sa kanila, liban kay Caleb na anak ni Jefone, at kay Josue na anak ni Nun."* (Mga Bil. 26: 64-65).

**13. Pagpipili ng Isang Bagong Pinuno**

Sinabi ni Moises sa Panginoon sa Mga Bilang 27:16-17, *"Hayaan mong pumili ang PANGINOON, ang Diyos ng mga espiritu ng lahat ng laman, ng isang lalaki sa kapulungan, na lalabas sa harapan nila, at papasok sa harapan nila, mangunguna sa kanila palabas at magdadala sa kanila papasok upang ang kapulungan ng PANGINOON ay huwag maging parang mga tupa na walang pastol."* Ito ang pananagutang kaloob ng Diyos sa isang pinuno ang magpahid at maghirang ng isang kapalit na siyang makapagpapatuloy ng pangitain at dalhin ang bayan ng Diyos sa lahat ng ipinangako ng Panginoon sa tagapagtatag ng gawain. Ang bagong tagapanguna ay dapat maghangad na madala ang kongregasyon sa ipinangakong mana ng Diyos para sa kanila.

Nakabatay sa mga pangako at pangkalahatang layunin ng Diyos, minsan ay maaaring tumagal itong ilang henerasyon, katulad sa kalagayan ng Israel. Si Josue ang nagdala sa kanila sa lupain, ngunit iniwan kay David na dalhin sila sa kapahingahan ng Diyos sa Bundok ng Sion, ginapi ang lahat ng teritoryo at mga kaaway

sa lupain.Ang pagbabago ng pamumuno ay dapat iordina ng Diyos.

Sa nakaraan, sinubukan ni Kora at ng kanyang mga tagasunod na ibagsak ang pamumuno ni Moises at ilagay ang kanilang mga sarili sa kanyang lugar. Nagdusa sila ng kagimbal-gimbal na paghatol sa pagsisikap na kunin ang pamumuno na labas sa kalooban ng Diyos. Sa ilalim ng gabay ng Diyos, na nalangin si Moises para sa bagong pinuno.

**Mga Kuwalipikasyon para sa Pamumuno**

Mayroong dalawang kwalipikasyon para sa pamunuan na makikita sa Mga Bilang 27:17, *"Na lalabas sa harapan nila, at papasok sa harapan nila, mangunguna sa kanila palabas at magdadala sa kanila papasok upang ang kapulungan ng PANGINOON ay huwag maging parang mga tupa na walang pastol."*

*"Na lalabas sa harapan nila."* Kapag kailangan ng mga tupa ng bagong pastulan, iniiwan ng pastol ang mga ito sa kural at lumalabas upang makahanap ng bagong pastulan para sa kanila. Dahil ang mga tupa ay kumakatawan sa mga Kristiyano (Isa 53:6, Juan 10:14), ito ay nagsasabi sa atin na ang mga pastor at mga lider ay kailangang patuloy na Humingi sa Panginoon ng mga bagong katotohanan, paghahayag, karanasan, at sariwang pagpapahid.

Ang tupa ay hindi makakain sa parehong pastulan habambuhay. Gayun din naman, ang mga mananampalataya ay

nangangailangan ng mga sariwang katotohanan na kakainin; kung hindi, mawawalan sila ng sigla sa kanilang buhay Kristiyano, na palagiang nagpapatuloy.

Kinakailangang siyasatin ng mga pastol ang pastulan upang matiyak na walang makamandag na mga damo na makakapatay sa kanilang mga tupa. Sa gayunding paraan, dapat tiyakin ng mga lider na walang mga maling doktrina na maaaring makapinsala sa bayan ng Diyos.

*"Mangunguna sa kanila palabas at magdadala sa kanila papasok. "*Matapos makahanap ng bagong pastulan ang mga pastol, binabalikan nila ang mg atupa at dinadala sila sa bagong pastulan. Dapat na maakay ng mga namumuno ang kanilang mga miyembro mula sa mga lumang katotohanan tungo sa mga bago. Hindi dapat ituro ng mga lider sa kanilang bayan ang mga doktrinang hindi maingat na sinuring kanilang sarili.

Maraming mga maling doktrina na pinapaikot sa iglesiya ngayon. Dapat nating subukan muna ang mga bunga ng mga doktrina (2 Timoteo 2:6). Dapat tayong makipagsanggunian sa ibang makadiyos na tao tungkol sa bawat bagong alon ng doktrina na dumarating sa iglesya.

Sinasabi sa Awit 78:71-72 tungkol kay David, ang pastol ng Israel, *"Mula sa pag-aalaga ng mga pasusuhing tupa siya ay kanyang dinala, upang maging pastol ng Jacob na bayan niya, ng Israel na kanyang pamana. Kaya't siya'y nagpastol sa kanila ayon sa katapatan ng kanyang puso, at kanyang pinatnubayan sila ng sanay na mga kamay."*

Ang mga pananagutan ng isang pastol, na siya ring mga responsibilidad ng isang pastor, ay ang mga sumusunod:

1. Pakanin ang tupa sa pamamagitan ng integridad ng kanyang puso.
2. Gabayan ang mga tupa na may kasanayan ng kanyang mga kamay.
3. Siyasatin ang mga tupa.
4. Linisin at pahiran ang mga sugat ng mga tupa ng sariwang langis.
5. Patnubayan ang mga tupa sa mga bagong pastulan
6. Ibigay ang kanyang buhay upang protektahan ang mga tupa

Ang isang pinuno ay dapat ipinanganak at pinalaki sa parehong espirituwal na tahanan, sa tabi ng nagtatag ng gawain. Si Josue ay sinanay sa ilalim ni Moises (Exodo 24:13; 33:11). Kakaiba ang Espiritu na sumakanya at lubos na sumunod sa Panginoon. Nang sumabak si Abraham sa digmaan, kinuha niya ang 318 na tagapaglingkod na sinanay sa kanyang sariling bahay (Gen. 14:14). Yaong mga pinalaki sa parehong espirituwal na tahanan ng tagapagtatag o pinuno ng isang gawain ay may kahalintulad na pagiisip, pangitain, at mga layunin.

Tinupad ni Josue ang lahat ng mga kailangang ito:

1. Siya ay tagapaglingkod ni Moises (lingkod), at siya ay pinalaki sa tabi niya.

2. Siya ay Nakipaglaban sa mga digmaan laban sa mga Amalekita; kaya siya ay nasanay sa espirituwal na pakikidigma.
3. Siya ay nakapasok sa pinakapresensya ng Diyos kasama ni Moises, at nanatili pa nga
sa isang pagkakataon, matapos na umalis si Moises.
4. Isa siya sa labindalawang tiktik, at nagdala pabalik ng kanais-nais na balita.
5. Siya ay dalubhasa sa Kautusan; kaya tama ang kanyang naging mga pagpipili.

(Ang masusing pag-aaral ng mga kinakailangan para sa nakatatanda sa 1 Timoteo 3:1-13 kaakibat ng mga bagay sa itaas ay inirerekomenda.)

**Ang Tagubilin**

Si Josue ay tumayo sa harap ng mataas na saserdote, si Eleazar, at ng kapisanan habang ipinatong ni Moises ang kanyang mga kamay sa kanya at binigyan siya ng isang katungkulan. Tatlong na pakahalagang mga bagay ang nangyari sa seremonyang ito:

1. Kinilala ng buong kongregasyon ng Israel ang kapangyarihan ni Josue (Mga Bil. 27:22).
2. Tinanggap ni Josue ang balabal ng biyaya mula sa Diyos upang matupad ang kanyang katungkulan bilang bagong pinuno (Mga Bil. 27:20).
3. Ang espiritu ng karunungan ay naibahagi kay Josue (Deuteronomio 34: 9).

Hindi ko lubos na mabigyang-diin ang kahalagahan ng seremonya na itong pagpapatong ng mga kamay, sapagkat ito ay hindi lamang isang utos ng kasulatan. Nakita ko na ang mga tao na nabago at lumago sa pamamagitan ng pagbabahagi na natanggap nila sa isang seremonya katulad nito. Nakatanggap sila ng kapangyarihan at kakayahan na higit sa kanilang mga edad na ang balabal ng Diyos ay dumating sa kanila.

## 14. Pagpili ng Mas Mababang Mana

Itinala ng Mga Bilang 32 ang malungkot na ulat ng dalawa-at-kalahating lipi na pumili ng kanilang mana sa maling bahagi ng Ilog Jordan. Hindi pinili nina Ruben, Gad, at ng kalahating tribo ni Manases ang pinakamabuti ng Diyos para sa kanilang buhay (Mga Bil. 32:33). Sinabi nila sa Mga Bilang 32:5, *"Kung kami ay nakatagpo ng biyaya sa iyong paningin ay ibigay sa iyong mga lingkod ang lupaing ito bilang ari-arian; at huwag mo na kaming patawirin sa Jordan."* Ang tunay na mga pangako at mga pagpapala ng Diyos, kabilang ang Bundok ng Sion, ay nasa kabilang panig ng Ilog Jordan, ngunit ang mga tribong ito ay nakuntento na manatili sa kung saan na sila.

Nakuntento na sila sa pangalawang pinakamainam dahilan sa marami silang mga baka at naiisip nila na ang lupain sa silangan ng Ilog Jordan ay magandang dako para sa kanilang mga baka. Ang kanilang mga puso ay nakakabit sa mga bagay ng mundong ito. Pagkalipas ng maraming taon nang hinatulan ng Diyos ang Israel, sina Ruben, Gad, at ang kalahating tribo ni Manases ang unang mga tribo na dinala sa pagkabihag. Ang isa sa mga kapighatian ng pamumuno ay na ang mga tao ang tumutukoy sa

antas ng mana na tatanggapin nila. Hindi lahat sa Katawan ni Cristo ay makakakuha ng pinakamainam ng Diyos para sa kanyang buhay.

**15. Ang Kautusan ay Inulit sa Bagong Henerasyon**

Ang Aklat ng Deuteronomio ay isang serye ng mga sermon at mga payo na ibinigay ni Moises sa bagong henerasyon sa panahong malapit na silang Pumasok sa Lupang Pangako. Ang kanilang mga magulang, ang henerasyong lumabas sa Ehipto, ay nabigo at mga namatay sa ilang. Sa Aklat ng Deuteronomio, binalikan ni Moises at sinuri ang lahat ng nangyari sa mga anak ni Israel mula noong iniwan nila ang Ehipto. Pagkatapos ay pinagtuunan niya ang pagsakop sa lupain ng Canaan, ang kanilang mana, at ang katuparan ng mga pangako ng Diyos sa bagong henerasyon.

Mula sa Griego, ang Deuteronomio ay literal na nangangahulugang "Ang Ikalawang Kautusan." Ito ay pag-uulit sa bagong henerasyon ng mga kautusan na ibinigay ng Diyos sa Israel sa Bundok ng Sinai bago pa ang 40 taon. Sa Deuteronomio, inihahanda ni Moises ang ikalawang henerasyon papasok sa Lupang Pangako.

Ang Deuteronomio ay puno din ng mga pag-iingat at babala. Nakita nang Diyos na ang lahat ng mga biyayang ipagkakaloob Niya sa Kanyang bayan ay magiging sanhi na ang marami ay magpapabaya, makakalimot sa Panginoon, at babaling sa mga walang kabuluhan. Samakatwid, hinimok sila ni Moises na huwag kalimutan ang Panginoon matapos Niya silang dalhin sa

Kanyang mga pagpapala. Itinuro niya hindi lamang ang daan patungo sa mana sa kabila ng Jordan, kundi pati narin ang paraan upang manatili sa mana matapos makamit ang pag-aari dito. Kung hindi sila susunod sa Panginoon, ang lupain ng kanilang minana ang duduwal sa kanila palabas. (Levitico 20:22).

**Pangunahing Balangkas ng Aklat ng Deuteronomio**

I. PagbalikTanaw: Deuteronomio kabanata 1-11
  A. Paggunita ng daan mula sa Sinai (Deut. 1-3)
  B. Paggunita ng Kautusan mula Sinai (Deut.4-11)
II. Pagtanaw sa Hinaharap: Deuteronomio kabanata 12-34
  A. Panghuling mga alituntunin at mga babala sa Israel bago sila Pumasok sa kanilang pamana (Deut 12-30)
  B. Ang huling mga salita at aksyon ni Moises (Deut. 31-34)

## 16. Ang Kamatayan ni Moises

Nagtatapos ang Deuteronomio kung saan ang Israel ay umabot sa silangang bahagi ng ilog Jordan, ang kapatagan ng Moab na napagtatanawan angLupang Pangako. Ibinigay ni Moises ang kanyang huling mga pangaral sa Israel sa kapatagan ng Moab. Pagkatapos ay umakyat si Moises sa Bundok Pisgah, na malapit sa Jerico at minasdan ang Lupang Pangako (Deuteronomio 34:1-3).

Mababasa natin sa Deuteronomio 34:4-6, *“At sinabi ng Panginoon sa kanya, “Ito ang lupain na Aking ipinangako kay Jacob, na sinasabi, ‘Aking ibibigay sa iyong binhi;’ Aking ipinakita sa iyo, ngunit hindi mo mararating.” Kaya't si Moises*

*nalingkod ng Panginoon ay namatay sa lupain ng Moab ayon sa salita ng Panginoon. Kanyang inilibing siya sa libis sa lupain ng Moab na nasa tapat ng Bet-peor; ngunit walang sinumang tao ang nakakaalam ng libingan niya hanggang sa araw na ito.”*

# Ikalawang Bahagi

## *Ang Pagtawid sa Canaan*

# Kabanata 10

## Si Josue, ang Bagong Pinuno

Ang saklaw ng ikalawang bahagi ng aklat na ito ay ang pagtawid sa Canaan sa ilalim ng pamumuno ni Josue. Nagsimulang sakupin ng mga anak ng Israel ang Lupang Pangako sa ilalim ni Josue. Subalit hindi sila nagkaroon ng ganap ng tagumpay laban sa kanilang mga kaaway, kung kaya't hindi nila na sakop ang kabuuan ng kanilang mana sa ilalim ni Josue. Nagkaroon si Josue ng malawig at mabungang ministeryo, sakop ang 40 taon sa ilang at higit-kumulang na 30 taon sa Lupang Pangako hanggang sa kanyang kamatayan sa edad na 110.

### 1. Ang Kanyang Naunang Buhay

Si Josue ay tinawag ring "Hosheas" (Mga Bilang 13:16), isa pang pangalan sa Hebreo. "Hesus" naman ang ibig sabihin nito sa Griego (Hebreo 4:8). Siya ay anak ni Nun, mula sa lipi ni Efraim. Siya ay lumaki sa Ehipto kung saan siya at ang kanyang mga kababayang Israelita ay sumailalim sa kalupitan nang paglilingkod sa Faraon at sa kanyang mga tagapangasiwa. Kaya, si Josue ay sanay na sa pagkaalipin at mga hinaing ng mga taongkanyang pamumunuan.

### 2. Ang Pangunguna sa Israel laban kay Amalek

Sa unang pagbanggit sa kanya sa Banal na Kasulatan, pinangunahan ni Josue ang Israel sa isang digmaan laban sa mga Amalekita, na mga inapo ni Esau (Exodo 17:8-16). Ang sabi sa

Exodo 17:13, *“Nilupig ni Josue si Amalek at ang bayan nito sa pamamagitan ng talim ng tabak.”* Sa espirituwal, ang mga Amalekita ay simbolo ng mga gawain ng laman. Katulad ni Josue, ang unang katungkulan ng isang tagapaglingkod ay sawatahin ang mga gawa ng laman sa kanyang sariling buhay, at ingatan ang kanyang mga tupa laban sapag-atake ng mapaminsalang Kaaway na ito. Maiging bigyan natin ng pansin na ang digmaang ito ay ipinaglaban at na pagtagumpayan sa ilalim ng patnubay ng nakatatandang pinuno, si Moises.

**3. Isang Lingkod ni Moises**

Si Josue, ang alalay (tagapaglingkod) ni Moises, ay sumama sa kanya paakyat sa bundok upang tanggapin ang Kautusan, gaya ng makikita sa Exodo 24:13, *“Kaya't tumindig si Moises, at si Josue na kanyang lingkod; at si Moises ay umakyat sa bundok ng Diyos.”*

**4. Ang Pananatili sa Presensiya ng Diyos**

Sa Exodo 33:11 ay mababasa natin, “*Sa gayon nakikipag-usap ang Panginoon kay Moises nang mukhaan, gaya ng pakikipag-usap ng isang tao sa kanyang kaibigan. Kapag siya'y bumabalik uli sa kampo, ang kanyang lingcod na si Josue, anak ni Nun, na may kabataan pa, ay hindi umaalis sa tolda.”* Kahit pagkatapos ni Moises na bumaba mula sa bundok, nananatili si Josue sa presensiya ng Diyos at patuloy niyang sinasaliksik ang pagkakaroon ng malalim na relasyon sa Diyos.

**Ang lahat ng tunay na ministeryo ay bunga ng buhay na sangkap na inilalagay ng Diyos sa ating puso habang tayo ay naghihintay sa Kanya**. Lahat ng pag-aaral, paggawa ng mensahe, mga ilustrasyon, at mga bahagi ng isang mensahe ay mga instrument lamang na makakatulong upang ating maihayag ang mga bagay na inilagay ng Diyos sa ating kalooban. Ang mga pangangaral at pag-aaral na nangungusap sa ating puso ay bunga lamang ng "binhi" na itinanim nang Diyos sa ating puso kapag tayo ay naglalaan ng panahon sa Kanya. May inilagay ang Diyos na "iba pang espiritu" kay Josue habang siya ay naghihintay sa Kanya. Ang espiritu na iyon ay espiritu ng pananampalataya (Bilang 14:6-9, 23-30).

**5. Ang kawalang-gulang ni Josue**

Ang kawalang-gulang ni Josue ay nakita sa pakikitungo niya sa mga taong nagpropesiya sa kampo (Bilang 11:25-30). Ayaw niyang magpropesiya ang iba maliban kay Moises. Si Moises naman sa kabilang banda, ay nagkaroon ng magpagbigay na saloobin para saka nila na sinabing, "*Mangyari nawa na ang buong bayan ng Panginoon ay maging propeta na ilagay sa kanila ng Panginoon ang kanyang espiritu!"* (Bilang 11:29). Sahuling mga araw, ay ibubuhos ng Diyos ang Kanyang Espiritu sa lahat ng laman, at ang buong Iglesya ng Diyos ay dadaloy sa pagpopropesiya. Ang mga lalake at babae, mga bata at mga matatanda, ay maghahayag ng propesiya (Joel 2:28-29). Hindi ninais ni Moises na ito ay malimitahan lamang sa pamunuan ng Iglesya.

## 6. Ang Mabuting Ulat nila Josue at Caleb

Si Josue at si Caleb ay dalawa sa mga tiktik na nagdala pabalik ng mabuting ulat sa mula sa Lupang Pangako (Mga Bilang 14:6-10). Ang sampu sa kanila ay naghasik ng pagkatakot at pag-aalinlangan sa mga tao na naging dahilan upang hamakin nila ang Lupang Pangako at huwag sundin ang mga layunin ng Diyos (Bilang 13:31-33, Duet.1:28). Sina Josue at si Caleb lamang sa kanilang henerasyon ang nakapasok sa Lupang Pangako (Mga Bilang 14:29-30).

## 7. Ang Unang Tikim ng Kanyang Mamanahin

Naranasan at nasilayan ni Josue ang masaganang lupain 38 taon bago niya nasakop ito. Lahat ng namumuno ay kailangang matikman ang mga bagay na inilalaan ng Diyos para sa kanya at para sa mga taong kanyang pamumunuan. Ang unang tikim ng ating mamanahin ay makakatulong upang tayo ay magpursigi sa mahaba, at tuyot na ilang.

## 8. Ang Pagiging Matatag Laban sa Opinyon ng Karamihan

Si Josue ay muntikan nang pagbabatuhin dahil sa kanyang pagtayong ayon sa katuwiran (MgaBilang 14:10). Nanatili siyang tapat sa Panginoon at nagpatuloy sa pagpapatibay sa mataas na pamantayan ng Diyos, kahit na ang lahat ay patungo sa maling direksiyon. Ito ang tatak ng buhay at pagkatao ni Josue. Para sa kanya, higit na mahalaga na mapaluguran niya ang Diyos kaysa paluguran ang tao. Kahit nasa huling sandali ng kanyang buhay ay kanyang ipinahayag, *“Ngunit saganang akin at sa aking*

*sambahayan, kami ay maglilingkod sa Panginoon."* (Josue 24:15).

**9. Pagtatalaga Bilang Bagong Pinuno**

Si Josue ay itinalaga bilang bagong pinuno ng Israel at ito ay nakasaad sa Mga Bilang 27:18-23, “*Kaya't sinabi ng Panginoon kay Moises, "Isama mo si Josue na anak ni Nun, isang lalaking nagtataglay ng Espiritu, at ipatong mo ang iyong kamay sa kanya. Iharap mo siya sa saserdoteng si Eleazar, at sa buong kapulungan; at sa harapan nila'y atasan mo siya. Bibigyan mo siya ng ilan sa iyong awtoridad upang sundin siya ng buong kapulungan ng mga anak ni Israel. At siya'y tatayo sa harap ng saserdoteng si Eleazar, na siyang sasangguni para sa kanya, sa pamamagitan ng hatol ng Urim sa harap ng Panginoon; sa kanyang salita ay lalabas sila, at sa kanyang salita ay papasok sila, siya at ang lahat ng mga anak ni Israel na kasama niya, samakatuwid ay ang buong kapulungan. Ginawani Moises ang ayon sa iniutos ng Panginoon sa kanya at kanyang isinama si Josue. Kanyang iniharap siya sa saserdoteng si Eleazar at sabuong kapulungan. Kanyang ipinatong ang mga kamay niya sa kanya, at siya'y kanyang inatasan, gaya ng iniutos ng Panginoon sa pamamagitan ni Moises.”*

Batay sa karanasan, alam ko kung ano ang kahalagahan ng gawaing ito ng pagtatalaga para sa mga talagang nakatalaga at hinirang. Nakita ko ang mga tagapaglingkod na talagang nabago at nagkaroon ng sapat na gulang sa pamamagitan ng seremonya ng pagtatalaga. Ang dahilan ay ang balabal ng Diyos para sa kanilang particular na tungkulin ay dumating sa kanila, at

binigyan sila ng banal na kakayanan upang maisagawa ang bago nilang mga tungkulin. Ang kaisipang ito ay pinagtibay sa Efeso 4:7, *“Subalit sa bawat isa sa atin ay ibinigay ang biyaya ayon sa sukat ng kaloob ni Cristo.”*

**10. Ang Pagsunod Kay Moises**

Hangga’t si Moises ang na sa kapangyarihan, tinatanggap ni Josue ang mga utos mula sa kanya. Ito ay bilang paggalang sa mamanahin ng mga lipi ni Ruben at Gad, at ang kalahating lipi ni Manases. Mababasa natin sa Mga Bilang 32:28-29, *“Sa gayo'y nag-utos si Moises tungkol sa kanila sa saserdoteng si Eleazar, kay Josue na anak ni Nun, at sa mga pinuno sa mga sambahayan ng mga ninuno ng mga lipi ng mga anak ni Israel.At sinabi sa kanila ni Moises, "Kung ang mga anak ni Gad at ang mga anak ni Ruben ay tatawid na kasama ninyo sa Jordan, ang lahat ng lalaki na may sandata sa pakikipaglaban, sa harap ng Panginoon; at kung ang lupain ay mapasuko sa harap ninyo ay ibibigay ninyo sa kanila bilang ari-arian ang lupain ng Gilead.”*

**11. Ang Pamamahagi nila Josue at Eleazar ng Lupain**

Ang mga saserdoteng sina Josue at Eleazar ay pinagkatiwalaan upang ipamahagi ang lupain ng Canaan bilang mana ng mga lipi ng Israel. *"Ito ang mga pangalan ng mga lalaki na magbabahagi ng lupain sa inyo bilang mana: ang saserdoteng si Eleazar at si Josue na anak ni Nun.”* (Mga Bilang 34:17).

Ito ay pagpapala at pribilehiyo ng mga tapat na namumuno. **Ipinagkakaloob ng Diyos sa mga tapat na tao ang pribilehiyo**

**na magtalaga sa iba sa kanilang mana at pagkatawag.** Ang sabi saAwit 45:16, *"Sa halip ng iyong mga magulang ay ang iyong mga anak, gagawin mo silang mga pinuno sa buong lupa."*

**12. Ang Pagpapasigla ni Moises**

Inutusan ng Panginoon si Moises na palakasin ang loob ni Josue sa Deuteronomio 1:38, *"Si Josue na anak ni Nun, na iyong lingkod, ay siyang papasok doon. Palakasin mo ang kanyang loob, sapagkat siya ang mangunguna upang ito ay manahin ng Israel."* Kinakailangang maunawaan na kailangan ng kabataan ng tulong at pampalakas-loob habang sila ay inilagak sa panganib na mga tatahakin ng pamumuno. Walang lider ang maaaring ulitin ang nakaraan. Ang buhay ay patuloy na umuusbong!

Ang Iglesya ng Diyos ay nagpapatuloy. Ang sabi ng Panginoon kay Josue, *"Sapagkat hindi pa ninyo nadadaanan ang daang ito noong una."* (Josue 3:4). Ang bawa't bagong henerasyon ay kailangang magkaroon ng panibagong gawain na kaiba doon sa nakaraang henerasyon. Sa makatuwid, kailangan nating maging matapang at lubos na umasa sa Diyos, upang ang bahagi ng lakbayin na inilagay sa ating mga kamay para sa ibinigay na kongregasyon ay matapos nang may katagumpayan ayon sa kasiyahan ng Diyos.

Ang sabi ni Moises sa Deuteronomio 3:21-22, *At aking iniutos kay Josue nang panahong iyon, na sinasabi, "Nakita ng iyong mga mata ang lahat ng ginawa ng Panginoon mong Diyos sa dalawang haring ito; gayon ang gagawin ng Panginoon sa lahat ng mga kahariang iyong daraanan. Huwag kayong matakot sa*

*kanila sapagkat ang Panginoon ninyong Diyos ang makikipaglaban para sa inyo.”*Sinabi ng Panginoon kay Moises na muling palakasin ang loob ni Josue sa Deuteronomio 3:28, *“Ngunit utusan mo si Josue, at palakasin mo ang kanyang loob at patatagin mo siya sapagkat siya'y tatawid na nangunguna sa bayang ito, at kanyang ipapamana sa kanila ang lupain na iyong makikita.”*

## 13. Ang Katiyakan ng Kongregasyon Patungkol sa Bagong Pinuno

Hindi lamang ang bagong pinuno ang kailangang pasiglahin, kundi ang kongregasyon din naman ay kailangang magkaroon ng pagtitiwala sa bagong pinuno. Tanging ang dating pinuno lamang ang makapagbibigay ng kinakailangang katiyakan, kagaya ng ginawa ni Moises para kay Josue.

Mababasa natin sa Deuteronomio 31:3-8, “*Mauuna ang Panginoon mong Diyos at kanyang pupuksain ang mga bansang ito sa harapan mo at ito ay iyong aangkinin. Si Josue ay mauuna sa iyo gaya ng sinabi ng Panginoon. Gagawin sa kanila ng Panginoon ang gaya ng ginawa niya kina Sihon at Og, na mga hari ng mga Amoreo, at sa kanilang lupain na kanyang winasak. Ibibigay sila ng Panginoon sa harapan mo, at iyong gagawin sa kanila ang ayon sa lahat ng utos na aking iniutos sa iyo. Kayo'y magpakalakas at magpakatapang, huwag kayong matakot ni masindak sa kanila sapagkat ang Panginoon mong Diyos ay humahayong kasama mo; hindi ka niya iiwan ni pababayaan." At tinawag ni Moises si Josue at sinabi sa kanya sa paningin ng buong Israel, "Ikaw ay magpakalakas at magpakatapang;*

*sapagkat ikaw ay maglalakbay na kasama ng bayang ito patungo sa lupaing ipinangakong ibibigay at ipapamana ng Panginoon sa kanilang mga ninuno; Ang Panginoon ang siyang mangunguna sa iyo. Siya'y sasa iyo, hindi ka niya iiwan, ni pababayaan; huwag kang matatakot ni manlulupaypay."*

## 14. Ang Pagpapalit ng Pamunuan

Ayon sa Deuteronomio 31:14-15, inatasan ng Panginoon si Moises at si Josue na humarap sa Kanya, "*Sinabi ng Panginoon kay Moises, 'Malapit na ang mga araw na ikaw ay mamamatay. Tawagin mo si Josue, at humarap kayo sa toldang tipanan upang siya'y Aking mapagbilinan.' Sina Moises at Josue ay humayo at humarap sa toldang tipanan. Ang Panginoon ay nagpakita sa Tolda sa isang haliging ulap; ang haliging ulap ay tumayo sa pintuan ng tabernakulo."*

Kailangang ipasa ni Moises ang pamumuno sa mga Israelita kay Josue, kaya't pinatungan niya itong mga kamay at ibinahagi ang kanyang balabal at pagpapahid. Mababasa natin sa Deuteronomio 34:9, *"Si Josue na anak ni Nun ay puspos ng espiritu ng karunungan, sapagkat ipinatong ni Moises ang kanyang mga kamay sa kanya. Pinakinggan siya ng mga anak ni Israel, at ginawa nila ang gaya ng iniutos ng Panginoon kay Moises."* Si Josue ngayon ay puspos na ng Espiritu.

## 15. Ang Mga Tagubilin ng Diyos kay Josue

Ngayong si Josue na ang bagong pinuno, siya ay direkta nang kinausap ng Panginoon upang bigyan ng tagubilin patungkol sa

mga gawain na dapat niyang magampanan. *"Nang yari nga, pagkamatay ni Moises na lingkod ng Panginoon, ang Panginoon ay nagsalita kay Josue na anak ni Nun, na lingcod ni Moises, na sinasabi..."* (Josue 1:1). Ang mga tagubilin na ito ay naka-kategorya sa Josue 1:1-9:

1. Ang pahayag na ang dating pinuno ay patay na (Josue 1:1).
2. Ang utos kay Josue na tumindig at tumawid sa Ilog Jordan (Josue 1:2).
3. Ang pangako na bawat dakong tutuntungan ng kanyang paa ay ibibigay sa kanya (Josue 1:3).
4. Ang pangako na walang sinumang tao ang magtatagumpay laban sa kanya sa lahat ng mga araw ng kanyang buhay (Josue 1:5).
5. Ang pangako na sasamahan siya ng Panginoon katulad ng pagsama Niya kay Moises (Josue 1:5).
6. Ang pangako na hindi siya bibiguin ng Panginoon (Josue 1:5).
7. Ang tagubilin kay Josue na magpakalakas ka at magpakatapang nang mabuti (Josue 1:6-7).
8. Ang tagubilin na sunding lahat ang Kanyang ipinag-uutos (Josue 1:7-8).
9. Ang tagubilin na ang Aklat ng Kautusan ay huwag aalisin sa kanyang bibig, kundi ito ay bulay-bulayin sa araw at gabi (Josue 1:8).

**Ang mga namumuno ay dapat magkaroon ng panahon upang magbulay-bulay sa Salita ng Diyos.**

## Konklusyon

Ang Diyos ay nangangailangan ngayon ng mga lalake at babae nakatulad ni Josue. Dadalhin ng Panginoon ang Kanyang Iglesya sa dakong mamanahin nito sa mga huling araw na ito, at Siya ay naghahanap ng mga *Josue* na kayang pangunahan ng Kanyang bayan papunta dito. Si Josue ay kumakatawan sa mga taong naging tapat sa gitna ng mga pagsubok sa ilang at ng mga nakatikim rin ng bunga sa lupang pangako.

# Kabanata 11
## Ang Pagtawid sa Ilog Jordan

### 1. Ang Kahalagahan ng Ilog Jordan

Ang pagtawid sa Jordan ay isang pangunahing malaking pagbabago sa paglalakbay ng Israel. Ito ay isang bagong araw para sa kanila sa halos lahat ng aspesto. Ang naunang henerasyon at pinuno ay mga namatay na at ang bagong henerasyon at pinuno ay bumangon. Ang pagsubok sa ilang ay natapos na, at ang Lupang Pangako ay naghihintay sa kanila. Malapit na silang gumawa ng pinakamalaking hakbang pasulong sa mga pangako ng Diyos habang ang kanilang mgapaa ay tumawid sa Jordan.

Pagkatapos nilang tumawid sa Jordan, ang kanilang mga saloobin ay lubos na nagbago. Ayaw na nilang bumalik sa Ehipto. May isang bagay na nangyari sa kanilang puso at sa kanilang pagkatao. Pati ang kanilang pagkain ay nabago pagkatapos tumawid ng Jordan. Tumigil na ang manna mula sa langit at nagsimula na silang kumain ng bunga ng lupain (Josue 5:12). Nagkaroon ng panibagong kasiglahan at pag-asa. Panibagong kalakasan at katapangan ang nagpasigla sa kanila upang lupigin ang kanilang mga kaaway. Karagdagan pa sa lahat ng ito, ang pagtawid sa Jordan ay ang pinakamalaking hakbang tungo sa kanilang tunay na patutunguhan, ang Bundok ng Sion.

## Ang Buhay na Ipinako sa Krus

Ang pagtawid sa Jordan ay mayroong malaking kahalagahan sa ating mga buhay bilang mga mananampalataya. Nabasa natin sa Josue 3:15-16 na ang tubig ng Jordan ay umaapaw sa panahon ng tag-ani hanggang sa lungsod ni Adan. Sa katunayan na ang lungsod ni Adan ay konektado sa kanilang dinadaluyan ng tubig mula sa Jordan ay mahalaga, dahil si Adan ay kumakatawan sa ating lumang pagkatao.

Pagkatapos lumisan ng mga Israelita sa Ehipto, nasa labas na sila ng Ehipto, ngunit ang pag-ibig sa Ehipto ay hindi nakalabas sa kanila. Subalit pagkatapos nilang makatawid sa ilog Jordan, ito ay ibang-iba na. Ang mga anak ni Israel ay tinuli sa Gilgal.

Ang pisikal na pagtuli ay simbolo ng pagtuli sa puso at pagputol sa mga bagay na ating minana pagkasilang palamang (Deut.30:6). Samakatuwid, ang pagtawid sa Jordan ay kumakatawan sa pagiging "patay sa kasalanan" kung saan ang ating lumang kalikasanni Adan ay ipinako nang kasama ni Cristo (Gal. 2:20).

Katulad ng naunang nabanggit, sa espirituwal, ang Dagat na Pula ay kumakatawan sa bautismo sa tubig. Sa Colosas 2:11-13, malinaw na ipinaliwanag ni Pablo na ang bautismo sa tubig ay simbolo ng *"paghuhubad ng katawang laman na makasalanan sa pagtutuli ni Cristo."*Sinabi rin ni Pablo sa Roma 6:4 na tayo ay inilibing nang kasama ni Cristo sa pamamagitan ng bautismo upang tayo ay lumakad sa bagong pamumuhay. Ang nakakalungkot, kahit dapat sana ay lumalakad na tayo sa bagong pamumuhay, maraming pagkakataon na hindi natin ito nagagawa.

Ang pagbabautismo sa tubig ay hindi lubos na kasagutan upang tayo ay magkaroon ng tagumpay laban sa kasalanan. Ang bautismo sa tubig ay hudisyal na gawang paghubad sa katawan ng kasalanan. Ang katuparang karanasan nito ay dumarating sa panahong ito ng pagtawid sa Jordan.

Sa Jordan, ay inalis ng Panginoon ang pag-ibig sa Ehipto mula sa kanilang mga puso. Hindi na nila ninais pa na Bumalik sa Ehipto, na sumisimbolo ng sanlibutang ito. Mababasa natin sa Josue 5:8-9, *“Nang kanilang matuli na ang buong bansa, nanatili sila sa kanilang mga lugar sa kampo hanggang sa sila'y gumaling. At sinabi ng Panginoon kay Josue, ‘Sa araw na ito ay iginulong ko palayo sa inyo ang kahihiyan ng Ehipto.’ Kaya't ang pangalan ng lugar na iyon ay tinawag na Gilgal hanggang sa araw na ito.”*

Samakatuwid, ang pagtawid sa Ilog Jordan ay isang simbolo kung paano binasag ng Panginoon ang kapangyarihan ng kasalanan, at sinawata ang pag-ibig sa sanlibutan. Ito ay ang “pagtutuli sa mga matatanda.” Ito ay katumbas ng karanasansa Roma 6:6, na ang detalye nito ay tatalakayin pa natin sa pamamagitan ng tatlong susing mga salita na matatagpuan sa talatang ito: *pagkaalam*, *pagbibilang,* at *pagsuko*.

### *Ang Pagkaalam, Pagbibilang, at Pagsuko*

### 1. Ang Pagkaalam Na Tayo Ay Patay Na Sa Kasalanan

Kagaya ng pinagtibay na natin, ang pagtawid sa Jordan ay kumakatawan sa “patay na sa kasalanan” ayon sa Roma 6:6, “*Nalalaman natin na ang ating dating pagkatao ay kasama*

*niyang ipinako sa krus, upang ang katawang makasalanan ay mawalan ng bisa, at upang tayo'y hindi na magpaalipin pa sa kasalanan.”* Sa krus, hindi lamang binili ni Cristo ang ating kaligtasan, kundi Siya ay gumawa rin ng daan upang mapagtagumpayan ang ating makasalanang kalikasan upang hindi na ito magpatuloy pa na magkaroon ng kapangyarihan laban sa atin. Ang ating makasalanang katauhan ay winasak at hindi na makakagalaw sa ating buhay. Ito ay napakahalagang karanasang espirituwal sapagkat ang kaligtasan, bautismo sa tubig, at kahit na ang bautismo ng Banal na Espiritu, ay hindi sumasaklaw sa mga kasalanan at tanikala sa ating mga buhay.

Ang unang hakbang upang makalaya sa kasalanan ay ang pagkaalam na ang ating lumang pagkatao (lumang kalikasan) ay ipinakong kasama ni Cristo sa krus. Ang salitang Griego sa “nalalaman” ayon sa Roma ay *“ginosko,”* na ang ibig sabihin ay “pagkaalam ayon sa karanasan.” Ito ay hindi isang bagay kung saan tayo ay lumalago, at hindi rin isang bagay na maaari nating angkinin sa pamamagitan ng pananampalataya. Ito ay isang pinakadakilang pakikipagtagpo at pakikipagniig sa Diyos—isang tiyak na kapahayagan na nagmumula sa Diyos ayon sa Kanyang ginawa sa krus ng Kalbaryo. Kapag ito ay ating naranasan, magkakaroon ng isang malaking pagbabago sa ating buhay.

Sinabi ni Pablo ang karanasang ito sa Galacia 2:20, “*Ako'y ipinako ng kasama ni Cristo at hindi na ako ang nabubuhay, kundi si Cristo ang nabubuhay sa akin, at ang buhay na ikinabubuhay ko ngayon sa laman ay ikinabubuhay ko sa pamamagitan ng pananampalataya sa Anak ng Diyos nasa akin ay nagmahal, at nagbigay ng kanyang sarili dahil sa akin.”*

Kailangan nating hanapin sa Panginoon na magkaroon tayo ng karanasang ito upang hindi na tayo magiging alipin pang muli ng kasalanan.

Maraming taon na ang nakararaan, itinuturo ng Diyos ang Kanyang daliri sa ilang mga isyu sa aking buhay. Tinanong Niya ako kung nakahanda akong isuko sa Kanya ang ilang mga bagay. Ang ilan sa mga ito ay medaling bitawan sa Kanya, ngunit ang iba ay napakahirap. Ang Espiritu ng Diyos ay patuloy na nag-uudyok sa akin sa loob ng maraming araw sa tanong ng pagiging patay sa kasalanan.

Nang isang umaga habang ako ay nasa aking opisina, ako ay nagkaroon ng isang pangitain ni Cristo na nasa krus ngunit ang Kanyang likuran ang nakaharap sa akin. Ako ay itinaas ng Espiritu ng Diyos at ibinitin sa krus kasama si Cristo. Sa pangitain, ako ay literal na naka'y Cristo sa krus na iyon. Ako ay tumingin sa ibaba at nakita ko ang lahat ng mga taong kumukutya kay Jesus, ngunit hindi Siya tumutugon dahil Siya ay nakapako sa krus.Nakita ko rin ang tabing sa Templo na napunit nang mamatay si Jesus. Ito ay isang literal nakaranasan! At pagkatapos at tumigil ang pangitain, at ako ay Bumalik sa aking silid.

Sa aking kaloob-looban, may isang bagay na nais lumabas sa akin. Ito ay sumabog mula sa loob at dumaloy nang dumaloy katulad ng isang ilog. Lumabas sa aking bibig ang mga salita mula sa Galacia 2:20, "*Ako'y ipinakong kasama ni Cristo". Sa* pagkakataong iyon, alam ko na ang aking lumang pagkatao ay ipinako na sa krus kasama ni Cristo. Aking naunawaan na nang mamatay si Hesus halos dalawang libong taon na ang nakakaraan,

hindi lamang Niya inako ang aking mga kasalanan, kundi winasak pa Niya ang aking lumang pagkatao. O anong kalakasan at tagumpay ang pumuno sa aking kaluluwa! Nagkaroon ng isang kapayapaan na hindi maipaliwanag.

Hindi ko sinasabing dapat magkaroon kayo ng pangitain at karanasang katulad ng sa akin. Maaari kayong bigyan ng Diyos ng kakaibang salita at ibang mga pangyayari. Ang mahalaga ay maranasan ninyo ang katotohanan ng Roma 6:6 at magkaroon ng kapahayagan na ang inyong makasalanang pagkatao ay ipinako na.

Karagdagan sa pagkawasak ng ating makasalanang kalikasan sa krus, si Cristo ay nagkaloob din ng kagalingan, gaya ng makikita sa 1 Pedro 2:24, *"Siya mismo ang nagdala ng ating mga kasalanan sa kanyang katawan sa punungkahoy, upang tayo'y mamatay sa mga kasalanan at mabuhay sa katuwiran; dahil sa kanyang mga sugat ay gumaling kayo."* Ginamit ni Pedro dito ang pamanahong pangnagdaan "gumaling na kayo." Ang ating kagalingan ay binayaran na ngunit kailangan nating maranasan ito. Kailangan nating magkaroon ng kapahayagan at pakikipagtagpo sa Diyos.

Ito rin ay katotohanan patungkol sa kaligtasan. Si Cristo ay namatay para sa mga kasalanan ng buong sanlibutan, ngunit wala itong magagawang mabuti sa isang tao hanggang sa maranasan niya ang ipanganak na muli sa pamamagitan ng pagtanggap kay Cristo sa kanyang puso. Bagaman ang ating kaligtasan ay binayaran na sa pamamagitan ng kamatayan ni Cristo sa krus, tayo ay hindi maliligtas hanggang sa maranasan natin ito. Ang

parehong prinsipyo na ito ay tumutukoy sa pagiging patay na sa kasalanan.

Ang ating lumang pagkatao ay ipinako na sa krus kasama ni Cristo, ngunit tayo ay nananatili pa ring alipin ng makasalanang kalikasan hanggang sa maranasan natin ang mamatay sa kasalanan, gaya ng isinalarawan sa Roma 6:6, *"Nalalaman natin na ang ating dating pagkatao ay kasama niyang ipinako sa krus, upang ang katawang makasalanan ay mawalan ng bisa, at upang tayo'y hindi na magpaalipin pa sa kasalanan."*Sa sandaling maranasan natin ito, hindi na maaaring pamunuan pa ng kasalanan ang ating mga kilos at pananalita. Tayo ay magkakaroon ng panibagong kalakasan upang labanan ang kaaway. Magkakaroon ng isang ganap na kalayaan mula sa ating lumang pagkatao kapag tayo ay nagkaroon ng pangkaalaman ang karanasan na ito. Ang "kaalaman" na ito ay darating habang lumalakad tayo ng tapat sa Diyos.

Ang mga taga-Corinto ay mga ipinanganak nang muli, binautismuhan sa tubig, pinuspos ng Banal na Espiritu, at lumalakad ayon sa mga kaloob ng Espiritu; ngunit sila ay tinawag ni Apostol Pablo na mga karnal. Marami sa kanila ay nangangailangang maranasan ang kanilang sariling personal na "Jordan." Binalaan pa nga ni Pablo ang Iglesia ng Corinto na huwag mabigo sa ilang at mamatay roon kagaya ng ginawa ng Israel. (1 Cor. 10:1-11).

### 2. Ibinibilang Na Tayo Ay Patay sa Kasalanan

Ang “pagkaalam” ay ang unang hakbang sa pagpako ng ating “lumang pagkatao” sa krus. Ang ikalawang hakbang sa paglakad nang may kabanalan ay ang “pagbibilang” na tayo ay patay na sa kasalanan. Sinabi ni Pablo sa Roma 6:11, *“Gayundin naman kayo, ituring ninyong kayo'y tunay na mga patay na sa kasalanan, ngunit mga nabubuhay sa Diyos kay Cristo Jesus.”* Ang salitang “pagbibilang” sa Griego ay “logizomai,” na ang ibig sabihin ay “ibilang ang isang bagay na tapos na.”

Kapag atin nang naranasan ang “pagkaalam,” ay atin na ngang ipalagay na ito ay tapos na. Kailangan nating ipaalala sa ating mga sarili na tayo ay pinalaya na mula sa kasalanan at hindi na natin kailangan pang magpasakop pa sa mga pagnanasa ng ating karnal na kalikasan. Ang isang katanungan ay, “Pagkatapos mong maranasan ang iyong ‘Jordan,’ maaari mo ba itong mawala?” Ang sagot ay “Oo.”

Nang tumawid ang mga anak ng Israel sa Dagat na Pula, sila ay kumuha ng labindalawang bato mula sa Ilog Jordan at kanilang itinayo sa kanlurang bahagi ng tabing-ilog bilang alaala, “*Inyo ngang sasabihin sa kanila, sapagkat ang tubig ng Jordan ay nahawi sa harapan ng kaban ng tipan ng PANGINOON; nang iyon ay dumaan sa Jordan ay nahawi ang tubig ng Jordan; at ang mga batong ito ay magiging alaala sa mga anak ni Israel magpakailanman"* (Josue 4:7).

Ang Israel ay nagkaroon ng malaking tagumpay sa Jordan, at nagpatuloy sila mula roon upang sakupin ang Jerico. Gayunman,

kinalaunan ay natalo sila sa Ai, dahil sa kasalanan ni Acan. Ang labindalawang bato ay pagpapaalaala sa mga anak ni Israel nang kanilang karanasan sa Jordan. Pagkatapos nilang maisaayos ang mga bagay-bagay, kailangang alalahanin ng mga Israelita na ang kanilang lumang pagkatao ay nagapina. Hindi na nila kailangan pang hayaan ang kasalanan na mangibabaw sakanila.

Sa halos parehong paraan, pagkatapos nating malaman na tayo ay patay na sa kasalanan, ay kailangan nating ipaalala sa ating mga sarili araw-araw na tayo ay patay na sa kasalanan. Ang karanasan sa Roma 6:6, na malamang tayo ay patay na sa kasalanan ay pagpako nang ating lumang pagkatao sa krus; sa "pagbibilang" na tayo ay patay na sa kasalanan, ay pinananatili ito roon. (Roma 6:11).

**3. Pagsuko Ng Ating Sarili sa Katuwiran at Kabanalan**

Pagkatapos ng karanasan ng "pagkaalam" at "pagbibilang" o ituring na tapos na, ay mayroon na tayong kapangyarihan upang "isuko" ang mga bahagi ng ating katawan sa Diyos. Ito ang ikatlong hakbang sa paglakad nang may kabanalan at kalayaan mula sa kasalanan.

Ang sabi ni Pablo sa Roma 6:12-14, "*Kaya't huwag ninyong paghariin ang kasalanan sa inyong katawang may kamatayan, upang masunod ang mga pagnanasa nito. At huwag din ninyong ihandog ang mga bahagi ng inyong katawan sa kasalanan bilang kasangkapan ng kasamaan tungo sa kasalanan, kundi ihandog ninyo ang inyong sarili sa Diyos, natulad sa mga buhay mula sa mga patay, at ang mga bahagi ng inyong katawan bilang*

*kasangkapan ng pagiging matuwid tungo sa Diyos. Sapagkat ang kasalanan ay hindi makapaghahari sa inyo, sapagkat wala kayo sa ilalim ng kautusan kundi nasa ilalim ng biyaya."*

**Ang kabanalan ay laging isang pagpili, isang labanan**. Pagkatapos ng ating karanasan sa Jordan, may bagong kapangyarihan tayo na pumili, dahil hindi na tayo pinaghaharian ng kasalanan. Alalahanin na pagkatapos sa Jordan, ay hindi na inasam ng Israel na Bumalik pa sa Ehipto. Ang kalikasan ni Adan ay nasupil na. Sila ay "tinuli" sa pagiging makalaman. Nang araw ding iyon, ay iginulong ng Diyos palayo sa kanila ang kahihiyan ng Ehipto (Josue 5:8-9).

### *Paano Tayo Makakarating Sa Jordan?*

Sa ating paglalakbay mula sa Ehipto patungo ng Sion, ay kailangan nating dumaan sa Jordan upang makarating sa Lupang Pangako, ang ating mana, at sikaping makarating sa Sion. Samakatuwid, natural lamang na sabihing "Tayo ay tumawid ng Jordan ngayon!" Ngunit ang problema ay hindi natin maaaring tawirin ang Jordan hangga't hindi tayo nakakarating ng Jordan. Makakarating lamang tayo doon kung dadalhin tayo ng Diyos. Ang mga Israelita ay hindi makapasulong hangga't ang ulap kapag araw at ang haligi ng apoy kapag gabi ay kumilos. Ang katotohanang ito ay kailangang maitanim nang husto sa ating mga puso.

Hindi tayo dadalhin ng Diyos sa Jordan hanggang sa Siya ay masiyahan na nalampasan na natin ang ating sampung mga pagsubok sa ilang. Ito ang dahilan kung bakit kailangan nating

lumakad kasama ng Diyos araw-araw, linggo-linggo, at buwan-buwan. Ang ating panalangin ay dapat maging, "O Diyos, dalhin Mo po ako sa aking Jordan."

Marami sa mga Israelita ay hindi nakarating ng Jordan. Nabigo sila sa lahat ng kanilang mga pagsubok sa ilang. Ang kanilang masasamang ugali ng kawalan ng pananampalataya at katigasan ng puso ang humadlang sa kanila upang masumpungan ang habag at biyaya ng Diyos, at sa huli ay mga namatay sila sa ilang. Ang mga mananampalataya sa Bagong Tipan ay binalaan na huwag sumunod sa kanilang halimbawa sa kawalan ng pananampalataya (Heb. 3:7- 4:11, 1 Cor.10:1-11).

Ang ibang mga Kristiyano ay walang katapusang nagpapaikot-ikot sa ilang. Ang hindi pagsunod at sariling kalooban ang humahadlang sa kanila upang makaranas ng tunay na paggabay, at sila ay naging lagalag nang walang layunin sa buong buhay nila. Hindi mo kailangang maging katulad nito. Humingi sa Diyos ang isang malambot at masunuring puso, dahil ang ganitong uri ng puso ang nagbibigay katiyakan sa atin sa pabor ng Diyos.

Tanging sina Josue at si Caleb lamang mula sa kanilang henerasyon ang nakapasok sa Lupang Pangako. Mayroon silang "kakaibang espiritu." Mayroon silang pananampalataya at espiritu ng kagalakan, na naghahayag, *"Kung kalulugdan tayo ng Panginoon ay dadalhin nga Niya tayo sa lupaing iyon"* (Mga Bil. 14:8).

Naglaan sila ng panahon sa presensiya ng Diyos, at hinayaan nila Siyang hubugin ang kanilang kalooban sa isang malambot at naniniwalang puso. Ito lamang ang tanging paraan upang marating natin ang Lupang Pangako.Walang mabibilis na daan pa Jordan. Kaya nga, pag-aaralan natin mula sa mga buhay nila Josue at Caleb ang mga susi upang matagumpay na makalampas sa ilang, tungo sa Ilog Jordan, at sa Lupang Pangako.

**2. Ang Kahalagahan ng Pagtutuli**

Ang mga Israelita ay tumawid sa Ilog Jordan, dumako sa Gilgal, at itinayo ang isang monumento ng labindalawang bato mula sa Ilog Jordan, na naitala sa Josue 4:19-20, *"Ang bayan ay umahon mula sa Jordan nang ikasampung araw ng unang buwan, at humimpil sa Gilgal, sa hangganang silangan ng Jerico. Ang labindalawang bato na kanilang kinuha sa Jordan ay isinalansan ni Josue sa Gilgal."*

Sa Gilgal, inatasan ng Panginoon si Josue na tuliin ang mga tao dahil ang bagong henerasyon ay hindi tinuli ng kanilang mga magulang sa ilang. Mababasa natin sa Josue 5:2-5, *"Nang panahong iyon ay sinabi ng Panginoon kay Josue, 'Gumawa ka ng mga patalim na yari sa batong kiskisan at muli mong tuliin sa ikalawang pagkakataon ang mga anak ni Israel.' Kaya't gumawa si Josue ng mga patalim na yari sa batong kiskisan, at tinuli ang mga anak ni Israel sa Gibeat-haaralot. Ito ang dahilan kung bakit tinuli sila ni Josue: ang lahat ng mga lalaking mandirigma na lumabas mula sa Ehipto, samakatuwid ay ang lahat na lalaking mandirigma na namatay sa ilang sa daan, pagkatapos na sila'y makalabas mula sa Ehipto. Bagama't ang buong bayan na*

*lumabas ay mga tuli, ang buong bayan na ipinanganak sa ilang sa daan pagkalabas sa Ehipto ay hindi natuli."*

Ang pisikal na pagtutuli ay ang pagputol ng laman kung saan ay kasama sa kapanganakan ng lalaking sanggol. Ang taong hindi tuli sa Lumang Tipan ay itinuturing na marumi at hindi maaaring makibahagi sa mga pagpapala at mga ritwal ayon sa paniniwala ng mga Hudyo.

Ang espirituwal na pagtutuli ay ang pagputol ng karnal at makasalanang kalikasan ni Adan na ating minananang tayo ay isinilang. Ito ay isang gawain ng pagtubos sa ating puso sa pamamagitan ng tabak ng Espiritu ng Diyos. Ito ay isang gawain ng Banal na Espiritu upang ilantad at suriin ng maigi ang mga bahagi ng ating panloob na buhay. Ang kakulangan sa espirituwal na pagtutuli ay kumakatawan sa katunayan na ang mga makasalanang pagnanasa, gawi, pag-iisip, at reaksyon na ating namana ay hindi pa naputol o naalis.

Sa Genesis 17:10-11, inutusan ng Panginoon si Abraham at ang kanyang kaapu-apuhan na magpatuli bilang tanda ng Kanyang tipan sa kanila: *"Ito ang aking tipan na inyong iingatan, ang tipan natin at ng iyong binhi pagkamatay mo: Ang bawat lalaki sa inyo ay tutuliin. Inyong tutuliin ang balat ng inyong maselang bahagi, at ito ang magiging tanda ng aking tipan sa inyo."* Ang pagtutuli ay kinakailangan upang magmanang mga pangako ni Abraham, kung saan ay kabilang ang Lupang Pangako. Ito ay tanda o katibayan ng pangako ng mga Israelita sa Diyos. **Ang isang mananampalataya ay hindi maaaring tumanggap ng kanyang mana hangga't hindi siya natutuli sa kanyang puso.**

**Ang mga Katibayan ng isang Pusong Natuli**

**1. Ang nakikiisa, at sumusunod na puso ay isang tuling puso.** Ito ay isang puso na hindi tinatanggihan ang Banal na Espiritu o ang Kanyang mga tagapag-hayag. Sinabi ni Moises sa Deuteronomio 10:16, *“Tuliin ninyo ang balat ng inyong puso, at huwag ninyong papagmatigasin ang inyon gulo.”*Ang ibig sabihin ng “matigas ang ulo” ay suwail, hindi mababali, matigas. Hindi natin makakamtan ang mga pangako ng Diyos kung matigas ang ating ulo.

Makikita rin natin ito sa Gawa 7:51-52, *"Kayong matitigas ang ulo at hindi tuli ang puso't mga tainga, kayo'y laging sumasalungat sa Espiritu Santo. Kung ano ang ginawa ng inyong mga ninuno, ay gayundin ang ginagawa ninyo. Alin sa mga propeta ang hindi inusig ng inyong mga ninuno? Kanilang pinatay ang mga nagpahayag noong una tungkol sa pagdating ng Matuwid, at ngayon kayo'y naging kanyang mga tagapagkanulo at mamamatay-tao.”* Ang mga nakinig kay Esteban ay nanlaban at kinamuhian ang mga salitang inihayag ng Banal na Espiritu sa pamamagitan niya. Tatanggihan ng Panginoon ang puso na humahamak at tumatanggi sa salita ng Panginoon (1 Samuel 15:26).

**2. Ang pusong mapagpakumbaba, basag, at nagsisisi ay isang tuling puso.** Kapag ang mga kinatitisuran ay binibigyang katuwiran ang kanilang mga ginawa at ibinabaling ang sisi sa iba, at kapag sila ay tumatanggi sa pagtutuwid at pagdidisiplina, sila ay hindi tuli. Bagaman likas ang pagtugon sa ganitong paraan, dahil tayo ay ipinanganak na hindi tuli, kailangan pa rin nating

aminin ang ating sariling pagkakamali at tanggapin ang kaparusahan sa ating mga kasalanan.

Malinaw na sinabi sa Levitico 26:40-42, *"Subalit kung ipahahayag nila ang kanilang kasamaan at ang kasamaan ng kanilang mga ninuno, sapagkat sila'y nagtaksil laban sa akin, at sapagkat sila'y lumakad ng laban sa akin, kaya't ako'y naging laban sa kanila, at sila'y aking dinala sa lupain ng kanilang mga kaaway; subalit kung magpapakumbaba ang kanilang mga pusong hindi tuli, at magbayad sa kanilang kasamaan; ay aalalahanin ko ang aking tipan kay Jacob, at akin ding aalalahanin ang aking tipan kay Isaac, at aalalahanin ko rin ang aking tipan kay Abraham, at aking aalalahanin ang lupain."*

**3. Ang pusong tuli ay hinahanap ang pagsang-ayon ng Diyos, hindi ng tao.** Nilinaw nang maigi ito ni Pablo sa Roma 2:28-29, "*Sapagkat ang isang tao'y hindi Judio sa panlabas lamang; ni ang pagtutuli ay hindi panlabas o sa laman. Kundi ang isang tao'y Judio sa kalooban; at ang pagtutuli yaong sa puso, sa espiritu at hindi sa titik; ang kanyang pagpupuri ay hindi mula sa mga tao, kundi mula sa Diyos."*

Kapag ang pag-aprubang kaibigan, pamilya, at ng madla ay higit na mahalaga kaysa sa pag-apruba ng Diyos, hindi tayo tuli sa ating puso. Ang ilang mga tao ay takot sa kadustaan, kahihiyan, o hindi maintindihan ng iba, kaya't hindi nila sinusunod ang Diyos (Tingnan ang Mateo 10:32-39, Juan 12:42-43).

**4. Ang kakayahang sambahin ang Diyos sa kalayaan ng Banal na Espiritu na hindi na hahadlangan ng tradisyon o**

**pagmamataas ay isang kahanga-hangang tanda ng espirituwal na pagkatuli.** Ang kaugalian ay maaaring maging isang anyo ng hindi pagkatuli kung pinipigilan nito ang kapahayagan ng Banal na Espiritu. Hinahamak ng ibang mga mananampalataya ang pagpalakpak, ang pagtaas ng kamay, ang pagsayaw sa Panginoon, at ang pagsamba sa Espiritu. Dapat nating tandaan na ang nais ng Ama sa mga sumasamba sa Kanya ay ang pagsamba sa espiritu at sa katotohanan.

Pinagtibay ni Jesus ang tema ng tunay na pagsamba sa Juan 4:22-24, *"Sinasamba ninyo ang hindi ninyo nakikilala. Sinasamba namin ang nakikilala namin sapagkat ang kaligtasan ay mula sa mga Judio. Subalit dumarating ang oras at ngayon na nga, na sasambahin ng mga tunay na sumasamba ang Ama sa espiritu at katotohanan, sapagkat hinahanap ng Ama ang gayong mga sumasamba sa kanya. Ang Diyos ay espiritu, at ang mga sumasamba sa kanya ay kailangang sumamba sa espiritu at katotohanan."*

**5. Ang "hindi pagtitiwala sa laman" (Filipos 3:3) ang isa sa mga pinaka-siguradong katibayan na ang Salita ng Diyos (ang tabak ng Espiritu) ay tumagos nang malalim sa puso.** Bilang tao, ay likas sa atin ang umasa sa sariling kalooban, sariling kakayahan, at katigasan ng ulo, pagtitiwala sa sariling pag-iisip at kakayanan sa halip na umasa sa Diyos. Ang likas na karisma, personalidad, o kagandahan, ay kadalasang inaasahan sa halip na ang Banal na Espiritu.

Ang mga Kristiyano ay madalas magplano ng sarili nilang kinabukasan at sinusubukang lunasan ang kanilang mga problema

nang walang patnubay ng Diyos. Ang mga Kristiyanong hindi tuli ay naniniwala na sa pamamagitan ng sarili nilang katalinuhan at pakiramdam, ay kaya nilang pagpasyahan kung ano ang tama at mali, at kung ano ang katotohanan at pagkakamali; ngunit hindi nila ito magagawa! Ito'y sa pamamagitan lamang ng habag ng Diyos nanakikila natin ng tama ang anumang bagay.

**6. Ang masunuring puso na puno ng pag-ibig sa Diyos ay bunga ng pagtutuli ng Diyos.** Mababasa natin sa Deuteronomio 30:6,8, *"Tutuliin ng Panginoon mong Diyos ang iyong puso at ang puso ng iyong binhi, upang ibigin mo ang Panginoon mong Diyos ng buong puso at kaluluwa mo, upang ikaw ay mabuhay... Kung magkagayon ikaw ay babalik at susunod sa tinig ng Panginoon at iyong gagawin ang lahat ng kanyang mga utos na aking iniuutos sa iyo sa araw na ito."*

Kung hahayaan natin Siya, ay tiyak na puputuling ganap ng Diyos ang kasamaan sa ating pagkatao upang magawa natin Siyang mahalin nang buong puso natin. Ang tabak ng Espiritu ay tiyak din na magpapalaya sa atin mula sa mga pagkaalipin ng pagkakasala upang tayo ay bigyan ng kakayahan na sumunod sa Kanya.

**7. Ang tuling Kristiyano ay may kakayahang magpatawad at palayain ang mga tao sa mga pagkakasala na nagawa laban sa kanila.** Ang mananampalatayang may matigas na puso ay humahanap ng paraan na parusahan ang iba sa pamamagitan ng pagtaboy sa kanila palabas sa kanyang buhay. Sinabi mismo ni Jesus na ang dahilan ng paghihiwalay ng mag-asawa ay ang "katigasan ng puso" (Mateo 19:7-8, Marcos 10:4-6). Ang matigas

na puso ay hindi makapagpatawad sa halip ay inaalala at itinatangi ang mga sama ng loob.

**Ano ang Ating Mana?**

Hindi maaaring manahin ng mga Israelita ang Lupang Pangako at makibahagi sa mga pangako ni Abraham malibang sila ay tuliin. Gayundin naman, upang tayo ay makapasok sa kapunuan ng ipamamana ng Diyos para sa ating mga buhay (isang pagkatawag, isang lupain, isang ministeryo, mga tao, o isang relasyon), ay kailangan nating maranasan ang espirituwal na pagtutuli. Ang mana ng Israel ay ang Lupang Pangako, ngunit higit parito ay ang mataimtim na relasyon kay Yahweh.

Kailangan nating maintindihan na hindi tayo makakapasok sa buong pamana ng Diyos para sa ating mga buhay, o manirahan sa Kanyang presensya nang walang isang pusong tinuli. Nilinaw ito ng Panginoon sa Ezekiel 44:9, *"Ganito ang sabi ng Panginoong DIYOS: Walang dayuhan na hindi tuli sa puso at sa laman, sa lahat ng mga dayuhang kasama ng bayang Israel, ang papasok sa aking santuwaryo."*

Ang hindi pagkatuli ay kumakatawan sa karumihan. Upang makalapit sa presensiya ng Panginoon, lahat ng karumihan ng laman at isipan ay kailangang putulin (2 Cor. 7:1). Nagtanong si Haring David sa Awit 24:3, *"Sinong aakyat sa bundok ng Panginoon? At sinong tatayo sa Kanyang dakong banal?"* Ang kasagutan ay matatagpuan sa Awit 24:4-5, *"Siyang may malilinis na kamay at may pusong dalisay, na hindi nagtataas ng kanyang kaluluwa sa hindi totoo, at hindi sumusumpa na may panlilinlang.*

*Mula sa Panginoon, pagpapala'y kanyang kakamtan, at pagwawalang-sala mula sa Diyos ng kanyang kaligtasan."*

Ang henerasyon na lumabas sa Ehipto ang humatol sa kanilang mga sarili na hindi karapat-dapat sa Lupang Pangako. Hindi nila napagtagumpayan ang mga pagsubok sa ilang. Kaya, sumumpa ang Diyos sa Kanyang poot sa Kadesh Barnea na hindi sila makapapasok. Nagpaikot-ikot sila sa ilang sa loob ng 38 taon nang walang pinatunguhan hanggang sa lahat sila ay mga namatay.

Pagkatapos ay isang henerasyon ang sumibol na ginawang karapat-dapat ng Diyos na makapasok sa Lupang Pangako. Sapat nilang na pagtagumpayan ang kanilang mga pagsubok sa ilang. Sa Kanyang kataas-taasang kaalaman, ay binigyan silang Diyos na kapagpapababagong karanasan sa Jordan kung saan si Adan ay tinuos at ang "kahihiyan ng Ehipto" ay iginulong palayo sa kanila. Ang kanilang laman ay tinuli; at dahil sa kamangha-manghang tagumpay na ito laban sa lumang pagkatao, sila ay pinagkalooban ng kakayahan na labanan ang kanilang mga kaaway sa lupain na kanilang mamanahin.

## Ang Araw ng Pagtubos

Atin nang pinagtibay na ang pagtawid sa Jordan ay kumakatawan sa pagiging patay sa kasalanan, at ang Gilgal naman ay kumakatawan sa pagtutuli ng puso. Samakatuwid, ang pagtawid sa Ilog Jordan ay sumisimbolo rin ng ika-anim na pista ng Israel, ang Araw ng Pagtubos, na tumuos sa kanilang pambansang kasalanan.

Ang mga anak ni Israel ay tumawid sa Ilog Jordan sa panahon ng Paskua sa unang buwan (Josue 4:1-5:10). Kaya literal na hindi ipinagdiwang ng mga anak ng Israel ang Araw ng Pagtubos nang tumawid sila sa Ilog Jordan. Gayunpaman, malinaw sa Banal na Kasulatan na ang pagtawid sa Jordan ay maaaring maging simbolo ng Araw ng Pagtubos.

Ang Araw ng Pagtubos ay itinakda sa ika-sampung araw ng ika-pitong buwan (Levitico 23:27). Ang bilang na 10 ay kumakatawan sa mga pagsubok. Ang Araw na ito ay panahon ng paglilinis mula sa kasalanan at pagdadalamhati, na naitala sa Levitico 16:29-30, *"Ito'y magiging alituntunin magpakailanman para sa inyo: sa ikapitong buwan ng ikasampung araw ng buwan ay magpakasakit kayo sa inyong mga sarili, at huwag gagawa ng anumang gawain, ang mamamayan, ni ang taga-ibang bayan na nakatira sa inyong kalagitnaan. Sapagkat sa araw na ito, ang saserdote ay gagawa ng pagtubos sa inyo upang linisin kayo sa lahat ng inyong mga kasalanan; kayo ay magiging malinis sa harapan ng PANGINOON."*

Ako ay naniniwala na ang Iglesya ay nakapasok na sa panahon ng ika-anim na pista. Ang pistang ito ay nagsimula noong 1973 kasabay ng tinatawag na Digmaan ng Yom Kippur. Mula noon, ang Diyos ay gumagawa na nang malalim na paglilinis at pagtutuli sa mga puso ng sinumang may nais, upang dalhin sila sa huli at pinakadakilang pista, ang Pista ng mga Tabernakulo. Wala sa anumang henerasyon na ito ay maging posible para sa paglalakbay ng Israel upang ganap na maranasan ng Iglesya.

Gaya ng sinasabi sa atin ng Kasulatan, sa una ay ang natural, at pagkatapos ay ang espirituwal (1 Cor. 15:46). Ang mga kaganapan sa Israel ay kadalasang humahalintulad sa mga bagay na ginagawa ng Diyos sa espirituwal na Israel, ang Iglesya (Gal. 6:16). Ako at ang aking asawa ay nasa sa Bundok ng mga Olivo bago magsimula ang digmaan ng Yom Kippur noong 1973. Ang Yom Kippur ay Hebreong pangalan ukol sa Araw ng Pagtubos. Dinalaw kami ng Panginoon sa isang napakadakilang paraan, at sinabi sa amin na malapit nang magsimula ang digmaan, at ang Israel ay uurong. Sinabi Niya sa amin na ang Iglesya ay espirituwal na papasok sa Araw ng Pagtubos.

Ipinakita rin Niya sa amin ang maraming kaganapan sa Biblia na hindi pa natutupad, kasama na ang paghahati-hati ng lupain ng Israel at ang pagdanak ng dugo sa paligid ng Jerusalem sa mga huling araw. Nangusap ang Panginoon sa amin at sinabing ang mga kabataang nagmartsa noong taong 1973 sa panahon ng ika-25 Anibersaryo ng Estado ng Israel ang makakaranas ng Matinding Kapighatian.

Nangusap ang Panginoon sa amin: “Aking ihahayag ang kasalanan sa matataas na lugar.  Pagkatapos ay Aking ilalantad ang kasalanan ng Aking Iglesya.” Kaagad pagkatapos nito ang iskandalo sa *Watergate* ang nagpababa sa Pangulong Nixon. Ang sumunod na taon, 1974, halos nasa 30 pinuno ng iba’t-ibang estado sa buong mundo ay ibinaba rin.

At sinabi ng Panginoon, “Pagkatapos niyan, ay ilalantad ko naman ang kasalanan sa Aking Iglesya.” Nakakalungkot, dahil ito ay nangyayari nasa Iglesyang ayon. Makikita natin ito sa lahat ng

dako. Ang Iglesya ay nasa panahon ng malalim na paglilinis. Ito ang panahon ng paglalantad ng kasalanan sa mga taong tumatanggi na magpatuli (Mateo 10: 26). Sinabi ni Jesus sa Lucas 12:2, *"Walang bagay na natatakpan na hindi mabubunyag, at walang bagay na natatago na hindi malalaman."*

Noong taong 1981, habang nagmiminsteryo sa New Zealand, ako ay binisita ng dalawang anghel. Isa sa mga anghel ay may malaking tabak sa kanyang kamay. Ang salitang "pagtutuli" ay nakasulat sa dulo ng tabak. Ang isa namang anghel ay nakasuot ng pamigkisat may nakasulat na "Ang Tagapagpatupad." Sinabi ng Panginoon sa akin: "Ako ay dumating upang tuliin ang puso ng Aking mga hinirang, at ito ay Aking sisimulan sa mga namumuno." Ang mga makikinig at aayon sa Aking tabak ng pagtutuli ay sasama sa Akin. Ngunit ang mga tatanggi sa pagtutuli ng Diyos ay makakaranas ng kahatulan." Ang "Tagapagpatupad" ang hahatol sa kanila.

Bago makapasok ang kabuuan ng Iglesya at ang mga kasapi nito sa ika-pitong pista, ang Pista ng mga Tabernakulo, kailangan nating hayaan ang Panginoon na gumawa ng lubus-lubusang paglilinis sa ating mga buhay.

# Kabanata 12

## Ang Tatlumpu't Isang Mga Hari

Ang Josue 12:9-24 ay isang talaan ng 31 mga harina kailangang palayasin ng Israel palabas ng Canaan upang marating nila ang mataas na pagkatawag ng pamamahinga sa Bundok ng Sion. Ang Israel ay pinagkalooban ng kapangyarihan upang digmain ang mga haring ito *pagkatapos* na sila'y matuli sa Gilgal.

Ang 31 mga hari ay kumakatawan sa nangingibabaw na mga bahagi kung saan ang *sarili* ang naghahari sa halip na si Cristo na ating Panginoon. Ang mga Kaaway na ito ay kailangang lubos na magapi sa pamamagitan ng tabak ng Diyos. Kung hindi, ay hahadlangan nila tayo sa pagpasok sa kapahingahan. Hindi natin mararating ang lubos na tagumpay, at hindi natin maaangkin ang Bundok ng Sion.

Nais ng Diyos na lupigin ang lahat ng muog at imahinasyon na itinataas ang sarili laban sa Kanya. Sinabi ni Apostol Pablo na hindi tayo nakikipagbuno laban sa laman at dugo, ngunit laban sa kuta at kapangyarihan (2 Corinto 10:4-5). Kaya nga, ang ating pakikipaglaban ay espirituwal, laban sa mga Kaaway sa loob at sa labas.

Ang 31 mga hari ay ang mga sumusunod, "*Ang hari ng Jerico, isa; ang hari sa Ai na nasa tabi ng Bethel, isa; ang hari ng Jerusalem, isa; ang hari ng Hebron, isa; ang hari ng Jarmut, isa; ang hari ng Lakish, isa; ang hari ng Eglon, isa; ang hari ng Gezer, isa; 3 ang hari ng Debir, isa; ang hari ng Geder, isa; ang*

*hari ng Horma, isa; ang hari ng Arad, isa; ang hari ng Libna, isa; ang hari ng Adullam, isa; ang hari ng Makeda, isa; ang hari ng Bethel, isa; ang hari ng Tapua, isa; ang hari ng Hefer, isa; ang hari ng Afec, isa; ang hari ng Lasaron, isa; ang hari ng Madon, isa; ang hari ng Hazor, isa; ang hari ng Simron-meron, isa; ang hari ng Acsaf, isa; ang hari ng Taanac, isa; ang hari ng Megido, isa; ang hari ng Kedes, isa; ang hari ng Jokneam sa Carmel, isa; ang hari ng Dor sa kaitaasan ng Dor, isa; ang hari ng mga bansa sa Gilgal, isa; ang hari ng Tirsa, isa; lahat ng mga hari ay tatlumpu't isa."* (Josue 12:9-24).

Ang mga sumusunod na interpretasyon sa bawat hari ay batay sa isang mensahe ni Reverend A. B. Simpson. Ang mensaheng ito sa 31 mga hari ay para sa mga mananampalataya na nakaranas nang pagsubok sa ilang at nakatawid na sa Jordan. Ito ay para sa mga nagtataglay na ng sapat na gulang sa pananampalataya ngunit nangangailangan pa ng mas malalim na panloob na pagpapako sa krus.

## Unang Hari: Sariling Kalooban

Ang sariling kalooban ay isa sa pinaka-malalang problema ng tao. Siya ang nakaupo sa trono ng kanyang buhay sa halip na ang Diyos. Maraming mga Kristiyano ang gumagawa ng sarili nilang pagpipili at mga desisyon. Sa halip natanungin ang Diyos kung ano ang Kanyang kalooban, ay sinasabi nila sa Kanya kung ano ang kanilang mga plano at hinihingi sa Kanya na pagpalain ang mga ito. Ang lunas ay sikapin lamang na magawa ang kalooban ng Diyos. Gaya ng sinabi ni Jesus sa Kanyang Ama sa Hardin, *"Ama, kung ibig mo, ilayo mo sa akin ang kopang ito; gayunma'y*

*huwag ang kalooban ko ang mangyari kundi ang sa iyo."* (Luc. 22:42).

## Ikalawang Hari: Pagpapalayaw sa Sarili

Ang pagpapalayaw sa sarili ang nagtutulak sa atin na tumuon lamang sa ating mga sarili. Ang paboritong paksa ng taong ito ay ang kanyang sarili. Minomonopolisa niya ang mga pag-uusap, ibinibida ang kanyang sarili, ang kanyang mga karanasan, at ang kanyang mga narating. Ang sabi ni Pablo, *"Huwag tingnan ng bawat isa sa inyo ang kanyang sariling kapakanan, kundi ang kapakanan ng iba"* (Filipos 2:4). *"Purihin ka ng ibang tao at huwag ng iyong sariling bibig"* (Kaw. 27:2, 2 Cor. 12:2-5). Ang ating unang tungkulin ay ibaling ang pansin sa Panginoon at umalis sa larawan.

## Ikatlong Hari: Paghahangad ng Sariling kapakanan

Ang ikatlong bahagi ng makasariling buhay ay ang paghahangad ng sariling kapakanan. Minsan ay sinabi ni Napoleon, "Ang tao na binibigyan ko ng halaga ay silang may mga pakinabang lamang para sa akin!" Walang halaga sa kanya ang iba. Nawa ay hindi tayo magkasala sa paggamit ng tao para sa ating sariling kapakanan lamang! Sinasabi ng 1 Corinto 13:5, na ang pag-ibig*"ay hindi ipinipilit ang sariling kagustuhan."* Sa medaling salita, ang pag-ibig ay hindi "paghahangad ng sariling kapakanan." Ang tunay na pag-ibig ay hindi makasarili at inuuna muna ang pangangailangan ng iba.

### Ika-Apat na Hari: Pagiging Kampante sa Sarili

Ang pagiging kampante sa sarili ay kabaligtaran ng pagkagutom at pagkauhaw sa katuwiran (Awit 42:1-2, Mateo 5:6). Ito ay pagiging tahimik espirituwal. Inakala ng mga taga-Laodicea na narrating na nila ang tuktok ng espirituwalidad (Pahayag 3:17). Akala nila ay taglayna nila ang lahat! Ito ay pagkabulag at pagkadaya, dahilan dito ay hindi na sila lumago (1 Cor. 8:2, Gal. 6:3).

Pagkatapos ay sinabirin ni Apostol Pablo sa Filipos 3:13-14, *"Mga kapatid, hindi ko pa inaaring naabot ko na, ngunit isang bagay ang ginagawa ko, nililimot ko ang mga bagay na nasa likuran, at tinutungo ang mga bagay na hinaharap, nagpapatuloy ako tungo sa mithiin para sa gantimpala ng dakilang pagtawag ng Diyos kay Cristo Jesus."* Malibang magkaroon tayo ng nagpapatuloy at progresibong pangitain, tayo ay magiging kampante sa ating paglakad bilang mga Kristiyano at mananahang walang-ingat. Ang sabi sa Kawikaan 29:18, *"Kung saan walang [progresibong] pangitain, nagpapabaya ang taong-bayan, ngunit mapalad ang sumusunod sa kautusan."*

### Ika-Limang Hari: Pagtataas sa Sarili

Nagbigay ng babala si Pablo patungkol sa pagtataas sa sarili ayon sa Galacia 5:26, *"Huwag tayong maging palalo, na ginagalit ang isa't isa at naiinggit sa isa't isa."*Kanya ring binuo ang temang ito sa Filipos 2:3, *"Huwag ninyong gawin ang anuman sa pagpapaligsahan o pagmamataas, kundi sa kababaan, ituring na ang iba ay higit na mabuti kaysa inyong sarili."* Isang

mapaminsalang pagkakamali para sa mga tao na ipagmalaki ang pagkakaroon ng iglesiyang pinakamabilis lumago sa bansa o pinaka-matagumpay na ministeryo o mga gawain sa iba't-ibang lugar. Ang ibang iglesya ay ipinagmamalaki ang pagkakaroon ng mga pinakamahusay na mang-aawit sa kanilang lugar, habang ang ibang ebanghelista naman ay ipinagmamalaki na hindi pa sila nagkakamali sa kanilang mga espirituwal na kaloob.

Iginiit ni Solomon na hindi siya nalampasan at napantayan ng sinumang haring nauna sa kanya (Mang. 1:16). Matapang na ipinahayagni Pedro na kahit ang lahat ng kanyang mga kapatiran ay tumalikod sa Panginoon, hindi siya tatalikod kailanman sa Kanya (Mat. 26:33). Ang lahat ng walang kabuluhang pagmamataas at pagmamayabang ay isang pagpapakita ng isang hari sa loob na kailangang alisin at mapalitan ng Hari ng mga hari.

**Ika-Anim na Hari: Kumpiyansa sa Sarili**

Ang haring ito ay nagtitiwala sa kanyang sariling pag-iisip at paghatol. Siya ay umaasa sa kanyang sarili. Iniisip niya na hindi na niya kailangan ang sinuman dahil alam niya ang kanyang ginagawa. Ang akala niya ay kontrolado niya ang lahat at kaya niyang lunasan ang kanyang mga problema sa pamamagitan ng kanyang sarili. Siya ay hinubog ng kanyang sarili: ang akala niya ay nasa kanya ang lahat ang mga kasagutan. Ito ay kabaligtaran sa isang banal na pagkaasa ni Jesus sa Kanyang Ama, na sinasabi sa Juan 5:19, *"Kaya't Sumagot si Jesus at sinabi sa kanila, "Katotohanang sinasabi ko sa inyo, hindi makakagawa ng anuman ang Anak sa kanyang sarili kundi ang nakikita niyang ginagawa ng Ama. Sapagkat ang lahat ng mga bagay na kanyang*

*ginagawa ay siya ring ginagawa ng Anak.”* At sinabi rin ni Jesus sa Juan 5:30, *"Hindi ako makakagawa ng anuman mula sa aking sarili. Humahatol ako ayon sa aking naririnig, at ang paghatol ko'y matuwid, sapagkat hindi ko hinahanap ang aking sariling kalooban kundi ang kalooban ng nagsugo sa akin.”*

**Ika-Pitong Hari: Kamalayan sa Sarili**

Ang hari na kamalayan sa sarili ay pag-uugnay ng lahat ng nasabi o nagawa sa kanyang sarili. Ito ay isang nakakatakot na tanikala ng pag-aalala. Lahat ng kilos, tingin, at salita ay masusing pinag-aaralan. Ipinapalagay niyang ang lahat ay nag-iisip ng tungkol sa kanya at pinag-uusapan ang tungkol sa kanya. Siya ay bilanggo ng sarili niyang mga imahinasyon. Isang malaking ginhawa na mapagtanto nating ang mga tao ay halos hindi makapag-isip ng tungkol sa atin. Ang katotohanan ay, katulad lang din natin sila, iniisip nila ang kanilang mga sarili.

**Ika-Walong Hari: Pagpapahalaga sa Sarili**

Ang nakaluklok na haring ito ay mayroong mataas na pagkaako. Kapag siya ay hindi trinato bilang isang hari, ay medaling makaranas ng pagkagalit o depresyon. Maraming mananampalataya na nakatanggap ng karunungan at pagsasanay ng ilang taon ay nagpalagay na nahigitan na nila ang kanilang mga guro at pastor. Ang ilan ay nalinlang pang paniwalaan na sila ay mga espesyal na mensaherong ipinadala ng Diyos upang ituwid ang kanilang mga lider. Mababasa natin sa Obadias 1:3, *“Dinaya ka ng kapalaluan ng iyong puso, ikaw na naninirahan*

*sa mga bitak ng bato, na ang tahanan ay matayog na nagsasabi sa iyong puso, 'Sinong magbababasa akin sa lupa?'"*

## Ika-Siyam na Hari: Pagmamaliit sa Sarili

Ang pagmamaliit sa sarili ay ang patuloy na pagpapawalang-halaga sa sarili. Hindi nakakatulong kung paulit-ulit nating kinakaawan ang ating mga sarili at ating itinutuon ang paningin sa ating mga pagkukulang (Roma 7:24). Ito ay pagkaabala sa sarili na humahadlang sa atin mula sa pagbibigay-tuon sa Diyos. Pinayuhan ng Filemon 1:6 ang mga mananampalataya na, *"...kapag nalaman mo ang bawat mabuting bagay na maaari nating gawin para kay Cristo."* Ibigay natin sa Banal na Espiritu ang parangal sa lahat ng mabubuting bagay na Kanyang ginawa sa iyong buhay. Alisin ang diin sa iyong sarili, at ituon sa Kanya.

Kapag wala tayong mabuting palagay sa ating mga sarili, maaaring wala rin tayong mabuting palagay ukol sa iba. Nais ng Diyos na tayo ay magkaroon ng mabuting palagay sa ating kahalagahan sa Kanyang paningin. Ang pagtanggap sa sarili ay mahalaga sa pagkakaroon ng mabuting espirituwal na kalusugan. Upang magawa nating mahalin ang iba, mahalin muna natin ang ating mga sarili (Mat. 22:39).

## Ika-Sampung Hari: Pagbabangong-puri sa Sarili

Ang hari ng pagbabangong-puri sa sarili ay nanggigiit ng kanyang mga karapatan, ipagtatanggol ang kanyang katayuan, at binibigyang-katuwiran ang kanyang sarili at kanyang mga pamamaraan kahit hanggang kamatayan. Pipiliin pa ng haring ito

na mamatay kaysa sumuko sa iba. Hind siya naniniwala na ang "pasampal ka pa sakabilang pisngi" ay naaangkop pa rin sa ating panahon ngayon. Ni kahit ang paniwalaan niya na ang mga kawalan ng katarungan ay inordina ng Diyos upang siya ay dalhin palapit sa trono (Genesis 50:20).

Sinabi ni Jesus sa Mateo 16:24, *"Pagkatapos ay sinabi ni Jesus sa kanyang mga alagad, 'Kung ang sinuman ay ibig sumunod sa akin, tanggihan niya ang kanyang sarili, at pasanin ang kanyang krus, at sumunod sa Akin.'"* Ang ilang mga Kristiyano ay hindi kailanman natututunan ang aral na ito. Ang pinaka-ideya sa likod ng pagkakatawang tao ay ang pagtatwa sa ating mga karapatan! Tayo ba ay higit pa kay Cristo? Sinabini A. B. Simpson, "Ako ay taimtim na naniniwala na karamihan sa mga pagpapala na ipinagkaloob sa aking buhay at ministeryo ay dumating dahil sa mga masasamang bagay na sinabi sa akin, at dahil pinangyari ng Diyos na payagan ko silang sabihin ang mga iyon."

**Ika-Labing Isang Hari: Pagkamaramdamin**

Ang pagkamaramdamin ay nagtutulak sa atin na maging matampuhin, medaling mairita, medaling matisod, mapaghinanakit, at sobrang maka-protekta sa sarili. Ginagawa tayo nitong maging sobrang sensitibo sa sarili nating nararamdaman, ngunit walang kamalayan kapag nakakasakit tayo ng iba. Katawa-tawa na minsan ay may mga taong sobrang sensitibo at inaakusahan nila ang iba na walang pakiaalam at walang pakiramdam sa kanila, ngunit sila man din ay walang kamalayan kung gaano sila ka nakakasakit sa iba dahil sa pang-aakusa nila (Roma 2:1).

## Ika-Labindalawang Hari: Pansariling Pananaw

Ito ang hari na mahigpit na iginigiit na "iisa lamang ang paraan upang gawin ito." Ang tanging nakikita ng haring ito ay ang mga bagay na ayon lamang sa sarili niyang pananaw. Si Apostol Pedro ay nahirapan sa problemang ito na sinabing, "Ako kailanma'y..." para lamang pagsisihan sa huli (Mat. 16:22, 26:33, Jn. 13:8, Gawa 10:14).

Ang tatlong kaibigan ni Job ay hindi nagpatinag sa mapilosopiyang panghuhusga sa kalamidad ni Job. Sila ay hindi karapat-dapat, gayunpaman, na magbigay ng payo at aliwin siya dahil kailanman ay hindi pa sila nakakita, nakarinig, o nakaranas ng anumang pagsubok katulad ng kay Job. Ngunit iginiit nila na, "Ito lang ang tanging ang paraan upang tingnan nito!" Ang ganitong saloobin ay palatandaan ng marami pang problema. Iminumungkahi nito na lahat ng maaaring malaman patungkol sa isang paksa ay nalaman na. Ipinapakita rin nito ang saloobin ng hindi pagkakamali. Ngunit, ang tunay na karunungan ay sumasakop sa isang malawak na saklaw ng mga bagay, nag-aalok ng iba pang mga maaaring magamit na alternatibo sa kahinahunan, at alam kung kalian sapat na ang mga nasabi.

## Ika-Labintatlong Hari: Mapanuri sa Sarili

Pangunahin sa haring ito ang mga talata sa Biblia katulad ng Roma 7:18 at 24, *"Sapagkat nalalaman ko na walang mabuti na nananatili sa akin, samakatuwid ay sa aking laman. Ang pagnanais ng mabuti ay nasa akin, subalit hindi ko iyon magawa... Kahabag-habag na tao ako! Sino ang magliligtas sa*

*akin mula sa katawang ito ng kamatayan?”* Ito ang tao na palaging nakatingin sa kanyang kalooban.

Hindi sinabi sa atin ng Diyos na suriin natin ang ating mga sarili o lutasin ang mga palaisipan sa sarili nating mga pag-iisip. Sinasabi sa Jeremias 17:9, *“Ang puso ay mandaraya kaysa lahat ng bagay, at lubhang napakasama; sinong makakaunawa nito?”* Hindi natin alam ang tunay na nilalaman ng ating puso, ang Panginoon lamang ang nakaaalam. Sinabi ni David kay Solomon sa 1 Cronica 28:9, *"At ikaw, Solomon na aking anak, kilalanin mo ang Diyos ng iyong Ama. Paglingkuran mo Siya nang buong puso at nang kusang pag-iisip, sapagkat sinasaliksik ng Panginoon ang lahat ng puso, at nalalaman ang lahat ng balak at iniisip...”* Hindi tayo dapat maging labis na mapanuri sa ating mga sarili, kundi hayaan ang Panginoon na siyasatin ang ating mga puso.

Ang Panginoon ang Siyang sumusubok ng ating mga puso at ipapakita sa atin kung ano ang dapat nating malaman, sa Kanyang takdang panahon. Hanggang sa sandaling iyon, kailangan lamang nating magtiwalang lubos sa Panginoon, maging mapayapa, at panatilihiin ang kagalakan sa ating mga puso (Kaw. 3:5-6).

## Ika-Labingapat na Hari: Pag-ibig sa Sarili

Ang haring ito ay nabubuhay para sa sarili at nayayamot sa mga abala at panghihimasok sa kanyang pribadong buhay, oras, at mga ari-arian. Salungat ito sa kalikasan ng Diyos na kusang ibinigay ang mismong buhay Niya para sa iba! Sinasabi sa Juan 3:16, “*Sapagkat gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan na ibinigay niya ang kanyang tanging Anak, upang ang sinumang*

*sa kanya'y sumampalataya ay huwag mapahamak kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan."*

Kailanman ay hindi pinili ni Cristo ang daan ng kaginhawaan. Ang ilang mga Kristiyano ay tumatangging humayo sa isang ministeryo o sadi-na kasanayang gawain dahil sa pag-ibig sa sarili. Mahal nila ang kanilang buhay at seguridad, ngunit sa pagpipili nito, ay pareho nilang nawala (Mt. 19:29). Sinabi ni Jesus, *"Tinawag niya ang maraming tao pati ang kanyang mga alagad, at sakanila'y sinabi, 'Kung ang sinuman ay nagnanais sumunod sa akin, siya ay tumanggi sa kanyang sarili, pasanin ang kanyang krus at sumunod sa akin. Sapagkat ang sinumang nagnanais iligtas ang kanyang buhay ay mawawalan nito at ang sinumang mawalan ng kanyang buhay dahil sa akin at sa ebanghelyo ay maililigtas iyon.'"* (Marcos 8:34-35). Ang kagalakan ay matatagpuan kung saan ka dinadala ng Diyos. Ang kasiyahan ay kung nasaan ang presensiya ng Diyos ay nananahan (Aw.16:11). Ang pinakaligtas na lugar sa daigdig ay kung saan at kapag tayo ay nasa kalooban ng Diyos.

**Ika-Labinlimang Hari: Makasariling Pagmamahal**

Sinabi sa Lucas 6:32-33, "*Kung kayo'y umiibig sa mga umiibig sa inyo, ano ang mapapala ninyo? Ang mga makasalanan man ay umiibig sa mga umiibig sa kanila. At kung gumawa kayo ng mabuti sa mga gumagawa sa inyo ng mabuti, ano ang mapapala ninyo? Sapagkat gayundin ang ginagawa ng mga makasalanan."* Kapag pinahahalagahan lamang natin ang mga taong nagpapahalaga sa atin, tayo ay pangkaraniwang mga Kristiyano lamang. Kahit ang mga makasalanan ay kayang gawin ito—

mahalin ang mga nagmamahal sa kanila. Tayo ba ay nagpapasalamat lamang doon sa mga taong tumatanggap at pumupuri sa atin? Maliit ba ang ating pagpapahalaga sa iba? Ang mga pakikisama ba natin ay kakaunti at pili lamang? Sa isang iglesiya na may bilang na 300, 30 lamang ba ang ating kinakaibigan? Nais ng Diyos na palawakin at gawing mapagbigay ang bawat puso ng Kanyang mga hinirang.

## Ika-Labinganim na Hari: Makasariling Motibo

Sinabi ni Jesus sa Lucas 6:34-35, "*Kung kayo'y magpahiram lamang sa mga taong mayroon kayong inaasahang tatanggapin, ano ang mapapala ninyo? Ang mga makasalanan man ay nagpapahiram sa mga makasalanan, upang tanggapin nilang muli ang gayunding halaga. Subalit ibigin ninyo ang inyong mga kaaway at gumawa kayo ng mabuti, magpahiram kayo na hindi umaasa ng kapalit. Malaki ang magiging gantimpala ninyo, at kayo'y magiging mga anak ng Kataas-taasan, sapagkat siya'y mabait sa mga di-mapagpasalamat at sa masasama.*"

Ang haring ito ay nagkakaloob ng salapi sa Diyos sa pag-asang makakatanggap siya ng higit pa para sa kanyang sarili. Karamihan sa mga mensaheng ayon patungkol sa "kasaganaan" ay nagpapahayag ng ganitong mentalidad— "Magbigay ka sa Diyos upang ibalik Niya sa iyo ang makapitong bahagi." Ang Diyos ay tunay na mapagbigay na Diyos, at ibig Niyang pagpalain ang Kanyang mga hinirang; ngunit ang ating motibo sa pagbibigay ay hindi dapat kailanman para makakuha ng mas malaking dibidendo. Ating tandaan na ang mga tunay na tagapaglingkod at

ebanghelista ay hindi ginagamit ang buong pananambahan upang humingi ng salapi.

### Ika-Labimpitong Hari: Makasariling Pagnanasa

Ang mga taong may makasariling pagnanasa ay mapag-imbot, nananabik na maging matagumpay at magkaroon ng seguridad. Kadalasang hinahanap nila ay maging malapit na kaibigan sa mga taong prominente upang magkaroon ng impluwensiya at kapangyarihan. Kailangang siyasatin natin ang ating mga motibo upang makita kung ano ang umuudyok sa ating mga salita at ikinikilos. Tanungin natin ang Panginoon, "Bakit ko ba gustong-gusto ito?"

### Ika-Labingwalong Hari: Makasariling Pagpipili

Ang haring ito ay hindi sumasangguni sa Diyos para sa Kanyang ganap na kalooban. Sinasabi niya sa Diyos kung ano ang gusto niya. Tayo ay nilalang *para* sa Diyos, upang maghatid ng kasiyahan sa Kanya (Pah. 4:11). Samakatuwid, kailangang palagi tayong sumangguni sa Diyos kung anong pagpili ang magiging kalugod-lugod para sa Kanya. Sinasabi sa Filipos 2:13, "*Sapagkat Diyos ang gumagawa sa inyo maging sa pagnanais at sa paggawa, para sa kanyang mabuting kalooban."*

Kung tayo ay hindi nakakapaghatid ng kasiyahan sa ating Manlilikha, sa gayon ay namumuhay tayo sa kawalang kabuluhan. Ang kagalakan ay ang bunga ng kung ano ang pagkakalikha sa atin at paggawa ng mga bagay na nakalulugod sa Kanya. Sinabi ni David sa Awit 40:8, *"Kinaluluguran kong*

*sundin ang iyong kalooban, O Diyos ko."* Ang buhay ay puno ng pagpipili.

Kasama sa mga pagpipiling ito ay kung sino ang dapat nating pakasalan! Maraming Kristiyano ang sumusuway sa Diyos sa puntong ito. Kailangang hayaan natin ang Diyos na piliin ang ating mapapangasawa, dahil ito ay maghahatid sa mas masaya at maagang pagsasama—isang pagsasama na nakalulugod sa Diyos. Kailangang hayaan natin ang Panginoon na pumili para sa atin dahil alam Niya ang pinakamabuti.

**Ika- Labingsiyam na Hari: Makasariling Kasiyahan**

Ito ay kung saan ang isang tao ay binibigyang-kasiyahan ang sarili. Ang lipunan sa Kanluran ay gawa sa kasiyahan. Sa ngayon, ang Kasulatan na natupad ay sinasabi na ang mga tao ay magiging, "*mga maibigin sa kalayawan sa halip na mga maibigin sa Diyos"* (2 Tim. 3:4). Ang mga palaro, mga kotse, mga damit, at mga libangan ay maaari ding maging diyos-diyosan. Karamihan sa mga Iglesya ay nahuhumaling sa paghahangad ng hindi nakabubusog na kasiyahan.

Maraming mga Amerikano ang nais tumira sa Florida, hindi dahil nais nilang sundin ang kalooban ng Diyos, kundi upang magkaroon ng isang buhay na magaan sa isang tropical na klima. Ang iba ay nag-iisip na magretiro nang maaga sa batang edad pa lamang.

Ang tunay na kasiyahan, gayunman, ay matatagpuan sa presensiya ng Diyos at sa dako ng Kanyang kalooban para sa

ating mga buhay. Mababasa natin sa Awit 16:11, "*Iyong ipinakita sa akin ang landas ng buhay: sa iyong harapan ay may kapuspusan ng kagalakan; sa iyong kanang kamay ay mga kasayahan magpakailanman."* Tumutugma rin ito sa Awit 45:7, "*Iyong iniibig ang katuwiran at kinasusuklaman ang kasamaan. Kaya't ang Diyos, ang iyong Diyos, ay pinahiran ka ng langis, ng langis ng kagalakan na higit kaysa iyong mga kasamahan."*

**Ika-Dalawampung Hari: Pansariling Ari-arian**

Ang espiritu ng kasakiman ang maliwanag na makikita sa haring ito. Ang pagbabasa ng huling habilin attestamento ay isang tiyak na paraan upang lumabas ang mga nakatagong kasamaan sa puso ng isang tao. Maraming pamilya at pagkakaibigan ang nawasak dahil sa kapaitan sa isang testamentong hindi na pagkasunduan. Hindi hinihimok ni Jesus ang isang tao na may argument sa mamanahin na makipaglaban para sa mas malaking bahagi ng mana. Nakita ng Panginoon ang motibo ng kasakiman sa kanyang puso (Lucas 12:13-15).

Si Jesus ay nagbabala na ang kasiyahan ay hindi nasusukat sa dami ng ari-arian na ating na ipon. Ang mga bagay na hinahawakan ng tao ay hindi kailanman makapagbibigay ng kasiyahan anuman ang mangyari. Malao't madali, mawawala rin natin ang mga bagay na sinisikap nating hawakan ng may makasariling mga motibo. Ang mga taong nagkakaroon ng mga kayamanan at ari-arian sa pamamagitan ng pandaraya ay nagtatapos sa pagiging mga hangal (Jeremias 17:9-11). Nawa ay palagi tayong may bukas na palad!

## Ika-Dalawampu't Isang Hari: Pansariling Mga Takot At Pag-aalala

Ipinapakita ng haring ito ang pag-iingat sa sarili. Sobra ang pag-iingat nito sa kanyang sarili at may malalang problema sa pagtitiwala sa Diyos na alagaan siya. Iniisip niyang, "Hindi ako aalagaan ng Diyos, o, "baka pabayaan ako ng Diyos na mabigo!" Ang ilang mga takot ay nagmumula sa pagmamataas. Ang kaisapan ay maaaring, "Baka magmukha akong hangal, o, baka mapahiya ako, at iba pa." Madalas ang mga tao ang nag-aalala tungkol sa isang bagay sa loob ng maraming buwan, para lang malaman kapag dumating na nawala naman palang dapat na ipag-alala. Kung ang ating partikular na takot ay naka-ugat sa pagmamataas, ang pagpapakumbaba kung gayon ang makakabasag ng ating pagkaalipin. Ang hari ay dapat mapatay sa tabak ng salita ng Diyos, dahil ang mga pangako ay hindi makakamit ng takot at di-paniniwala.

## Ika-Dalawampu't Dalawang Hari: Pansariling Kalungkutan

Ang kalungkutan na gawa ng sarili, o kalungkutang nagmula sa nasaktang kataasan ay ang resulta ng haring ito. Ang haring ito ay mabilis sa pag-akusa sa Diyos at sa iba sa pagiging iresponsable, at hindi pangangalaga sa kanya. Ang ilang iba pang halimbawa ay, "Pinabayaan ako ng Diyos," o "Ang Diyos ay hindi naging patas sa akin."

Ang mga kalungkutang ito ay bunga ng mga hindi natupad na inaasahan–mga inaasahang bagay na kailanman ay hindi niloob ng Diyos para sa atin na magkaroon. Kailangan nating tandaan na

kung hinadlangan ng Diyos ang ating plano o direksyon, ito ay dahil Siya ay nagiging mahahabagin, dahil Siya ay may mas higit na mabuting bagay na naiisip. Tandaan na ang makadiyos na kalungkutan ay nagdudulot ng buhay, ngunit ang kalungkutang gawa ng tao ay naghahatid ng kamatayan: *"Sapagkat ang kalungkutang naaayon sa Diyos ay nagbubunga ng pagsisisi tungo sa kaligtasan na hindi ipagdaramdam, subalit ang makasanlibutang kalungkutan ay nagbubunga ng kamatayan."* (2 Cor. 7:10).

## Ika-Dalawampu't Tatlong Hari: Makasariling Sakripisyo at Pagtatatwa

Ang haring ito ay nagbibigay upang masiyahan ang sarili. Si Pablo ay nagsalita patungkol sa makasariling sakripisyosa 1 Corinto 13:3, *"At kung ipamigay ko ang lahat ng aking ari-arian, at kung ibigay ko ang aking katawan upang sunugin, subalit walang pag-ibig, wala akong mapapakinabang."* Maaaring ibigay ng isang tao ang lahat ng kanyang pagkain upang pakainin ang mga mahihirap, ang kanyang katawan upang sunugin bilang isang martir, ngunit wala pa ring banal na pag-ibig bilang pinaka motibo niya.

Ang mga tao ay maaaring magkaroon ng kakaibang mga motibo. Ang isang tao ay maaaring mag-ayuno ng 40 araw, hindi upang lalong mapalapit sa Diyos, kundi upang malampasan ang isang talaan, o magkaroon ng karanasan upang siya ay dakilain. Ito ang pag-aayuno upang masiyahan ang laman. Ang ibang pagtatatwa sa sarili ay para ipakita ang pagiging relihiyoso. Tiyakin na ang iyong mga motibo ay tama.

Ito ang kwento ng isang tao nasa loob ng 25 taon, ay umupo sa ibabaw ng isang haligi at nabuhay sa pamamagitan ng mga pagkaing ugat at rasyon, lahat ay ginawa sa pangalan ng pagiging makadiyos. Ano ang naidulot nito? Naibaling lamang ang pansin sa kanya. Siya ay naging halimbawa ng katuwiran sa sarili at kamalayan sa sarili.

## Ika-Dalawampu't Apat na Hari: Makasariling Kabutihan at Moralidad

Ang makasariling kabutihan at moralidad ay naghahatid sa isang "mas banal sa iyo" na saloobin, kung saan ang pakiramdam ng isang tao ay, "Mas mabuti ako kaysa sa iba dahil sa aking mas mataas na mga pamantayan at paniniwala." Ito ay nagbubunga ng panlalamig at paglayo mula sa iba, at ito ay nakaugat sa espirituwal na pagmamataas.

Ang mga Hudyo, sa pangkalahatan, ay may pakiramdam na ang mga Hentil ay nasa ilalim nila, at ayaw nilang kumain kasabay ang mga Hentil o maki-halubilo sa kanila. Kung nakipag-kamay sila sa mga Hentil dahil sa pangangalakal, maingat nilang huhugasan ang kanilang mga kamay pagkatapos (Gawa 10:28, 11:3). Ang haring ito ay kailangang patayin, kung hindi ay hahadlangan niya ang marami sa pagpasok sa ating mga iglesya.

## Ika-Dalawampu't Limang Hari: Pagkamatuwid sa Sarili

Ang Pagkamatuwid sa Sarili ay nagtutulak sa ating mag-isip na tayo ay matuwid dahil sa ating mga gawa at pagsisikap. Ito ay naghahatid ng saloobin na nagawa nating maging mabuti dahil sa

ating debosyon, sakripisyo, pagpipigil sa sarili para sa isang bagay, paghihiwalay ng sarili, at iba pa. Kasama sa saloobing ito ay ang pakiramdam na mayroon tayong karapatan na maliitin ang iba na hindi nagpagal katulad ng ating ginawa. Habang ito ay totoo na ang pagsisikap sa ating bahagi ay kailangan upang mamuhay ng may kabanalan, ang katotohanan ay nananatili na kung tayo ay mayroong katuwiran at kabanalan sa kalooban, ito ay dahil sa biyaya ng Diyos. Samakatuwid, ay wala tayong anuman na maaaring ipagyabang o ipagmalaki.

Ang sabi ni Pablo sa Filipos 3:9, "*At ako'y matagpuan sa kanya, na walang sariling katuwiran na mula sa kautusan, kundi ang katuwiran sa pamamagitan ng pananampalataya kay Cristo, ang katuwirang buhat sa Diyos na batay sa pananampalataya;*" Si Jesus mismo ay nagsalita tungkol sa bagay na ito sa Lucas 18:9-14. Nang si Job ay nakakita ng pagkakamali sa Diyos at wala sa kanyang sarili, siya ay nagkasalang pagkalinlang sa sariling katuwiran (Job 27:1-6; 32:1; 35:2). Ang tanging katuwiran na mayroon tayo ay ang katuwiran ng Diyos lamang (Isaias 54:17; 64:6).

**Ika-Dalawampu't Anim na Hari: Pansariling Kabanalan**

Nangyayari ito kapag ang isang tunay na karanasan natin sa nakaraan at nagiging isang diyos-diyosan sa atin at nabigo tayong magpatuloy kasama ng Diyos. Kapag ang mga tao ay nanatili sa mga karanasan ng nakaraan, ito ay nagiging maasim. Kailangan nating magkaroon ng bagong buhay na dumadaloy sa ating kalooban sa lahat ng panahon, dahil walang isang karanasan ang makapagdadala sa atin sa pagkamaygulang. Kailangan nating

patuloy na lumago at magkaroon ng panibagong mga karanasan sa lahat ng oras o tayo ay matutuyuan.

Sa Filipos 3:12-14, sinabi ni Pablo na hindi pa niya naabot sa kabila ng 28 na paglakad niya kasama ang Diyos ng 28 taon: *“Hindi sa ito'y aking nakamit na, o ako'y sakdal na; kundi nagpapatuloy ako upang iyon ay aking maabot, kung paanong ako ay inabot din ni Cristo Jesus. Mga kapatid, hindi ko pa inaaring naabot ko na, ngunit isang bagay ang ginagawa ko, nililimot ko ang mga bagay na nasa likuran, at tinutungo ang mga bagay na hinaharap, nagpapatuloy ako tungo sa mithiin para sa gantimpala ng dakilang pagtawag ng Diyos kay Cristo Jesus.”*

**Ika-Dalawampu’t Pitong Hari: Makasariling Kawang-Gawa**

May mga taong nagbibigay ng malaking halaga ng salapi sa isang Iglesya o organisasyon ngunit may mga kondisyon. Taglay nila ang lihim na mga motibo, at nais nilang mahawakan ang gawain o gamitin ito upang maipakalat ang kanilang mga sariling ideya at paniniwala. Ang ibang tao naman ay nagbibigay upang magkaroon ng pagkilala mula sa mga tao o papuri ng tao.

Ang sabi ni Jesus sa Mateo 6:1-4, *"Mag-ingat kayo na huwag ninyong gawin ang inyong kabanalan sa harap ng mga tao upang makita nila. Sapagkat kung gayon, wala kayong gantimpala mula sa inyong Ama na nasa langit. Kaya, kapag ikaw ay naglilimos, huwag kang magpapatunog ng trumpeta sa harapan mo, gaya ng ginagawa ng mga mapagkunwari sa mga sinagoga at sa mga lansangan, upang papurihan sila ng mga tao. Katotohanang sinasabi ko sa inyo, tinanggap na nila ang kanilang gantimpala.*

*Ngunit kapag ikaw ay naglilimos, huwag mong hayaang malaman ng iyong kaliwang kamay ang ginagawa ng iyong kanang kamay, upang maging lihim ang iyong paglilimos; at ang iyong Ama na nakakakita ng mga lihim ay gagantimpalaan ka."* Nais ng Diyos na huwag nating isapubliko ang ating pagbibigay ngunit hayaan itong manatili sa pagitan ng Kanyang sarili at sa atin.

**Ika-Dalawampu’t Walong Hari: Makasariling Gawaing Kristiyano**

Hindi nilayon ng Diyos na palitan ng ministeryo ang ating relasyon sa Kanya. Ang ministeryo ay hindi dapat maging isang idolo sa ating mga buhay. Katulad ng pagmamaktol ng isang bata kapag ang kanyang laruan ay inagaw, ang wala sa gulang na mga Kristiyano ay nagmamaktol kapag sinabi sa kanila ng Diyos na maupo at manahimik sandali. Tayo ba ay sisimangot at mawawalan ng tagumpay kung alisin sa atin ng Diyos ang ating ministeryo para sa ilang sandal upang kausapin tayo?

Ang iglesiya sa Efeso ay sobrang naging abala sa paggawa ng gawain ng Panginoon kaya’t kanilang napabayaan ang kanilang relasyon sa Kanya, na makikita sa Pahayag 2:1-4, *"Sa anghel ng iglesiya sa Efeso ay isulat mo: Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng may hawak ng pitong bituin sa kanyang kanang kamay, na lumalakad sa gitna ng pitong gintong ilawan. ‘Alam ko ang iyong mga gawa, ang iyong paggawa at pagtitiyaga, at hindi mo mapagtiisan ang masasamang tao, at sinubok mo ang mga nagsasabing sila'y mga apostol, ngunit sila'y hindi gayon, at natuklasan mo silang pawang mga sinungaling. Alam ko ring*

*ikaw ay may pagtitiis at nagsikap ka dahil sa aking pangalan, at hindi ka napagod. Ngunit ito ang hindi ko gusto laban sa iyo: iniwan mo ang iyong unang pag-ibig.'"*

## Ika-Dalawampu't Siyam na Hari: Makasariling Pananalangin

Maraming Kristiyano ang may mga makasariling buhay pananalangin. Sinabi ng alibughang anak, "Ama, ibigay mo sa akin!" Ngunit pagkatapos niyang lustayin ang kanyang kayamanang minana, kanyang sinabi, "Ama, gawin mo ako!" Sa medaling salita, "Gawin mo akong anak na nais mong maging" (Lucas 15:12,19). Ang mga mensaheng ayon tungkol sa kasaganaan ay nagbibigay diin sa, "Bigyan mo ako! Bigyan mo ako ng mabilis na kasagutan, ang pinaka-madaling lunas sa aking mga problema, at ibigay mo sa akin ang lahat ng aking pangangailangan at mga pagpapala." Subalit nabigo itong bigyang-diin na: Gawin mo ako!" Ang ating panalangin ay dapat, "Panginoon, gawin mo akong karapat-dapat para sa iyong walang hanggang kaharian, kahit na ang aking kalagayan ay hindi laging kaaya-aya, at ang mga kasagutan na aking hinahanap ay hindi agad na dumarating. Ano ang magagawa ko upang makapagbigay kasiyahan sa Iyo, Panginoon?"

## Ika-Tatlumpung Hari: Makasariling Mga Pag-asa

Ang haring ito ay nabubuhay sa isang mundo ng panaginip na may hindi makatotohanang mga pag-asa. Minsan, ang puso ng tao ay may mga pagpapantasya ng pagiging isang tanyag o mayaman, o maghangad ng isang bagay na pag-aari ng iba. Nais ng Diyos

na ang Kanyang mga hinirang ay matuto ng kakuntentuhan at pagpapasalamat sa kanilang kasalukuyang mga kalagayan. Ang sabi ni Pablo sa Filipos 4:11, *“Hindi sa nagsasalita ako dala ng pangangailangan, sapagkat aking natutunan ang masiyahan sa anumang kalagayang aking kinaroroonan.”* Tiyakin natin na ang ating inaasahan ay kung ano ang nais ng Diyos na ipagkaloob sa atin (Awit 62:5).

## Ika-Tatlumpu’t Isang Hari: Ang Ating Buong Buhay

Ang haring ito ay hindi nagsusuko ng kanyang buhay sa Panginoon. Ating tandaan na ang ating buhay ay hindi natin maaaring hawakan bilang isang sariling pag-aari kundi isang sagradong pagtitiwala. Sinabi ni Pablo sa Gawa 20:24, *“Ngunit hindi ko itinuturing ang aking buhay na mahalaga sa aking sarili, upang maganap ko lamang ang aking katungkulan at ang ministeryong tinanggap ko sa Panginoong Jesus, na magpatotoo sa magandang balita ng biyaya ng Diyos.”*

Nawa ay ating pakatandaan na lahat ng pag-aari ay hindi sa atin; ito ay simpleng inihabilin o ipinahiram lamang sa atin. Ang sabi sa 1 Corinto 6:19-20, *“O hindi ba ninyo nalalaman na ang inyong katawan ay templo ng Espiritu Santo na nasa inyo, na tinanggap ninyo mula sa Diyos, at kayo ay hindi sa inyong sarili? Sapagkat kayo'y binili sa isang halaga, kaya't luwalhatiin ninyo ng inyong katawan ang Diyos.”*

# Kabanata 13

## Hindi Kumpletong Tagumpay

### 1. Kapabayaan na Sakupin ang Lupain

Sa ilalim ng pamumuno ni Josue, hindi na sakop ng mga anak ni Israel ang kabuuan ng kanilang mana. Sila ay nagpabaya na sakupin ang buong lupain ng Canaan. Mababasa natin ang malungkot na komentaryong ito sa Josue 13:1, *“Si Josue ay matanda na at puspos ng mga taon. Sinabi ng Panginoon sa kanya, ‘Ikaw ay matanda na, puspos na ng mga taon, at may nalalabi pang maraming lupain na sasakupin.’”*

Mababasa rin natin sa Josue 18:2-3, *“May nalalabi pang pitong lipi sa mga anak ni Israel na hindi pa nababahaginan ng kanilang pamana. At sinabi ni Josue sa mga anak ni Israel, "Hanggang kailan kayo magpapakatamad na pasukin ang lupaing ibinigay sa inyo ng Panginoon, ng Diyos ng inyong mga ninuno?’”*

Sinabi sa atin ng Hebreo 4:8 na hindi nadala ni Josue ang mga Israelita sa lubos na kapahingahan, *“Sapagkat kung sila ay nabigyan ni Josue ng kapahingahan, hindi na sa nanagsalita ang Diyos tungkol sa ibang araw pagkatapos ng mga ito.”* Ang mga Israelita ay nasiyahan nang manahan sa bahagyang tagumpay. Ito ay totoo rin sa puso ng tao.

Maraming Kristiyano ang nakarating sa isang talampas ng kanilang paglakad sa Panginoon, at sila ay nasiyahan nang

manatili roon. Hindi ni lupig ng Israel ang lahat ng kanilang mga kaaway sa kanilang namana. Sila ay nakipagkompromiso sakanilang mga kaaway, nakipag-alyansa sa kanila, at pumayag na manirahang kasama nila sa lupain na kanilang minana. Ito ang kanilang ikinabagsak. Hindi nila sinakop ang kanilang destinasyon, ang Bundok ng Sion. Sa halip,pinanatili sa mga Jebuseo ang pag-aari nito.

Ang aklat ng Josue ay nagtapos sa mga talatang ito sa Josue 24:29,31, *"Pagkatapos ng mga bagay na ito, si Josue na anak ni Nun na lingkod ng PANGINOON ay namatay sa gulang na isandaan at sampung taon... At naglingkod ang Israel sa Panginoon sa lahat ng mga araw ni Josue, at sa lahat ng mga araw ng matatandang naiwang buhay pagkamatay ni Josue at nakaalam ng lahat ng mga ginawa ng PANGINOON para sa Israel."*

## 2. Sa Panahon ng Aklat Ng Mga Hukom

Ang Aklat ng mga Hukom ay sumasaklaw sa bahagi ng kasaysayan ng Israel na maaaring pinakamainam na mailarawan bilang pansamantalang pangyayari sa gitna ng buhay ni Josue at ng mga buhay nila Samuel, Saul, at David. Ipinagpatuloy nito ang pagsasalaysay patungkol sa mga anak ni Israel, mula sa kamatayan ni Josue hanggang sa panahon ni Samuel, sa kahabaan ng halos 350 mga taon.

Sa panahon ng mga hukom, sinubok ng Panginoon ang mga anak ni Israel upang malaman kung ano ang nilalaman ng kanilang mga puso pagkatapos nilang manirahan sa Lupang Pangako. Maaari

din tayong dumaan sa ganitong uri ng panahon sa ating mga buhay. Minsan ay nilalayo ng Diyos ang Kanyang sarili sa atin upang tingnan kung ano ang gagawin natin sa ating mga nalalaman at kung ano ang mayroon tayo. Makikita ito sa buhay ni Haring Hezekias.

Mababasa natin ito sa 2 Cronica 32:31 na panandaliang iniwan ng Panginoon si Hezekias sa ilang panahon upang siya ay subukin, *"Kaya't tungkol sa mga sugo ng mga pinuno ng Babilonia, na isinugo sa kanya upang mag-usisa tungkol sa tanda na ginawa sa lupain, ipinaubaya ito sa kanya ng Diyos, upang subukin siya at upang malaman ang lahat ng na sa kanyang puso."* Ang makadiyos na Haring Hezekias ay hindi nagtagumpay sa pagsubok na ito.

Nawa ay ating matutuhan ang mga mapapait na aral na ito sa Aklat ng mga Hukom upang habang nasa paglalakbay tayo ng mula sa Ehipto hanggang Sion, ay aayusin natin ang ating mga sarili sa pagiging mas maingat kaysa sa kanilang ginawa. Bukod dito, maging maingat tayo na huwag ipahamak ang ating minana at maging ang mamanahin ng ating mga inapo, tulad ng ginawa ng mabuting Haring Hezekias.

Ang Aklat ng mg Hukom ay nagsimula sa isang talaan ng pagsunod ng Israel sa mga utos ni Josue. Sinimulan nilang lupigin ang mga Kaaway sa Lupang Pangako ngunit hindi na pagtagumpayan ang lahat. Mababasa natin sa Hukom 1:1, *"Pagkamatay ni Josue, itinanong ng mga anak ni Israel sa Panginoon na sinasabi, 'Sino ang mangunguna sa amin upang*

*labanan ang mga Cananeo?'"* Tingnan natin ngayon ang talaan na ibinigay sa bawat lipi upang mapahalagahan ang puntong ito.

1. **Ang Lipi ni Juda (Hukom 1:19)**: *"Ang PANGINOON ay sumama sa Juda at kanyang inangkin ang mga lupaing maburol; ngunit hindi niya mapalayas ang mga naninirahan sa kapatagan, dahil sa sila'y may mga karwaheng bakal."*

2. **Ang Lipi ni Benjamin (Hukom 1:21)**: *"Hindi pinalayas ng mga anak ni Benjamin ang mga Jebuseo na naninirahan sa Jerusalem; kaya't ang mga Jebuseo ay nanirahang kasama ng mga anak ni Benjamin sa Jerusalem hanggang sa araw na ito."*

3. **Ang Lipi ni Manases (Hukom 1:27):** *"Hindi pinalayas ng Manases ang mga naninirahan sa Bet-shan at ang mga nayon niyon, ni ang mga naninirahan sa Taanac at ang mga nayon niyon, ni ang mga naninirahan sa Dor at ang mga nayon niyon, ni ang mga naninirahan sa Ibleam at ang mga nayon niyon, ni ang mga naninirahan sa Megido at ang mga nayon niyon; kundi ang mga Cananeo ay nanatiling nakatira sa lupaing iyon."*

4. **Ang Lipi ni Efraim (Hukom 1:29):** *"Hindi pinalayas ni Efraim ang mga Cananeo na naninirahan sa Gezer; kundi ang mga Cananeo ay nanirahan sa Gezer na kasama nila."*

5. **Ang Lipi ni Zebulon (Hukom 1:30):** *"Hindi pinalayas ni Zebulon ang mga naninirahan sa Chitron, ni ang mga*

*naninirahan sa Naalol; kundi ang mga Cananeo ay nanirahang kasama nila,"*

6. **Ang Lipi ni Aser (Hukom 1:31-32):** *"Hindi pinalayas ng Aser ang mga naninirahan sa Aco, ni ang mga naninirahan sa Sidon, ni ang naninirahan sa Alab, ni ang naninirahan sa Aczib, ni ang naninirahan sa Helba, ni ang naninirahan sa Afec, ni ang naninirahan sa Rehob; kundi ang mga Aserita ay nanirahang kasama ng mga Cananeo, na mga naninirahan sa lupaing iyon sapagkat hindi nila pinalayas sila."*

7. **Ang Lipini Neftali (Hukom 1:33):** *"Hindi pinalayas ng Neftali ang mgananinirahansa Bet-shemes, ni ang mgananinirahansa Bet-anat; kundinanirahangkasama ng mgaCananeonananinirahansalupaingiyon. Gayunman ang mgananinirahansa Bet-shemes at naninirahansa Bet-anat ay nagingsaklaw ng sapilitangpaggawa para sakanila."*

8. **Ang Lipi ni Dan (Hukom 1:34-35):** *"Pinaurong ng mga Amoreo ang mga anak ni Dan sa mga lupaing maburol sa pagkat ayaw nilang payagang sila'y bumaba sa kapatagan. Nagpilit ang mga Amoreo na manirahan sa bundok ng Heres, sa Aijalon, at sa Shaalbim. Gayunman, lalong naging makapangyarihan ang sambahayan ni Jose sa kanila at sila'y inilagay sa sapilitang paggawa."*

Ang lipi ni Ruben at lipi ni Gad ay nanirahan sa kabilang dako ng Jordan, sa labas ng Lupang Pangako. Ang mga lipi ni Simeon at Levi ay hindi binigyan ng kanilang lupain (Genesis 49:5-7). Ang

lipi ni Simeon ay nanirahan kasama ng lipi ni Juda, at ang lipi ni Levi ay ipinangalat saiba’t-ibang lipi.

### 3. Ang Pagkagalit ng Panginoon

Sa Hukom 2:1-3, sinabi sa atin ang isang anghel ng Panginoon na dumating mula sa Gilgal (na ang ibig sabihin ay dako ng pagpapakabanal) at tumungo sa Boquim (na ang ibig sabihin ay lugar ng pagtangis). Kanyang binalaan ang Israel na huwag makipagkasundo sa mga naninirahan sa lupain.

*“Umakyat ang anghel ng PANGINOON sa Boquim mula sa Gilgal. Kanyang sinabi, "Kayo'y pinaahon ko mula sa Ehipto, at dinala ko kayo sa lupain na aking ipinangako ng ibibigay sa inyong mga ninuno. Sinabi kong, 'Kailanma'y hindi ko sisirain ang aking tipan sa inyo,at huwag kayong makikipagtipan sa mga naninirahan sa lupaing ito; inyong wawasakin ang kanilang mga dambana.' Ngunit hindi ninyo dininig ang aking utos. Ano itong ginawa ninyo? Kaya't sinasabi ko ngayon, Hindi ko sila palalayasin sa harap ninyo; kundi sila'y magiging mga kalaban ninyo, at ang kanilang mga diyos ay magiging bitag sa inyo."*

Pinagalitan ng Panginoon ang mga anak ng Israel dahil sa kanilang pakikipagkasundo sa kanilang mga Kaaway sa halip na patayin sila. Ang Israel ay hindi tunay na nagsisi, at muling tinalikuran ang Panginoon.

Muli’t muling inaayos ng Diyos ang mga suliranin sa buhay ng Kanyang mga hinirang. Ngunit darating ang panahon, kung ang Diyos ay paulit-ulit na binabale-wala at mas pinipili ng mga tao

na mahalin ang kanilang pagkaalipin at mga kasalanan, na Siya ay hindi na magbibigay pa sa kanila ng biyaya upang makalaya. Sila ay makukulong na sa kanilang mga pagkaalipin. Darating din ang panahon na ilalagay ng Diyos ang isang tao sa daan na kanyang pinili para sa kanyang buhay.

Kailangan natin ang *kaloob at espiritu ng pagsisisi* upang dalhin tayo sa pagtangis, na tayo ay Bumalik sa Gilgal, ang dako ng pagpapakabanal at pakikipag-isa sa Diyos. Ang tumatangis at, nagsisising espiritu, ay magiging sanhi para sa atin upang hindi makipag-isa o makipag-kompromiso sa sanlibutan, sa laman, o sa demonyo.

## 4. Mga Alyansa

Isa sa pinakamahalagang aral na dapat nating matutuhan sa ating paglakad bilang mga Kristiyano ay ang magkaroon ng tamang mga alyansa. Kailangan nating maunawaan ang mga masasamang bunga ng pagkakaroon ng maling mga alyansa. Ang pakikipag-kasundo sa mga nanirahan sa lupain ng Canaan ang sanhi ng pagkawasak ng Israel sa maraming pagkakataon, at nagdala sa kanila sa makikipag-asawa sa mga di-naniniwalng mga pagano.

Mababasa natin sa Hukom 3:5-7, *“Kaya't ang mga anak ni Israel ay nanirahang kasama ng mga Cananeo, mga Heteo, mga Amoreo, mga Perezeo, mga Heveo, at mga Jebuseo. Kinuha nila ang kanilang mga anak na babae upang maging mga asawa nila, at ibinigay ang kanilang sariling mga anak na babae sa kanilang mga anak na lalaki, at naglingkod sa kanilang mga diyos. Ginawa ng mga anak ni Israel ang masama sa paningin ng PANGINOON,*

*at nilimot ang PANGINOON nilang Diyos, at naglingkod sa mga Baal at sa mga Ashera.”*

Ganito rin ang sitwasyon sa panahon ng paghahari ng matuwid na Haring Jehoshafat. Siya ay nakipag-alyansa kay Ahab, ang pinakamasamang hari ng Israel, (2 Cronica 18:1-3). Ang resulta nito ay ang pag-iisang dibdib ni Jehoram, anak na lalaki ni Jehoshafat, at ng anak na babae ng mag-asawang Ahab at Jezebel, at sila ay lumakad na taliwas sa mga kautusan ng Diyos (2 Cronica 21:4-6). Sa 2 Cronica 19:2, pinagalitan ng Panginoon si Jehoshafat dahil sa kanyang pakikipag-alyansa kay Ahab, *“Subalit si Jehu na anak ni Hanani na propeta ay lumabas upang salubungin siya, at sinabi kay Haring Jehoshafat, "Dapat mo bang tulungan ang masasama at mahalin ang mga napopoot sa PANGINOON? Dahil dito, ang poot ay lumabas laban sa iyo mula sa harapan ng PANGINOON.’”*

Habang ang maling mga alyansa ay magbubunga ng pagkawasak sa mga susunod na henerasyon, ang tamang mga alyansa naman ay magbubunga ng napakalaking mga pagpapala sa mga darating na henerasyon. Pag-aralan din natin ang payo ng Awit 1:1-2, *“Mapalad ang taong hindi lumalakad sa payo ng masama, ni tumatayo man sa daan ng mga makasalanan, ni umuupo man sa upuan ng mga manunuya; kundi na sa kautusan ng Panginoon ang kanyang kagalakan, at nagbubulay-bulay araw at gabi sa kanyang kautusan.”*

**Tatlong Antas sa Pakikisama sa Awit 1:1**

1. **Lumalakad**: pahiwatig ng pagtanggap ng payo o paggabay ng mga hindi makadiyos, ang mga taong lumihis na sa daan ng katuwiran.

2. **Tumatayo**: pahiwatig ng hayagang pagpayag sa mga gawa ng makasalanan, ang mga taong patuloy sa paggawa ng kasamaan.

3. **Umuupo**: pahiwatig ng pakikisama sa mga taong kumukutya sa mga espirituwal na bagay, mga taong hindi kayang gumawa ng tamang paghatol.

Nawa ay ating pakinggan ang pangako at babala sa Kawikaan 13:20, *"Ang lumalakad na kasama ng matatalino ay magiging matalino rin, ngunit ang kasama ng mga hangal, kapahamakan ang daranasin."*

Nagalit ang Panginoon sa mga Israelita dahil sa kanilang pagsuway, na makikita sa Hukom 2:20-23, *"Kaya't ang galit ng Panginoon ay nag-alab laban sa Israel; at kanyang sinabi, 'Sapagkat sinuway ng bayang ito ang aking tipan na aking iniutos sa kanilang mga ninuno, at hindi dininig ang aking tinig. Kaya't hindi ko na palalayasin sa harap nila ang alinman sa mga bansang iniwan ni Josue nang siya'y mamatay; upang sa pamamagitan nila'y aking masubok ang Israel, kung kanilang susundin o hindi ang daan ng Panginoon upang lakaran nila, na gaya ng ginawa ng kanilang mga ninuno.' Kaya't iniwan ng*

*Panginoon ang mga bansang iyon, sila'y hindi niya agad pinalayas, ni ibinigay sila sa kamay ni Josue."*

Dahil dito, hindi nakamit kailanman ng mga anak ni Israel ang kabuuan ng kanilang mana, na makikita sa Hukom 3:1-4, *"Ito ang mga bansang iniwan ng Panginoon upang subukin ang mga Israelita na walang karanasan sa pakikipaglaban sa Canaan; Iyon ay upang malaman ng mga salinlahi ng mga anak ni Israel ang pakikipaglabanan, upang turuan sa pakikipaglaban ang mga hindi nakaranas nito noong una. Ang nabanggit ay ang limang pinuno ng mga Filisteo at ang lahat ng mga Cananeo, mga Sidonio, at mga Heveo na naninirahan sa bundok ng Lebanon, mula sa bundok ng Baal-hermon hanggang sa pasukan ng Hamat. Ang mga ito ay upang subukin ang Israel sa pamamagitan nila, at malaman kung kanilang papakinggan ang mga utos ng Panginoon, na kanyang iniutos sa kanilang mga magulang sa pamamagitan ni Moises."* Naiwan ito kay David upang ihatid ang ganap na kapahingahan sa Israel. Ito ay ipapaliwanag sa susunod na bahagi.

Maraming tao ang may mga tanikala sa kanilang buhay sa maraming dekadang nakalipas dahil sa kanilang pakikipag-alyansa sa masama. Pagkatapos ay nahaharap sila ng buong buhay na pakikipaglaban sa mga gawa ng laman, kahit na ang kanilang mga anak ay nakikita din nila na nasasalot ng parehong kasalanan. Mababasa natin sa Oseas 14:9, *"Sinuman ang pantas, unawain niya ang mga bagay na ito; sinumang may pang-unawa, alamin niya ang mga ito; sapagkat ang mga daan ng Panginoon ay matuwid, at nilalakaran ng mga taong matuwid, ngunit natitisod sa mga iyon ang mga makasalanan."*

Patuloy na magkakaroon ng salot ang ating buhay kung tayo ay makikipag-alyansa sa masasama. Tayo ay mapapahamak dahil sa mga maling payo nila, at kadalasan ay dahil sa kanilang mga kasalanan, na atin pang kinunsinte o sinang-ayunan.

# Ikatlong Bahagi

## *Ang Pagmana sa Bundok ng Sion*

# Kabanata 14
## Shilo

### 1. Ang Kasaysayan Ng Shilo

Pagkatapos matawid ng Israel ang Jordan at makapasok sa Lupang Pangako, sila ay nagkaroon ng tatlong mga pangunahing lungsod: Shilo, Hebron at Sion. Ang unang kapitolyo ay ang Shilo. Mababasa natin sa Josue 18:1, *"Kaya't ang buong kapulungan ng mga anak ni Israel ay nagtipun-tipon sa Shilo, at doon ay itinayo ang toldang tipanan. Ang lupain ay napasailalim sa kanilang pangangasiwa."*

Ang ibig sabihin ng Shilo ay madilim, ngunit ang espirituwal na diwa ng salita ay "mapayapa" (Isaias 8:6). Ang *Salin ng King James* ay tumutukoy sa mga tubig ng Shilo na"umaagos ng banayad," nagmumungkahi na ito ay nilayon ng Diyos upang maging isang kaaya-ayang lugar para manirahan. Sa espirituwal, ito ay isang lugar ng pagpapala. Ang lahat ng ito ay nagbago nang ang mga Israelita ay tumalikod sa panahon ni Eli, ang punong saserdote. Malalaman natin ito sa ilang sandali.

Nasa halos 30 milya hilaga ng Jerusalem, ang Shilo ay ang lugar na pinili ng Diyos para sa pagtayuan ng Tabernakulo ni Moises pagkatapos makapasok ang Israel sa Lupang Pangako. Ang tabernakulo ay nanatil roon hanggang ito ay dinala sa Gibeon (1 Cronica 16:39).

Ang Tabernakulo ni Moises ay nasa sa Shilo sa loob ng ilang daang taon, Simula sa kanilang pagpasok sa lupain hanggang sa ito ay kubkubin sa mga panahon ni Eli (Josue 18:1, 1 Samuel 1-5, Aw. 78:55-68). Ang Shilo na nasa bahagi ng teritoryong ibinigay sa lipi ni Efraim, ay nagsilbing sentrong sambahan ng Israel. Ito ay bahaging mana ni Jose. Si Josue ay mula sa lipi ni Efraim, ang anak ni Jose (MgaBil. 13:8). Kaya nga, ang Shilo ang natural na pinili para sa Tabernakulo sa kadahilanang ito ay nakapaloob sa mana ni Josue, ang lider na nagdalasa Israel sa Lupang Pangako.

Shilo rin ang isang lugar kung saan ang mga mahahalagang usapin ay pinagpapasyahan. Doon na nahati ang mga namanang lupain ng mga lipi ng Israel. Ang tabernakulo at ang literal na presensiya ng Diyos ay matatagpuan sa Shilo. Mababasa natin sa Josue 18:8-10, *"At ang mga lalaki ay nagsimula na sa kanilang lakad at ibinilin ni Josue sa mga humayo na iguhit ang lupain, "Libutin ninyo ang buong lupain. Iguhit ninyo at bumalik kayo sa akin at magpapalabunutan para sa inyo sa harap ng PANGINOON sa Shilo."Kaya't ang mga lalaki ay humayo at lumibot sa lupain, at hinati sa pito ang mga bayan. Pagkatapos na maiguhit ito sa isan gaklat, sila'y bumalik kay Josue sa kampo sa Shilo. At ginawa ni Josue ang palabunutan para sa kanila sa Shilo sa harap ng PANGINOON; at doon ay binahagi ni Josue ang lupain sa mga anak ni Israel ayon sa kanilang mga bahagi."*

## 2. Ang Kaluwalhatian Ay Lumisan Sa Shilo

Bagama't maluwalhati sa una ang mga panahon ng pamamalagi ng mga Israelita sa Shilo, ito ay nagtapos sa isang panahon ng

kompromiso, maling mga alyansa, at pakikipisan sa mga kaaway. Sa kabila ng dakilang pamumuno ni Josue at ang literal na presensiya ng Panginoon, ang bayan ng Diyos ay nasiyahan na sa hindi kumpletong tagumpay. Hindi sila Pumasok sa kapahingahan o dumating sa plano ng Diyos sa kanilang mga buhay. Ang Sion, ang pinakadakilang pamana ng Diyos ay naiwang hindi nasakop at di-namana. Marami sa mga Israelita ang Bumalik sa imoralidad at idolatriya gaya ng isinalarawan sa panahon ni Eli.

Ang panahon ni Eli ay isa sa pinakamadilim na mga yugto sa talaan ng kasaysayan ng Israel. Ang aklat ng 1 Samuel ay nagsimula sa nakahahapis na ulat ng espirituwal na kondisyon sa tahanan ng Panginoon sa Shilo. Ang mga anak na lalaki ni Eli ay tinawag na mga “anak ng diyablo;” at hindi nila kinilala ang Panginoon. Sinasamsam ng kanilang mga alipin ang mga alay na inihandog sa Panginoon para sa kanilang mga sarili. Ang mga anak na lalaki din ni Eli ay mga napaka-imoral sa mga babaing nagtitipon sa pintuan ng kongregasyon. Bagama’t mahigpit niyang kinagalitan ang kanyang mga anak, hindi niya tinanggal ang mga ito sa pagkasaserdote. Dahil doon, siya mismo ang kinagalitan ng Diyos, dahil mas pinarangalan pa niya ang kanyang mgaanak ng higit sa Diyos.

Sa kadahilanang ito, ay pinili ng Diyos si Samuel, na siyang magiging tapat na saserdote na pagkakalooban ng Diyos ng isang tiyak na tahanan. Kung paano tayo, bilang mga magulang at mga espirituwal na namumuno, ay dapat matututo sa buhay ni Eli at ng kanyang mga anak upang hindi natin malakaran ang kanilang pagkakamali. Tinanggihan ng Diyos hindi lamang si Eli at ang

kanyang binhi mula sa pagiging mga saserdote (ang huli ay si Abiatar, na pinalayas ni Solomon bilang saserdote) kundi pati narin ang buong lipi ni Jose. Ang Shilo ay matatagpuan sa lipi ni Jose, samakatuwid, ang buong lipi ay nahawahan. Nang dahil dito, mababasa natin ang mga sumusunod na tala ng pakikitungo ng Diyos sa liping iyon:

*"Ang tolda ni Jose ay kanyang itinakuwil, hindi niya pinili ang lipi ni Efraim; kundi ang lipi ni Juda ang kanyang pinili, ang bundok ng Zion na kanyang minamahal. Itinayo niya ang kanyang santuwaryo na gaya ng mga kataasan, gaya ng lupa na kanyang itinatag magpakailanman. Pinili niya si David na lingcod niya, at kanyang kinuha siya mula sa kulungan ng mga tupa. Mulasa pag-aalaga ng mga pasusuhing tupa siya ay kanyang dinala, upang maging pastol ng Jacob na bayan niya, ng Israel na kanyang pamana."* (Awit 78:67-71).

Nang dumating ang pagtalikod, tinakuwil ng Diyos ang lipi ni Efraim, na siyang pinili Niya upang dalhin ang Israel sa Lupang Pangako. Kapalit nila, ay pinili ng Diyos si Haring David, mula sa lipi ni Juda, upang pangunahan ang Israel pabalik sa presensiya ng Diyos upang tuluyang sakupin ang bundok ng Sion, ang tahanan ng Diyos. Dahil hindi sila nagsisi, ang Espiritu ng Diyos ay umalis sa lipi ni Efraim, at pasama na ng pasama ang kanilang naging kalagayan. Ang kanilang kasamaan ay malinaw na nakasaad sa aklat niOseas.

Sa Genesis 49:10, na kinabibilangan ng mga propesiya ni Jacob para kay Juda, mababasa natin: *"Ang setro ay hindi mahihiwalay kay Juda, ni ang tungkod ng pagkapuno sa pagitan ng kanyang*

*mga paa, hanggang sa ang Shilo ay dumating at ang pagtalima ng mga bayan sa kanya."* Nauunawa ang ito ay nangangahulugan na ang Shilo ay kumakatawan sa Mesias—si Cristo. Samakatuwid, nakita ng Panginoon na si Efraim ay mabibigo, sa gayon ay pinili Niya si Juda (kung saan si Cristo ay magmumula) upang kunin ang pangunahing posisyon sa mga lipi.

### 3. Mga Aral Mula Shilo para sa mga Mananampalataya

Ang Shilo ay nagtataglay ng mga mahahalagang katotohanan para sa mga mananampalataya ngayon. Ang Shilo ay kahalintulad ng lugar o sitwasyon kung saan ang mga mananampalataya ay nagpapasya sa kung saan sila dapat manirahan at kung saan ang magiging mana nila. Maaaring gamitin tayo ng Diyos ng matindi sa sandaling panahon. Ngunit kung hindi tayo mamumuhay sa katuwiran kasama ang Diyos, ay gagawin ng Diyos sa atin ang gaya ng ginawa Niya sa Shilo. Iyon ay ang isasantabi Niya tayo (o kaya ay ibigay ang Kanyang mga kahatulan sa atin) at maghahanap ng mga mananampalataya na nagnanais na lumapit sa Kanyang presensiya at ganap na kalooban—ang magpatuloy sa Sion, at maitanim sa dako na Kanyang pinili.

# Kabanata 15
## Hebron

### 1. Panimula sa Buhay ni David

Si David ay ang pangatlo sa mga pangunahing pinuno sa paglalakbay ng Israel, kasunod ni Moises at Josue. Siya ang nagdala sa Israel sa Sion. Si David ay mula sa lipi ni Juda. Bakit Juda? Alalahanin na ang lipi ni Juda ang nagtataglay ng lahat ng mga pangako sa pagmamana ng trono; at ang bundok ng Sion at Hebron ay parehong nasa lupain ng Juda.

Bago pa man masakop ang Sion, si David ay pinahiran na sa Hebron at naghari doon ng pito at kalahating taon. Ang paglalakbay ng Israel ay nauna muna sa Hebron at pagkatapos ay sa Sion. Sa gayon, ang Hebron ay isang tuntungang-bato sa Sion; at kailangan nating maranasan ang mensahe ng Hebron bago tayo tuluyang makarating sa Sion. Ano kung ganun ang kinakatawan ng Hebron?

### 2. Ang Espirituwal Na Kahalagahan Ng Hebron

Upang lalong maunawaan ng mga mananampalataya ang espirituwal na kahuluganng Hebron, kailangang isa alang-alang muna natin ang buhay ng mga tao sa Bibliyana may kaugnayan sa Hebron kabilang sina Abraham, Sarah, Isaac, Rebekah, Jacob, Caleb, Othniel at Achsah.

### ***Paghihiwalay Bago Pagpaparami***

Ang unang tao na may kaugnayan sa Hebron ay si Abraham. Sinasabi ng Genesis 13:18 nananirahan si Abraham sa Hebron,*"At inilipat ni Abram ang kanyang tolda, at humayo at nanirahan sa gitna ng mga punong ensina ni Mamre na nasa Hebron, at siya'y nag tayo roon ng dambana sa PANGINOON."*

Bago pa man pumunta si Abraham sa Hebron ay humiwalay na siya kay Lot gaya ng nakasaad sa Genesis 13:9, *"Di ba nasa harapan mo ang buong lupain? Humiwalay ka sa akin. Kapag kinuha mo ang nasa kaliwa, ako ay pupunta sa kanan; o kapag kinuha mo ang nasa kanan, ako ay pupunta sa kaliwa."* Ang naging bunga ng kanilang paghihiwalay ay mababasa sa Genesis 13:14-17, *"Sinabi ng PANGINOON kay Abram pagkatapos na humiwalay si Lot sa kanya, "Itaas mo ngayon ang iyong paningin, at tumanaw ka mula sa dakong iyong kinalalagyan, sa dakong hilaga, timog, silangan, at sa kanluran; sapagkat ang buong lupaing natatanaw mo ay ibibigay ko sa iyo, at sa iyong binhi magpakailanman. Gagawin kong parang alabok ng lupa ang iyong binhi, at kung mabibilang ng sinuman ang alabok ng lupa, ang iyong binhi ay mabibilang din. Tumindig ka! Lakarin mo ang lupain, ang kanyang haba at luwang sapagkat ibibigay ko ito sa iyo."*

Ang pakikipaghiwalay ni Abraham kay Lot ay kinakailangan para sa pagpasok sa tunay na pakikipisan sa Hebron. Pagkatapos magpakita ng pambihirang kabutihang loob ni Abraham (hinayaang mamili muna si Lot) nakita natin na ang Diyos ay gumawa ng pambihirang mga pangako ng masaganang bunga at

pagpaparami sa kanya. Ang mga pagpapalang ito ay natanggap ni Abraham pagkatapos mangyari ang pagkikipaghiwalay sa isa na walang kaparehong pangitain o pagkatawag. Ang prinsipyong ito ay makikita rin sa buhay nina Isaac at Jacob, na may kaugnayan din sa Hebron, dahil doon din sila inilibing. Si Isaac ay kailangang humiwalay kay Ismael at si Jacob ay kailangang humiwalay kay Esau. Si Isaac ay tipo ng tao na namumunga ng tig-iisandaan para sa Diyos (Gen 26:12-14). Siya ang tipo ng tao na magmamana ng mga pangako. Marami sa mga inaalok ng mga ginintuang pagkakataon at mga pangako ay nabigong panghawakan ang mga ito.

Si Jacob ang taong nakipagbuno sa Diyos, nanaig at napalitan ang pangalan niya sa Israel, na ang ibig sabihin ay, “isang prinsipe sa Diyos.” Siya ay pumunta sa Ehipto na kasama ang 70 tao lamang, ngunit bumalik siya na hindi na mabilang ang mga kasama (sa pangunguna ni Moises). Muli, ay makikita ang pambihirang aral ng pagpaparami. Gayunpaman para kay Abraham, Isaac at Jacob, kailangan munang paghihiwalay sa kanilang mga buhay. Samakatuwid, ito ay bahagi ng mensahe ng Hebron—paghihiwalay, pagkatapos pagpaparami.

## Pagtatalaga At Buong Puso

Ang Hebron ay tumutukoy sa pagiging buong puso. Si Caleb ay buo ang puso, at minana niya ang Hebron. Sumunod siya ng buo sa Panginoon gaya ng mababasasa Josue 14:13-14, *“At binasbasan siya ni Josue at kanyang ibinigay ang Hebron kay Caleb na anak ni Jefone, bilang pamana niya. Kaya't ang Hebron ay naging pamana ni Caleb na anak ni Jefone na Kenizeo*

*hanggang sa araw na ito; sapagkat kanyang lubos na sinunod ang PANGINOON, ang Diyos ng Israel."*

Hindi naglaon ay nakuha ni David ang teritoryo ng Hebron. Si David ang lalaking ayon sa puso ng Diyos, at ang kanyang puso ay hindi hati. Ang taong katulad ni David (ay ang uri ng mga tao na) ang makakasakop sa Hebron at lahat ng kinakatawan nito, na magbibigay sa kanila ng lakas upang marating ang Sion, na siyang pinakahuling destinasyon.

Nakakawili ring pag-aralan ang ilang mga kababaihan na may kaugnayan sa Hebron. Maraming taon na ang lumipas, ang Panginoon ay tumayo sa tabing higaan ko habang nakahiga ako doon. Sinabi Niya sa akin, "Kung may anak kang lalaki, ano ang mga katangian na gusto mo sa babaeng mapapangasawa ng anak mo?" Agad-agad isang buong listahan ng mga katangian ang aking naisip. Pagkatapos ay sinabi ng Panginoon, "Nakikita mo ba kung gaano ka kapartikular tungkol sa mga kwalipikasyon ng magiging asawa ng iyong anak? Naintindihan mo na ba ngayon kung gaano Ako kaingat sa pagpili ng mga mapapangasawa ng Aking mga anak?" At sinimulan ng Panginoon na buksan ang Kasulatan sa akin.

Ang unang asawang babae na binanggit ng Diyos ay si Achsah. Siya ay anak ni Caleb na sumakop ng Hebron. Siya ay ibinigay bilang asawa kay Othniel, ang unang hukom (Hukom 1:12-13). Si Othniel ay may pangitain, ang layunin na magpatuloy. Kinailangan niyang sakupin ang isang bundok para mapangasawa lamang si Achsah. Pagkatapos ay pinalakas naman ng kanyang asawa ang kanyang loob upang ipagpatuloy ang kanyang

pangitain. Hinikayat siya nito na humiling ng isang bukirin at hindi nagtagal ay sinabi sa kanyang ama, “Bigyan mo rin ako ng mga bukal ng tubig.” (Hukom 1:14-15).

**Ang asawang babae ay may matinding kapangyarihan na dalhin ang kanyang asawa sa isang direksyon o iba pa, alinman sa mga layunin ng Diyos o palayo rito.** Halimbawa, inudyukan ni Jezebel ang kanyang asawang si Ahab na gumawa ng matinding kasamaan (1 Hari 21:25). Kay Achsah ay ito ang sinasabi, “Hinimok niya” si Othniel na humingi ng bukirin (Hukom 1:14-15). Tandaan,na ang bawat asawang babae ay nakakahikayat sa kanyang asawa sa isang direksyon o iba pa.

Sinabirin ng Panginoon sa akin, “Pinili ko si Ruth na makasama sa Mesiyanikong angkan.” Ang buong pakikipag-usap ko sa Panginoon ay nakamamangha. Nakita ko ang kaseryosohan sa kung paano tukuyin ng Diyos ang pag-aasawa. Kamangha-mangha kapag Siya ay nakikipag-usap patungkol sa isang katotohanan. Babaguhin nito ang iyong kaisipan kapag nangungusap Siya sa iyo.

Sa pagpapatuloy dito, tingnan natin ang iba pang mga babae na may kaugnayan sa Hebron at sa Mesiyanikong angkan. Ang isang babaena may kaugnayan sa Hebron ay si Sarah, na siyang inilibing doon. Siya lamang ang natatanging babae sa buong Salita ng Diyos na pinalitan ang kanyang pangalan. Mula sa Sarai ay pinalitan ito ng Sarah— *“prinsesa ng maraming tao.”* Si Abraham ay magiging*“ama ng maraming bansa.”* Kailangan ni Sarah na magkaroon ng parehong pangalan; at parehong pangitain. Nawa ay humiling tayo sa Diyos, “Gusto kong

magbago. Gawin mo akong katulad ni Sarah. Gusto kong maging isang Acshah. O Diyos, gusto kong maging isang Ruth. Nais kong maging isang pagpapala, Nais ko namaging buo ang puso."

Isaalang-alang natin ang masusing pagpili sa mapapangasawa ni Isaac, ang tagapagmana ni Abraham. Si Eleazar ay humiling sa Diyos ng isang napakahirap na tanda o patunay. *"At mangyari nga na ang dalagang aking pagsabihan, 'Ibaba mo, isinasamo ko, sa iyo, ang iyong banga upang ako'y uminom; at siya'y magsabi, uminom ka, at paiinumin ko pati ng iyong mga kamelyo;' maging siyang itinalaga sa iyong lingcod na si Isaac; at sa ganito ay malalaman kong nagmamagandang loob ka sa aking Panginoon."* (Genesis 24:14)

Hindi gaanong kataka-taka ang ganitong palatandaan, ngunit ito ay isang katotohanan na kayang uminom ng isang kamelyo ng hanggang 30 galon (120 litro) na tubig sa loob ng 10 minuto lamang. Dahil mayroong 10 kamelyo, mangangailangan sila ng 300 galon (1,200 litro) ng tubig. Kung ang timba ni Rebeka ay naglalaman lamang ng 2-3 na galon (8-12 litro), iyon ay mangangailangan ng halos 100 beses na pagsalok ng tubig sa balon. Ang kanyang puso ay napakabuti para mag-alok na painumin ang 10 kamelyo. Hindi alam ni Rebeka na siya ay sinusubok, at kadalasan, ganun din tayo. Ito ay isang maliit na gawain, tayo ay sinusubok ng Diyos sa maliliit na bagay. **Ang mga saloobin ang magdedetermina kung tayo ba ay pinili o hindi.**

Hindi alam ni Rebeka na siya ay sinusubukan at pinagmamasdan ng Diyos. Sa pagpasa sa kanyang pagsubok, siya ay naging bahagi ng Mesiyanikong angkan at minana rin ang Hebron. Wala siyang kamalay-malay na noong tumugon siya sa aliping si Eleazar, na iyon ang palatandaan kung siya ba ay makakarating sa Hebron o hindi. Gayundin naman, ay hindi natin alam kung kalian tayo susubukan ng Diyos upang makita kung kwalipikado ba tayo.

Ang mensaheng ito ng "buong puso" ay hindi lamang para sa mga kadalagahan. Ito ay para din sa mga babaeng may asawa. Kailangang itanong ng mga asawang babae kung sila ba ay buong puso. Kailangan nilang itanong, "Tinutulungan ko ba aking asawa upang matupad ang pangitain na ibinigay sa kanya ng Diyos? Ako ba ay lahat-lubos para sa Diyos o inililihis ko ang aking asawa sa gantimpala ng mataas na pagkatawag ng Diyos dahil hindi ako buong puso at ang nais ay ang mga bagay dito sa mundo?"

Siyempre, ito ay naangkop alinman sa isang lalaki o babae. Kung ang asawang babae ay tinawag ng Diyos na kabilang sa *"limang pangunahing ministeryo"* (apostol, propeta, ebangelista, pastor, guro – tingnan ang Efeso 4:11-16) mahalaga para sa kanyang asawang lalaki na siya ay maging suportado at buong puso din siya para sa Diyos. Tayong lahat ay dapat magbigay sulit ng ating buhay sa harap ng hukumang-luklukan ni Cristo. Para sa mag-asawa, hihingiin ng Diyos na sila ay magbigay sulit sa kanilang mga buhay kung sila ba ay nagtulungan upang matupad ang layunin na iniatang ng Diyos sa kanila, o di kaya'y hinihila nila pababa at hinadlangan ang isa't isa dahil sa mga hangaring hindi buong-puso para sa Diyos. Maliban na ang ilan ay magbago, ay

hindi maabot ng kanilang mga asawa ang marka, at sila ang mananagot sa hukumang-luklukan ni Cristo.

**Ang ibig sabihin ng salitang "buong puso" ay ang kakayahang ipamigay ang bagay na pinakamahalaga sa atin, espirituwal man o natural na bagay.** Ito ay ang pagkakaroon ng isang puso na napakalaya, na kung hihingiin sa atin ng Diyos na bitiwan ang anuman, ay Makakaya nating ibalik ito sa Kanya sa pamamagitan ng Kanyang biyaya. Minsan ay nilalagay ng Diyos ang Kanyang daliri sa mga bagay sa ating mga buhay. Kung magkagayon,hinihikayat ko kayo na sabihin sa Panginoon, "Opo, O Diyos. Pinapakawalan ko ang bagay na sinasabi Mo ngayon."

## Ang Pag-aasawa

Ang ating mga asawa ay may mahalagang papel sa ating mga buhay. Hindi lang na dapat ay magkapareho ang kanilang pagkatawag kundi ang kapareha ay dapat mapagkakatiwalaan din, palagi ang nakasuporta, at tapat. Ang Diyos lamang ang nakakaalam ng wakas; kaya nga, kahit na sa nakikita ng mata at naririnig ng mga tainga ang isang lalaki o babae ay maaaring magmukhang kalugod-lugod, tanging ang Diyos lamang ang nakakaalam ng mga pagpipilian na gagawin nila sa landas ng buhay, na siyang mag-aadya ng kanilang tadhana. Alam ng Diyos kung sino ang susunod sa pagkatawag, kung sino ang mananatilingnakasuportasapagkatawag ng kanilangasawa at ministeryoat kung sino ang mananatiling tapat sa asawa. **Sa makatuwid, dapat nating ilagay ang ating pagpili ng mapapangasawa sa altar at hilingin sa Diyos na mamili.** Ang

bagay na ito ay naaangkop sa mga lalaki at babae, tinawag man sila o hindi sa limang pangunahing ministeryo.

May nakilala akong isang babae na ipinapalagay niya ang kanyang sarili na mabuway, hindi matatag at walang kakayahang manatili sa tamang direksyon. Dahil sa desperasyon, naghanap siya ng isang lalaki na tila isang kalakasan sa kanya, upang matuklasan lamang pagkatapos ng kasal, na siya ang mas kinailangang maging haligi ng kalakasan. Kung paano nagtapos ang kanilang pagsasama ay hindi ko na alam. Kung lumapit lamang siya sa Panginoon ay maaaring nabigyan siya ng ibang katuwang sa buhay. Kaya maingat na magtanong sa Panginoon. At tandaan, ang kagandahan ay nasa balat lamang, at tanging ang Panginoon lamang ang nakaaalam ng puso.

## Pagkabaog Muna Bago Pagkamabunga

Marami sa mga babaeng ito na nabanggit ay baog bago sila nagkabunga. Ang Hebron ay may kaugnayan sa pagkabaog na naging daan sa pagkamabunga. Bago magbigay ng pagpaparami ang Diyos, mayroong espirituwal na pagkabaog. Sa mga panahong ganito, ay may *malalim na paglilinis* sa ating buhay. May mga babaeng baog sa Salita ng Diyos na nagsilang ng di-pangkaraniwang mga anak na lalaki. Sila ay sina: Sarah, Rebekah, Rachel, Hannah, ang ina ni Samson, at si Elizabeth. Ang mga nasa espirituwal na “Hebron” ay susubukin sa pamamagitan ng apoy sa panahon ng pagkabaog.

Mababasa natin sa Isaias 54:1-3 na ginawa ng Diyos na maging mabunga ang baog sa Kanyang panahon, *"Umawit ka, O baog, ikaw na hindi nanganak; ikaw ay biglang umawit, at sumigaw nang malakas, ikaw na hindi nakaranas ng hirap sa panganganak! Sapagkat ang mga anak ng babaing iniwan ay magiging higit na marami kaysa mga anak ng may asawa, sabi ng PANGINOON. Palawakin mo ang lugar ng iyong tolda, at iladlad mo ang mga tabing ng iyong mga tahanan;huwag kang umurong, habaan mo ang iyong mga lubid, at patibayin mo ang iyong mga tulos. Sapagkat ikaw ay kakalat nang malayo sa kanan at sa kaliwa; at aangkinin ng iyong lahi ang mga bansa, at patitirahan ang mga bayang giba."*

**Pagtutuli**

Ang isa pang aspeto sa pagmamana ng mga pangako ng pagpaparami sa Hebron ay ang pagtutuli. Ang Panginoon ay nangako kay Abraham, *"Ikaw ay gagawin kong mayroong napakaraming anak at magmumula sa iyo ang mga bansa; at magbubuhat sa iyo ang mga hari. Aking itatatag ang aking tipan sa iyo at sa iyong binhi kahit sa iyong pagkamatay sa buong lahi nila, isang tipang walang hanggan, upang maging Diyos mo at ng iyong binhi."* (Gen 17:6-7). Gayunpaman, upang matanggap ang pangako ng pagpaparami at pagiging mabunga, siya at ang kanyang mga inapo ay kailangan munang tuliin. (Gen 17:10-11). Samakatuwid, ang pagtutuli ang kinakailangan sa pagiging mabunga.

Yaong mga tumawid ng Jordan at tinuli sa Gilgal ay nagsimulang manahin ang mga pangako. Nakakalungkot, pero marami sa mga

hinirang ang umiwas sa mga dako kung saan ay kinakailangan ang tabak upang putulin ang laman at sila ay nanirahan sa mababang uri ng pamana. Subalit, ang mga dumating sa espirituwal na Hebron ay dapat ipasakop ang kanilang mga sarili nang *lubusan* sa pagtutuli ng puso.

Gaya ng unang nabanggit, nagkaroon ako minsan ng isang pangitain sa New Zealand ng isang anghel na may nakaambangt abak. Sa dulo ng kanyang tabak ay nakasulat ang salitang "pagtutuli." Sinabi ng Diyos na ang may kagustuhang magparami at maging mabunga ay kailangang magkusa na ihayag ang kanilang mga puso sa harapan ng Panginoon at hayaan ang Panginoon na tuliin ang kanilang puso. Maliban na ang puso natin ay dumanas ng pagtutuli, tayo ay hindi kasama sa kasunduan ng pagpaparami.

## Pagpasok sa Mga Papapala ni Abraham

Nang makita ni Caleb ang Hebron ay napasigaw siya, *"Ibigay mo sa akin ang bundok na ito!"* (Josue 14:12). O, anong bundok ang hinihingi niya! Sa bundok na iyon inilibing sina Abraham, Isaac, at Jacob. Samakatuwid, ang bundok ng Hebron ay tumutukoy sa isang ugnayang tipan. Tumutukoy din ito sa lahat ng mga pangako na ibinigay ng Diyos kina Abraham, Isaac, at kay Jacob. Si Caleb ay hindi lamang humihingi para sa kapirasong lupa! Sinasagisag ng "bundok na ito"ang lahat ng mga pagpapala kay Abraham. Sinasabi ni Caleb na nais niyang makapasok sa lahat ng mga pagpapala na ibinigay kay Abraham.

## Pagwasak sa mga Kuta ni Satanas

Winasak ni Samson ang tarangkahan ng lunsod ng Gaza at dinala ang mga ito sa Hebron, gaya ng nasasaad sa Mga Hukom 16:3, *“Ngunit si Samson ay humiga hanggang hatinggabi, at nang hating gabi na ay bumangon. Hinawakan niya ang pinto ng pintuang-lunsod, at kapwa binunot, pati ang bakal. Pinasan niya ang mga ito at dinala sa taluktok ng bundok na nasa tapat ng Hebron.”* Ang mga tarangkahan ng isang lunsod ay ang kanyang kalakasan at muog. Samakatuwid, ang Hebron ay maaaring maging sagisag ng pagpuksa sa kuta ni Satanas. Nais ng Panginoon sa kanyang Iglesya ay magkaroon ng kapangyarihan na sirain ang espirituwal na mga kapangyarihan na namumuno sa ating mga lunsod gaya ng Kanyang sinabi sa Mateo 16:18, *“...itatayo Ko ang Aking iglesya; at ang mga pintuan ng Hades ay hindi magwawagi laban sa kanya.”*Nangangahulugan ito na ang mga kuta ni Satanas ay magbibigay-daan at susuko sa harapan ng matagumpay na Iglesya ni Cristo.

## Pagpapalawak

Si David ay naging hari ng Hebron. Nang si David ay pinahiran doon, siya ay binigyan ng kapangyarihan sa isang bahaging bansa. Siya ay hari lamang sa Juda. Nang siya ay muling pinahiran, siya ay binigyan ng kapangyarihan sa buong bansa ng Israel. Sa isang tunay na kahulugan, ang kanyang pangalawa at pangatlong pagkapahid ay sa mga pangkat ng tao. Sila ay tumutukoy sa pagpaparami, pagkakaisa, at pagpapalawak. May pagpapahid sa pagpapalawak, na tinanggap ni David sa Hebron.

## Ang Lungsod ng Kublihan

Ang Hebron din ay isang lunsod ng kublihan gaya ng makikita sa 1 Cronica 6:57, *"At sa mga anak ni Aaron ay kanilang ibinigay ang mga lunsod-kanlungan, ang Hebron; gayundin ang Libna pati ang mga pastulan doon, ang Jatir, at ang Estemoa pati ang mga pastulan."* Ang tunay na mga Hebronita ay binubuksan ang kanyang pintuan sa sinumang nasa pangangailangan. Dapat ay magkaroon tayo ng masaganang mata, dapat ay maging bukas ang ating mga palad at maging mga daluyan ng pananalapi ng Diyos. Marami ang nagsasabi ng, "Gustong gusto kong magbigay pagmayroon akong ibibigay." Ngunit kung susubukan nilang magbibigay kung ano ang mayroon sila, ay mas marami pa silang maibibigay. Ang mga tao na mas gumagawa ng pagbibigay ay karaniwang hindi na iuuri na mayaman. May kilala akong tao na bihirang magkapera, ngunit milyon-milyon ang dumadaloy sa pamamagitan niya. Ang prinsipyo sa kasulatan ay, *"Magbigay kayo at iyon ay ibibigay sa inyo"* (Lukas 6:38). Tayo ay dapat magkaroon ng puso na tumutulong sa mga nangangailangan sa anumang paraan na kaya natin, sa pagbibigay ng kalinga, pagmamahal, pagkain at matutuluyan.

## Dalisay na Pagsamba at Katuruan

Ang Hebron ay tinaguriang lungsod ng mga saserdote. Ang mga saserdote ang mga guro ng Israel. Hebron ang lugar kung saan ang mga guro ay nililinang. Subalit ang ministeryo ng mga saserdote ay hindi lamang kinapapalooban ng pagpapahayag at pagtuturo ng kautusan. Ang mga saserdote din ang mga tagapanguna sa pagpupuri at pagsamba. Ang mga lungsod ng

mga saserdote gaya ng Hebron ay lugar kung saan ibinabangon ang mga ministeryo na kayang pangunahan ang mga anak ng Diyos sa tunay na pagsamba. Ang mga Hebronita ay dapat manguna sa  alisay na pagsamba at musika, Gayundin sa katuruan.

### Pag-aalay ng Ating "Isaac"

Ang buong katangian ng Hebron ay *"buong puso."* Ang buong layunin at naisin ng puso ni Abraham ay tuparin ang kalooban ng Diyos. Si Abraham ay napuspos ng pagkatawag ng Diyos. Siya ay tinawag upang maging ama ng maraming bansa. Subalit wala siyang anak, at ang pangako ay lalong nagiging imposible. Sa wakas, ipinanganak si Isaac noong si Abraham ay 100 taon na. Pagkatapos ay sinubok ng Diyos si Abraham at sinabi, "*Ibalik mo siya sa Akin!"* Iyon ay tulad ng paghiling sa kanya na ialay ang lahat ng bagay kung saan siya nabubuhay.  Hiningi kay Abraham na isuko ang kanyang pagkatawag, ang kanyang ministeryo, ang mga pangako at lahat ng bagay na matiyaga niyang hinintay. Ang tunay na Hebronita ay nakahandang isuko kahit na ang pinakamahalaga sa kanya.  Ito ang mga taong makakarating hanggang sa Sion.

Upang malaman ang katotohanan ito sa isang bagong paraan, minsan pang ipinakita ng Panginoon sa akin ang kanyang puso. Nakita ko ang Panginoong Jesus na nakatayo sa daigdig, ang daigdig na magkasama nilang nilikha ng KanyangAma ng buong ingat at nang buong pagmamahal. Hindi lamang nila nilikha ang napakagandang daigdig na ito, bagkus, ay nilikha din Nila ang mga mariringal na trono, at lahat ng kaluwalhatian ng kalangitan.

Subalit dumating ang panahon nang sinabi ng Ama sa Anak, *"Tatalikuran mo ba ito upang maging isang tao at mamatay para pagbayaran ang mga kasalanan ng sanlibutan?"*

Ang Espiritu ng Diyos sa Filipos 2:6-8, ay maliwanag na nagpapakita sa atin kung ano ang kayang talikuran ni Cristo *"na siya, bagama't nasa anyo ng Diyos, ay hindi niya itinuring na isang bagay na dapat panghawakan ang pagiging kapantay ng Diyos, kundi hinubaran niya ang kanyangs arili at kinuha ang anyong alipin na naging katulad ng tao. At palibhasa'y natagpuan sa anyo ng tao, siya'y nagpakababa sa kanyang sarili, at naging masunurin hanggang sa kamatayan, maging sakamatayan man sa krus."* Ang tunay na kahulugan ng talatang ito sa Griyego ay inihahayag na kusang binitiwan ni Jesus ang lahat ng bagay. Ang pagiging kapantay ng Diyos ay isang bagay na hindi niya pinanghawakan o kinapitan (tingnan ang 2 Cor 8:9; 5:21)

Ako at ang aking may bahay ay naging instrument sa pagkakatatag ng samahan ng mga misyonero sa New Zealand. Naglingkod kami roon ng 10 taon at pinagpala ito ng Diyos. Ito ay naging mabunga sa iba pang bahagi ng mundo. Hanggang isang umaga ay sinabi sa akin ng Panginoon, *"Isuko mo lahat iyan. Magbitiw ka."* Nagpagalako roon ng sampung taon, at sinabi ng Panginoon, "Bitiwan mo." Nang sumagot ako, "Opo Panginoon" mula sa aking puso, isang awitin ang dumating sa akin, "Ako'y Malaya na Maging Lingkod ng Panginoon." Kamakailan lang ay ipinaalala sa akin ng Panginoon ang pangyayaring ito at sinabing, "Malibang naisuko mo ang lahat

nang iyon sa Akin, ay hindi ka sana kailanman magiging lingkod Ko."

Si Felipe na Ebanghelista ay inutusan na lisanin ang rebaybal sa Samaria upang puntahan ang isang Eunuko ng Etiyopia sa isang disyerto. Ang pangyayaring ito sa katunayan ay nagkaroon ng matinding bunga ang pagkatatag ng Iglesya sa Etiyopia.

Ang Hebron ay sagisag ng buong-puso. Ang ibig sabihin nito ay ang maagang pagkahawak sa mga bagay, kahit sa kung anong mga ibinigay ng Diyos sa atin. Anong dedikasyon sa bahagi ni Abraham na kayang ialay si Isaac, ang kanyang anak! Hindi lamang niya isinusuko ang kanyang anak, isinusuko niya rin mismo ang kanyang pagkatawag. Naka'y Isaac ang lahat ng mga pangako. Maging tunay tayong mga Hebronita, gaya ni Abraham. Tanging ang pagkamay buong-puso lamang ang magdadala sa atin sa pagpapala ng Hebron. Tandaan, na si David ay pinahiran sa Hebron. Noon lamang nang nakapasok na siya sa kapunuan ng pagpapala ng Hebron na narrating niya at na sakop ang Sion.

Maliwanag na hindi tayo makakarating sa Sion hanggang sa ang Hebron ay maging isang realidad. Tanging ang mga may buong puso lamang ang makakarating sa Sion. Maaaring maging kahulugan nito ang pagsuko ng isang "Isaac"—pinakaiingatang mga pag-aari, pagkatawag o ministeryo. Subalit may isang bagay na dapat nating maintindihan— alam ng Diyos ang ating puso at eksaktong pinakainiingatan natin at iyan ang magiging bagay na hihingiin Niya sa atin. Kaya, huwag tayong kumapit ng mahigpit sa anumang bagay, ito man ay espirituwal o natural na mga bagay.

## Ang Buod ng Mensahe ng Hebron

Ang mensahe ng Hebron ay ang susi sa pagpapatuloy sa Sion. Ang karanasan ng Shilo ay isang kahanga-hangang pagkilos ng Banal na Espiritu sa ilalim ng ministeryoni Josue. Marami ang nakatawid sa ilog Jordan at nakaranas ng kakaibang bagay sa Diyos. Ito ay totoo sa marami ngayon. Hindi mabilang na kababaihan at kalalakihan ang na pagtagumpayan ang buhay sa ilang, tinawid ang Jordan, at nakarating sa mabungang mga ministeryo at mga pagpapala. Nakalulungkot lang, na dahil ang mga bahagi ng puso ay hindi naabot ng tabak ng Espiritu, marami ang nahulog sa kasalanan o nalihis mula sa kanilang tinatahak.

Ang simpleng katotohanan ay mananatili, na kung hindi tayo magpapatuloy sa ating paglalakbay, tayo ay tiyak na lalakad pabalik. Ang susi upang maabot ang marka ay ang patuloy na tumugon sa kung ano ang itinuturo ng Diyos sa Kanyang mga daliri sa ating mga buhay. Sa tuwing tumutugon tayo ng “opo” sa Diyos, ang pagbabago ay nangyayari sa ating puso. Ngunit kapag Sumagot tayo ng “hindi,” sa Diyos, tayo ay titigil sa paglago. Sa katunayan ay uurong tayo pabalik! Marami sa mga Israelita ang umiwas sa tabak at nanirahan na lamang sa kompromiso at pakikipisan sa mga kaaway. Hindi lamang na sila ay tumigil sa paglalakbay tungo sa Sion, kundi na wala rin nila ang mga pagpapala na nakamtan nila sa Shilo. Tandaan, na kahit na pinagkalooban tayo ng isang “kaharian” o mga pagpapala, tayo ay susubukin upang malaman kung tayo nga ay karapat-dapat na mamahala nito. Napanatili sana ni Saul ang kanyang kaharian kung napagtagumpayan niya ang mga pagsubok sa kanya ng Diyos (1 Sam 13:13-4).

Ang Hebron ang lugar ng pagtutuli. Ito ang lugar ng mga may buong puso. Dito kung saan haharapin natin ang "tabak" ng Espiritu, at ang mga suliranin na tumutuos sa atin. Kung hahayaan natin ang Diyos na gawin ang buong layunin Niya sa ating mga puso, makakapagpatuloy tayo sa Sion.

**Ang Hebron ay Kumakatawan sa:**

- **Paghihiwalay bago pagpaparami** – Kinailangan ni Abraham na humiwalay sa kanyang pamilya at mga kaibigan na hindi niya kapareho ng pangitain at pagkatawag.

- **Dedikasyon at buong puso** – kaakibat nito ay katapatan sa maliit na bagay at pagpapanatili ng tamang pag-uugali.

- **Pag-aasawa** – Maraming pagpapala at mga proteksiyon sa ating buhay ang darating kung hahayaan natin ang Diyos na siyang pumili ng ating makakasama. Pagkatapos ng kasalan, kailangang magpatuloy tayo sa pagiging buong puso para sa Diyos upang makatulong tayo sa ating mga asawa sa pagpapatuloy sa pagkatawag ng Diyos sa kanila. Ang asawang babae na hindi nakatalaga sa Diyos ay maaaring makapigil sa kanyang asawa na matupad ang pagkatawag ng Diyos sa kanya. Gayundin naman, ang lalaking asawa ay mananagot sa Diyos kapag pinigilan niya ang kanyang pamilya mula sa pinakamataas ng Diyos.

- **Pagkabaog muna, pagkatapos Pagkamabunga-** Ang pagkabaog ay gumagawa ng isang malalim na paglilinis ng ating mga puso.

- **Pagtutuli** – Ang ibig sabihin nito ay pagharap sa anumang inaayos ng Diyos sa atin.

- **Pagpasok sa mga pagpapala ni Abraham** – Ang mga ito ay makakamit lamang ng mga may buong puso.

- **Pagwasak sa mga kuta ni Satanas-** Nais ng Panginoon na ang Kanyang Iglesya ay magkaroon ng kapangyarihan na sirain ang mga kapangyarihang espirituwal.

- **Pagpapalawak** – Sa Hebron may pagpapahid ng pagpapalawak.

- **Ang Lungsod ng Kanlungan** – Ang Hebron ay isang lugar ng pagpapapakita ng awa sa mga dukha at nangangailangan, at pagiging bukas-palad.

- **Dalisay na pagsamba at katuruan** – Isang mahalagang susi upang makasunod sa Diyos ay ang pag-iwas sa makamundong musika, at pangunahan ang iba sa dalisay na pagsamba at pati na sa katuruan.

- **Pag-aalay ng ating "Isaac"** – Sa Hebron, binibitiwan natin ang pinakaiingatan nating mga pag-aari, kahit na ang ating pagkatawag at ministeryo kung hihingiin ng Diyos. Ang lahat ng bagay na mayroon tayo ay *pahiram* lang sa atin ng Diyos.

# Kabanata 16
## Bundok ng Sion

### 1. Ang Kasaysayan ng Sion

Tayo ay nabubuhay sa huling panahon at ang dispensasyong ito ng Panahon ng Iglesya ay malapit ng matapos. Ang paglalakbay ng Israel ay napakahaba lalo na ang sa bahagi ng ilang. Kung sinunod lamang nila ang Diyos ay maaaring napaiksi sana, marahil ay kasing iksi lang ng dalawang taon.

Sa mga huling araw na ito, hindi natin dapat asahang matatagalan pa para sa maraming tao ang marating at matawid ang kanilang Jordan. Sa mga lider na kailangang manguna sa mga karanasang ito, masyado nang matagal. Kailangan pa nilang matutunan ang lahat ng mga kahirapang mamuhay sa ilang. Gayunpaman, mayroon talagang natatanging panahon na inilaan ang Diyos. Mula panoong 1973, ang Iglesya ay kumikilos na patungo sa Araw ng Pagtubos. Mula sa puntong iyon, ay tuloy-tuloy nang ibinagsak ng Diyos ang Kanyang tabak ng pagtutuli sa mga puso ng Kanyang mga hinirang. Kaya nga, pabibilisin ng Diyos ang paglalakbay ng kanyang Iglesya mula Ehipto hanggang Sion sa mga huling araw na ito.

Si Abraham ang nagtatag ng Hebron. Bilang isang manlalakbay, siya ay nanirahan sa Lupaing iyon ng Pangako. Bagama't hindi mismo siya nakatuntong sa panlupang Sion, dahil hindi siya kabilang sa dispensasyon nang makakapunta sa Sion, mayroon naman siyang pasulong na pangitain sa panlangit na Sion (Heb

11:10-20; 12:22). Kung minsan ang mga tao ay may pangitain ng dispensasyon o panahon na lampas pa sa kung saan sila nabubuhay.

May isang panlupang Jerusalem na may banal na burol na tinaguriang Sion sa kanyang kalagitnaan. Ito ay kahalintulad ng makalangit na Jerusalem na kung saan ang bundok ng Sion ay nakatayo rin sa gitna nito (Pah. 14:1-5).

Inilarawan ni Juan ang lunsod na ito sa Pahayag 21:10-23 na sinisinagan ng kaluwalhatian ng Diyos, at kasing linaw na gaya ng kristal. Ang Pahayag 21:18 ay tumutukoy sa lantay na ginto, gaya rin ng malinaw na salamin. Ang pinakasaligan nito ay na ito ay *walang pagkabaluktot*. Ito ay ganap na malinaw. Sinisikap ng Diyos na maging marapat tayo sa Sion dahil ito ang lugar na tirahan lamang ng mga *walang itinatago.*

Sa Pahayag 21:12, ang numerong 12 ay binanggit. Ang numerong 12 ay numero ng pamamahala; kaya, ang Sion ay lungsod na tirahan ng mga pinamamamahalaan ng Diyos. Ang Sion ay talagang tumutukoy sa pamamahala. Ang Sion ay hindi para sa mga gusting mamuhay mag-isa o sa mga walang kinikilalang batas. Ito ay para doon sa mga tumanggap ng kural, kabisada, at pamatok ng Diyos. Ito ay para doon sa mga pinamamamahalaan ng Diyos.

Tingnan natin ngayon ang Sion sa mas maliliit na detalye. Sa pagtingin natin sa Salita ng Diyos, makikita natin na halos lahat ng mga propesiya na may kaugnayan sa Iglesiya sa mga Huling Araw ay may kinalaman sa mga anak na lalaki at babae ng Sion.

Ang Sion ay ang lungsod ni David, ang taong ayon sa puso ng Diyos. Ang Sion ay nakubkob ni David pagkatapos ng kanyang ikatlong pagpapahid sa Hebron. Ang Panginoon ay palagiang nangungusap sa akin na may isang gawain na dapat munang matapos sa mga “Hebronita” bago sila makapagpatuloy sa Sion.

## Tatlong mga Bundok

Sa paglalakbay ng Israel ay may tatlong mga bundok. Ang mga bundok ay sagisag ng kapangyarihan, autoridad, at posisyon. Ang unang bundok ay ang Sinai, na ang kinakatawan ay ang bautismo sa Banal na Espiritu. Walang nakatira doon na dapat mapagtagumpayan. Walang mga higante doon na kailangang kalabanin upang makubkob ang bundok. Ang pagtanggap sa bautismo ng Banal na Espiritu ay hindi isang digmaan. Nakakalungkot, na sa susunod na dalawang mga bundok, makikita natin na may mga nakatira. Nung sabihin ni Caleb ang tungkol sa Hebron, “Ibigay mo sa akin ang bundok na ito,” ay may mga malalakas na lalaking anak si Anak na kailangan niyang gapiin. Hindi natin makakamtan ang Hebron nang hindi nagagapi ang ilang mga malalaking “higante”. Ang Sion kung gayon ay mas maghirap mapagtagumpayan—ito ay ang huling kuta. Ang mga nakatira sa Sion ay ang mga Jebuseo. Kumapit sila hanggang sa huling sandali, at kinakailangan ang matinding pakikipag laban upang mapaalis sila.

## 2. Ang Espirituwal na Kahalagahan ng Sion

### *Isang Dako ng Pagkakaisa*

Ang mga Jebuseo ang huli sa pitong mga bansa na naninirahan sa lupain ng pangako. At sila ang uri ng mga Kaaway na nabanggit sa Kawikaan 6:16-19. Ang ikapitong kaaway ay ang naghahasik ng kaguluhan sa magkakapatid. Ang mga Jebuseo ay uri ng mga tao na nagiging sanhi ng paghahati. Silang mga sanhi ng paghahati ang pinakamahirap na pagtagumpayan. Gayunman, ang isa ay naging kabaligtaran ng Kaaway na kanyang pinagtagumpayan. Dahil dito, pagkatapos na mapaalis ang Kaaway mula sa Sion, anglupa naminsan nilang sinakop, ay naging lugar ng maluwalhating pagkakaisa.

*"Narito, napakabuti at napakaligaya kapag ang magkakapatid ay sama-samang namumuhay na nagkakaisa! Ito'y gaya ng mahalagang langis sa ulo, na tumutulo sa balbas, sa balbas ni Aaron, tumutulo sa laylayan ng kanyang damit! Ito ay gaya ng hamog sa Hermon, na pumapatak sa mga bundok ng Zion! Sapagkat doon iniutos ng PANGINOON ang pagpapala, ang buhay magpakailanman."* (Awit 133:1-3). Kaya ang bundok ng Sion ay naging dako ng maluwalhating pagkakaisa.

Kung susundin natin ang kaisipang ito sa buongSalita ng Diyos, makikita natin na ang anumang lugar kung saan pagkatapos ay nakukuha natin ang tagumpay ay nagsisilbing pinakamatinding lakas natin. Kapag napagtagumpayan natin ang mga Jebuseo (na kumakatawan sa paghahati), tayo sa gayon ay makakapasok sa pakikipag-isa sa ating mga kapatid. Ang pagkakaisang ito ay inihalintulad sa langis na ginamit sa pagpahid kay Aaron at sa kanyang mga anak sa Exodo 30:23-25. Ang pagpapahid na ito ay ang pagpapahid rin na kinakailangan sa paglilingkod sa Panginoon (Exo. 30:30).

**Ang mga sangkap ng langis na ito ay napakahalaga:**

1. **Mira**, na tumutukoy ng kaamuan o kamatayan sa sarili.
2. **Kanela**, tumutukoy ng kabutihang-loob. Ang ibig sabihin nito ay ganap na kabutihan, ang ma puspos ng kabutihan ng Diyos, at walang kakayanang gumawa ng masama sa kapwa.
3. **Kalamus**, tumutukoy ng kahinahunan. Ang sabi ni David, *"Pinadakila ako ng Iyong kahinahunan"* (Awit 18:35).
4. **Kassia** - tumutukoy ng kababaang loob at mga luha.
5. **Langis ng olibo** – tumutukoy ng kapayapaan.

Ang lahat ng mga kabutihang asal na ito na nabanggit ay kailangang maghari sa ating puso– kaamuan, kabutihang loob, kahinahunan, kabababaang loob at kapayapaan. Ang mga ito ang sangkap na kailangan upang magkaroon ng tunay na pagkakaisa.

O, kung mayroon lamang isang botelya o sungay ng napakagandang langis na iyon na mailagay sa ulunan natin, at sa pagkabubo ng langis na iyon sa atin, ay kaagad tayong magbabago. Ngunit hindi ito gumagana sa ganoong paraan! Kung minsan ay naroon ang pagpapahid na iyon at bumubuti ang ating pakiramdam, subali't ang pagpapahid ay nawawala at bumabalik tayo ulit sa dati. Gayunpaman, nais ng Diyos na linangin ang ganitong mga katangian sa ating mga buhay.

### *Sion - Ang Kasakdalan ng Kagandahan*

Ang Awit 50:2 ay nagsasabi na ang Sion ay ang "kasakdalan ng kagandahan." Ang iba pang talata kasabay nito ay Awit 48:2,

kung saan ang Sion ay “Maganda sa kataasan, ang kagalakan ng buong lupa.” Ang mga pamantayan ng Sion ay ganap na kasakdalan. Ang Sion ang kagandahan ni Jesus, ang kasakdalan ng kagandahan na nagniningning sa Kanyang mga hinirang.

Ang kasakdalan ng kagandahan at “katapatan ng puso” ay magka-ugnay. Si David ang hari ng Sion. Mangyari pa, siya rin ay isang larawan ng Hari ng mga hari. Sinabi ni David sa Awit 27:4, *“Isang bagay ang hinihingi ko sa Panginoon, na aking hahanapin; na ako’y makatahan sa bahay ng Panginoon, lahat ng mga kaarawan ng aking buhay, upang malasin ang kagandahan ng Panginoon, at mag usisa sa kanyang templo.”* Dito ay makikita natin na ang **kasakdalan ng kagandahan ay nanggagaling sa katapatan ng puso kung saan ay iisa lamang ang hangarin— ang mamalas ang kagandahan ng Panginoon at mag-usisa sa kanyang templo.**

### Sion - Ang Piniling Tahahan Ng Diyos

Ang Sion ang piniling tahananng Diyos. Kaya ito ay hindi matitinag (Awit 125:1.) Noong 1947, ang unang naging pagmamay-ari ng Israel nang ito ay muling naging isang ganap na bansa ay ang Sion. Kinailangan nilang maghintay ng matagal na panahon upang mapasa-kanila ang iba pang bahagi ng Jerusalem, nguni’t nauna nilang nakuha ang Sion. Gayun din, sa huling paglusob sa Jerusalem, bago ang Pangalawang Pagparito ng Panginoong Jesu-Cristo, ang Jerusalem ay mahuhulog sa mga kaaway nito, nguni’t ang Sion ay hindi mahuhulog. (Zech 14:1-3).

*"Sapagkat pinili ng PANGINOON ang Zion; kanya itong ninasa para sa kanyang."* (Awit 132:13). Bagamat ang Sion ay isang pisikal na burol, ito ay tumutukoy din sa espirituwal na bundok. Ito ang lugar ng tahanan ng Diyos. Sinasabi sa atin sa Awit 87:2 kung ano ang iniisip ng Diyos sa Sion: *"minamahal ng PANGINOON ang sa Zion na mga pintuan, higit kaysa lahat ng kay Jacob natahanan."*Samakatuwid, saan man tayo tumingin sa Israel, gaano man sila ka-pinagpala ng Diyos, gaano man sila nagpapatuloy sa Diyos at tumatanggap ng pagpapala mula sa Diyos, mas pinipili ng Diyos ang mga pintuang-bayan ng Sion kay sa iba pang tahanan ni Jacob. Ang mga Efraimita ay may natatanging pagpapala dahil kay Jose. Ang Hebron ay may natatanging pagpapala. Napakaraming mga sinagoga at mga kapulungan sa buong bansa, at bawat isa ay may sariling pagpapahalaga at uri ng pagsamba. Ngunit ang Sion ang pinili sa kanilang lahat. Ang pagkatawag sa atin ay sa Sion.

**Isang Di-mabilang na Hukbong mga Anghel**

Kagaya ng una na nating nabanggit, ang Sion ay ang makalangit na Jerusalem. Sa loob ng makalangit na Sion ay ang hukbo ng mga anghel, *"Subalit kayo'y lumapit sa Bundok ng Zion, at sa lunsod ng Diyos na buháy, sa makalangit na Jerusalem, at sa mga di-mabilang na mga anghel, sa isang masayang."* (Hebreo 12:22). Buong-puso akong naniniwala na makakaranas tayo ng pagpapakita ng mga anghel sa mga huling araw na ito. Kakailanganin natin sila! Kung wala sila, hindi natin ito makakaya. Malibang kumilos ang hukbo ng kalangitan, ang hukbong panlupa ay hindi magtatagumpay. Ang magkasamang pagmamartsang dalawang hukbong ito ang magdadala sa atin sa

Sion. Kapag sinabi nating tayo ay pupunta sa Sion, tayo ay tumutukoy sa pagpasok sa makalangit na katotohanan, sa kaharian ng Espiritu habang tayo ay nandirito pa sa lupa.

## Ang Dalawang Bahagi

Ang Sion ang Iglesya ng mga panganay (Heb 12:23). Ang salitang "panganay" sa orihinal na Griyego ay maramihan. Ito ay isang grupo ng mga taong tatanggap ng dalawang bahagi. Ang dalawang bahagi na ito ay tumutukoy sa dalawang bahagi ng Espiritu ng Diyos, katulad ng hiningi ni Eliseo (2 Hari 2:9). Muli, ang paghiling ng dalawang bahagi ay isang bagay na dapat maipanganak ng Diyos sa ating kalooban. Hindi tayo dapat masiyahan sa pagpapahid at ministeryo na mayroon tayo. Hindi tayo dapat makuntento kahit sa lalim na ating naabot sa ngayon. Hindi tayo umiiyak para sa dalawang bahagi nang kung ano na ang mayroon tayo, kundi ang dalawang bahagin ang kung ano ang mayroon sa ating "Elias," ang Panginoong Jesu-Cristo. Sabi ni Jesus, *"...At lalong dakilang mga gawa kaysa rito ang gagawin niya; sapagkat ako'y pupunta sa Ama"* (Juan 14:12). Ating pakatandaan na walang iba kundi ang dobleng bahagi lamang ang makasasapat sa pangangailangan ng maraming bansa sa mundo; wala nang ibang makapagbibigay ng kasiyahan kung tayo ay kabilang sa iglesya ng mga panganay.

## *"Mga Espiritu Ng Matutuwid na Kalalakihan ay Ginawang Sakdal"*

Sion ang tahanan ng mga taong ang espiritu ay ginawang sakdal. Tayo ay marapat na maging kagaya ng mga mamamayan na itong

kalangitan ng Sion, na ang mga espiritu ay pinaging-sakdal ng Diyos, dahil iyon ang Kanyang ninanais. Ilang taon na ang nakalipas, nakita ko sa isang pangitain ang Ikalawang Pagparito ng Panginoon. Nakita ko ang Panginoon na bumaba kasama ang Kanyang Iglesya mula sa langit, ang Iglesya sa lupa ay pumapaitaas upang salubungin ang Panginoon. Napansin ko na ang makalangit na Iglesya ay bumababa at ang Iglesya sa lupa na pumapaitaas ay magkatulad. Ang parehong grupo ay puspos ng kaluwalhatian, at ang mga espiritu nila ay ginawang sakdal. Kaya nga, ang ating mga espiritu ay dapat maging sakdal.

### *Sion - Isang Lugar ng Kahanga-hangang Pagpapalaya At Kapangyarihan*

Sa isang sandali ay gusto kong paghambingin ang Hebron sa Sion. *"At kanyang wawasakin sa bundok n aito ang takip na inilagay sa lahat ng mga bayan, at ang lambong na iniladlad sa lahat ng bansa."* (Isa 25:7). Matatandaan mo na dinala ni Samson ang mga tarangkahan ng lungsod sa Hebron, kung kaya ang Hebron ay may kaugnayan sa pagdadala ng mga tarangkahan ng lungsod. Ang kapangyarihan ng Hebron ay ang pagdadala ng mga lungsod para kay Cristo, ngunit ang kapangyarihan ng Sion ay ang pagdadala ng buong mga bansa. Iyan ang kaibahan sa pagitan ng kapangyarihan sa Hebron at ang kapangyarihan sa Sion. May kapangyarihan sa Sion na kayang angkinin ang isang bansa sa Diyos.

Sa Obadias 1:17-21 ay maliwanag na ang kalayaan ay galing sa Sion, *"Ngunit sa bundok ng Zion ay doroon ang mga nakatakas, at ito ay magiging banal; at aangkinin ng sambahayan ni Jacob*

*ang kanilang sariling ari-arian. At ang sambahayan ni Jacob ay magiging isang apoy, ang sambahayan ni Jose ay isang liyab, ang sambahayan ni Esau ay dayami, at sila'y kanilang susunugin, at sila'y tutupukin; at walang malalabi sa sambahayan ni Esau; sapagkat sinabi ng PANGINOON. Silang nasa Negeb ay mag-aangkin ng Bundok ng Esau, at silang nasa Shefela ay ang lupain ng mga Filisteo; at kanilang aangkinin ang lupain ng Efraim, at ang lupain ng Samaria; at aangkinin ng Benjamin ang Gilead. Ang mga bihag sa Halanaka bilang sa bayan ng Israel ay mag-aangkin ng Fenicia hanggang sa Zarefta; at ang mga bihag ng Jerusalem na nasa Sefaraday aangkinin ang mga bayan ng Negeb. At ang mga tagapagligtas ay aahon sa Bundok ng Zion upang hatulan ang bundok ng Esau; at ang kaharian ay magigingsa PANGINOON.*

Ang mga Tagapagligtas (o mga tagapagpalaya) ay galing sa bundok Sion. Mayroong malaking pagkakaiba sa pagitan ng Mangangaral at Tagapagpalaya. Ang ating henerasyon ay nangangailangan ng mga tagapagpalaya. Pansinin din sa talatang ito sa Obadias, na ang nasa Sion ay kinuha kung ano ang nawala ng "mga Esau." Sa medaling salita, aangkinin ng mga anak ng Sion ang mga pag-aari na isinuko ng mga taong ipinagbili ang kanilang mga pagkapanganay.

### ***Sion, Ang Lugar Ng Kaluwalhatian Ng Diyos***

Sinasabi sa Awit 102:16, *"Sapagkat itatayo ng PANGINOON ang Zion, siya'y magpapakita sa kanyang kaluwalhatian."* Ang Kaban ng Tipan ay pinabayaan sa isangbukirin ng napakaraming taon (Awit 132:6), subalit nang makubkob ni David ang Sion,

nagtayo siya ng isang tolda sa bundok ng Sion, at tinawag itong "Tabernakulo ni David" at inilagay doon ang kaban. Siyempre ang kaban ay kumakatawan sa literal na presensiya at ng kaluwalhatian ng Diyos, sapagkat ang kaluwalhatiang "Shekinah" ng Diyos ay lumulukob sa Kaban ng Tipan.

Walang tabing sa Tabernakulo ni David (nagaya ng nasa Tabernakulo ni Moises) upang pigilan ang sinumang gusting Pumasok maliban sa Punong Saserdote na makarating hanggang sa Dakong Kabanal banalan at makita ang kaluwalhatian ng Diyos. Si David ay malayang nakakapasok sa presensiya ng Diyos, ang umupo sa tabi ng Kaban, at maranasan ang Kanyang kaluwalhatian. Samakatuwid, ang hayag na kaluwalhatian ng Diyos ay may kaugnayan sa Sion.

Pinili ng Diyos na ipamalas ang Kanyang kaluwalhatian sa iba't-ibang panahon sa buong kasaysayan, ngunit sa mga huling araw na ito ay tatakpan ng Panginoon ang Kanyang Iglesya at mga hinirang ng Kanyang nahahayag na kaluwalhatian. Mababasa natin sa Isaias 4:5 na ang kaluwalhatian ng Diyos ay darating sa Sion at sa bawat Iglesya o kapulungan na naninirahan sa espirituwal na Sion, *"At ang PANGINOON ay lilikha sa itaas ng buong kinalalagyan ng Bundok ng Zion, at sa itaas ng kanyang mga kapulungan ng isang ulap sa araw, at ng usok at liwanag ng nagniningas na apoy sa gabi; sapagkat sa itaas ng lahat ng kaluwalhatian ay magkakaroon ng isang bubong at kanlungan."* Samakatuwid, kung gusto mong maranasan ang buong kaluwalhatian ng Diyos, dumalo sa isang iglesiya na may pangitain ukol sa Sion at ng pinakamabuti ng Diyos.

Ang pangako ng hayag na kaluwalhatian ng Diyos ay inulit para sa mananampalataya sa mga Huling Araw sa Isaias 66:1-2, *"Ganito ang sabi ng PANGINOON: "Ang langit ay aking trono, at ang lupa ay aking tuntungan. Ano ang bahay na inyong itatayo para sa akin? At ano ang dako ng aking pahingahan? Sapagkat lahat ng mga bagay na ito ay nilikha ng aking kamay, kaya't nangyari ang lahat ng mga bagay na ito, sabi ng PANGINOON. Ngunit ito ang taong aking titingnan, siya na mapagpakumbaba at may nagsisising diwa, at nanginginig sa aking salita."* Kaya nga, lakasan natin ang atingloob; ang maluwalhatingmgaaraw ay naghihintaysalahat ng na ninirahan sa espirituwal na Bundok Sion!

### *Sion, Isang Lugar ng Panalangin*

Kung wala tayong hangarin na manalangin at hanapin ang mukha ng Diyos, kailangang taimtim nating hilingin sa Diyos na ipanganak sa atin ang hangaring ito at pagnanasa sa ating mga puso. Ang Awit 24:1-4 ay nagbibigay ang ilang mga kwalipikasyon upang makapanirahan sa Sion, ang banal na burol ng Diyos. Sinasabi sa Awit 24:6 na ang mga maninirahan sa Sion ay yung nagtatalaga na hanapin ang mukha ng Diyos, *"Gayon ang salinlahi ng mga nagsisihanap sa kanya, na nagsisihanap ng mukha ng Diyos ni Jacob (Selah)."*

Kailangan nating kusang tumugon sa paglapit at sa Salita ng Panginoon. Mababasa natin sa Isaias 56:7 *"sila ay dadalhin ko sa aking banal nabundok, at pasasayahin ko sila sa aking bahay dalanginan. Ang kanilang mga handog na sinusunog at ang kanilang mga alayay tatanggapin sa aking dambana; sapagkat*

*ang aking bahay ay tatawaging bahay panalanginan para sa lahat ng mga bayan."* Ang bundok ng Sion ay naging dakong dalanginan at sa paghahanap sa mukha ng Diyos.

Si Haring David ay taong mapanalanginin, sinasabi sa Awit 109:4, *"Kapalit ng aking pag-ibig sila ay mga tagausig ko, ngunit ako ay nasa panalangin."* Sa Awit 27:8, ipinakita ni David sa atin ang kahalagahan ng pagtugon kapag nilalapit tayo ng Diyos na hanapin Siya: *"Sinabi mo, "Hanapin ninyo ang aking mukha;" sabi ng aking puso sa iyo, "Ang iyong mukha, PANGINOON, ay aking hinahanap."* Ang pagkagutom at pagkauhaw sa Panginoon ay isa sa Kanyang mga dakilang pagpapala; dapat nating hilingin sa Kanya nang may buong kapakumbabaan na ibigay ito sa atin. Matutupad na kung gayon ng ating mga buhay ang paalala ni Pablo na makikita sa 1Tesalonica 5:17, *"Manalangin kayong walang patid."*

***Sion, Ang Lugar ng Kautusan ng Diyos***

Mababasa natin sa Isaias 2:3, *"Maraming tao ang darating at magsasabi: "Halina kayo, at tayo'y umahon sa bundok ng PANGINOON, sa bahay ng Diyos ni Jacob; upang Turuan niya tayo ng kanyang mga daan, at tayo'y lumakad sa kanyang mga landas."Sapagkat mula sa Zion ay lalabas ang tagubilin, at ang salita ng PANGINOON mula sa Jerusalem."*Ang kahalagahan ng bagong tipanay na ang kautusan ay maisulat sa laman ng ating mga puso. Ito ay matutupad pagdating natin sa espirituwal na Bundok ng Sion.

### *Sion, Ang Lugar ng Pagbubuhos ng Huling Ulan ng Espiritu ng Diyos*

Sinasabi sa Joel 2:23, *"Kayo'y matuwa, O mga anak ng Zion,at magalak sa PANGINOON ninyong Diyos; sapagkat kanyang ibinigay ang maagang ulan para sa inyong ikawawalang-sala, kanyang ibinuhos para sa iyo ang isang masaganang ulan, ang maaga at ang huling ulan, gaya nang dati."* Ang Israel ay umaasa sa maaga at huling mga ulan. Sinasagisag nito ang pagbuhos ng Banal na Espiritu nungAraw ng Pentecostes at ang makapangyarihang huling araw ng pagbubuhos ng Banal na Espiritu sa katuparan ng espirituwal na Kapistahan ng mga Tabernakulo. Ito ang magdadala sa Iglesya sa pagkamaygulang (Santiago 5:7).

### *Kinakatawan ng Sion ang Dakong Kabanal-banalan*

Sa kapanahunan ni David, ang Tabernakulo ni Moises ay makikita sa Gibeon (1 Cron. 16:39; 21:29). Subalit, kinuha ni David ang Kaban ng Tipan at dinala sa Bundok ng Sion at inilagay niya ito sa loob ng tolda na kung tawagin ay Tabernakulo ni David.

Samakatuwid, ang Dakong Labas at Dakong Banal ay nasa Gibeon pa rin, ngunit ang Kaban ng Tipan at ang Dakong Kabanal-banalan ay nadala na sa Sion. Ang pagsamba sa dakong labas at dakong banal ay nangyari sa Gibeon, ngunit ang pagsamba sa Dakong Kabanal-banalan ay nangyari sa Sion.

Ating mababasa sa 2 Cronica 1:3-6: *"Si Solomon at ang buong kapulungan na kasama niya ay pumunta sa mataas na dako na nasa Gibeon, sapagkat ang toldang tipanan ng Diyos na ginawa ni Moises na lingkod ng PANGINOON sa ilang ay naroon. Ngunit ang kaban ng Diyos ay dinala ni David mula sa Kiryat-jearim hanggang sa dakong pinaghandaan ni David para dito sapagkat ito ay kanyang ipinagtayo ng tolda sa Jerusalem. Bukod dito, ang dambanang tanso na ginawa ni Bezalel na anak ni Uri, na anak ni Hur ay naroon sa harapan ng tabernakulo ng PANGINOON. Doon ay sumangguni sa PANGINOON si Solomon at ang kapulungan. Si Solomon ay umakyat sa dambanang tanso sa harapan ng PANGINOON na nasa toldang tipanan at nag-alay doon ng isang libong handog na sinusunog."*

Nang si Jesus ay namatay sa krus, ang tabing ay napunit sa templo, nangangahulugan na binuksan na Niya ang daan patungo sa Dakong Kabanal-banalan para sa sangkatauhan. *"At nang sandaling iyon, ang tabing ng templo ay napunit sa dalawa, mula sa itaas hanggang sa ibaba; nayanig ang lupa; at nabiyak ang mga bato."* (Mat 27:51). Kaya nga, tayo ngayon ay makakapasok na sa Dakong Kabanal-banalan. Sa Hebreo 10:19-20 ay ito ang nakasaad, *"Kaya, mga kapatid, yamang mayroon tayong pagtitiwala na pumasok sa santuwaryo sa pamamagitan ng dugo ni Jesus, na kanyang binuksan para sa atin ang isang bago at buhay na daan, sa pamamagitan ng tabing, samakatuwid ay sa kanyang laman."*

Samakatuwid, ang pagpasok at pagsamba sa espirituwal naBundok ng Sion ay katumbas ng pagpasok sa tabing, sa Dakong Kabanal-banalan kasama si Jesus mismo.

**3. Ang Maipanganak sa Sion**

Tatlong ulit sa Awit 87 na binabanggit ng Salmista ang maipanganak sa Sion, *“At tungkol sa Zion ay sasabihin, ‘Ang isang ito at ang isang iyon ay ipinanganak sa kanya.’ Sapagkat mismong ang Kataas-taasan ang magtatatag sa kanya.’”*(Awit 87:5). Kailangang magkaroon ng espirituwal na kapanganakan sa Sion. Hindi natin maipaliwanag ito, ngunit may isang bagay na ipinapanganak sa ating kalooban. Ito ay isang bagay na ipinunla sa atin ng Banal na Espiritu, patunay na alam natin na tayo ay ginawa para sa Sion.

Noong ipanganak ngDiyos ang pangitaing ito sa atin, ang Sion ang siya nating tahanan at destinasyon sa buhay. Hindi tayo makakalayo dito at hindi natin mapipigilan ito dahil ipinanganak tayo para sa Sion.  Hindi tayo makakapagpahinga, sapagkat ang ating pahinga ay darating lamang kapag nakaabot na tayo sa Sion.

Ang tamang sa loobin ang magmamarapat sa atin upang maipanganak sa Sion. Kung hindi, isa lamang mula sa mga lugar na tirahan ni Jacob ang makikita natin, o di kaya sa isang lugar sa tabing Jordan. Kaya nga tayo ay dumaing sa Diyos at sabihing, “O, Panginoon, ipangangak mo ako sa Sion. O, Panginoon, na magkaroon ako pagkapanganay.”

Ngunit sa bagay na ito na maipanganak sa Sion, ay naroon pa rin ang mataas na kapangyarihan ng Diyos. Maliwanag mula sa Kasulatan na ang Diyos ang hihirang sa Sion kung sino ang itinuturing Niyang karapat-dapat. Sinabi ni Pablo, *“Kaya't iwan na natin ang mga unang simulain ng aral ni Cristo, at tayo'y*

*magpatuloy sa kasakdalan, na huwag nating muling ilagay ang saligan ng pagsisisi mula sa mga patay na gawa at pananampalataya sa Diyos, ang aral tungkol sa mga bautismo, pagpapatong ng mga kamay, muling pagkabuhay ng mga patay, at ng walang hanggang paghuhukom."* Ngunit kasunod ay sinabi niya, "*At ating gagawin ito, kung ipahihintulot ng Diyos."* (Hebreo 6:1-3). Sinasabi ni Pablo na makakapagpatuloy lamang tayo sa kasakdalan kung ang Diyos ay makapangyarihang magpapamalas sa atin ng biyaya. Sa Hebreo 12:18-21, si Pablo ay gumagawa ng pag-uugnay sa Bundok ng Sinai, *"Sapagkat hindi pa kayo lumapit sa bundok na nahihipo."* Sa talata 22 ay sinabi niya, *"Subalit kayo'y lumapit sa Bundok ng Zion."*

Sinasabi ni Pablo na ang ating pagkatawag ay hindi sa Bundok ng Sinai; hindi tayo dapat manatili sa ilang. Ang ating pagkatawag ay tiyak na hindi ang manatili sa Shilo. Ni hindi rin ito ang manitili sa Hebron, bagaman ang mensahe ng Hebron ay dapat munang maging totoo sa atin upang maging karapat-dapat para sa Sion. Si David ay nasa Hebron muna, at kinailangan niyang maghintay sa mga pagpapahid bago siya makapagpatuloy. Subalit ang ating sukdulang pagkatawag ay sa Bundok ng Sion.

Ako ay naniniwala na ipapakita sa atin ng Diyos kung nasaan na tayo sa ating paglalakbay, kung magtatanong tayo sa Kanya ng buong katapatan. Walang kinalaman kung nasaan man tayo sa ating paglalakbay, hindi lamang na nais ng Diyos na bigyan tayo ng isang pangitain ng Sion, Ninanais Niyang ipanganak ito sa atin ngayon!

Ang pangitain ng Sion ay maaaring ibuod sa pamamagitan ng mga salita ni Haring David, ang nagtatag ng Sion, sa Awit 27:4, "*Isang bagay ang hiningi ko sa PANGINOON, na aking hahanapin; na ako'y makapanirahan sa bahay ng PANGINOON, sa lahat ng mga araw ng aking buhay, upang mamasdan ang kagandahan ng PANGINOON, at sumangguni sa kanyang templo."* Ito ay halos pagkakaroon ng buong-pusong hangarin at pagmamahal sa Panginoon. Nagiging sanhi ito para sa atin na maghangad na makita Siya, masilayan ang Kanyang kagandahan, at manahang kasama Niya. Kung ikaw ay naghahangad ng ganyang ugnayan kay Cristo, ikaw kung gayon ay patungo na sa Sion!

Ang Apostol Pablo ay nagsabi sa Filipos 3:8, *"Higit pa roon, ang lahat ng mga bagay ay inaari kong kalugihan dahil sa higit na kahalagahan na makilala si Cristo Jesus na Panginoon ko. Alang-alang sa kanya'y tiniis ko ang kalugihan ng lahat ng mga bagay, at inari kong basura lamang, upang makamit ko si Cristo*." Ang pangitain ng Sion ay ang pagkakaroon ng patuloy na lumalagong ugnayan kay Cristo. Ito ay tungkol sa pagkamit kay Cristo at pagbigay kasiyahan sa puso ng ating Makalangit na Kasintahang Lalaki, gaya ng nakasaad sa Awit ni Solomon 7:10, *"Ako'y sa aking minamahal, at ang Kanyang pagnanasa ay para sa akin."* Hindi sapat na maglingkod para kay Cristo, ang magturo sa mga bansa ng sanlibutan, ang magkaroon ng tamang doktrina at tamang pagkilala, ang magkaroon ng magagandang mga programa sa iglesya, ang mamuhay ng matuwid, o magsagawa ng mabubuting mga gawa. Ang Iglesya ng Efeso ay nagtataglay ng lahat nang ito, ngunit nakaligtaan nila ang pinakamahalagang bagay—ang kanilang unang pag-ibig sa Panginoon (Pahayag 2:1-4)!

Habang binabasa mo ang aklat na ito, kung hinipo na ng Panginoon ang iyong puso sa pamamagitan ng mensaheng ito, at nais mo na maipanganak ka sa espirituwal na Sion, huminto ka ngayon mismo at manalangin. Hilingin sa Diyos na ipanganak ang pangitain ng Sion sa iyong puso, upang kailanman ay hindi ka makuntento sa pangalawang pinakamainam sa kaharian ng Diyos.

Ipanalangin mo ang simpleng panalangin na ito, o isang katulad na panalangin na maaaring inuudyuk sa iyo ng Banal na Espiritu na ipanalangin: “Panginoong Jesus, iniibig Kita ng buong puso ko at nais kong maipanganak sa espirituwal na Sion, dahil doon ka nananahan. Niyayakap ko ito sa pamamagitan ng pananampalataya at ipinapahayag na ito ang kailangan ko sa aking buhay. Panginoong Jesus, nais ko ang pinakamabuti Mo sa aking buhay. Linangin Mo ang Iyong katangian at kalikasan sa aking puso upang makapanahan akong kasama Ka sa Sion sa buong walang-hanggan.

Ang pangitain na ito ay progresibo, kagaya kung paanong ang Kristiyanong paglakad ay progresibo. Samakatuwid, kung ang pangitaing ito ay ipinanganak na ng Diyos sa iyong puso, ito ay umpisa pa lamang. Kailangan mong pag-aralan at maranasan ang mensahe upang ng sa gayon ay lubusang umunlad ito sa iyong buhay.

### 4. Sion at ang Pista ng mga Tabernakulo

Ang Pista ng mga Tabernakulo ay mangyayari habang ang buong Iglesya ay parating sa Bundok ng Sion sa mga huling araw na ito.

Mababasa natin sa Isaias 33:20, *“Tumingin ka sa Sion, ang bayan ng ating mga takdang kapistahan: makikita ng iyong mga mata ang Jerusalem na tahimik na tahanan, isang tabernakulo na hindi makikilos, ang mga tulos niya’y hindi mangangabunot kalian man, o mapapatid man ang alin man sa mga tali nito.”*

Sa Kasulatan, ang Bundok ng Sion at ang Jerusalem ay partikular na nauugnay sa Pista ng mga Tabernakulo. Dinala ni Haring David ang Kaban ng Tipan hanggang sa Bundok ng Sion at inilagay niya sa tolda na kanyang inihanda para dito. Gayunman, ang hangarin niya ay magkaroon ng permanenteng tahanan ang presensiya ng Diyos. Ang Diyos ay nangusap kay David na hindi siya ang gagawa ng Kanyang templo kundi ang kanyang anak na si Solomon (2 Sam 7:1-13). Sinimulang itayo ni Solomon ang templo sa ika-apat na taon ng kanyang paghahari at natapos ito pagkaraan ng pitong taon.

Inilarawan sa Unang Hari kabanata 8 ang paghahandog sa Templo ni Solomon sa panahon ng Pista ng mga Tabernakulo sa ikapitong buwan. Ating mababasa sa 1 Hari 8:1-2, *“At ang haring Solomon at ang buong kapulungan ng Israel na nangagpisan sa kanya, ay mga kasama niya sa harap ng kaban, na naghahain ng mga tupa at mga baka, na di masasaysay o mabibilang man dahil sa karamihan. At ipinasok ng mga saserdote ang Kaban ng Tipan ng Panginoon sa karoroonan, sa loob ng sanggunian ng bahay, sa Kabanal-banalang Dako, sa ilalim ng mga pakpak ng mga kerubin. Sapagka’t nangakabuka ang mga pakpak ng mga kerubin sa dako ng kaban, at ang mga kerubin ay nagbibigay kanlong sa kaban at sa mga pingga niyaon sa ibabaw. At ang mga pingga ay nangagpakahaba, na ang mga dulo ng mga pingga ay*

*nakikita mula sa dakong banal sa harap ng sanggunian; nguni't hindi nangagkikita salabas: at nandoon hanggang sa mga araw na ito."*

Ang Kaban ay nakarating sa pinakahuling dako ng pahingahan nito. Pagkatapos ay napuno ng kaluwalhatian ng Panginoon ang Templo at napakalakas nito na hindi na kinaya pa ng mga saserdote na tumayo upang maglingkod, gaya ng nakasaad sa 1 Hari 8:10-11, *"At nangyari, nang ang mga saserdote ay magsilabas sa Dakong Banal, napuno ng ulap ang bahay ng Panginoon. Na anopa't ang mga saserdote ay hindi makatayo upang mangasiwa dahil sa ulap: sapagka't napuno ng kaluwalhatian ng Panginoon ang bahay ng Panginoon."*

Dinala ni David ang Israel sa kapahingahan, pagkakaisa, at kaluwalhatian. Dinala ni Solomon ang kaluwalhatiang ito pababa sa Jerusalem upang maranasan itong mga bansa sa mundo. Dumating ang mga bansa upang saksihan ang karunungan at makita ang kaluwalhatian na nananahan sa Templo ni Solomon (1 Hari 10:1-9; 4:29-31). Ang layunin ng ating espirituwal na paglalakbay ay ang makarating sa kaluwalhatian, pagkamaygulang, at kapahingahan. Gayundin naman, ay kailangan din nating ibahagi ang kaluwalhatian ng Diyos sa mga bansa.

Ang Pista ng mga Tabernakulo ang ika-pito at panghuling pista ng Israel (Lev 23:34-44). Ito ay pitong araw na kapistahan na nagsisimula sa ika-labing limang araw ng ika-pitong buwan, limang araw pagkatapos ng Araw ng Pagtubos. Ang mga kubol ay itinatayo sa unang araw ng pista at ang mga Israelita ay titira

sa kubol na ito ng pitong araw.Ito ay panahon ng pagdiriwang kung saan tinitipon ng mga Israelita ang kanilang mga ani at nagpapasalamat sa Diyos sa pagtitipon.

Sa dispensasyon, ang Pista ng mga Tabernakulo ay kumakatawan sa darating na Panahon ng Milenyo, na siyang panghuli at dakilang panahon kung saan si Cristo ang maghahari sa mga bansa sa mundo sa loob ng 1,000 taon. Ito ay pinagtibay ng Zacarias kabanata 14, na nagsimula sa pagsasalarawan ng pinakahuling pagkubkob sa Jerusalem ng mga hukbo ng mga Arabo sa mga talatang1-2. Ang talata 3 hanggang 15 ay inilarawan ang Ikalawang Pagparito ni Cristo.  Pagkatapos ay mababasa natin ang tungkol sa Milenyo sa talata 16, *"At mangyayari, na bawa't maiwan, sa lahat ng bansa na naparoon laban sa Jerusalem ay aahon taon-taon upang sumamba sa Hari, sa PANGINOON ng mga hukbo, at upang ipangilin ang mga Kapistahan ng mga Tabernakulo."*

Sinasabi nito sa atin na taon-taon sa panahon ng Milenyo, ang bawat mga bansa sa daigdig ay magpapadala ng mga kinatawan sa Jerusalem upang sumamba sa Haring siJesus. Ito ay mangyayari sa taunang pagdiriwang ng Pista ng mga Tabernakulo.  Nagpatuloy sa pagsabi si Zacarias 14:17-19 sa atin na kung ang isang bansa ay hindi magpapadala ng mga kinatawan upang ipagdiwang ang Pista ng mga Tabernakulo, parurusahan ang bansang ito at hindi tatanggap ng ulan sa taong iyon.  Kaya maliwanag na ang isang libong taon na paghahari ni Cristo ay naka sentro sa Pista ng mga Tabernakulo. Ang pistang ito ay magkakaroon din ng espirituwal na katuparan sa Iglesya bago ang Ikalawang Pagbabalik ng Panginoong Jesu-Cristo. Gaya kung

paanong ang bansang Israel ay natural na inihahanda ng Diyos upang makuha nito ang kanyang katayuan sa darating na Milenyo, Gayundin naman ang Iglesya ay inihahanda rin sa espirituwal. Ang pang-huling pagbubuhos ng Banal na Espiritu sa Iglesya sa mga huling araw ay propetikong na inihahayag sa atin sa pamamagitan ng Pista ng mga Tabernakulo.

May pitong pangunahing katangian ang Pista ng mga Tabernakulo:

### *1. Ang Pista ng Pagpapanibagong-Buhay at Panunumbalik*

Ang salitang tabernakulo ay hango sa salitang Hebreo na "sukkah" na ang ibig sabihin ay "kubol o tolda." Ang pangalang ito ay ibinigay sa pista dahil iniutos ng Diyos sa Levitico 23:42 na ang mga Israelita ay dapat manirahan sa mga tabernakulo o sa mga tolda ng pitong araw habang ipinagdiriwang nila ang pista: *"Kayo'y maninirahan sa mga kubol sa loob ng pitong araw; ang lahat ng katutubo sa Israel ay maninirahan sa mga kubol."* Ang salitang-ugat ng "sukkah" ay "suk" na ang ibig sabihin ay "balutin ng langis; pahiran." Samakatuwid, ang espirituwal na kahulugan ng Pista ng mga Tabernakulo ay na ang Iglesiya sa mga huling araw ay mananahan sa ilalim ng pagpapahid ng Banal na Espiritu.

Ating mababasa sa Isaias 25:7 namulasa Sion ay sisirain ng Panginoon *"ang takip na inilagay sa lahat ng mga bayan, at ang lambong na iniladlad sa lahat ng bansa."* Ito'y nangangahulugan ng pagkawasak sa kapangyarihan at pamunuan ni Satanas sa mga bansa. Ang Iglesya ay nakakita ng bahagya nito sa mga nagdaang rebaybal. Noong panahon ng rebaybal sa Welsh, ang pagpapahid

ay hindi lamang bumaba sa mga gawain sa Iglesya kundi pati sa buong komunidad. Sa mga naunang bahagi ng siglong ito, ang Panginoon ay ang nagbigay ng rebaybal sa Sweden kung saan ang kombiksyon ng Espiritu ng Diyos ay bumuhos sa buong bansa. Ang mga patikim na ito ang siya nating makikita nang malawakan sa darating na rebaybal. Maraming mga tao ang may mga pangitain sa darating na rebaybal kung saan ang buong mga kumunidad, lungsod, at mga bansa ay tatakluban ng Espiritu ng Diyos. Ang mga tao ay magsisiluhuran sa mga daanan, tatangis sa Diyos at hihingi ng kapatawaran. Sa mga huling araw na ito, hindi lamang na ang Iglesya ay mananahan sa ilalim ng pinahirang suklob ng Banal na Espiritu, kundi tatakluban din ng Espiritu ng Diyos ang mga bansa.

Ang Pista ng Tabernakulo ay siya ring panahon ng pagbabalik-loob ng mga tumalikod saDiyos. Sa panahon ni Ezra, ang Pista ng mga Tabernakulo ay ipinagdiwang sa pintuang-bayan ng Efraim, na makikita sa Nehemias 8:16, *“Kaya't lumabas ang bayan at dinala ang mga iyon at gumawa ng mga kubol, bawat isa'y sa bubungan ng kanilang bahay, mga bulwagan, sa mga bulwagan ng bahay ng Diyos, sa liwasan sa Pintuang Tubig, at sa liwasan sa Pintuan ng Efraim.”*

Ang Efraim ay ang tumalikod na lipi ng Israel. Subalit, panunumbalikin ng Diyos ang maraming mga tumalikod sa Kanya sa mga hulingaraw ng rebaybal. Ang Pista ng mga Tabernakulo ay ang panahon ng pagpapalaya at kalayaan, gaya ng nasasaad sa Deuteronomio 31:10, *“Iniutos sa kanila ni Moises, “Sa katapusan ng bawat pitong taon, sa takdang panahon ng taon ng pagpapalaya, sa Pista ng mga Tolda.”*

### ***2. Ang Pista ng Pag-aani***

Ang Pista ng mga Tabernakulo ay tinawag din na Pista ng Pag-aani sa Exodo 23:16, *"Iyong ipagdiriwang ang pista ng pag-aani ng mga unang bunga ng iyong pagpapagal, na iyong inihasik sa bukid. Ipagdiriwang mo rin ang pista ng pag-aani, sa katapusan ng taon, kapag inaani mo mula sa bukid ang bunga ng iyong pagpapagal."* Ang pagpapaliwanag nito ay makikita sa dalawang kalendaryo na sinusunod ng mga Israelita. Ang isa ay para sa kanilang pangrelihiyong taon at ang isa naman ay para sa kanilang pangmamamayan o pang-agrikulturang taon.

Batay sa kanilang pangrelihiyong kalendaryo, ang pistang ito ay ipinagdiriwang sa ikapitong buwan; subalit ayon sa kanilang pangmamamayan o pang-agrikulturang taon ito ay nasa katapusan ng taon. Ito ang panahon kung saan ang kabuuan ng taunang ani ay tinitipon.

Gaya ng pistang ito na nangyayari sa katapusan ng taon para sa Israel, ang espirituwal na katuparan nito ay mangyayari sa katapusang panahon para sa Iglesya. Magkakaroon ng matinding rebaybal sa katapusan ng panahon na titipunin sa kapunuan ng masaganang pag-aani ng Iglesya. Magkakaroon ng malawakang pag-aani ng mga kaluluwa (Mat 13:37-40, 47-50, Isa 60:1-7, Santiago 5:7-8).

### ***3. Ang Pista ng Kagalakan***

Sa Levitico 23:40, ang mga Israelita ay pinagsabihan na sa panahon ng pistang ito ay kailangan nilang *"mangagsigalak sa*

*Panginoon nilang Diyos ng pitong araw."* Sa kapanahunan ni Ezra at Nehemias nang ang templo ay na panumbalik (na propetiko sa ating kapanahunan), ang mga hinirang ng Diyos ay hinikayat na huwag tumangis o magdamdam (Nehemias 8:9-10). Ito ay sapanahon nang itakda ang Pista ng mga Tabernakulo noong ihayag ang matagal ng kasabihang*"sapagka't ang kagalakan sa Panginoon ay inyong kalakasan."* Nagkaroon ng dakilang kasayahan at kagalakan ang mga tao nang mga panahong ito.

Sa Deuteronomio 16:13-14 ay ito ang nasasaad, *"Iyong ipagdiriwang nang pitong araw ang Pista ng mga Tolda, pagkatapos mong matipon ang aning mula sa iyong giikan at sa pisaan ng ubas. Ikaw at ang iyong anak na lalaki at babae, at ang iyong aliping lalaki at babae, ang Levita, ang dayuhan, ang ulila, at ang babaing balo na kasama ng iyong mga bayan ay magagalak sa iyong pagpipista."*

Ang mais ang uri ng pagkain na nagbibigay lakas sa ating puso. Ang pistang ito ay nangyari pagkatapos mismo ng pag-aani ng langis at ng bagong alak, na tumutukoy sa kapayapaan at kagalakan ng Panginoon (Luc.15). Nais ng Panginoon na mabigyan ang mga nagdadalamhati sa Sion ng langis ng kagalakan. Nais Niyang Puspusin tayo ng bagong alak ng Kanyang Espiritu. Ang dalisay na kagalakan ni Jesus ay makikita sa buong Iglesya, at magbibigay sa atin ng kalakasan upang maganap ang kalooban ng Diyos sa mga huling araw na ito.

### *4. Ang Pista ng Kaluwalhatian*

Ang iba pang aspeto ng Pista ng mga Tabernakulo ay ang kaluwalhatian ng Panginoon ay na ito ay propetiko sa kaluwalhatian ng Panginoon na lulukob sa Iglesya sa huling panahon. Mababasa natin ito sa Hagai kabanata dalawa. Sa unang talata ay mababasa, *"Nang ikapitong buwan nang ikadalawangpu't isang araw ng buwan, dumating ang salita ng Panginoon sa pamamagitan ni Hagai na propeta, na nagsasabi..."* Ito ay nasa huli at dakilang araw ng Pista ng mga Tabernakulo. Gaya ng mababasa natin sa talatang 9 ang mensahe na ibinigay sa araw na ito ay, *"Ang huling kaluwalhatian ng bahay na ito ay magiging lalong dakila kaysa dati."*

Ang kaluwalhatian ng Iglesiya sa mga huling araw ay mas lalong dakila kumpara sa kaluwalhatian ng Naunang Iglesya. Ang Naunang Iglesya ay may pagpapala ng Pentecostes, na siyang bautismo ng Banal na Espiritu; ngunit ang Iglesya sa mga huling araw ay makakaranas ng mga pagpapala ng Pista ng mga Tabernakulo.

Sinasabi sa atin ng Ikalawang Cronica 5:3 na ang Templo ni Solomon ay inihandog sa mga panahong ito. At mababasa din natin sa mga talata 13 at 14 na habang ang templo ay inihahandog, ay pinuno ng kaluwalhatian ng Panginoon ang templo, *"Katungkulan ng mga umiihip ng trumpeta at ng mga mang-aawit na sila'y marinig na sama-sama sa pagpupuri at pasasalamat sa PANGINOON, at nang ang awit ay inilakas, na may mga trumpeta at mga pompiyang at iba pang kagamitang panugtog, sa pagpupuri sa PANGINOON, "Sapagkat siya'y mabuti;*

*sapagkat ang kanyang tapat na pag-ibig ay magpakailanman," ang bahay ng PANGINOON ay napuno ng ulap, kaya't ang mga pari ay hindi makatayo upang makapaglingkod dahil sa ulap; sapagkat ang kaluwalhatian ng PANGINOON ang pumuno sa bahay ng Diyos."* Ang mga saserdote ay hindi na makapagpatuloy na magministeryo dahil sa nahayag na kaluwalhatian.

Atin ding mababasasa Isaias 4:5, *"At ang PANGINOON ay lilikha sa itaas ng buong kinalalagyan ng Bundok ng Zion, at sa itaas ng kanyang mga kapulungan ng isang ulap sa araw, at ng usok at liwanag ng nagniningas na apoy sa gabi; sapagkat sa itaas ng lahat ng kaluwalhatian ay magkakaroon ng isang bubong at kanlungan."* Kung paanong ang Templo ni Solomon ay napuno ng kaluwalhatian ng Diyos sa Pista ng mga Tabernakulo, ang kaluwalhatian ng Diyos naman ay makikita sa mga huling araw na ito sa mga iglesiya na nananahan sa espirituwal na Sion.

Ako ay nadala ng Espiritu upang makita kung ano ang gagawin ng Diyos sa parating narebaybal sa Tsina, saAprika, at sa marami pang mga bansa. Nakita ko ang kaluwalhatian ng Diyos na nahayag sa Iglesya. Nakita ko ang kahima-himalang proteksiyon ng Diyos sa Kanyang mga hinirang sa pamamagitan ng kaluwalhatian ng Diyos, gaya ng kung paano niya iningatan ang mga Israelita bago sila tumawid sa Dagat na Pula. Kailan magliliwanag ang kaluwahatian ng Diyos sa Kanyang mga hinirang? Ipinahayag ni Isaias na ito ay mangyayari kapag ang daigdig ay nabalot na ng kadiliman (Isa 60:1-3). Katulad tayo ng mga bituin; sa mas madidilim na gabi, mas higit na nagniningning ang mga bituin. Kung gaano kadilim ang gabi, ang mga bituin naman ay mag-iibayo ang kanilang kaningningan. Kaya habang

ang makapal na dilim ay darating sa daigdig, magagawa nating magalak na ang kaluwalhatian ng Diyos ay darating din sa mga hinirang.

### *5. Ang Pista ng Pagkakaisa*

Sa Pistang ito, ang mga Israelita ay dapat magtipon sa Jerusalem at maninirahan sa mga kubol. Silang lahat ay may iisang layunin sa pagdiriwang ng kapistahang ito ng sama-sama. Ito ang panahon upang kalimutan ang anumang pagkakaiba at magalak sa Panginoon bilang isang nagkakaisang bansa.

Ang kapansin-pansin na pangyayari sa pistang ito na ipinagdiriwang ng may pagkakaisa ay noong Panahon ng Pagpapanumbalik. Sa Nehemias 8:1 ating mababasa na ang lahat sa Israel, *"ay nagtipun-tipon na parang isang tao."* Nagkaroon ng malawakang pagkakaisa sa mga Judio sa panahong nito na para silang iisang tao. Nabanggit pa sa Nehemias 8 kung paano nila ipinagdiwang ang pistang ito habang binabasa ng eskribang si Ezra sa kanila ang salita ng Diyos. Nanahan silang may pagkakaisa sa mga kubol (Neh 8:16). Noong ipagdiwang ang pistang ito sa panahon ni Solomon, nagkaroon din ng matinding pagkakaisa.

Mababasa natin sa 2 Cronica 5:13, *"Katungkulan ng mga umiihip ng trumpeta at ng mga mang-aawit na sila'y marinig na sama-sama sa pagpupuri at pasasalamat sa PANGINOON, at nang ang awit ay inilakas, na may mga trumpeta at mga pompiyang at iba pang kagamitang panugtog, sa pagpupuri sa PANGINOON, "Sapagkat siya'y mabuti; sapagkat ang kanyang tapat na pag-*

*ibig ay magpakailanman," ang bahay ng PANGINOON ay napuno ng ulap, kaya't ang mga pari ay hindi makatayo upang makapaglingkod dahil sa ulap; sapagkat ang kaluwalhatian ng PANGINOON ang pumuno sa bahay ng Diyos."* Gaya ng pagkakaisa sa kapanahunan ni Solomon ang nagdala ng kaluwalhatian sa Diyos, kaya pagkakaisa sa ating panahon ang magdadala ng kaluwalhatian ng Panginoon sa Kanyang Iglesya.

Ang Pista ng Mga Tabernakulo ang pangunahing pista sa Milenyo (Zacarias 14). Sa kapanahunang ito matutupad ang propesiya ni Ezekiel tungkol sa pagkakaisa ng Israel at Juda bilang isang sanga sa kamay ng Panginoon (Ezek 37:16-28). Ipinangako ng Panginoon sa Ezek 37:22, *"Gagawin ko silang isang bansa sa lupain, sa mga bundok ng Israel; at isang hari ang maghahari sa kanilang lahat. Hindi na sila magiging dalawang bansa, at hindi na mahahati pa sa dalawang kaharian."*

Kailangang magkaroon ito ng espirituwal na katuparan sa Iglesya, at mangyayari ito sa Pista ng mga Tabernakulo. Sa huling araw na rebaybal, hindi na papansinin ng mga tao ang pagkakaiba ng mga denominasyon at dadaloy nang magkasama para sa kaluwalhatian ng Panginoon upang tuparin ang Kanyang mga layunin. Ipinangangako sa Isaias 52:8 na ang mga hinirang ng Diyos na nananahan sa espirituwal na Sion ay magkikita-kita at sama-samang magpupuri sa Panginoon, *"Pakinggan mo! Inilakas ng mga bantay ang kanilang tinig, na magkakasamang nagsisiawit sa kagalakan; sapagkat makikita ng sarili nilang mga mata ang pagbalik ng PANGINOON sa Zion."*

### *6. Ang Pista ng Kapahingahan*

Ang kapahingahan ay may mahalagang kaugnayan sa pistang ito. Ang bilang na pito ay nangangahulugan ng kapahingahan, kahit ang Panginoon ay nagpahinga sa lahat ng Kanyang mga gawa sa ikapitong araw (Gen 2:2). Ang pistang ito ay ang ika-pitong pista ng taon, ipinagdiriwang sa ikapitong buwan ng taon sa loob ng pitong araw. Ito ay tumutukoy sa pagdating sa kumpletong espirituwal na kapahingahan. Ang iba pang natatanging katangian ng pistang ito ay ang unang araw at ikawalong araw, ang araw kung kalian matatapos ang pistang ito, ay parehong araw ng Sabbath– mga araw ng kapahingahan kung saan wala silang gagawing anumang pisikal na gawain o kahit ano pa man (Lev 23:35-36). Ang mga Judio ay papasok sa kapahingahan sa pistang ito pagkatapos na ang kanilang pag-aani sa kanilang mga bukirin at matapos, at makikita nila ang mga bunga ng kanilang pinagpaguran. Ang Arko ni Noe ay namahinga sa ikapitong buwan ng Pista ng Mga Tabernakulo (Gen 8:4). Ang bagay na ito ay isang makabuluhang palatandaan na naglalarawan sa uri ng kapahingahan na makakamtan ng mga hinirang ng Diyos sa huling araw ng Pista ng mga Tabernakulo. Dagdag pa rito, ang Kaban ng Tipan ay nakarating sapinakahuling dako ng kapahingahan nito sa panahon na ito ng kapistahan sa kapanahunan ni Solomon.

Sinabi ni Apostol Pablo sa Hebreo 4:9, *"Kaya't may natitira pang isang pamamahinga ng Sabbath para sa bayan ng Diyos."* Si Pablo ay nabuhay sa panahon kung saan ibinuhos ng Diyos ang Kanyang Espiritu sa Iglesya sa Araw ng Pentecostes. Kahit na ito ay isang malawakang pagkilos ng Diyos, may mas higit pa na

inilaan ang Diyos para sa kanyang Iglesya. Ang Katawan ni Cristo ay darating sa kapahingahan at titigil sa kanyang mga gawain sa panahon ng huling araw ng rebaybal kung saan ang pistang ito ay espirituwal na ipagdiriwang.

### *7. Ang Pista ng Pagkahayag ni Kristo*

Ang pistang ito ay panahon din kung kalian ihahayag ng Panginoong Jesus ang Kanyang sarili sa Kanyang bayan sa bagong mga kaparaanan. Noong si Jesus ay naluwalhati sa Bundok ng Pagbabagong-anyo, ito ay isang halimbawa ng kung ano ang magaganap sa Iglesya sa panahon ng Pista ng mga Tabernakulo. Nais ni Pedro na gumawa ng mga tabernakulo na upang makapanatili sila roon at damhin ang kaluwalhatian ni Cristo kasama sina Moises at Elias. Sa Pahayag 11, ating makikita na sa mga huling araw, ang dalawang mga saksi na ito, si Moises at Elias ay muling mahahayag. Subalit ang pinakamahalaga, ay hinihintay natin na mahayag ang niluwalhating si Cristo kasama ng Kanyang mga hinirang!

Bago pisikal na bumalik ang ating Panginoon mula sa langit sa Kanyang Ikalawang Pagbabalik, ay ihahayag Niya ang Kanyang sarili sa Iglesya at sa pamamagitan ng Kanyang Iglesya sa mas makapangyarihang paraan. Sa Juan 7:2 ay ating mababasa, *"Malapit na noon ang pista ng mga Judio, ang pista ng mga Tabernakulo."* At sapagpapatuloy sa talatang 10, *"Subalit nang makaahon na ang kanyang mga kapatid para sa pista, saka naman siya umahon, hindi hayagan kundi palihim."* At sa talatang 14 ay ito ang sabi, *"Nang ang kapistahan ay nasa kalagitnaan na ay pumunta si Jesus sa templo at nagturo."* At sa

panghuli, ating mababasasa Juan 7:37, *"Nang huling araw ng dakilang araw ng pista, si Jesus ay tumayo at sumigaw na nagsasabi."* Progresibong inihayag ni Cristo ng Kanyang sarili sa mas lalong dakilang kaparaanan sa buong Kapistahan ng mga Tabernakulo bilang tanda ng Kanyang gagawin sa Kanyang Iglesya sa mga huling araw na ito.

Ako ay nakaranas ng kaunting patikim kung ano ang magiging katulad nito. Ilang taon na ang nakalipas, ako ay nakaupo sa isang entablado kasama ang ilang tagapaglingkod sa isang kombensyon. Kami ay nakikinig sa pangangaral ng isang tagapagsalita.Walang anu-ano, ang Panginoon ay nagpakita at lumakad papunta ng entablado. Pagkatapos ay lumakad Siya papunta naman sa akin habang ako ay nakaupo. Nang tumingin ako pababa, hindi ko nakita ang sarili kong mga kamay, kundi tanging ang pinagpakuang mga kamay lamang Niya. Hindi ko nakita ang aking damit, kundi ang Kanyang putting kasuutan lamang.

Habang pinapanood ko ang nangangaral, pinanonood ko siya sa pamamagitan ng mga mata ng Panginoon at pinakikinggan siya sa pamamagitan ng Kanyang mga tainga. Naramdaman ko pa nga sa aking puso kung ano ang nararamdaman ng Panginoon tungkol sa tagapaglingkod na ito. Iyon ay nagtagal lamang ng halos dalawang minuto, ngunit naunawaan ko sa panibagong paraan kung ano ang kahulugan nang si Cristo ay nasa iyo. Manampalataya tayo na mararanasan kung ano ang sinasabi sa Salita ng Diyos, *"upang kayo'y mapuno ng lahat ng kapuspusan ng Diyos."* (Efeso 3:19). **Sa mga huling araw na ito si Cristo at ang Kaniyang kapuspusan ay makikita at mahahayag sa**

**Kanyang bayan at sa pamamagitan ng Kaniyang bayan.** Purihin ang Panginoon!

### 5. Mga Kwalipikasyon upang Makapanahan sa Sion

Ang labin-limang mga kwalipikasyon upang makapanahan sa Sion ay inilarawan sa Awit 15 at 24. Sa Awit 15:1, tinanong ni David ang Panginoon kung sino ang karapat-dapat na manirahan sa Sion, ang Kanyang banal na burol, *"O PANGINOON, sinong sa iyong tolda ay manunuluyan? Sinong sa iyong banal na burol ay maninirahan?"* Sa Awit 15:2-5, ang Banal na Espiritu ay tumugon sa tanong ni David sa pamamagitan ng pagtatala ng 11 kwalipikasyon ng mga karapat-dapat manahan sa Sion, *"Siyang lumalakad na matuwid, at gumagawa ng katuwiran, at mula sa kanyang puso ay nagsasalita ng katotohanan; siyang hindi naninirang-puri ng kanyang dila, ni sa kanyang kaibigan ay gumagawa ng masama, niumaalipusta man sa kanyang kapwa; na sa mga mata niya ay nahahamak ang isang napakasama, kundi pinararangalan ang mga natatakot sa PANGINOON; at hindi nagbabago kapag sumumpa kahit na ito'y ikasasakit; siyang hindi naglalagay ng patubo sa kanyang salapi,nikumukuha man ng suhol laban sa walang sala."*

Sa Awit 24:3-4 ay may apat pa ring dagdag na kwalipikasyon, *"Sinong aakyat sa bundok ng PANGINOON? At sinong tatayo sa kanyang dakong banal? Siyang may malilinis na kamay at may pusong dalisay, na hindi nagtataas ng kanyang kaluluwa sa hindi totoo, at hindi sumusumpa na may panlilinlang."* Ang mga Awit na ito ay isinulat noong dinala ni David ang Kaban ng Tipan sa Bundok ng Sion (2 Sam 6:1-16, 1 Cron 15:1-16). Inilagay ni

David ang Kaban ng Tipan sa burol na ito pagkatapos niyang maagaw ito sa mga Jebuseo. Mula sa panahon na iyon, ang burol ay naging banal, sapagkat ang Diyos ay nananahan doon (2 Sam 5:6-7; 1 Cro 11:4-9; 16:1). Ang literal na presensiya ng Diyos sa Kanyang kapuspusan ay nasa Bundok ng Sion, ang Kanyang tahanan.

Ang pag-iyak ni David na, *"Sinong aakyat sa bundok ng Panginoon? At sinong tatayo sa Kanyang dakong banal?"* ay narinig din sa pamamagitan ng mga propeta, *"Sino sa atin ang makatatahang kasama ng lumalamong apoy?"* (Tingnan ang Isaias 33:14). Sino sa atin ang makatatayo sa nag-aapoy na mga bato, at sino ang makakapanatili sa pumupugnaw na apoy? Ito ay binigyan ng katugunan ni David sa Awit 24:4 ng mahahalagang mga kwalipikasyon, *"Siyang may* ***malilinis na mga kamay at may pusong Dalisay,*** *na hindi nagtatas ng kanyang kaluluwa sa hindi totoo, at hindi sumusumpa na may panlilinlang."* Sa talata 5 ay sinabi, *"Mula sa PANGINOON, pagpapala'y kanyang kakamtan, at pagwawalang-sala mula sa Diyos ng kanyang kaligtasan."* Hindi natin ito katuwiran; ito ay ang katuwiran na ipinagkaloob sa mga nagugutom at nauuhaw para sa katuwiran (Mat 5:6).

Sa Awit 24:6 ay patuloy na sinabi, *"Gayon ang lahi ng mga nagsisihanap sa kanya, na nagsisihanap ng mukha, ng Diyos ni Jacob."* Kaya nga, ang katuwiran at kadalisayan ay kailangang buong sikap na hanapin. Ito ay lubusang ipinahayag ni Ezekiel na sinasabi, *"Bibigyan ko kayo ng bagong puso, at lalagyan ko kayo ng bagong espiritu sa loob ninyo. Aking aalisin ang batong puso sa inyong laman, at aking bibigyan kayo ng puso ng laman. Aking*

*ilalagay ang aking Espiritu sa loob ninyo, at palalakarin ko kayo nang ayon sa aking mga tuntunin, at magiging maingat kayo sa pagsunod sa aking mga batas."* (Ezekiel 36:26-27). Subalit kanyang ipinagpatuloy, *"Bukod pa dito'y hahayaan ko ang sambahayan ni Israel na humiling sa akin upang gawin ito sa kanila."* (Ezek 36:37). Ang mga bagay na ito ay hindi agad-agad na darating; kailangan silang hanapin. Kailangang paulit-ulit tayong sumangguni sa Diyos.

Ang mga pagpapalang ito ay hindi darating doon sa mga ipinagwawalang bahala sila, kundi doon sa mga taimtim na nananalangin sa Diyos, "O Diyos, ipamalas mo po sa akin ang Iyong Kaluwalhatian." Ito ay para sa henerasyon na naghahanap sa Kanya. Ito ay sa henerasyon ng mga nagbubukas ng tarangkahan ng kanilang mga puso upang ang Hari ng Kaluwalhatian ay papasukin.

# Pangwakas

### 1. Magpatuloy Upang Kamtan si Cristo

Upang wakasan ang aklat na ito sa paglalakbay mula Ehipto hanggang Sion, nais kong balikan ang pangitain na ibinigay sa akin sa pasimula ng aking ministeryo 50 taon na ang nakalipas.

Ako ay nakaupo sa entablado ng isang maliit na Iglesya sa paligid-lungsod ng London, Inglatera habang naghihintay na ako ay tawagin upang magsalita. Sa mga sandaling iyon ay wala pa akong mensahe mula sa Panginoon, at taimtim na nananalangin na magkaroon. Habang ako ay nananalangin, ang sumunod na pangitain ay ipinagkaloob sa akin.

May nakita akong isang tao na naglalakad sa isang daanan na patungo sa isang napakagandang lambak, na tila punong-puno ng kagalakan. Ang araw ay nagliwanag, ang mga ibon ay nag-aawitan, at ang lahat ay parang punong-puno ng buhay. Ito ay maluwalhati. Pagkatapos, ang landas na iyon ay bumaba sa ilalim ng isang bundok, at nagsimulang akyatin ng taong iyon ang daan tungo sa itaas ng bundok. Ito ay matarik subalit pinagtiyagaan niya ito at kinalaunan ang daan ay nakarating sa isang talampas.

Sa kaliwa ay may iba pang kasiya-siyang lambak, mas higit na maganda kaysa sa nauna. Napakaraming tao ang nasa lambak na iyon at sila'y nagsigawan nang makita ang nasabing tao, "Pumarito ka sa aming lambak dahil nasa amin ang mga pagpapala ng Panginoon." Kasunod noon ay ang tinig mula sa

itaas, “Ang sinasabi nila ay totoo, ngunit bumaba ka sa lambak na iyon at doon ka na mananatili. Ikaw ay umakyat pa sa mas mataas.”

Nakita ko ang lalaki na nagpatuloy na nilakad ang landas, na sa mga oras na iyon ay mas lalong naging matarik. Kalaunan ay muli niyang narating ang isa pang talampas, na may iba pang lambak at mas lalong kasiya-siya kaysa sa naunang dalawang lambak. Napakaraming mga tao din ang naroon sa nasabing lambak at sila rin, pinagmasdan ang tao, at sumigaw, “Halika, bumaba ka sa sa aming lambak dahil totoong nasa amin ang pagpapala ng Panginoon.” Ngunit muli ang boses mula sa itaas ay narinig, “Ang kanilang sinasabi ay totoo, ngunit bumaba ka sa lambak na iyon at doon ka na mananatili. Ikaw ay umakyat pa sa mas mataas.”

At pagkatapos ay nakita ko ang minamahal nating manlalakbay na muling nagsimulang umusad, paakyat. Gayunpaman, sa puntong ito, ang patuloy na pag-akyat ay lalong naging mas mahirap. May pagkakataon na halos parang umulit ng apat na beses. Ang daan ay halos hindi na mawari, gayunpaman ay nagtitiyaga siya. Sa wakas, pagkatapos ng maraming pagsisikap, nakarating siya sa tuktok ng bundok. At doon, ay kawalan lamang ang sumalubong sa kanya. Subalit habang siya ay buong tiyagang naghintay, ang Panginoon mismo ang dumating.

Habang aking pinagninilay-nilayan ang pangitaing iyon sa nakalipas na mga taon, Ang Panginoon ay buong biyayang nagkaloob sa akin ng mas higit na kaliwanagan. Ang naunang lambak ay ang lambak ng kaligtasan, puno ng kagalakan at kaliwanagan. Ito ay katulad ng pagsasalarawan ni Haring David,

"Ang kagalakan ng Iyong kaligtasan." Ang ikalawang lambak ay ang karanasan sa bautismo sa Banal na Espiritu. Ngunit hindi natin dapat gawin iyon na dakong pahingahan o tunguhin. Ito ay kahalintulad ng Bundok ng Sinai, kung saan ang Panginoon ay nangusap sa mga Israelita na sinabi, *"Kayo'y nakatahan ng matagal sa bundok na ito"* (Deut 1:6). Ang ikatlong lambak ay ang panghuling pista, ang Pista ng mga Tabernakulo, o ang maluwalhating panghuling araw ng rebaybal. Ito man din ay hindi rin natin dapat maging tunguhin o dakong pahingahan; tayo ay dapat magpatuloy sa mas mataas at abutin, sa biyaya ng Diyos ang tuktok ng bundok. Doon ay masusumpungan natin si Jesus.

O, mga minamahal, gawin nating tunguhin si Cristo, at hindi lamang ang Kanyang mga pagpapala. Tayo nawa ay mapabilang sa mga gustong "makamtan si Cristo" gaya ng sinabi ni Pablo sa Filipos 3:8. Nagtitiwala kami na ang munting pangitain na ito, na nagsilbing pagpapala sa akin at sa aking maybahay sa mga nagdaang mga taon, ay magbigay sa iyo ng kalakasan at inspirasyon upang magpatuloy tungo sa mas mataas na pagkatawag ng Diyos – **ang malalim na pakikipag-ugnayan sa Panginoong Jesu-Cristo.**

## 2. Nasaan ka na sa Iyong Paglalakbay?

Ang katanungan na dapat ay itanong nating lahat sa ating mga sarili ay: "Panginoon, nasaan na po ako sa aking espirituwal na paglalakbay at ano na ang mga susunod na hakbang na gusto Mong gawin ko? Tumigil ka muna ngayon at hilingin sa Diyos na ipakita sa iyo kung nasaan ka na sa iyong personal na paglalakbay.

Kung hindi mo kilala ang Panginoong Jesu-Cristo bilang iyong personal na Tagapagligtas, ipahayag mo ang iyong mga kasalanan at hilingin sa Kanya na manahan sa iyong puso. Patatawarin ka Niya at lilinisin ka sa iyong mga kasalanan, upang bigyan ka ng buhay na walang hanggan at maging iyong Panginoon at Tagapagligas. Sa Roma 10:9-10 ay ganito ang nasasaad, *"Sapagkat kung ipahahayag mo sa pamamagitan ng iyong bibig si Jesus na Panginoon, at sasampalataya ka sa iyong puso na binuhay siyang muli ng Diyos mula sa mga patay, ay maliligtas ka. Sapagkat sa puso ang tao'y nananampalataya kaya't itinuturing na ganap, at sa pamamagitan ng bibig ay nagpapahayag kaya't naliligtas."* Kung kilala mo na ang Panginoong Jesus bilang iyong Tagapagligtas, ngunit hindi ka namumuhay na kasama Siya na alam mong siyang dapat na ginagawa, gamitin ang pagkakataon ito na muling ihandog ang iyong sarili sa Kanya.

Kung tinanggap mo na si Cristo bilang iyong Tagapagligtas ngunit hindi ka pa nabautismuhan sa tubig, kausapin mo ang iyong pastor na bautismuhan ka sa tubig. *Hindi pa huli ang lahat.* Kung wala ka namang sinasamahang Iglesya, humanap ka ng isang Iglesya na naniniwala sa Bibliya sa lugar na malapit sa iyo at hilingin sa pastor na bautismuhan ka sa tubig.

Kung ikaw ay hindi pa nababautismuhan sa Banal na Espiritu, ngayong araw na ito ang siyang araw na tanggapin ito. Ang pagsasalita sa iba't-ibang wika ay isang kaloob ng Banal na Espiritu, nguni't mayroon ding bahagi ang tao na dapat gampanan. Tayo ang dapat na nagsasalita sa ating sariling boses. Ito ang ating bahagi. Subalit, ang mga salita ay ipagkakaloob ng

Banal na Espiritu. Sa Gawa 2:4 ay ito ang nasasaad, *"At silang lahat ay napuspos ng Espiritu Santo at nagsalita ng iba't ibang wika, ayon sa ipinagkaloob sa kanila ng Espiritu."*

Nais ng Banal na Espiritu na manahan sa atin at dumaloy sa pamamagitan natin. Isang magandang paraan na magsimula sa pamamagitan ng pagpupuri sa Panginoon at pagsamba sa Kanya sa ating sariling wika. Pagkatapos, sa manampalataya ay isuko natin ating mga boses sa Panginoon at magsimulang magsalita sa isang bagong wika. Hindi natin kailangang isipin ang tungkol sa kung ano ang sasabihin, o di kaya bumuo ng mga salita sa ating mga isipan dahil ito ay isang wika na hindi natin maiintindihan. Nilalampasan ng Banal na Espiritu ang likas nating kaisipan at karunungan at nagsasalita Siya sa pamamagitan natin. Hindi natin dapat subukan na gumawa-gawa ng mga salita o gayahin ang pagsasalita sa ibang wika ng ibang tao.

Kung ikaw man ay puspos ng Espiritu, subalit bihira o di kaya ay hindi mo pa naranasang gamitin ang mga kaloob ng Espiritu, hingin sa Diyos ang panibagong daloy ng mga kaloob na espirituwal sa iyong buhay. Sabi ni Pablo sa 1 Corinto 14:1, *"Ang pag-ibig, kung gayon, ang inyong pakamithiin. Nasain ninyo ang mga kaloob na espirituwal, lalung-lalo na ang makapagpahayag ng Salita ng Diyos."*

Kung ikaw ay nasa ilang sa mga sandaling ito, huwag kang maghinanakit o sumuko. Marahil ikaw ay dumaranas ng mapait na karanasan gaya ng naranasan ng mga Israelita sa mapait na tubig ng Marah, o marahil ikaw ay nakararanas ng pananalapi at pisikal na pangangailangan.

Patuloy kang magpasalamat sa Diyos at luwalhatiin Siya sa mga apoy (Isa 24:15). Magtiwala ka sa Panginoon ng buong puso mo, at huwag manangan sa sariling mong kaunawaan (Kawikaan 3:5-6). Habang ipinamumuhay mo ito, ikaw ay pagtatagumpayin ng Diyos sa iyong mga pagsubok sa ilang at gagawin kang higit pa sa isang mananagumpay (Roma 8:37).

Marahil ay maygulang ka na sa Panginoon at maaaring isa ka ng tagapaglingkod, subalit kailangan mo pa rin ang patuloy na paglilinis at pagtutuli ng iyong puso. Sa sitwasyong ito, ikaw ay nasa Ilog ng Jordan. Hayaan mo ang Diyos na tuliin ang iyong puso (Deut 10:16; 30:6). Pagtagumpayan mo ang lahat ng mga kaaway sa iyong buhay, kapwa sa loob at labas, upang magkaroon ka ng ganap na tagumpay sa iyong buhay.

Marahil ikaw ay nakararanas ng panahon ng rebaybal sa iyong personal na buhay o sa iyong ministeryo. Huwag mong kalimutan na ang rebaybal ay hindi isang katapusan; ito ay isang kaparaanan lamang ng katapusan—si Cristo. Magpatuloy ka hanggang sa makamtan mo si Cristo!

Marahil ay napasok mo na ang tabing at naranasan ang presensiya ng Diyos at nakilala ang Panginoon ng mas malalim. Kahit na ganun, hindi pa rin ito ang katapusan ng iyong paglalakbay. Kailangan mong dalhin ang kaluwalhatian ng Diyos sa mga bansa ng buong daigdig.

Kahit na ginagawa mo na ito, hindi mo pa rin nararating ang hangganan ng iyong paglalakbay. Kahit na si Pablo ay sinabi sa Filipos 3:12-13, *"Hindi sa nakamtan ko na ang mga bagay na ito.*

*Hindi rin sa ako'y ganap na, nguni't sinisikap kong maisakatuparan ang layunin ni Kristo Hesus ng tawagin ako. Mga kapatid, hindi ko ipinapalagay na natupad ko na ang mga bagay na ito. Ang ginagawa ko ngayo'y nililimot ang nakaraan at sinisikap na makamtan ang nasa hinaharap."* Kailangang magsumikap kang magpatuloy sa iyong personal na buhay na makilala si Cristo ng lalong malalim sa bawat mga araw! Ang susi upang makapagpatuloy kasama ang Diyos ay ang palaging magsabi ng "oo" sa Kanya kapag inaayos Niya ang mga isyu sa iyong buhay.

Nais ng Diyos na dalhin ka at ang buong Iglesya sa mga huling araw na ito sa espirituwal na Sion. Ang paglalakbay ng Israel mula sa Ehipto hanggang sa Lupang Pangako ay dapat kayang gawin sa loob ng dalawang taon lamang, maliban sa dahilang ang mga Israelita ay sumuway sa Kadesh Barnea. Matutulungan tayo ng Diyos na umusad ng mabilisan sa ating paglalakbay kung ikaw ay lalakad ng may pagsunod sa Kanya.

Kung nasaan ka man sa iyong espirituwal na paglalakbay, nais ng Diyos na ikaw ay manatiling magpatuloy. Huwag kang masiyahan sa isang talampas, masiraan ng loob, o maging kampante sa iyong Kristiyanong paglakad. **Magpatuloy ka**! Ang iyong espirituwal na paglalakbay sa lupa ay hindi matatapos hanggang sa marating mo ang langit. Ito ang pinagbabatayang paksa ng aklat na ito.

Panalangin ko na ang pag-aaral na ito ng espirituwal na paglalakbay ng Israel ay naging isang pagpapala sa iyo. Nawa ay nagsilbing inspirasyon ito sa iyo na magpatuloy hanggang sa

makamtan mo si Cristo. Lubos kang pagpalain ng Diyos, mahal na mambabasa!